# TAPAT SA PANANAMPALATAYA



ISANG SANGGUNIAN SA EBANGHELYO

# TAPAT SA PANANAMPALATAYA

## ISANG SANGGUNIAN SA EBANGHELYO

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Pabalat: *Light and Truth [Liwanag at Katotohanan]*, ni Simon Dewey
© ni Simon Dewey

© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 7/04
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 7/04
Pagsasalin ng *True to the Faith*
Tagalog

# Mensahe mula sa Unang Panguluhan

Ang aklat na ito ay nilayong maging katuwang ninyo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Hinihikayat namin kayo na sumangguni rito habang pinag-aaralan at ipinamumuhay ninyo ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Pagkuhanan ito ng impormasyon sa paghahanda ninyo ng talumpati, pagtuturo sa klase, at pagsagot sa mga tanong tungkol sa Simbahan.

Habang natututo kayo ng mga katotohanan ng ebanghelyo, lalo ninyong mauunawaan ang walang hanggang plano ng Ama sa Langit. Kapag ginawa ninyong pundasyon sa buhay ang pag-unawang ito, makagagawa kayo ng matatalinong pasiya, makapamumuhay ayon sa kalooban ng Diyos, at magagalak sa buhay. Lalong titibay ang inyong patotoo. Mananatili kayong tapat sa pananampalataya.

Higit naming inaalala ang mga kabataan, dalaga't binata, at bagong miyembro. Ipinangangako namin sa inyo na sa tulong ng regular at personal na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at doktrina ng ebanghelyo magiging handa kayong labanan ang masasamang impluwensyang lilinlang at magpapahamak sa inyo.

Nawa'y mapalakas kayo ng aklat na ito sa mga pagsisikap ninyong mapalapit sa Tagapagligtas at masunod ang Kanyang halimbawa.

Ang Unang Panguluhan

# Mga Paksa sa Ebanghelyo na Inayos ayon sa Alpabeto

## Aaronic Priesthood

Habang isinasalin ni Propetang Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, nakita niyang binanggit doon ang tungkol sa binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Noong Mayo 15, 1829, nagtungo sila ng tagasulat niyang si Oliver Cowdery sa kakahuyan upang tanungin ang Panginoon hinggil sa pagbibinyag. Habang nagdarasal, "isang sugo mula sa langit ang bumaba sa isang ulap ng liwanag." Ang sugong ito ay si Juan Bautista, ang propetang nagbinyag kay Jesucristo maraming siglo na ang nakararaan. Ipinatong ni Juan Bautista, na isa nang nabuhay na mag-uling nilalang, ang kanyang mga kamay kina Joseph at Oliver at iginawad sa bawat isa sa kanila ang Aaronic Priesthood, na binawi sa daigdig sa panahon ng Malawakang Apostasiya. Sa awtoridad na ito, nabinyagan nina Joseph at Oliver ang isa't isa. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72.)

Sa Simbahan ngayon, maaaring tanggapin ng mga karapat-dapat na lalaking miyembro ang Aaronic Priesthood simula sa edad na 12. Tumatanggap sila ng maraming oportunidad na makibahagi sa mga sagradong ordenansa ng priesthood at maglingkod. Kapag karapat-dapat silang tumutupad sa kanilang mga tungkulin, kumikilos sila sa pangalan ng Panginoon upang tulungan ang iba na matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo.

Ang mga katungkulan sa Aaronic Priesthood ay bishop, priest, teacher, at deacon. Sa awtorisasyon ng namumunong lider ng priesthood (karaniwan ay bishop o branch president), ipinapasa ng mga deacon ang sacrament. Tinutulungan nila ang bishop o branch president sa pagsubaybay sa mga miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng paglilingkod at pagtulong sa mga bagay na temporal tulad ng pagtitipon ng

mga handog-ayuno. Maaaring gampanan ng mga teacher ang lahat ng tungkulin ng deacon, at tumatanggap din sila ng iba pang mga pagkakataong makapaglingkod. Sila ang naghahanda ng tinapay at tubig ng sacrament at naglilingkod bilang mga home teacher. Maaaring gampanan ng mga priest ang lahat ng tungkulin ng mga deacon at teacher. Sa awtorisasyon ng namumunong lider ng priesthood, maaari din silang magbasbas ng sacrament, magbinyag, at mag-orden ng iba sa mga katungkulan ng priest, teacher, at deacon.

Ang Aaronic Priesthood ay "kaakibat sa nakatataas, o ang [Melchizedek Priesthood]" (D at T 107:14). Madalas itong tawaging panimulang priesthood. Habang naglilingkod ang isang maytaglay ng Aaronic Priesthood, naghahanda siyang tumanggap ng Melchizedek Priesthood, tumanggap ng mga pagpapala ng templo, maglingkod sa full-time mission, maging mapagmahal na asawa at ama, at magpatuloy sa habambuhay na paglilingkod sa Panginoon.

*Tingnan din sa* Melchizedek Priesthood; Priesthood

**Adiksyon** (*Tingnan sa* Pagsusugal; Pornograpiya; Word of Wisdom)

**Aklat ni Mormon** (*Tingnan sa* Mga Banal na Kasulatan)

**Alak** (*Tingnan sa* Word of Wisdom)

**Ama sa Langit** (*Tingnan sa* Diyos Ama)

## Apostasiya

Kapag tumalikod ang mga tao o grupo ng mga tao sa mga alituntunin ng ebanghelyo, sila ay nag-aapostasiya.

Ang mga panahon ng malawakang apostasiya ay naganap sa buong kasaysayan ng mundo. Pagkaraan ng mga panahon ng kabutihan, madalas bumaling sa kasamaan ang mga tao. Isang halimbawa nito ang Malawakang Apostasiya, na naganap matapos itatag ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan.

Pagkamatay ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga Apostol, iniba ng mga tao ang mga alituntunin ng ebanghelyo at binago ang organisasyon ng Simbahan at mga ordenansa ng priesthood nang walang pahintulot. Dahil sa laganap na kasamaan, binawi ng Panginoon ang awtoridad ng priesthood sa lupa.

Noong panahon ng Malawakang Apostasiya, walang banal na patnubay ang mga tao mula sa mga buhay na propeta. Maraming simbahang itinatag, ngunit wala silang kapangyarihan ng priesthood na pamunuan ang mga tao sa tunay na kaalaman tungkol sa Diyos Ama at kay Jesucristo. Iniba o nawala ang mga bahagi ng mga banal na kasulatan, at walang may karapatang maggawad ng kaloob na Espiritu Santo o magsagawa ng iba pang mga ordenansa ng priesthood. Nagtagal ang apostasiyang ito hanggang sa magpakita kay Joseph Smith ang Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak noong 1820 at simulan ang panunumbalik ng kaganapan ng ebanghelyo.

Ngayon ay nabubuhay tayo sa panahong naipanumbalik na ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ngunit hindi katulad ng Simbahan noong araw, hindi madaraig ng pangkalahatang apostasiya Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Itinuturo sa mga banal na kasulatan na hindi na muling mawawasak ang Simbahan (tingnan sa D at T 138:44; tingnan din sa Daniel 2:44).

Bagama't wala nang darating na malawakang apostasiya, dapat nating ingatang hindi tayo mag-apostasiya. Maiingatan ninyo ang inyong sarili na hindi mag-apostasiya sa pamamagitan ng pagtupad sa inyong mga tipan, pagsunod sa mga utos, pagsunod sa mga lider ng Simbahan, pakikibahagi ng sacrament, at pagpapalakas ng inyong patotoo sa tuwina sa pamamagitan ng araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan, pagdarasal, at paglilingkod.

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 24:5; Amos 8:11–12; Mateo 24:4–14; Mga Gawa 20:28–30; 2 Kay Timoteo 3:1–5, 14–15; 4:3–4; 1 Nephi 13:24–29; Mormon 1:13–14; D at T 1:15–17; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–19

*Tingnan din sa* Panunumbalik ng Ebanghelyo; Pangangasiwa sa Simbahan; Priesthood

**Apostol** (*Tingnan sa* Mga Propeta; Pangangasiwa sa Simbahan)

## Awa

Alam ng ating Ama sa Langit ang ating mga kahinaan at kasalanan. Nagpapakita Siya ng awa kapag pinatatawad Niya tayo sa ating mga kasalanan at tinutulungan tayong makabalik sa Kanyang piling.

Ang gayong pagkahabag ay parang taliwas sa batas ng katarungan, na humihingi na walang maruming bagay ang tutulutang makapanahan sa piling ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 10:21). Ngunit pinapangyari ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na ang Diyos ay "maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos" (Alma 42:15).

### Pagtanggap ng Awa ng Diyos

Natugunan ng Tagapagligtas ang mga hinihingi ng katarungan nang tumayo Siya sa ating lugar at pagdusahan ang ating mga kasalanan. Dahil sa di-makasariling paggawa nito, maaaring buong awang pigilin ng Ama ang pagpaparusa sa atin at tanggapin tayo sa Kanyang piling. Upang matanggap ang kapatawaran ng Panginoon, dapat nating pagsisihan nang taimtim ang ating mga kasalanan. Tulad ng itinuro ng propetang si Alma, "Isinasagawa ng katarungan ang lahat ng kanyang hinihingi, at inaangkin din ng awa ang lahat ng kanya; at sa gayon walang maliligtas kundi ang tunay na nagsisisi" (Alma 42:24; tingnan din sa mga talata 22–23, 25).

Ang kapatawaran ng kasalanan ay hindi lamang kaloob na awa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Bawat pagpapalang natatanggap ninyo ay dahil sa awa, higit kaysa makakamit ninyong mag-isa. Itinuro ni Mormon, "Lahat ng bagay na mabubuti ay nagmumula kay Cristo; kung hindi, ang tao ay nahulog, at walang mabuting bagay ang darating sa kanila"

(Moroni 7:24). Halimbawa, tatanggap kayo ng banal na awa kapag dininig at sinagot ng Ama sa Langit ang inyong mga dalangin, kapag tumanggap kayo ng patnubay ng Espiritu Santo, at kapag napagaling kayo sa karamdaman sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood. Bagama't lahat ng gayong pagpapala ay resulta ng inyong pagsunod, hinding-hindi ninyo matatanggap ang mga ito sa sarili lamang ninyong pagsisikap. Ang mga ito ay maawaing kaloob ng isang mapagmahal at mahahabaging Ama.

Pagpapakita ng Awa sa Iba

Habang kausap ang Kanyang mga disipulo, iniutos ng Tagapagligtas: "Magmaawain kayo, gaya naman ng inyong Ama na maawain" (Lucas 6:36). Masusunod ninyo ang halimbawa ng awa ng inyong Ama sa Langit sa inyong mga pakikipag-ugnayan sa iba. Sikaping alisin sa inyong buhay ang kahambugan, pagmamalaki, at kayabangan. Humanap ng mga paraan para maging mahabagin, magalang, mapagpatawad, mahinahon, at matiisin, kahit alam ninyo ang mga pagkukulang ng iba. Sa paggawa nito, aakayin ng inyong halimbawa ang iba na maging mas maawain, at lalo ninyong makakamit ang awa ng Diyos.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 5:7; Lucas 10:25–37; Alma 34:14–16

*Tingnan din sa* Biyaya; Kapatawaran; Katarungan; Pag-ibig sa Kapwa-tao

**Biblia** (*Tingnan sa* Mga Banal na Kasulatan)

**Bilangguan ng mga Espiritu** (*Tingnan sa* Impiyerno; Kamatayan, Pisikal; Paraiso)

## Binyag

Isinalaysay sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa isang grupo ng mga taong natuto ng ebanghelyo at nabinyagan sa isang lugar na tinatawag na Mormon. Mula nang mabinyagan

sila, itinuring na nilang lugar ng kagandahan ang Mormon dahil habang naroon sila, "nakarating sa [kanila ang] kaalaman [sa] kanilang Manunubos" (Mosias 18:30). Napalakas ng kanilang mga patotoo at tipan sa binyag, nanatili silang tapat sa Panginoon, kahit sa oras ng matinding pagsubok (tingnan sa Mosias 23–24).

Gaya ng mga tao sa salaysay na ito sa Aklat ni Mormon, magagalak kayo sa pag-alaala sa inyong tipan sa binyag at sa mga pangako ng Panginoon sa inyo. Magkakaroon kayo ng lakas sa ordenansa ng binyag, bagong binyag man kayo o matagal nang nabinyagan.

## Pagpasok sa Landas tungo sa Buhay na Walang Hanggan

Binyag ang unang nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4). Sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon ng isang taong may awtoridad ng priesthood, kayo ay naging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Nang binyagan kayo, ipinakita ninyo ang inyong kahandaang sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas. Siya man ay nabinyagan, kahit wala Siyang kasalanan. Tulad ng ipinaliwanag Niya kay Juan Bautista, kinailangan Niyang mabinyagan upang "[maganap ang] buong katuwiran" (tingnan sa Mateo 3:13–17).

Dapat sundan ng lahat ng naghahangad ng buhay na walang hanggan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Sabi ng propetang si Nephi, ipinakita sa atin ng Tagapagligtas na "ang pasukang [ating] dapat pasukin ay pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig; at pagkatapos darating ang kapatawaran ng [ating] mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo. At pagkatapos, [tayo] ay nasa makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:17–18). Tatanggapin natin ang buhay na walang hanggan kung magtitiis tayo hanggang

wakas, tumutupad sa ating mga tipan at tumatanggap ng ibang mga ordenansa ng kaligtasan.

### Binyag sa Paraan ng Panginoon

Inihayag ng Tagapagligtas ang tunay na pamamaraan ng pagbibinyag kay Propetang Joseph Smith, na ipinaliliwanag na ang ordenansa ay dapat isagawa ng isang taong may awtoridad ng priesthood at sa pamamagitan ng ganap na paglulubog sa tubig:

"Ang taong tinawag ng Diyos at may karapatan mula kay Jesucristo na magbinyag, ay bababa sa tubig kasama ang taong bibinyagan at sasabihin, tinatawag siya sa kanyang pangalan: Bilang naatasan ni Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

"Pagkatapos ay kanyang ilulubog siya sa tubig, at iaahon muli mula sa tubig" (D at T 20:73–74).

Ang paglulubog ay simbolo ng kamatayan ng makasalanang buhay ng tao at muling pagsilang sa espirituwal na buhay, na nakalaan sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak. Simbolo rin ito ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli. (Tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–6.)

### Maliliit na Bata at Binyag

Sa paghahayag sa mga huling araw, alam natin na ang maliliit na bata ay tinubos ng awa ni Jesucristo. Sabi ng Panginoon, "Hindi sila magkakasala, sapagkat ang kapangyarihan ay hindi ibinigay kay Satanas upang tuksuhin ang maliliit na bata, hanggang sa sila ay magsimulang magkaroon ng pananagutan sa akin" (tingnan sa D at T 29:46–47). Hindi sila dapat binyagan hanggang umabot sila sa edad ng pananagutan, na inihayag ng Panginoon na walong taong gulang (tingnan sa D at T 68:27; Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 17:11). Sinumang nagsasabi na kailangang binyagan ang maliliit na bata ay "itinatatwa ang mga awa ni Cristo, at pinawawalang-kabuluhan ang kanyang pagbabayad-sala at

ang kapangyarihan ng kanyang pagtubos" (Moroni 8:20; tingnan din sa mga talata 8–19, 21–24).

## Ang Inyong Tipan sa Binyag

Nang binyagan kayo, kayo ay nakipagtipan sa Diyos. Nangako kayong tataglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo, susundin ang Kanyang mga utos, at paglilingkuran Siya hanggang wakas (tingnan sa Mosias 18:8–10; D at T 20:37). Pinaninibago ninyo ang tipang ito tuwing makikibahagi kayo ng sacrament (tingnan sa D at T 20:77, 79).

*Pagtataglay sa Inyong Sarili ng Pangalan ni Jesucristo.* Kapag tinaglay ninyo sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo, itinuturing ninyong kayo ay sa Kanya. Inuuna ninyo Siya at ang Kanyang gawain sa inyong buhay. Hinahangad ninyo ang nais Niya sa halip na ang nais ninyo o itinuturo ng mundo na naisin ninyo.

Sa Aklat ni Mormon, ipinaliwanag ni Haring Benjamin kung bakit mahalagang taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Tagapagligtas:

"Walang ibang pangalang ibinigay kung saan ang kaligtasan ay darating; kaya nga, nais kong taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo, kayong lahat na nakipagtipan sa Diyos, na kayo ay maging masunurin hanggang sa wakas ng inyong mga buhay.

"At ito ay mangyayari na sinuman ang gagawa nito ay matatagpuan sa kanang kamay ng Diyos, sapagkat malalaman niya ang pangalang itatawag sa kanya; sapagkat siya ay tatawagin sa pangalan ni Cristo.

"At ngayon, ito ay mangyayari na sinuman ang hindi magtataglay ng pangalan ni Cristo sa kanyang sarili ay tatawagin sa ibang pangalan; anupa't matatagpuan niya ang sarili sa kaliwang kamay ng Diyos" (Mosias 5:8–10).

*Pagsunod sa mga Utos.* Ang inyong tipan sa binyag ay isang pangakong pumasok sa kaharian ng Diyos, na inilalayo ang inyong sarili sa kamunduhan at tumatayo bilang saksi ng

Diyos "sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9). Kasama sa mga pagsisikap ninyong tumayo bilang saksi ng Diyos ang lahat ng inyong ginagawa at sinasabi. Laging sikaping alalahanin at sundin ang mga utos ng Panginoon. Panatilihing dalisay ang inyong iniisip, sinasabi, at ginagawa. Kapag gusto ninyong makapaglibang tulad ng sine, telebisyon, Internet, musika, mga aklat, magasin, at pahayagan, tiyaking panoorin, pakinggan, at basahin lamang ang mga bagay na nagbibigay-inspirasyon sa kaluluwa. Manamit nang disente. Pumili ng mga kaibigang hihikayat sa inyo na marating ang inyong mga mithiing pangwalang-hanggan. Lumayo sa imoralidad, pornograpiya, sugal, sigarilyo, alak, at mga bawal na gamot. Manatiling karapat-dapat na makapasok sa templo.

*Paglilingkod sa Panginoon.* Ang utos na lumayo sa mga bagay na makamundo ay hindi nangangahulugan na dapat kayong lumayo sa ibang tao. Bahagi ng tipan sa binyag ang maglingkod sa Panginoon, at mapaglilingkuran ninyo Siya nang lubusan kapag pinaglingkuran ninyo ang inyong kapwa. Nang ituro ng propetang si Alma ang tipan sa binyag, sinabi niya na dapat tayong "nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan" at "nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:8–9). Maging mabait at magalang sa lahat ng tao, at sundan ang halimbawa ni Jesucristo sa paraan ng pakikitungo ninyo sa iba.

## Mga Ipinangakong Pagpapala sa Binyag

Kapag tinupad ninyo ang tipan ninyo sa binyag, pagpapalain kayo ng Panginoon sa inyong katapatan. Ilan sa mga pagpapalang tinatanggap ninyo ay ang palagiang pagsama ng Espiritu Santo, kapatawaran ng inyong mga kasalanan, at pribilehiyong espirituwal na maisilang na muli.

*Palagiang Pagsama ng Espiritu Santo.* Matapos kayong binyagan, ipapatong ng isa o mahigit pang awtorisadong maytag-

lay ng Melchizedek Priesthood ang kanilang mga kamay sa inyong ulunan at ipagkakaloob sa inyo ang kaloob na Espiritu Santo. Ang kaloob na ito ay magbibigay sa inyo ng karapatan na laging mapasainyo ang Espiritu Santo basta't kayo ay karapat-dapat. Ang palagiang pagsama ng Espiritu ay isa sa pinakadakilang mga pagpapalang matatanggap ninyo sa buhay na ito. Gagabayan kayo ng Espiritu sa mga landas ng kabutihan at kapayapaan, na aakay sa inyo sa buhay na walang hanggan.

*Kapatawaran ng mga Kasalanan.* Dahil kayo ay nabinyagan, mapapatawad ang inyong mga kasalanan. Sa madaling salita, mapapatawad kayo sa pamamagitan ng awa ng Tagapagligtas. Dahil sa pagpapalang ito, sa huli ay tutulutan kayong makapiling ang Ama sa Langit.

Para mapatawad ang inyong mga kasalanan, kailangan ninyong sumampalataya kay Jesucristo, tunay na magsisi, at laging pagsikapang sundin ang mga kautusan. Itinuro ng propetang si Mormon, "Ang mga unang bunga ng pagsisisi ay binyag; at ang binyag ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikatutupad ng mga kautusan; at ang pagtupad sa mga kautusan ay nagdadala ng kapatawaran ng mga kasalanan" (Moroni 8:25). "Mananatili [sa inyo] ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan" kapag patuloy kayong nagpapakumbaba sa harapan ng Diyos, nananawagan sa Kanya araw-araw, nananatiling matatag ang pananampalataya, at naglilingkod sa mga nangangailangan (tingnan sa Mosias 4:11–12, 26).

*Maisilang na muli*. Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon, kayo ay isinilang na muli sa isang bagong buhay. Sabi ng Tagapagligtas kay Nicodemo, "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios" (Juan 3:5). Gaya ng pagsilang ng isang sanggol, nagsimula kayo ng isang bagong buhay nang pumasok kayo sa tipan ng binyag. Mag-iibayo ang inyong espirituwalidad at magiging higit na katulad ng Tagapagligtas kung tutuparin ninyo ang inyong tipan sa binyag, makikibahagi ng sacrament para mapanibago ang inyong

tipan, at magsisisi sa inyong mga kasalanan. Itinuro ni Apostol Pablo na kapag tayo ay nabinyagan, tayo'y "makalalakad sa panibagong buhay" (Mga Taga Roma 6:4).

Pagtitiis Hanggang Wakas

Ngayong kayo ay nabinyagan na at nakatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, dapat kayong magpatuloy sa kabutihan, dahil ang mga ordenansang ito ay tanda lamang ng pagsisimula ng inyong paglalakbay pabalik upang makapiling ang inyong Ama sa Langit. Itinuro ng propetang si Nephi:

"Matapos na kayo ay mapasamakipot at makitid na landas, itatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat hindi pa kayo nakalalapit maliban sa ito ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas.

"Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:19–20).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Gawa 2:37–38; 2 Nephi 31:4–13; Alma 7:14–16; 3 Nephi 11:18–41; 27:13–22; D at T 39:5–6, 10; 76:50–53

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Pagsisisi; Pagsunod; Pananampalataya; Priesthood; Sacrament

**Bishop** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

## Biyaya

Ang salitang *biyaya*, ayon sa gamit sa mga banal na kasulatan, higit sa lahat ay tumutukoy sa banal na tulong at lakas na natatanggap natin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Itinuro ni Apostol Pedro na dapat

tayong "magsilago . . . sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo" (II Ni Pedro 3:18).

## Kaligtasan sa pamamagitan ng Biyaya

Dahil sa Pagkahulog, lahat ay daranas ng temporal na kamatayan. Sa pamamagitan ng biyaya, na pinapangyari ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli at magiging imortal (tingnan sa 2 Nephi 9:6–13). Ngunit hindi tayo nagiging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos dahil lamang sa pagkabuhay na mag-uli. Pinarurumi tayo ng ating mga kasalanan at hindi tayo nagiging karapat-dapat na makapiling ang Diyos, at kailangan natin ang Kanyang biyaya upang tayo ay malinis at maging ganap "sa kabila ng lahat ng ating magagawa" (2 Nephi 25:23).

Itinuturo ng mga salitang "sa kabila ng lahat ng ating magagawa" na kailangan nating magsikap na matanggap ang kaganapan ng biyaya ng Panginoon at maging karapat-dapat na makapiling Siya. Inutusan tayo ng Panginoon na sundin ang Kanyang ebanghelyo, at kabilang na roon ang pagsampalataya sa Kanya, pagsisisi sa ating mga kasalanan, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas (tingnan sa Juan 3:3–5; 3 Nephi 27:16–20; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3–4). Isinulat ng propetang si Moroni ang tungkol sa biyayang natatanggap natin kapag lumalapit tayo sa Tagapagligtas at sinusunod ang Kanyang mga turo:

"Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo; at kung sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, wala kayong dahilang magtatwa sa kapangyarihan ng Diyos.

"At muli, kung sa biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, at hindi itatatwa ang kanyang kapangyarihan, kung magkagayon kayo ay pinabanal kay Cristo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo ni Cristo, na siyang nasa tipan ng Ama tungo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, upang kayo ay maging banal, na walang bahid-dungis" (Moroni 10:32–33).

## Pagtanggap ng Biyaya sa Inyong Buong Buhay

Bukod pa sa pangangailangan sa biyaya para sa kaligtasan ninyo sa huli, kailangan ninyo ang kapangyarihang ito na nagbibigay-kakayahan sa araw-araw ninyong buhay. Habang lumalapit kayo sa inyong Ama sa Langit nang masigasig, mapakumbaba, at may kaamuan, pasisiglahin at palalakasin Niya kayo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya (tingnan sa Mga Kawikaan 3:34; I Ni Pedro 5:5; D at T 88:78; 106:7–8). Umuunlad at lumalago kayo sa kabutihan dahil sa pag-asa sa Kanyang biyaya. Si Jesus Mismo ay "hindi . . . tinanggap ang kaganapan sa simula, subalit nagpatuloy nang biyaya sa biyaya, hanggang sa tanggapin niya ang kaganapan" (D at T 93:13). Dahil sa Kanyang biyaya, nakakatulong kayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, isang paglilingkod na hindi ninyo kayang ibigay sa sarili lamang ninyong lakas o pamamaraan (tingnan sa Juan 15:5; Mga Taga Filipos 4:13; Mga Hebreo 12:28; Jacob 4:6–7).

Kung masiraan kayo ng loob o manghina na patuloy na ipamuhay ang ebanghelyo, alalahanin ang lakas na matatanggap ninyo sa pamamagitan ng nagpapalakas na kapangyarihan ng biyaya. Makasusumpong kayo ng aliw at katiyakan sa mga salitang ito ng Panginoon: "Ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Gawa 15:11; Mga Taga Roma 5:2; 2 Nephi 10:24; 11:5

*Tingnan din sa* Kaligtasan; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli

**Buhay Bago Tayo Isinilang sa Mundong Ito** (*Tingnan sa* Plano ng Kaligtasan)

## Buhay na Walang Hanggan

Ipinahayag ng Panginoon, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang kawalang-kamatayan ay ang mabuhay magpakailanman bilang nabuhay na mag-uling nilikha. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ay tatanggap ng kaloob na ito. Ang buhay na walang hanggan, o kadakilaan, ay pagmamana ng isang lugar sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal, kung saan makakapiling natin ang Diyos at magpapatuloy bilang mga pamilya (tingnan sa D at T 131:1–4). Tulad ng kawalang-kamatayan, ang kaloob na ito ay ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Gayunman, kailangan dito ang ating "pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Pananatili sa Landas tungo sa Buhay na Walang Hanggan

Nang mabinyagan kayo at makatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, pumasok kayo sa landas patungo sa buhay na walang hanggan. Itinuro ng propetang si Nephi:

"Ang pasukang inyong dapat pasukin ay pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig; at pagkatapos darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo.

"At pagkatapos, kayo ay nasa makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan; oo, kayo ay nakapasok na sa pasukan; nagawa na ninyo ang alinsunod sa

mga kautusan ng Ama at ng Anak; at inyong tinanggap ang Espiritu Santo, na sumasaksi sa Ama at sa Anak, tungo sa katuparan ng pangakong kanyang ginawa, na kung kayo ay papasok sa daan ay inyong tatanggapin" (2 Nephi 31:17–18).

Binigyang-diin ni Nephi na matapos tayong pumasok sa "makipot at makitid na landas," dapat tayong magtiis hanggang wakas sa pananampalataya:

"Matapos na kayo ay mapasamakipot at makitid na landas, itatanong ko kung ang lahat ay nagawa na? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; sapagkat hindi pa kayo nakalalapit maliban sa ito ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas.

"Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:19–20).

Ngayong nabinyagan na kayo at nakumpirma, ang malaking progreso ninyo tungo sa buhay na walang hanggan ay nakasalalay sa pagtanggap ninyo ng iba pang mga ordenansa ng kaligtasan: para sa kalalakihan, ordenasyon sa Melchizedek Priesthood; para sa mga lalaki at babae, endowment at pagbubuklod ng kasal sa templo. Kapag tinatanggap ninyo ang mga ordenansang ito at tinutupad ang mga tipang kaakibat nito, naghahanda kayong manahin ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatiang selestiyal.

## Abot-kamay Ninyo

Sa pag-iisip ninyong mabuti sa progreso ninyo sa "makipot at makitid na landas," mapanatag na abot-kamay ninyo ang buhay na walang hanggan. Nais ng Panginoon na makabalik kayo sa Kanya, at hinding-hindi Niya kayo hihilingan ng isang bagay na hindi ninyo magagawa. Lahat ng utos Niya

ay nilayon para sa kaligayahan ninyo. Kapag sumasampalataya at naglilingkod kayo sa Kanya nang buong lakas ninyo, bibigyan Niya kayo ng lakas at paraan para magawa ninyo ang iniuutos Niya sa inyo (tingnan sa 1 Nephi 3:7). Tandaan na kapag nagawa na ninyo ang lahat ng kaya ninyo at nagsisi kayo sa inyong mga kasalanan, pupunan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang inyong kahinaan at sa mga pagkukulang, sakit, at pasakit na dinaranas ninyo sa buhay: "Nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa" (2 Nephi 25:23).

Mga karagdagang sanggunian: Juan 3:16; 17:3; 2 Nephi 9:39; Moroni 7:41; D at T 14:7; 50:5

*Tingnan din sa* Biyaya; Mga Kaharian ng Kaluwalhatian; Pagbabayad-sala ni Jesucristo

**Deacon** (*Tingnan sa* Aaronic Priesthood; Priesthood)

## Diborsyo

Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol "ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak" (tingnan sa pahina 165 sa aklat na ito). Sa kabila ng mga katotohanang ito, naging karaniwan na ang diborsyo sa maraming lipunan at lumaganap pa ito maging sa mga miyembro ng Simbahan. Ang kasamaang ito ay hindi sa Diyos, kundi gawain ng kaaway.

Bawat mag-asawa ay dapat magtulungan upang maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng walang hanggang kasal. Kung kayo ay may-asawa at kayong mag-asawa ay nahihirapan, alalahanin na ang kalutasan sa karamihan ng problema ng mag-asawa ay hindi diborsyo o paghihiwalay. Ang kalutasan ay matatagpuan sa ebanghelyo ni Jesucristo—sa pagsisisi, pagpapatawad, katapatan, at pagmamahal. Makikita ito sa

pakikitungo sa inyong asawa tulad ng gusto ninyong pakikitungo niya sa inyo (tingnan sa Mateo 7:12). Habang nilulunasan ninyo ang mga problema, maaari kayong magkasamang humingi ng payo sa inyong bishop o branch president.

*Tingnan din sa* Mga Templo; Pag-aasawa; Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal; Pamilya

## Digmaan

Sinabi ng Panginoon na sa mga huling araw magkakaroon ng "mga digmaan at alingawngaw ng digmaan, at ang buong mundo ay magkakagulo, at ang puso ng mga tao ay magsisipanlupaypay" (D at T 45:26).

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay mga tao ng kapayapaan. Sinusunod natin ang Tagapagligtas, na siyang Prinsipe ng Kapayapaan. Inaasam natin ang Kanyang paghahari sa milenyo, kapag nagwakas ang mga digmaan at naipanumbalik ang kapayapaan sa lupa (tingnan sa Isaias 2:4). Gayunman, nauunawaan natin na sa mundong ito, kung minsan ay nagpapadala ang mga lider ng pamahalaan ng mga sundalo sa digmaan upang ipagtanggol ang kanilang bansa at mga mithiin.

Hindi na kailangang mamili ng mga sundalong Banal sa mga Huling Araw sa pagitan ng kanilang bansa at kanilang Diyos. Sa Simbahan, "naniniwala [tayo] sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12). Ang pagsusundalo ay nagpapakita ng katapatan sa tuntuning ito.

Kung matawag sa digmaan ang mga Banal sa mga Huling Araw, maaari nilang tularan ang halimbawa ni Kapitan Moroni, ang dakilang lider ng hukbo sa Aklat ni Mormon. Bagama't isa siyang malakas na mandirigma, siya ay "hindi nagagalak sa pagpapadanak ng dugo" (Alma 48:11). Siya ay "di matitinag sa pananampalataya kay Cristo," at ang tanging dahilan niya sa paglaban ay kanyang

"ipagtatanggol ang kanyang mga tao, kanyang mga karapatan, at kanyang bayan, at kanyang relihiyon" (Alma 48:13). Kung kailanganing makidigma ng mga Banal sa mga Huling Araw, dapat silang humayo sa diwa ng katotohanan at katuwiran, na may hangad na gumawa ng mabuti. Dapat silang humayo nang may pagmamahal sa kanilang puso para sa lahat ng anak ng Diyos, pati na sa mga kalaban. Sa gayon, kung utusan silang magpadanak ng dugo ng ibang tao, hindi ituturing na kasalanan ang kanilang gagawin.

*Tingnan din sa* Kapayapaan; Pamahalaan at Batas ng Tao

## Diyablo o Dimonyo (*Tingnan sa* Satanas)

## Diyos Ama

Ang Diyos Ama ang Kataas-taasang Nilalang na ating pinaniniwalaan at sinasamba. Siya ang pinakadakilang Tagapaglikha, Pinuno, at Tagapangalaga ng lahat ng bagay. Siya ay perpekto, nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan, at nakaaalam ng lahat ng bagay. Siya ay "may katawang may laman at buto na nahihipo gaya ng sa tao" (D at T 130:22).

Ang ating Ama sa Langit ay Diyos ng paghatol at kalakasan at kaalaman at kapangyarihan, ngunit Siya rin ay Diyos na ganap na maawain, mabait, at may pag-ibig sa kapwa-tao. Kahit "hindi [natin] nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay," makasusumpong tayo ng kapayapaan sa tiyak na kaalamang mahal Niya tayo (tingnan sa 1 Nephi 11:17).

### Ang Ama ng Ating mga Espiritu

Isa sa pinakamagagandang maitatanong sa buhay ang "Sino ako?" Kahit maliliit na bata ay masasagot ang tanong na ito sa tulong ng isang paboritong awit sa Primary. Kinakanta natin na, "Ako ay anak ng Diyos, dito'y isinilang." Ang kaalamang tayo ay mga anak ng Diyos ay nagbibigay ng lakas, aliw, at pag-asa.

Kayo ay literal na anak ng Diyos, espirituwal na nilikha sa buhay bago kayo isinilang dito sa mundo. Bilang Kanyang anak, makatitiyak kayo na kayo ay may banal at walang hanggang potensyal at tutulungan Niya kayo sa taos-puso ninyong pagsisikap na maabot ang potensyal na iyan.

## Ang Kataas-taasang Tagapaglikha

Ang Ama sa Langit ang Kataas-taasang Tagapaglikha. Sa pamamagitan ni Jesucristo, nilikha Niya ang langit at lupa at lahat ng bagay dito (tingnan sa Moises 2:1). Sabi ni Alma, "Lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos; oo, maging ang mundo, at lahat ng bagay na nasa ibabaw nito, oo, at ang pag-inog nito, oo, at gayon din ang lahat ng planetang gumagalaw sa kanilang karaniwang ayos ay nagpapatunay na may Kataas-taasang Tagapaglikha" (Alma 30:44).

Paminsan-minsan, pag-isipan ang ganda ng paglikha: mga puno, bulaklak, hayop, bundok, ang alon sa karagatan, isang bagong silang na sanggol. Pagmasdan ang kalangitan, kung saan napakaraming bituin at planetang nagpapatunay na may "Diyos na gumagalaw sa kanyang kamahalan at kapangyarihan" (tingnan sa D at T 88:41–47).

## Ang May-akda ng Plano ng Kaligtasan

Nais ng ating Ama sa Langit na makapiling natin Siya magpasawalang-hanggan. Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Upang maisagawa ito, inihanda Niya ang plano ng kaligtasan. Isinugo Niya ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, si Jesucristo, upang kalagin ang mga gapos ng kamatayan at magbayad-sala sa mga kasalanan ng mundo: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16). Ang sakripisyong ito ang pinakadakilang pagpapahayag ng pagmamahal ng ating Ama sa atin.

Pagkilala sa Diyos Ama

Bilang mga anak ng Diyos, may natatanging kaugnayan tayo sa Kanya, na nagpaiba sa atin sa lahat ng iba pa Niyang nilikha. Hangaring makilala ang inyong Ama sa Langit. Mahal Niya kayo, at binigyan Niya kayo ng mahalagang oportunidad na makalapit sa Kanya sa panalangin. Ang inyong mga dalangin, na inusal nang may pagpapakumbaba at katapatan, ay dinidinig at sinasagot.

Makikilala rin ninyo ang inyong Ama sa pag-aaral tungkol sa Kanyang Pinakamamahal na Anak at sa pamumuhay ng ebanghelyo. Itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: "Kung ako'y nangakilala ninyo ay mangakikilala ninyo ang aking Ama. . . . Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama" (Juan 14:7, 9).

Napapalapit kayo sa Diyos Ama habang pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw at kapag naglilingkod kayo. Kapag sinusunod ninyo ang kalooban ng Diyos at namumuhay ayon sa gusto Niya, nagiging mas katulad ninyo Siya at ang Kanyang Anak. Naihahanda ninyo ang inyong sarili sa pagbalik sa Kanilang piling.

Mga karagdagang sanggunian: Juan 14:6, 21–24; 17:3; Mosias 4:9; D at T 132:22–24; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1

*Tingnan din sa* Paglikha; Panguluhang Diyos; Plano ng Kaligtasan

## Doktrina at mga Tipan (*Tingnan sa* Mga Banal na Kasulatan)

## Droga (*Tingnan sa* Word of Wisdom)

## Ebanghelyo

Ang ebanghelyo ang plano ng kaligtasan ng ating Ama sa Langit. Ang pinakasentro ng doktrina ng ebanghelyo ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4). Sa kabuuan nito, kabilang sa ebanghelyo ang lahat ng doktrina, alituntunin, batas, ordenansa, at tipang kailangan natin para madakila sa kahariang selestiyal. Nangako ang Tagapagligtas na kung magtitiis tayo hanggang wakas, na tapat na ipamumuhay ang ebanghelyo, pawawalang-sala Niya tayo sa harapan ng Ama sa Huling Paghuhukom (tingnan sa 3 Nephi 27:16).

Ang kabuuan ng ebanghelyo ay naipangaral na sa lahat ng panahon nang handa na ang mga anak ng Diyos na tanggapin ito. Sa mga huling araw, o sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, naipanumbalik ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.

Mga karagdagang sanggunian: Mga Taga Roma 1:16–17; 3 Nephi 27:13–22; D at T 11:24; 39:5–6

*Tingnan din sa* Binyag; Espiritu Santo; Jesucristo; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagsisisi; Pananampalataya; Panunumbalik ng Ebanghelyo; Plano ng Kaligtasan

## Edukasyon

Iniutos ng Panginoon, "Maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118). Pinayuhan Niya tayong pag-aralan ang ebanghelyo at magtamo ng pang-unawa "sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapakipakinabang ninyong maunawaan; ng mga bagay maging sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari; mga bagay na nasa tahanan, mga bagay na nasa ibang bansa; ang mga digmaan at ang mga bumabagabag sa

mga bansa, at ang mga kahatulan na nasa lupa; at kaalaman din tungkol sa mga bansa at sa mga kaharian—upang [tayo] ay maging handa sa lahat ng bagay" (D at T 88:78–80).

## Pagpasok sa Paaralan at Pagsasanay sa Propesyon

Lagi ninyong sikaping maturuan ang inyong isipan at mga kamay upang magtagumpay kayo sa inyong napiling larangan. Gamitin ang inyong pinag-aralan upang maging impluwensya para sa kabutihan. Sa paggawa nito, makikilala kayo na isang taong may integridad. Magiging handa kayo sa pagdating ng mga oportunidad, at magiging malaking pakinabang kayo sa inyong pamilya, sa Simbahan, at sa inyong komunidad.

Hangaring makapag-aral sa pinakamahusay na paaralan hangga't kaya ninyo. Ang ilang posibilidad ay sa mga kolehiyo at unibersidad, paaralan sa teknolohiya, kursong mapag-aaralan sa bahay, edukasyong pampamayanan, at pribadong pagpapaturo.

## Seminary at Institute

Sa buong mundo, ang mga Banal sa mga Huling Araw na edad 14 hanggang 18 ay kasali sa seminary, na nagtuturo mula sa mga banal na kasulatan sa karaniwang araw. Ang mga institute of religion ay nagtuturo ng klase sa iba't ibang kurso ng ebanghelyo sa karaniwang araw para sa mga Banal sa mga Huling Araw na edad 18 hanggang 30.

Ang mga programang ito ay naglalaan ng espirituwal at sosyal na kapaligiran kung saan nakakahalubilo sa isa't isa ang mga estudyante habang lalong natututo tungkol sa ebanghelyo.

Para sa impormasyon tungkol sa seminary at institute, makipag-ugnayan sa isang lokal na lider ng priesthood.

Habambuhay na Pagkatuto

Patuloy na humanap ng mga oportunidad na makapag-aral habang nabubuhay kayo. Tutulungan kayo nitong malaman ang mga pagbabago at karagdagan sa napili ninyong propesyon at sa iba pa ninyong kasanayan at interes. Sa mundong ito na mabilis magbago, dapat ninyong pag-ukulan ng panahon ang pag-aaral para sa kasalukuyan at hinaharap.

Bukod pa sa pagpapalawak ng inyong pinag-aralan sa pamamagitan ng pagpasok sa paaralan, maaari ninyong ituloy ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbabasa, pagdalo sa mga makabuluhang kaganapang pangkultura, pagbisita sa mga museo at makasaysayang lugar, at pagmamasid sa mundo sa paligid ninyo.

Mga karagdagang sanggunian: Mga Kawikaan 1:5; D at T 130:18–19

**Elder** (*Tingnan sa* Melchizedek Priesthood; Priesthood)

**Endowment** (*Tingnan sa* Mga Templo)

## Espiritu

Kayo ay espiritung anak ng Ama sa Langit, at nabuhay kayo bilang espiritu bago kayo isinilang sa mundo. Sa buhay ninyo sa mundo, nananahan ang inyong espiritu sa inyong pisikal na katawan, na isinilang sa mortal na mga magulang.

Mula sa mga banal na kasulatan, natutuhan natin ang likas na katangian ng mga espiritu. Nalaman natin na "lahat ng espiritu ay bagay, subalit ito ay mas pino o dalisay, at maaari lamang makilala sa pamamagitan ng mas dalisay na mga mata" (D at T 131:7). Nabasa natin na "ang espiritu ng tao [ay] sa anyo ng kanyang katauhan, at gayun din ang espiritu ng hayop, at ng lahat ng iba pang kinapal na nilalang ng Diyos" (D at T 77:2; tingnan din sa Eter 3:7–16).

Itinuturo din sa mga banal na kasulatan na sa panahon ng pisikal na kamatayan, hindi namamatay ang espiritu. Humihiwalay ito sa katawan at nabubuhay sa daigdig ng

mga espiritu sa kabilang buhay. Sa pagkabuhay na mag-uli, ang espiritu ay muling pumapasok sa katawan, "hindi na maghihiwalay pa kailanman; sa gayon, sa kabuuan ay magiging espirituwal at walang kamatayan" (Alma 11:45).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Taga Roma 8:16–17; 2 Nephi 9:10–13; D at T 93:29, 33

*Tingnan din sa* Kaluluwa; Pagkabuhay na Mag-uli; Plano ng Kaligtasan

**Espiritu ng Katotohanan** (*Tingnan sa* Espiritu Santo)

**Espiritu ng Panginoon** (*Tingnan sa* Espiritu Santo; Liwanag ni Cristo)

## Espiritu Santo

Ang Espiritu Santo ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay isang personahe ng espiritu, walang katawang may laman at buto (tingnan sa D at T 130:22). Madalas siyang taguriang Espiritu, Banal na Espiritu, Espiritu ng Diyos, Espiritu ng Panginoon, o Mang-aaliw.

### Mga Tungkulin ng Espiritu Santo

Ang Espiritu Santo ay kumikilos sa lubos na pakikiisa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at isinasakatuparan ang maraming tungkulin upang tulungan kayong mamuhay nang matwid at makatanggap ng mga pagpapala ng ebanghelyo.

Siya ang "sumasaksi sa Ama at sa Anak" (2 Nephi 31:18) at naghahayag at nagtuturo ng "katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5). Matatanggap lamang ninyo ang tiyak na patotoo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang pakikipag-ugnayan niya sa inyong espiritu ay may hatid na higit na katiyakan kaysa anumang pakikipag-ugnayang matatanggap ng inyong likas na mga pandamdam.

Habang sinisikap ninyong manatili sa landas patungo sa buhay na walang hanggan, ang Espiritu Santo ang "magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin" (tingnan sa 2 Nephi 32:1–5). Gagabayan Niya kayo sa inyong mga pasiya at poprotektahan kayo sa pisikal at espirituwal na panganib.

Sa pamamagitan Niya, tatanggapin ninyo ang mga kaloob ng Espiritu para sa inyong kapakinabangan at sa kapakinabangan ng inyong mga minamahal at pinaglilingkuran (tingnan sa D at T 46:9–11).

Siya ang Mang-aaliw (Juan 14:26). Samantalang pinapayapa ng masuyong tinig ng isang mapagmahal na magulang ang umiiyak na bata, ang mga bulong ng Espiritu ay nagpapawala ng inyong mga takot, nagbabawas sa pagbagabag ng mga problema sa inyong buhay, at inaaliw kayo sa oras ng dalamhati. Ang Espiritu Santo ay maaari kayong puspusin "ng pag-asa at ganap na pag-ibig" at siyang "magtuturo sa [inyo] ng mga mapayapang bagay ng kaharian" (Moroni 8:26; D at T 36:2).

Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, kayo ay mapapabanal kapag kayo'y nagsisi, tumanggap ng mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon, at nanatiling tapat sa inyong mga tipan (tingnan sa Mosias 5:1–6; 3 Nephi 27:20; Moises 6:64–68).

Siya ang Banal na Espiritu ng Pangako (tingnan sa Mga Taga Efeso 1:13; D at T 132:7, 18–19, 26). Sa kapasidad na ito, pinagtitibay Niya na ang mga ordenansa ng priesthood na inyong natanggap at mga tipang inyong ginawa ay katanggap-tanggap sa Diyos. Ang pagsang-ayong ito ay nababatay sa inyong patuloy na katapatan.

## Ang Kaloob na Espiritu Santo

Madarama ng lahat ng tapat na naghahangad ng katotohanan ang impluwensya ng Espiritu Santo, na aakay sa kanila kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Gayunman, ang kabuuan ng mga pagpapalang ibinibigay sa pamamagitan ng

Espiritu Santo ay matatamo lamang ng mga tumatanggap ng kaloob na Espiritu Santo at nananatiling karapat-dapat.

Nang matapos kayong binyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ipinatong ng isa o mahigit pang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang kanilang mga kamay sa inyong ulunan at, sa sagradong ordenansa ng priesthood, kinumpirma kayong miyembro ng Simbahan. Bilang bahagi ng ordenansang ito, na tinatawag na kumpirmasyon, binigyan kayo ng kaloob na Espiritu Santo.

Ang kaloob na Espiritu Santo ay naiiba sa impluwensya ng Espiritu Santo. Bago kayo nabinyagan, nadarama na ninyo ang impluwensya ng Espiritu Santo paminsan-minsan, at dahil sa impluwensyang iyon natanggap ninyo ang patotoo sa katotohanan. Ngayong sumainyo na ang kaloob na Espiritu Santo, may karapatan na kayo na palagiang makapiling ang miyembrong iyon ng Panguluhang Diyos kung susundin ninyo ang mga utos.

Kabilang sa ganap na pagtatamasa ng kaloob na Espiritu Santo ang pagtanggap ng paghahayag at kaaliwan, paglilingkod at pagpapala sa iba sa pamamagitan ng mga espirituwal na kaloob, at pinababanal mula sa kasalanan at pinagigindapat para sa kadakilaan sa kahariang selestiyal. Ang mga pagpapalang ito ay nababatay sa inyong pagkamarapat; unti-unti itong dumarating sa oras na handa na kayo para sa mga ito. Habang iniaangkop ninyo ang inyong buhay sa kalooban ng Diyos, unti-unti ninyong lubusang makakapiling ang Espiritu Santo. Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na ang mga hiwaga ng kaharian ng Diyos "ay maaari lamang makita at maunawaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na ipinagkaloob ng Diyos sa mga yaong nagmamahal sa kanya at nilinis ang kanilang sarili sa harapan niya" (tingnan sa D at T 76:114–116).

Alalahanin na "ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo" (Helaman 4:24). Kahit natanggap na ninyo ang kaloob na Espiritu Santo, tatahan lamang sa inyo ang Espiritu kapag sinusunod ninyo ang mga

utos. Aalis Siya kung nasaktan ninyo Siya dahil sa inyong kalapastanganan, karumihan, pagsuway, paghihimagsik, o iba pang mga kasalanan. Manatili kayong malinis. Puspusin ng kabutihan ang inyong buhay upang kayo ay maging karapat-dapat na palagiang makapiling ang Espiritu Santo.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 3:11; Juan 15:26; 16:13; Mga Gawa 2:38; 8:12–17; 19:1–6; I Mga Taga Corinto 2:9–14; 12:3; Mga Taga Galacia 5:22–23; 1 Nephi 10:17–19; 2 Nephi 31:17; D at T 8:2–3; 39:20–24; 68:25–28; 121:46; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4

*Tingnan din sa* Binyag; Mga Espirituwal na Kaloob; Paghahayag; Pagpapatong ng mga Kamay; Panguluhang Diyos

**Espirituwal na Kamatayan** (*Tingnan sa* Kamatayan, Espirituwal)

## Family Home Evening

Ang tahanan ang pinakamahalagang lugar para pag-aralan ang ebanghelyo. Walang iba pang organisasyon na makapapalit sa pamilya. Paulit-ulit na nanawagan sa mga magulang ang mga propeta sa mga huling araw na pangalagaan ang kanilang mga anak sa pagmamahal at pagtuturo ng ebanghelyo.

Noong 1915 pinasimulan ni Pangulong Joseph F. Smith at ng kanyang mga tagapayo ang pagsisikap na patatagin ang pamilya sa buong Simbahan. Nanawagan sila sa mga magulang sa Simbahan na tipunin ang kanilang mga anak minsan sa isang linggo para sa "Home Evening." Dapat mag-ukol ng oras ang mga pamilya para manalangin at mag-awitan, basahin ang mga banal na kasulatan, magturuan ng ebanghelyo, at sumali sa ibang mga gawaing magpapatatag ng pagkakaisa ng pamilya.

Noong 1970 nagkaisa si Pangulong Joseph Fielding Smith at ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan na italaga ang Lunes ng gabi para sa family home evening. Mula nang ipahayag iyon, hindi na nagsagawa ng iba pang

mga aktibidad ang Simbahan tuwing Lunes ng gabi para magkasama-sama ang mga pamilya.

Patuloy na hinihimok ng mga propeta sa mga huling araw ang mga miyembro ng Simbahan na bigyan ng pinakamataas na priyoridad ang family home evening. Ipinangako nila na ang dedikasyon natin sa programang ito ay mangangalaga sa ating pamilya laban sa mga kasamaan sa ating panahon at maghahatid ng lubos na kagalakan ngayon at sa buong kawalang-hanggan.

Dapat ituring ng lahat ng miyembro ng Simbahan na sagrado ang Lunes ng gabi, na nakalaan para sa family home evening. Kung kayo ay may asawa, magdaos ng lingguhang family home evening kasama ang inyong asawa. Kung may mga anak kayo, isali sila sa family home evening. Iakma ang programa sa kanilang mga pangangailangan at interes, at hayaan ninyo silang makilahok. Kapag lumaki at nilisan na ng inyong mga anak ang inyong tahanan, ipagpatuloy ninyong mag-asawa ang pagdaraos ng family home evening.

Kung kayo ay walang asawa, pag-isipang hilingin sa inyong bishop o branch president na bumuo ng home evening group para sa inyo at iba pang mga walang asawang miyembro ng inyong ward o branch. Maaari siyang tumawag ng lider sa home evening, na responsableng mag-organisa ng programa at titiyaking regular na maidaos ang mga home evening.

Ang sumusunod ay isang iminungkahing balangkas para sa family home evening:

- Pambungad na awitin
- Pambungad na panalangin
- Pagbabasa ng banal na kasulatan
- Lesson
- Aktibidad
- Pangwakas na awitin
- Pangwakas na panalangin
- Meryenda

Habang inihahanda ninyo ang lesson para sa family home evening, alalahaning ibatay ito sa mga banal na kasulatan, mga turo ng mga propeta sa mga huling araw, at personal na karanasan at patotoo. Ang aklat na ito ay makakatulong sa pagpili ng mga paksang ituturo. Bukod dito, maaari kayong sumangguni sa iba pang mga lathalain ng Simbahan, tulad ng *Family Home Evening Resource Book* (aytem bilang 31106), *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893), *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893), at mga magasin ng Simbahan.

*Tingnan din sa* Pamilya

## Gawaing Misyonero

Kapag nararanasan natin ang mga pagpapala sa pamumuhay ng ebanghelyo, kusa nating nanaising ibahagi ang mga pagpapalang iyon sa iba. Binanggit ng Panginoon ang kagalakang dumarating sa ating buhay kapag ibinabahagi natin ang Kanyang ebanghelyo:

"Kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

"At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!" (D at T 18:15–16).

### Tungkuling Misyonero ng Bawat Miyembro

Ipinahayag ng Panginoon na ang gawaing misyonero ay responsibilidad ng lahat ng Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa D at T 88:81). Bilang miyembro ng Simbahan ng Panginoon, makakatulong kayo, sa pamamagitan ng kabutihan ng inyong buhay at lakas ng inyong patotoo, na maihanda ang inyong mga kapamilya, kaibigan, at iba pang mga kakilala na makausap ang mga full-time missionary.

Ang pinakamabisang mensahe ng misyonero na maihahatid ninyo ay ang sariling halimbawa ninyo ng masayang buhay ng isang Banal sa mga Huling Araw. Alalahanin na hindi sumasapi ang mga tao sa Simbahan dahil lamang sa mga alituntunin ng ebanghelyong natututuhan nila. Sumasapi sila dahil may nadarama sila na nagsisimulang makasiya sa kanilang mga espirituwal na pangangailangan. Kung tapat ang pakikipagkaibigan ninyo sa kanila, madarama nila ang diwa ng inyong patotoo at kaligayahan.

Dagdag pa sa pagpapakita ng mabuting halimbawa, maging "lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo" (I Ni Pedro 3:15). Maipagdarasal ninyo na magkaroon kayo ng mga oportunidad na masabi sa iba ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa gayo'y maging listo kayo, dahil maraming taong nananabik sa katotohanan.

## Paglilingkod sa mga Full-time Mission

Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, iniutos ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo na "magsiyaon . . . at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo" (Mateo 28:19). Para maisagawa ang utos na ito, tungkulin ng bawat may kakayahang kabinataan sa Simbahan na maghanda sa espirituwal, pisikal, at emosyonal para maglingkod bilang mga full-time missionary. May oportunidad din ang mga dalaga at may edad nang mga mag-asawa na mag-full-time mission. Kung hangad ninyong maglingkod sa full-time mission, kausapin ang inyong bishop o branch president.

## Paglilingkod sa mga Bagong Miyembro ng Simbahan

Kabilang sa gawaing misyonero ang pagtulong at pagsuporta sa mga sumasapi sa Simbahan. Habang pinag-iisipan ninyo ang responsibilidad na ito, alalahanin na maaaring maharap sa mga pagsubok ang mga bagong miyembro sa pagsapi nila sa Simbahan. Kadalasan ay kailangan nilang isantabi

ang mga dati nilang gawi at talikuran ang mga dating kaibigan at kasamahan dahil sa mga bago nilang pangako. Bukod pa rito, nagtuturo ang Simbahan ng isang paraan ng pamumuhay na mukhang naiiba at maraming kinakailangang gawin.

Bawat bagong miyembro ng Simbahan ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, isang responsibilidad, at pangangalaga ng "mabuting salita ng Diyos" (Moroni 6:4). Maaari kayong makibahagi sa paglalaan ng tulong na ito. Maaari kayong laging makipagkaibigan. Kahit wala kayo sa posisyon para magbigay ng pormal na mga katungkulan o responsibilidad sa Simbahan, maaari ninyong tulungan sa paglilingkod ang mga bagong miyembro. At makahahanap kayo ng mga pagkakataong ibahagi ang salita ng Diyos sa mga bagong miyembro.

Mga karagdagang sanggunian: Marcos 16:15; Alma 26:1–16; D at T 4; 60:2; 84:88; 123:12

**Home Teaching** (*Tingnan sa* Priesthood)

**Homoseksuwalidad** (*Tingnan sa* Kalinisang-puri)

## Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

Nang umakyat si Jesucristo sa langit sa pagtatapos ng Kanyang pagmiministeryo sa lupa, dalawang anghel ang nagpahayag sa Kanyang mga Apostol, "Itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit" (Mga Gawa 1:11). Sa muling pagparito ng Tagapagligtas, darating Siya sa kapangyarihan at kaluwalhatian upang angkinin ang daigdig bilang Kanyang kaharian. Ang Kanyang Ikalawang Pagparito ang magtatakda ng pagsisimula ng Milenyo.

Ang Ikalawang Pagparito ay magiging panahon ng pagkatakot at dalamhati para sa masasama, ngunit ito ay magiging araw ng kapayapaan at tagumpay para sa mabubuti. Ipinahayag ng Panginoon:

"Sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa apoy, kundi mananatili sa araw na yaon.

"At ang lupa ay ibibigay sa kanila upang maging mana; at sila ay darami at magiging malakas, at ang kanilang mga anak ay magsisilaking walang kasalanan tungo sa kaligtasan.

"Sapagkat ang Panginoon ay nasa gitna nila, at ang kanyang kaluwalhatian ay mapapasakanila, at siya ay kanilang magiging hari at kanilang tagapagbigay ng batas" (D at T 45:57–59).

Hindi pa inihayag ng Panginoon kung kailan Siya mismo babalik: "Ang oras at ang araw ay walang taong nakaaalam, ni ang mga anghel sa langit, ni hindi nila malalaman hanggang sa siya ay pumarito" (D at T 49:7). Ngunit naihayag na Niya sa Kanyang mga propeta ang mga kaganapan at tanda na mangyayari bago ang Kanyang Ikalawang Pagparito. Kabilang sa mga ipinropesiyang kaganapan at tanda ang:

- Apostasiya mula sa katotohanan ng ebanghelyo (tingnan sa Mateo 24:9–12; II Mga Taga Tesalonica 2:1–3).
- Panunumbalik ng ebanghelyo, pati na panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 3:19–21; Apocalipsis 14:6–7; D at T 45:28; 133:36).
- Panunumbalik ng mga susi ng priesthood (tingnan sa Malakias 4:5–6; D at T 110:11–16).
- Paglabas ng Aklat ni Mormon (tingnan sa Isaias 29:4–18; 3 Nephi 21:1–11).
- Pangangaral ng ebanghelyo sa buong mundo (tingnan sa Mateo 24:14).
- Panahon ng kasamaan, digmaan, at kaguluhan (tingnan sa Mateo 24:6–7; II Kay Timoteo 3:1–7; D at T 29:17; 45:26–33; 88:91).

- Mga tanda sa langit at sa lupa (tingnan sa Joel 2:30–31; Mateo 24:29–30; D at T 29:14–16; 45:39–42; 49:23; 88:87–90).

Huwag kayong mabahala sa eksaktong oras ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Sa halip, mamuhay sa paraang kayo ay magiging handa kahit kailan Siya dumating. Sa nakikita ninyong mga kalamidad sa mga huling araw na ito, alalahanin na hindi kailangang katakutan ng mabubuti ang Ikalawang Pagparito o ang mga tandang nauuna rito. Para sa inyo ang mga sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol: "Huwag kayong mabagabag, sapagkat, sa panahong ang mga bagay na ito ay mangyari, malalaman ninyo na ang mga pangakong ginawa sa inyo ay matutupad" (D at T 45:35).

Mga karagdagang sanggunian: Lucas 21:34–36; II Ni Pedro 3:10–14; D at T 133:42–52; Joseph Smith—Mateo

*Tingnan din sa* Mga Tanda; Milenyo; Plano ng Kaligtasan

## Ikapu

Isa sa mga pagpapala ng pagiging miyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang pribilehiyong magbayad ng ikapu. Sa pagsunod sa batas ng ikapu, nakikibahagi kayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

### Kahulugan at Layunin ng Ikapu

Upang makabayad ng buong ikapu, magbigay kayo ng sangkapu ng inyong kita sa Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan. Ibigay ang inyong ikapu sa isang miyembro ng inyong bishopric o branch presidency.

Diretsong ipinadadala ng mga lokal na lider ang pondo sa headquarters ng Simbahan, kung saan isang konseho ang nagpapasiya ng mga partikular na paraan sa paggamit ng mga sagradong pondo. Ang konsehong ito ay binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding

Bishopric. Kumikilos ayon sa paghahayag, nagpapasiya sila ayon sa patnubay ng Panginoon. (Tingnan sa D at T 120:1.)

Ang pondo ng ikapu ay laging ginagamit para sa mga layunin ng Panginoon—ang magtayo at magpanatili ng mga templo at meetinghouse, suportahan ang gawaing misyonero, at isakatuparan ang gawain ng Simbahan sa buong mundo.

## Mga Pagpapala ng Pagbabayad ng Buong Ikapu

Ang batas ng ikapu ay nangangailangan ng sakripisyo, ngunit ang pagsunod ninyo sa batas ay naghahatid ng mga pagpapalang lalong higit pa kaysa anumang isinusuko ninyo. Itinuro ng propetang si Malakias:

"Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10).

Ang mga pagpapalang ito ay dumarating sa lahat ng nagbabayad ng buong ikasampung bahagi ng kanilang kita, kahit napakaliit ng halagang iyon. Kapag sinunod ninyo ang batas na ito, pagpapalain kayo ng Panginoon kapwa sa espirituwal at sa temporal.

## Pangangakong Magbabayad ng Ikapu

Kung hindi pa kayo sanay magbayad ng ikapu tuwina, mahihirapan kayong maniwala na makakaya ninyong ibigay ang ikasampung bahagi ng inyong kita. Ngunit nalalaman ng mga tapat magbayad ng ikapu na hindi nila maaatim na *hindi* magbayad ng ikapu. Sa napakaliteral at napakagandang paraan, ang mga dungawan sa langit ay binubuksan at ibinubuhos ang mga pagpapala sa kanila.

Alalahanin na sa pagbabayad ng ikapu mas mahalaga ang pananampalataya kaysa sa pera. Magtiwala sa Panginoon. Ibinigay Niya ang utos para sa ating kapakinabangan, at gumawa Siya ng kaakibat na pangako. Hangaring lumakas sa

pananampalataya ni Nephi, na nagsabi, "Tayo ay maging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon; sapagkat masdan, siya ay higit na makapangyarihan kaysa lahat ng sangkatauhan" (1 Nephi 4:1).

*Tingnan din sa* Pag-aayuno at mga Handog-ayuno

## Impiyerno

Binabanggit ng mga paghahayag sa mga huling araw ang tungkol sa impiyerno sa dalawang paraan. Una, isa pang tawag ito sa bilangguan ng mga espiritu, isang lugar sa daigdig ng mga espiritu sa kabilang buhay para sa mga "nangamatay sa kanilang mga kasalanan, na walang nalalaman sa katotohanan, o sa paglabag, na tumanggi sa mga propeta" (D at T 138:32). Ito ang pansamantalang kalagayan kung saan tuturuan ng ebanghelyo ang mga espiritu at magkakaroon sila ng oportunidad na magsisi at tumanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan na isinasagawa para sa kanila sa mga templo (tingnan sa D at T 138:30–35). Yaong tatanggap ng ebanghelyo ay maaaring tumahan sa paraiso hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli. Matapos silang mabuhay na mag-uli at mahatulan, tatanggapin nila ang antas ng kaluwalhatiang karapat-dapat sa kanila. Yaong ayaw magsisi ngunit hindi naman mga anak ng kapahamakan ay mananatili sa bilangguan ng mga espiritu hanggang magwakas ang Milenyo, kung kailan sila ay palalayain mula sa impiyerno at kaparusahan at mabubuhay na mag-uli tungo sa kaluwalhatiang telestiyal (tingnan sa D at T 76:81–85).

Ikalawa, ang salitang *impiyerno* ay karaniwang tumutukoy sa malayong kadiliman, na siyang tirahan ng diyablo, ng kanyang mga anghel, at mga anak ng kapahamakan (tingnan sa D at T 29:36–38; 76:28–33). Ang mga anak ng kapahamakan ay yaong "walang kapatawaran sa daigdig na ito ni sa daigdig na darating—itinakwil ang Banal na Espiritu matapos matanggap ito, at itinakwil ang Bugtong na Anak ng Ama, matapos nilang ipako siya sa krus sa kanilang sarili at

ilagay siya sa hayag na kahihiyan" (D at T 76:34–35; tingnan din sa mga talata 31–33, 36–37). Ang gayong mga tao ay hindi magmamana ng lugar sa anumang kaharian ng kaluwalhatian; mamamalagi sila sa impiyerno (tingnan sa D at T 76:38; 88:24, 32).

*Tingnan din sa* Mga Kaharian ng Kaluwalhatian; Satanas

## Isinilang na Muli (*Tingnan sa* Binyag; Kaligtasan; Pagbabalik-loob)

## Jesucristo

Noong Enero 1, 2000, ipinalabas ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang sumusunod na pagpapahayag. Pinamagatang "Ang Buhay na Cristo," ang pagpapahayag na ito ay sumasaksi sa Panginoong Jesucristo at nagbubuod ng Kanyang pagkatao at banal na misyon:

"Habang ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo dalawang libong taon na ang nakararaan, iniaalay namin ang aming patotoo tungkol sa katotohanan ng Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakila at nagbabayad-salang sakripisyo. Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo.

"Siya ang Dakilang Jehova ng Lumang Tipan, at ang Mesiyas ng Bago. Sa ilalim ng pamamahala ng Kanyang Ama, Siya ang manlilikha ng daigdig. "Ang lahat ng mga bagay ay ginawa niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya" (Juan 1:3). Bagaman Siya ay walang kasalanan, bininyagan Siya upang gawin ang buong katuwiran. Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang mga Gawa 10:38), gayon pa man ay kinamuhian Siya dahil dito. Ang Kanyang ebanghelyo ay mensahe ng kapayapaan at mabuting balita. Nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa. Binagtas Niya ang mga daan sa Palestina na nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag,

at nagpapabangon ng patay. Itinuro Niya ang katotohanan tungkol sa kawalang-hanggan, at ang katotohanan tungkol sa buhay natin bago tayo nabuhay sa mundo, ang layunin ng buhay natin sa mundo, at ang potensiyal ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa buhay na darating.

"Pinasimulan Niya ang sakramento bilang paalaala sa Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Dinakip Siya at tinuligsa batay sa mga maling paratang, pinarusahan upang mabigyang-kasiyahan ang mga mandurumog, at hinatulan ng kamatayan sa krus ng Kalbaryo. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Siya ang dakilang kaloob para sa lahat ng mabubuhay sa ibabaw ng mundo.

"Taimtim kaming nagpapatotoo na ang Kanyang buhay, na siyang tampulan ng buong kasaysayan ng sangkatauhan, ay hindi nagsimula sa Betlehem o nagtapos sa Kalbaryo. Siya ang Panganay ng Ama, ang Bugtong na Anak sa laman, ang Manunubos ng daigdig.

"Nagbangon Siya sa libingan upang 'maging pangunahing bunga ng nangatutulog' (I Mga Taga Corinto 15:20). Bilang Nabuhay na Mag-uling Panginoon, dumalaw Siya sa mga taong minahal Niya noong nabubuhay pa Siya sa lupa. Naglingkod din Siya sa Kanyang "ibang mga tupa" (Juan 10:16) sa sinaunang Amerika. Sa makabagong daigdig, Siya at ang Kanyang Ama ay nagpakita sa batang lalaking si Joseph Smith, upang pasimulan ang matagal nang ipinangakong "kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10).

"Tungkol sa Buhay na Cristo, isinulat ng Propetang Joseph: "Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:

" 'Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama' (D at T 110:3–4).

"Tungkol sa Kanya ay ipinahayag din ng Propeta: 'At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

" 'Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—

" 'Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos' (D at T 76:22–24).

"Ipinahahayag namin nang taimtim na ang Kanyang pagkasaserdote at Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik na sa mundo na—'itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol, at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato na panulok' (Mga Taga Efeso 2:20).

"Nagpapatotoo kami na darating ang panahon na babalik Siyang muli sa mundo. "At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao" (Isaias 40:5). Mamamahala Siya bilang Hari ng mga Hari at maghahari bilang Panginoon ng mga Panginoon, ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magpapahayag sa pagsamba sa Kanya. At bawat isa sa atin ay tatayo upang hatulan Niya ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating mga puso.

"Nagpapatotoo kami, bilang Kanyang marapat na inordenan na mga Apostol—na si Jesus ang Buhay na Cristo, ang walang kamatayang Anak ng Diyos. Siya ang dakilang Haring Emmanuel, na ngayon ay nakatayo sa kanang kamay ng Kanyang Ama. Siya ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo. Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Salamat sa Diyos sa Kanyang walang kapantay na kaloob na Kanyang banal na Anak" (*Liahona*, Abr. 2000).

*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo

## Joseph Smith

Noong tagsibol ng 1820, ang 14-na-taong-gulang na si Joseph Smith ay naghahanap ng tunay na Simbahan ni Jesucristo nang mabasa niya ang isang talata sa Biblia: "Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay nang sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5; tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–12). Sa simple at di natitinag na pananampalataya, sinunod ng batang si Joseph ang payo sa talatang iyon. Mag-isa siyang nagtungo sa kakahuyan, kung saan siya nanalangin upang malaman kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Bilang sagot sa kanyang dalangin, nagpakita sa kanya ang Diyos Ama at si Jesucristo. Kasama sa iba pang bagay, sinabi Nila sa kanya na huwag siyang sumapi sa alinmang simbahang umiiral noon. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:13–20.)

Nang mapatunayan ni Joseph Smith na karapat-dapat siya, binigyan siya ng banal na misyon bilang propeta ng Diyos. Sa pamamagitan niya, isinakatuparan ng Panginoon ang dakila at kagila-gilalas na gawaing kinabilangan ng pagpapalabas ng Aklat ni Mormon, panunumbalik ng priesthood, paghahayag ng mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo, pagbubuo ng tunay na Simbahan ni Jesucristo, at pagtatatag ng gawain sa templo. Noong Hunyo 27, 1844, pinaslang si Joseph at ang kapatid niyang si Hyrum sa isang pagsalakay ng mga sandatahang mandurumog. Tinatakan ng kanilang dugo ang kanilang patotoo.

Para malubos ang inyong patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo, dapat isama rito ang patotoo sa banal na misyon ni Joseph Smith. Ang katotohanan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nakasalalay sa katotohanan ng Unang Pangitain at ng iba pang mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon kay Propetang Joseph. Isinulat ni Pangulong John Taylor, ikatlong Pangulo ng Simbahan, "Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng

Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito" (D at T 135:3).

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 29:13–14; 2 Nephi 3:3–15; D at T 5:9–10; 135; Joseph Smith—Kasaysayan

*Tingnan din sa* Mga Propeta; Panunumbalik ng Ebanghelyo

**Kadakilaan** (*Tingnan sa* Buhay na Walang Hanggan)

## Kadisentehan

Ang kadisentehan ay pagiging simple at disente sa pananamit, pag-aayos, pagsasalita, at pag-uugali. Kung kayo ay disente, hindi kayo mang-aakit. Sa halip, hahangarin ninyong "luwalhatiin . . . ng inyong katawan [at ng inyong espiritu] ang Dios" (I Mga Taga Corinto 6:20; tingnan din sa talata 19).

Kung hindi ninyo tiyak kung disente ang inyong pananamit o ayos, tanungin ang inyong sarili, "Magiging komportable kaya ako sa ayos ko kung kaharap ko ang Panginoon?" Maitatanong din ninyo ito sa inyong sarili tungkol sa inyong pananalita at pag-aasal: "Sasambitin ko ba ang mga salitang ito o sasali ba ako sa mga gawaing ito kung narito ang Panginoon?" Ang tapat na sagot sa mga tanong na ito ay aakay sa inyo na gumawa ng mahahalagang pagbabago sa inyong buhay. Makakatulong sa inyo ang sumusunod na impormasyon sa pagsisikap ninyong magpakadisente.

### Pananamit at Pag-aayos ng Katawan

Lagi tayong pinapayuhan ng mga propeta na manamit nang disente. Ang payong ito ay ayon sa katotohanan na ang katawan ng tao ay sagradong likha ng Diyos. Igalang ang inyong katawan bilang kaloob ng Diyos. Sa inyong pananamit at kaanyuan, maipapakita ninyo sa Panginoon na nalalaman ninyo kung gaano kahalaga ang inyong katawan.

Mababanaag sa inyong pananamit ang uri ng inyong pagkatao. Naghahatid ito ng mensahe tungkol sa inyo, at iniimpluwensyahan nito ang kilos ninyo at ng iba. Kapag maayos kayo at disente kayong manamit, maaanyayahan ninyo ang pagsama ng Espiritu at nagiging mabuting impluwensya kayo sa mga nasa paligid ninyo.

Ang pinakamahalaga sa utos na maging disente ay ang pag-unawa sa sagradong kapangyarihan ng pag-aanak, ang kakayahang magkaroon ng mga anak sa mundo. Ang kapangyarihang ito ay dapat lamang gamitin ng isang mag-asawa. Ang malalaswa at mapang-akit na pananamit, kabilang na ang napakaiikling shorts at palda, hapit na damit, at blusang litaw ang pusod, ay pupukaw sa pagnanasa at mga kilos na sumusuway sa batas ng kalinisang-puri ng Panginoon.

Bukod pa sa pag-iwas sa malalaswang pananamit, dapat ninyong iwasang sumobra sa pananamit, kaanyuan, at ayos ng buhok. Sa pananamit, pag-aayos, at pagkilos, laging maging maayos at malinis, huwag manamit nang paburara o di-angkop kailanman. Huwag papangitin ang inyong sarili sa pagpapatato o pagpapabutas sa iba't ibang bahagi ng katawan. Kung kayo ay babae at gusto ninyong magpabutas ng tainga, isang pares lang ng simpleng hikaw ang isuot.

Panatilihin ang mataas na mga pamantayan ng kadisentehan sa lahat ng okasyon. Huwag pababain ang inyong mga pamantayan para maakit ang iba sa inyong katawan o magustuhan ka nila. Pinananatili ng mga tunay na disipulo ni Jesucristo ang pamantayan ng Panginoon anuman ang uso o pamimilit ng iba.

## Pananalita at Pag-aasal

Gaya ng inyong pananamit at pag-aayos ng katawan, makikita sa inyong pananalita at pag-aasal ang uri ng inyong pagkatao. Ang inyong mga salita at pagkilos ay may malaking impluwensya sa inyo at sa iba. Ipahayag ang inyong sarili sa malinis, positibo, nakasisiglang pananalita at pagkilos na magpapaligaya sa mga nasa paligid ninyo. Sa pagsisikap ninyong

maging disente sa salita at sa gawa, lalo kayong papatnubayan at aaliwin ng Espiritu Santo.

Iwasan ang mahahalay na pananalita at ang balewala at walang galang na paggamit ng pangalan ng Panginoon na lubhang karaniwan sa mundo. Paglabanan ang anumang tuksong makibahagi sa bulgar o maling pag-aasal. Ang likas na kawalang-galang ng gayong pananalita at pag-uugali ay nakasisira sa kakayahan ninyong tumanggap ng payapang mga panghihikayat ng Espiritu Santo.

Mga karagdagang sanggunian: D at T 42:40–41; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

*Tingnan din sa* Kalapastanganan; Kalinisang-puri; Pagpapabutas ng Katawan; Pagpapatato

**Kahariang Selestiyal** (*Tingnan sa* Mga Kaharian ng Kaluwalhatian)

**Kahariang Telestiyal** (*Tingnan sa* Mga Kaharian ng Kaluwalhatian)

**Kahariang Terestriyal** (*Tingnan sa* Mga Kaharian ng Kaluwalhatian)

## Kalapastanganan

Ang kalapastanganan ay kawalang-galang o paghamak sa mga sagradong bagay. Kasama rito ang walang-kabuluhan o walang-pitagang paggamit ng pangalan ng sinumang miyembro ng Panguluhang Diyos. Kasama rin dito ang anumang uri ng marumi o magaspang na pananalita o pag-uugali.

Laging gamitin ang mga pangalan ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, at ng Espiritu Santo nang may pitagan at paggalang. Ang maling paggamit ng kanilang pangalan ay kasalanan. Nasasaktan ang Panginoon at ang iba sa lapastangan, bulgar, o magaspang na pananalita o kilos, maging sa malalaswang biro.

Ang pagmumura ay nagpapahamak sa inyong espiritu at nagpapababa sa inyo. Huwag ninyong tulutang impluwensyahan kayo ng iba na magmura. Sa halip, gumamit ng mabuting pananalita na nagpapasigla at nagbibigay-inspirasyon sa iba. Pumili ng mga kaibigang gumagamit ng mabuting pananalita. Magpakita ng halimbawang hihikayat sa mga nasa paligid ninyo na gumamit ng mabuting pananalita. Kung nagsasalita ng masama ang inyong mga kaibigan at kakilala, magiliw silang hikayating gumamit ng ibang mga salita. Kung magpipilit sila, magalang na lumayo o ibahin ang usapan.

Kung nakagawian na ninyong magmura, maititigil ninyo ito. Magsimula sa pagpapasiyang magbago. Manalangin na tulungan kayo. Kung natutukso kayong gumamit ng masamang salita, tumahimik na lang o sabihin ang gusto ninyong sabihin sa ibang paraan.

Mga karagdagang sanggunian: Levitico 19:12; D at T 63:60–64

*Tingnan din sa* Kadisentehan; Tukso

## Kalayaang Pumili

Binigyan kayo ng Ama sa Langit ng kalayaang pumili, ang kakayahang magpasiya at kumilos sa inyong sarili. Ang kalayaang pumili ay mahalaga sa plano ng kaligtasan. Kung wala nito, hindi kayo matututo o uunlad o susunod sa Tagapagligtas. Kung mayroon nito, kayo ay "malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo" (2 Nephi 2:27).

May kapangyarihan na kayong pumili bago pa man kayo isinilang. Sa Kapulungan sa Langit noon, inihayag ng Ama sa Langit ang Kanyang plano, na kasama ang alituntunin ng kalayaang pumili. Naghimagsik si Lucifer at "naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3). Bunga nito, inalisan ng pribilehiyong tumanggap ng katawang mortal si Lucifer at ang lahat ng sumunod sa kanya. Ang pagparito

ninyo sa lupa ang katibayan na ginamit ninyo ang inyong kalayaang pumili upang sundin ang plano ng Ama sa Langit.

Sa buhay na ito, patuloy ang kalayaan ninyong pumili. Ang paggamit ninyo ng kaloob na ito ang magpapasiya kung liligaya kayo o magiging kaaba-aba sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Malaya kayong pumili at kumilos, ngunit wala kayong layang piliin ang ibubunga ng inyong mga gagawin. Maaaring hindi agad-agad darating ang mga bunga ng inyong ginawa, ngunit laging kasunod ang mga ito. Ang pagpili sa kabutihan at katuwiran ay humahantong sa kaligayahan, kapayapaan, at buhay na walang hanggan, samantalang ang pagpili sa kasalanan at kasamaan ay humahantong sa kapighatian at kalungkutan sa bandang huli.

Kayo ang responsable sa mga pasiyang ginagawa ninyo. Hindi ninyo dapat sisihin ang inyong sitwasyon, pamilya, o mga kaibigan kung pinili ninyong suwayin ang mga utos ng Diyos. Kayo ay anak ng Diyos na may ibayong katatagan. May kakayahan kayong piliin ang kabutihan at kaligayahan, anuman ang inyong sitwasyon.

Responsable rin kayo sa pagpapahusay ng mga kakayahan at talentong bigay sa inyo ng Ama sa Langit. Pananagutan ninyo sa Kanya ang gagawin ninyo sa inyong mga kakayahan at kung paano ninyo ginagamit ang inyong oras. Huwag ninyong sayangin ang oras sa katamaran. Magpakasipag kayo. Kusa ninyong piliing gawin ang maraming mabubuting bagay.

Mga karagdagang sanggunian: Deuteronomio 11:26–28; 30:15–20; Josue 24:14–15; 2 Nephi 2; Helaman 14:30–31; D at T 58:26–28; 101:78

*Tingnan din sa* Pagsunod; Plano ng Kaligtasan; Tukso

## Kaligayahan

Sa pagpapatotoo sa "mga walang hanggang layunin" ng Diyos, itinuro ng propetang si Lehi, "Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" (2 Nephi 2:15, 25).

Hangad ng Ama sa Langit na maranasan natin ang totoo at walang hanggang kaligayahan. Kaligayahan natin ang layon

ng lahat ng pagpapalang ibinibigay Niya sa atin—mga turo sa ebanghelyo, utos, ordenansa ng priesthood, ugnayan ng pamilya, propeta, templo, at kagandahan ng paglikha, at maging ang oportunidad na dumanas ng paghihirap. Madalas tawaging "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8) ang Kanyang plano para sa ating kaligtasan. Isinugo Niya ang Kanyang Pinakamamahal na Anak upang isakatuparan ang Pagbabayad-sala para lumigaya tayo sa buhay na ito at tumanggap ng lubos na kagalakan sa kawalang-hanggan.

Maraming taong nagsisikap makatagpo ng kaligayahan at kasiyahan sa mga gawaing taliwas sa mga utos ng Panginoon. Kapag binabalewala nila ang plano ng Diyos para sa kanila, tinatanggihan nila ang tanging pinagmumulan ng tunay na kaligayahan. Nagpapailalim sila sa diyablo, na "hinahangad . . . na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" (2 Nephi 2:27). Kalaunan nalaman nila ang katotohanan ng babala ni Alma sa kanyang anak na si Corianton: "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" (Alma 41:10).

Ang iba naman ay nais lang masiyahan sa buhay. Dahil sa pangunahing layunin nilang ito, inililihis ng pansamantalang kasiyahan ang isip nila mula sa walang hanggang kaligayahan. Pinagkakaitan nila ang kanilang sarili ng walang-maliw na kagalakan sa espirituwal na paglago, paglilingkod, at kasipagan.

Sa paghahangad ninyong lumigaya, alalahanin na ang tanging paraan para tunay na lumigaya ay ang ipamuhay ang ebanghelyo. Magkakaroon kayo ng payapa at walang hanggang kaligayahan sa pagsisikap ninyong sundin ang mga utos, manalangin para lumakas, magsisi sa inyong mga kasalanan, makibahagi sa mga kapaki-pakinabang na gawain, at magbigay ng makabuluhang paglilingkod. Matututo kayong magsaya ayon sa pamantayan ng mapagmahal na Ama sa Langit.

Maaaring makahawa ang inyong kaligayahan. Habang inoobserbahan kayo ng iba, maaari nilang hangaring malaman

ang pinagmumulan ng inyong kagalakan. Sa gayo'y maaari din nilang maranasan ang ligayang nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Mga karagdagang sanggunian: Mga Awit 35:9; 2 Nephi 5:27; Mosias 2:41; 3 Nephi 17:18–20; 4 Nephi 1:15–16; D at T 18:10–16

*Tingnan din sa* Gawaing Misyonero; Paglilingkod; Plano ng Kaligtasan

## Kaligtasan

Sa mga pakikipag-usap ninyo sa ibang mga Kristiyano, kung minsan ay itatanong nila sa inyo, "Naligtas na ba kayo?" Karaniwan ay tinutukoy ng mga nagtatanong nito ang inyong taos na pagtatapat, o pagpapahayag, na natanggap na ninyo si Jesucristo bilang personal ninyong Panginoon at Tagapagligtas. Sa pagtatanong na ito, ipinakikita nila ang kanilang pananampalataya sa sumusunod na mga salita, na isinulat ni Apostol Pablo:

"Kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka. Sapagka't ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas" (Mga Taga Roma 10:9–10).

### Pagsagot sa Tanong na "Naligtas Ka Na Ba?"

Sa Mga Taga Roma 10:9–10, ang mga salitang *naligtas* at *kaligtasan* ay nangangahulugan ng pakikipagtipan kay Jesucristo. Sa pakikipagtipang ito, tiyak tayong maliligtas mula sa mga walang hanggang kahihinatnan ng kasalanan kung tayo ay masunurin. Bawat tapat na Banal sa mga Huling Araw ay naligtas ayon sa kahulugan nito. Nagbalik-loob tayo sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa pamamagitan ng ordenansa ng binyag, pumasok tayo sa isang pakikipagtipan sa Tagapagligtas, na tinataglay ang Kanyang pangalan sa ating sarili. Pinaninibago natin ang ating tipan sa binyag sa pakikibahagi ng sacrament.

## Iba't Ibang Kahulugan ng Salitang *Kaligtasan*

Sa doktrina ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang mga salitang *naligtas* at *kaligtasan* ay may iba't ibang kahulugan. Ayon sa mga kahulugang ito, ang inyong sagot sa tanong na "Naligtas ka na ba?" ay magiging "Oo" o "Oo, pero may mga kundisyon." Ang sumusunod na mga paliwanag ay nagbabalangkas ng anim na iba't ibang kahulugan ng salitang *kaligtasan*.

*Kaligtasan mula sa Pisikal na Kamatayan.* Lahat ng tao ay mamamatay. Ngunit sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli—na naligtas sa pisikal na kamatayan. Pinatotohanan ni Pablo, "Kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22).

*Kaligtasan mula sa Kasalanan.* Para malinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, dapat kayong sumampalataya kay Jesucristo, magsisi, mabinyagan, at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Mga Gawa 2:37–38). Kung kayo ay nabinyagan at nakatanggap na ng Espiritu Santo mula sa mga kamay ng may wastong awtoridad ng priesthood, naligtas na kayo mula sa kasalanan ngunit may mga kundisyon. Hindi kayo lubos na maliligtas mula sa kasalanan hanggang sa magwakas ang inyong buhay sa mundo, at tapat na nakatiis hanggang wakas.

Alalahanin na hindi kayo maliligtas *sa inyong mga kasalanan*; hindi ninyo matatanggap ang kaligtasang walang kundisyon sa simpleng pagpapahayag na naniniwala kayo kay Cristo na nauunawaang kalaunan ay magkakasala rin kayo habang kayo'y nabubuhay (tingnan sa Alma 11:36–37). Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, maliligtas kayo *mula sa inyong mga kasalanan* (tingnan sa Helaman 5:10–11). Para matanggap ang pagpapalang ito, dapat kayong sumampalataya kay Jesucristo, magsikap na sundin ang mga utos, tumalikod sa kasalanan, at panibaguhin ang inyong pagsisisi at pagiging malinis sa pamamagitan ng ordenansa ng sacrament.

*Maisilang (maipanganak) na muli.* Kung minsan ay may magtatanong kung kayo ay naisilang nang muli. Ang alituntunin ng espirituwal na pagsilang na muli ay madalas banggitin sa mga banal na kasulatan. Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng turo ni Jesucristo na tayo ay kailangang "maipanganak na muli" at maliban kung tayo ay "ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi [tayo] makapapasok sa kaharian ng Dios" (Juan 3:3, 5). Ang turong ito ay pinagtibay sa Aklat ni Mormon: "Ang buong sangkatauhan, oo, kalalakihan at kababaihan, lahat ng bansa, lahi, wika at tao, ay kinakailangang isilang na muli; oo, isilang sa Diyos, nagbago mula sa makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos, naging kanyang mga anak na lalaki at anak na babae; at sa gayon sila naging mga bagong nilikha; at maliban kung kanilang gagawin ito, hindi nila mamamana sa anumang paraan ang kaharian ng Diyos" (Mosias 27:25–26).

Ang muling pagsilang na ito ay isang prosesong nagaganap matapos tayong mabinyagan at makatanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Bunga ito ng ating kahandaang "makipagtipan sa [ating] Diyos na gawin ang kanyang kalooban, at maging masunurin sa kanyang mga kautusan sa lahat ng bagay na kanyang ipag-uutos sa [atin], sa lahat ng nalalabi [nating] mga araw" (Mosias 5:5). Sa gayon ang ating "mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; anupa't [tayo] ay isinilang sa kanya" (Mosias 5:7). Kung kayo ay nabinyagan at nakatanggap na ng kaloob na Espiritu Santo, at nakipagtipan na tataglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo, masasabi ninyong kayo ay naisilang nang muli. At mapapanibago ninyo ang muling pagsilang na iyon tuwing Sabbath kapag nakibahagi kayo ng sacrament.

*Kaligtasan mula sa Kamangmangan.* Maraming taong nabubuhay sa kadiliman, na hindi nakababatid sa liwanag ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Sila ay "napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan" (D at T 123:12). Bilang miyembro ng Simbahan ng

Panginoon, kayo ay naligtas sa kalagayang ito. May kaalaman kayo tungkol sa Diyos Ama, kay Jesucristo, sa layunin ng buhay, sa plano ng kaligtasan, at sa inyong walang hanggang potensyal. Maaari kayong mabuhay bilang disipulo ng Tagapagligtas, na nagsabing, "Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan" (Juan 8:12).

*Kaligtasan mula sa Ikalawang Kamatayan.* Kung minsan ay binabanggit sa mga banal na kasulatan ang kaligtasan mula sa ikalawang kamatayan. Ang ikalawang kamatayan ang pinakahuling espirituwal na kamatayan—na nahiwalay mula sa kabutihan at hindi nararapat sa anumang kaharian ng kaluwalhatian (tingnan sa Alma 12:32; D at T 88:24). Ang ikalawang kamatayang ito ay hindi darating hanggang sa Huling Paghuhukom, at kakaunti ang daranas nito (tingnan sa D at T 76:31–37). Halos lahat ng taong nabuhay sa daigdig ay tiyak na maliligtas mula sa ikalawang kamatayan (tingnan sa D at T 76:40–45).

*Buhay na Walang Hanggan, o Kadakilaan.* Sa mga banal na kasulatan, ang mga salitang *naligtas* at *kaligtasan* ay madalas tumukoy sa buhay na walang hanggan, o kadakilaan (tingnan sa Abraham 2:11). Ang buhay na walang hanggan ay ang makilala ang Ama sa Langit at si Jesucristo at makapiling Sila magpakailanman—ang magmana ng isang lugar sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal (tingnan sa Juan 17:3; D at T 131:1–4; 132:21–24). Para matanggap ang dakilang kaloob na ito, kailangan tayong gumawa ng higit kaysa magsisi lamang sa ating mga kasalanan at mabinyagan at makumpirma ng wastong awtoridad ng priesthood. Kailangang matanggap ng kalalakihan ang Melchizedek Priesthood, at kailangang gawin at tupdin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang mga sagradong tipan sa templo, pati na kasal na walang hanggan.

Kung buhay na walang hanggan ang ipakakahulugan natin sa salitang *kaligtasan*, walang makapagsasabi sa atin na naligtas na tayo sa buhay na ito. Darating lamang ang maluwalhating kaloob na iyon matapos ang Huling Paghuhukom.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 10:22; Marcos 16:16; Mga Taga Efeso 2:8–10; Santiago 2:14–18; 2 Nephi 25:23, 26; Mosias 5:8–15; 3 Nephi 9:21–22; Moroni 10:32–33; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3

*Tingnan din sa* Binyag; Buhay na Walang Hanggan; Biyaya; Mga Kaharian ng Kaluwalhatian; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Plano ng Kaligtasan

## Kalinisang-puri

Ang kalinisang-puri ay seksuwal na kadalisayan, isang katangiang "kasiya-siya sa Diyos" (Jacob 2:7). Para maging malinis ang puri, dapat kayong maging malinis sa inyong iniisip, sinasabi, at ginagawa. Hindi kayo dapat magkaroon ng anumang relasyong seksuwal bago kayo magpakasal. Kapag kasal na kayo, dapat kayong lubos na maging tapat sa inyong asawa.

Ang pagtatalik ng mag-asawa ay kaaya-aya at sagrado. Ito ay inorden ng Diyos para sa paglikha ng mga anak at pagpapahayag ng pag-ibig ng mag-asawa.

Sa mundo ngayon, napaniwala na ni Satanas ang maraming tao na ang pagtatalik ng hindi mag-asawa ay katanggap-tanggap. Ngunit sa mata ng Diyos, ito ay mabigat na kasalanan. Ito ay pang-aabuso sa kapangyarihang bigay Niya sa atin na lumikha ng buhay. Itinuro ng propetang si Alma na mas mabigat ang mga kasalanang seksuwal kaysa anumang iba pang kasalanan maliban sa pagpatay at pagtatatwa sa Espiritu Santo (tingnan sa Alma 39:3–5).

Kung minsan sinusubukang kumbinsihin ng mga tao ang sarili nila na katanggap-tanggap ang seksuwal na pakikipagrelasyon sa hindi nila asawa basta't nag-iibigan sila. Hindi totoo iyan. Ang paglabag sa batas ng kalinisang-puri at paghihikayat sa ibang tao na gawin iyon ay hindi pagpapakita ng pagmamahal. Ang dalawang nag-iibigan ay hindi kailanman ipagpapalit sa pansamantalang kasiyahan ng sarili ang kaligayahan at kaligtasan ng kanyang iniibig.

Kapag sapat ang pag-iibigan ng dalawang tao para sundin ang batas ng kalinisang-puri, mag-iibayo ang kanilang pag-ibig, pagtitiwala, at katapatan, na humahantong sa higit na kaligayahan at pagkakaisa. Sa kabilang dako, hindi nagtatagal ang mga relasyong batay sa seksuwal na kahalayan. Yaong sangkot sa seksuwal na kahalayan ay madalas makadama ng takot, kasalanan, at kahihiyan. Nahahalinhan ng kapaitan, selos, at pagkamuhi ang dati nilang magandang pagtitinginan.

Binigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng batas ng kalinisang-puri para sa ating proteksyon. Mahalagang sundin ang batas na ito para sa personal nating kapayapaan at katatagan ng pagkatao at kaligayahan sa tahanan. Kapag napanatili ninyong malinis ang inyong puri, maiiwasan ninyong saktan ang inyong espirituwalidad at damdamin na laging nagmumula sa pakikipagtalik sa isang taong hindi ninyo asawa. Magiging sensitibo kayo sa patnubay, lakas, aliw, at proteksyon ng Espiritu Santo, at maisasakatuparan ninyo ang isang mahalagang pangangailangan sa pagtanggap ng temple recommend at paglahok sa mga ordenansa sa templo.

## Mga Kasalanang Seksuwal

Isinusumpa ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta ang seksuwal na kahalayan. Lahat ng relasyong seksuwal sa hindi nila asawa ay pagsuway sa batas ng kalinisang-puri at mapanganib sa katawan at kaluluwa ng mga gumagawa nito.

Kasama sa Sampung Utos ang kautusang huwag tayong mangalunya, at ito ay pakikipagtalik ng isang lalaki o babaeng may-asawa sa isang taong hindi niya asawa (tingnan sa Exodo 20:14). Sinabi ni Apostol Pablo na "kalooban ng Dios" na tayo ay "magsiilag sa pakikiapid," na pakikipagtalik ng isang walang asawa sa ibang tao (I Mga Taga Tesalonica 4:3). Paulit-ulit na nagsalita ang mga propeta sa mga huling araw laban sa mga pagkakasalang ito at sa masamang gawaing seksuwal na pang-aabuso.

Gaya ng ibang mga paglabag sa batas ng kalinisang-puri, mabigat na kasalanan ang homoseksuwalidad. Salungat ito sa

mga layunin ng seksuwalidad ng tao (tingnan sa Mga Taga Roma 1:24–32). Pinapapangit nito ang pagmamahalan at hinahadlangan ang mga tao sa pagtanggap ng mga pagpapalang matatagpuan sa buhay-pamilya at sa nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo.

Hindi sapat ang hindi makipagtalik sa hindi ninyo asawa sa pamantayan ng Panginoon sa personal na kalinisang-puri. Humihingi ang Panginoon ng mas mataas na pamantayan ng moralidad sa Kanyang mga disipulo, kasama na ang lubos na katapatan sa asawa sa isip at sa gawa. Sa Sermon sa Bundok, sinabi Niya: "Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso" (Mateo 5:27–28). Sa mga huling araw sinabi Niya, "Huwag kayong . . . makiapid . . . ni gumawa ng anumang bagay tulad nito" (D at T 59:6). At muli Niyang binigyang-diin ang alituntuning itinuro Niya sa Sermon sa Bundok: "Siya na tumitingin sa isang babae upang pagnasaan siya, o kung sinuman ang magkasala ng pakikiapid sa kanilang mga puso, hindi mapapasakanila ang Espiritu, kundi itatatwa ang pananampalataya at matatakot" (D at T 63:16). Ang mga babalang ito ay para sa lahat ng tao, may asawa man sila o wala.

Kung nakagawa kayo ng kasalanang seksuwal, kausapin ang inyong bishop o branch president para matulungan niya kayo sa proseso ng pagsisisi (tingnan sa "Pagsisisi," mga pahina 153–158).

Kung nahihirapan kayong umiwas sa mga tuksong seksuwal, pati na sa pagkaakit sa kapwa lalaki o babae, huwag kayong magpatangay sa mga tuksong iyon. Mapanatag na mapipili ninyong iwasan ang gayong pag-uugali. Tutulungan kayo ng Panginoon kapag nanalangin kayo para sa lakas at nagsikap na mapaglabanan ang problema. Bahagi ng prosesong ito ang paghingi ng payo sa inyong bishop o branch president. Tutulungan niya kayo.

## Pagsunod sa Batas ng Kalinisang-puri

Gaano man katindi ang mga tukso, tutulungan kayo ng Panginoon na mapaglabanan ang mga ito kung pipiliin ninyong sundin Siya. Ipinahayag ni Apostol Pablo, "Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito'y inyong matiis" (I Mga Taga Corinto 10:13). Matutulungan kayo ng sumusunod na payo na mapaglabanan ang madalas at hayagang mga tukso sa mundo ngayon:

*Magpasiya ngayon na maging malinis ang puri.* Minsan lamang ninyo kailangang pagpasiyahan ito. Magpasiya na ngayon, bago dumating ang tukso, at maging matatag sa inyong pasiya nang may matibay na pangakong hinding-hindi ito matitinag. Ipasiya ngayon din na hinding-hindi kayo gagawa ng anuman sa hindi ninyo asawa para gisingin ang masisidhing damdaming dapat lamang ipahayag sa asawa. Huwag ninyong pukawin ang damdaming iyon sa inyong sariling katawan o sa ibang tao. Ipasiya ngayon na lubos kayong magiging tapat sa inyong asawa.

*Kontrolin ang inyong isipan.* Walang taong gumagawa ng kahalayan sa isang iglap lamang. Laging nagsisimula sa maruruming kaisipan ang kahalayan. Kung lagi kayong mag-iisip ng mga bagay na malaswa o mahalay, nagawa na ninyo ang unang hakbang tungo sa imoralidad. Agad lumayo sa mga sitwasyong hahantong sa pagkakasala. Manalangin para laging maging malakas laban sa tukso at kontrolin ang inyong isipan. Gawin itong bahagi ng inyong pang-araw-araw na mga dalangin.

*Lumayo sa pornograpiya.* Huwag manood, magbasa, o makinig sa anumang nagpapakita o naglalarawan ng katawan ng tao o mahalay na pagkilos na pupukaw sa inyong pagnanasa sa seks. Nakalululong at nakasisira ang mga pornograpikong materyal. Mawawalan kayo ng galang sa sarili at sasama ang tingin ninyo sa mundo dahil dito. Wawasakin kayo nito at

aakayin kayo sa masasamang kaisipan at mapang-abusong pag-uugali.

*Kung kayo ay walang asawa at nakikipagdeyt, laging igalang ang inyong kadeyt.* Huwag na huwag siyang ituring na isang bagay na magagamit para sa inyong pagnanasa sa seks. Magplanong mabuti ng mga positibo at kapaki-pakinabang na mga gawain para hindi kayo mapag-isa ng inyong kadeyt nang walang anumang ginagawa. Manatili sa mga lugar na hindi kayo matutukso at madali ninyong mapipigil ang inyong sarili. Huwag makihalo sa mga usapan o gawaing pupukaw ng pagnanasa sa seks. Huwag makipaghalikan nang mapusok, tumabi o pumatong sa ibang tao sa paghiga, o humawak sa maseselan at sagradong bahagi ng katawan ng ibang tao, may damit man o wala. Huwag tulutan ang sinuman na gawin ang gayong mga bagay sa inyo.

*Kung kayo ay may asawa, maging tapat sa inyong asawa sa isip, sa salita, at sa gawa.* Sabi ng Panginoon: "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba. At siya na titingin sa isang babae upang magnasa sa kanya ay magtatatwa sa pananampalataya, at hindi makatatamo ng Espiritu; at kung hindi siya magsisisi siya ay ititiwalag" (D at T 42:22–23). Huwag makipaglandian sa anumang paraan kahit kailan. Hangga't maaari, iwasang mapag-isa sa piling ng isang hindi kapwa lalaki o babae. Tanungin ang sarili kung masisiyahan ang inyong asawa kung alam niya ang inyong mga sinasabi o ginagawa. Alalahanin ang payo ni Apostol Pablo na "layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama" (I Mga Taga Tesalonica 5:22). Kapag lumayo kayo sa gayong mga sitwasyon, walang pagkakataong magkaroon ng tukso.

## Kapatawaran para sa Nagsisisi

Ang pinakamabuting gawin ay maging lubos na malinis ang puri. Mali ang gumawa ng mga kasalanang seksuwal na iniisip na magsisisi na lang kayo sa huli. Ang pag-uugaling ito mismo ay kasalanan, kawalang-pitagan sa Panginoon at

sa mga pakikipagtipan ninyo sa Kanya. Gayunman, kung nakagawa kayo ng kasalanang seksuwal, patatawarin kayo ng Panginoon kung kayo ay magsisisi.

Mahirap magsisi, pero posible. Magiging malinis kayong muli (tingnan sa Isaias 1:18). Ang lungkot na dulot ng kasalanan ay mahahalinhan ng matamis na kapayapaan ng kapatawaran. Para malaman kung ano ang dapat gawin para makapagsisi, tingnan sa "Pagsisisi," mga pahina 153–158).

Pagsikapang abutin ang panahon na magiging karapatdapat kayong makapasok sa templo, sa patnubay ng mga salita ng Mang-aawit:

"Sinong aahon sa bundok ng Panginoon? at sinong tatayo sa kaniyang dakong banal?

"Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso" (Mga Awit 24:3–4).

Mga karagdagang sanggunian: Exodo 20:14; I Mga Taga Corinto 6:18–20; Alma 38:12; 3 Nephi 12:27–30

*Tingnan din sa* Pag-aasawa; Pornograpiya

## **Kaloob na Espiritu Santo** (*Tingnan sa* Espiritu Santo)

## Kaluluwa

Ang katagang *kaluluwa* ay ginagamit sa dalawang paraan sa mga banal na kasulatan. Una, ang espiritung kasama ng pisikal na katawan, sa mortalidad man o pagkaraan ng pagkabuhay na mag-uli, ay tinatawag na kaluluwa (tingnan sa D at T 88:15–16). Ikalawa, ang ating espiritu ay tinatawag na kaluluwa kung minsan (tingnan sa Alma 40:15–18; Abraham 3:23).

*Tingnan din sa* Espiritu; Pagkabuhay na Mag-uli; Plano ng Kaligtasan

## Kamatayan, Espirituwal

Ang espirituwal na kamatayan ay pagkahiwalay sa Diyos. Dalawa ang itinuturo ng mga banal na kasulatan na sanhi ng

espirituwal na kamatayan. Ang unang dahilan ay ang Pagkahulog, at ang pangalawa ay ang sarili nating pagsuway.

Itinuro ng propetang si Samuel sa Aklat ni Mormon, "Ang buong sangkatauhan, sa pagkahulog ni Adan na nawalay sa harapan ng Panginoon, ay itinuturing na patay, kapwa sa mga bagay na temporal at sa mga bagay na espirituwal" (Helaman 14:16). Sa buhay natin sa daigdig, hiwalay tayo sa kinaroroonan ng Diyos. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, tinubos ni Jesucristo ang lahat mula sa espirituwal na kamatayang ito. Nagpatotoo si Samuel na ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ay "tumutubos sa buong sangkatauhan mula sa unang kamatayan—yaong kamatayang espirituwal. . . . Masdan, ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo ang tutubos sa sangkatauhan, oo, maging sa buong sangkatauhan, at magbabalik sa kanila sa harapan ng Panginoon" (Helaman 14:16–17). Itinuro ng propetang si Lehi na dahil sa Pagbabayad-sala, "lahat ng tao ay lalapit sa Diyos; kaya nga, sila ay tatayo sa harapan niya, upang hatulan niya alinsunod sa katotohanan at kabanalan na nasa kanya" (2 Nephi 2:10).

Dumarating ang karagdagang espirituwal na kamatayan dahil sa sarili nating pagsuway. Pinarurumi tayo ng ating mga kasalanan at hindi natin makakapiling ang Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23; Alma 12:12–16, 32; Helaman 14:18; Moises 6:57). Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, tinutubos tayo ni Jesucristo mula sa espirituwal na kamatayang ito, subalit matatamo lamang natin ito kung mananampalataya tayo sa Kanya, magsisisi sa ating mga kasalanan, at susunod sa mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo (tingnan sa Alma 13:27–30; Helaman 14:19; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Mga karagdagang sanggunian: 1 Nephi 15:33–35; Alma 40:26; 42:23

*Tingnan din sa* Kasalanan; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagkahulog; Pagsisisi; Pagsunod; Pananampalataya

## Kamatayan, Pisikal

Ang pisikal na kamatayan ay paghihiwalay ng espiritu sa katawan. Ang Pagkahulog ni Adan ay naghatid ng pisikal na kamatayan sa mundo (tingnan sa Moises 6:48).

Ang kamatayan ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 9:6). Para maging katulad ng ating Amang Walang Hanggan, dapat tayong dumanas ng kamatayan at kalaunan ay tumanggap ng perpekto at nabuhay na mag-uling mga katawan.

Kapag namatay ang pisikal na katawan, patuloy na nabubuhay ang espiritu. Sa daigdig ng mga espiritu, ang mabubuting espiritu "ay tatanggapin sa kalagayan ng kaligayahan, na tinatawag na paraiso, isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan" (Alma 40:12). Ang lugar na tinatawag na bilangguan ng mga espiritu ay para sa "yaong mga nangamatay sa kanilang mga kasalanan, na walang nalalaman sa katotohanan, o sa paglabag, na tumanggi sa mga propeta" (D at T 138:32). Sa mga espiritung nasa bilangguan ay "itinuro ang pananampalataya sa Diyos, pagsisisi mula sa kasalanan, pagbibinyag alang-alang sa iba para sa kapatawaran ng mga kasalanan, ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at lahat ng iba pang alituntunin ng ebanghelyo na kinakailangan nilang malaman" (D at T 138:33–34). Kung tatanggapin nila ang mga alituntunin ng ebanghelyo, magsisisi sa kanilang mga kasalanan, at tatanggapin ang mga ordenansang isinagawa para sa kanila sa mga templo, tatanggapin sila sa paraiso.

Dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, pansamantala lamang ang pisikal na kamatayan: "Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22). Lahat ay mabubuhay na mag-uli, na ibig sabihi'y bawat espiritu ng tao ay muling papasok sa

kanyang katawan—"magbabalik sa kanilang wasto at ganap na anyo" at hindi na muling daranas ng kamatayan (Alma 40:23; tingnan din sa Alma 11:44–45).

Marahil ay naranasan na ninyo ang sakit ng mamatayan ng isang kapamilya o kaibigan. Natural lang na malungkot sa gayong mga pagkakataon. Katunayan, ang pagdadalamhati ay isa sa pinakamatinding pagpapahayag ng pagmamahal. Sabi ng Panginoon, "Kayo ay mamuhay nang magkakasama sa pag-ibig, kaya nga tatangisan ninyo ang pagkawala ng mga yaong namatay" (D at T 42:45). Hangga't minamahal natin ang iba sa buhay na ito, malulungkot tayo kapag may namamatay.

Kahit nagdadalamhati kayo sa pagkamatay ng inyong mga mahal sa buhay, tatanggap kayo ng aliw sa pangako ng pagkabuhay na mag-uli at sa katiyakang maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman. "Nakikita [ninyo] ang malaking dahilan ng kalungkutan, at gayon din ng pagsasaya—kalungkutan dahil sa kamatayan at pagkalipol ng mga tao, at kagalakan dahil sa liwanag ni Cristo tungo sa pagkabuhay" (Alma 28:14; tingnan din sa mga talata 9–13).

Bukod pa sa pagtanggap ng kaaliwan kapag may namamatay na mahal sa buhay, mapapanatag kayo sa kaalamang mamamatay rin naman kayo balang araw. Kapag ipinamumuhay ninyo ang ebanghelyo, maaalala ninyo ang pangako ng Panginoon: "Yaong namatay sa akin ay hindi matitikman ang kamatayan, sapagkat ito ay magiging matamis para sa kanila" (D at T 42:46).

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 25:8; I Mga Taga Corinto 15:51–58; 2 Nephi 9:6–15; Mosias 16:6–8

*Tingnan din sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli; Paraiso; Plano ng Kaligtasan*

## Kapatawaran

Tinukoy sa mga banal na kasulatan ang kapatawaran sa dalawang paraan. Inuutusan tayo ng Panginoon na magsisi sa ating mga kasalanan at hangarin ang Kanyang kapatawaran. Inutusan din Niya tayong patawarin ang mga nagpasama ng

loob o nakasakit sa atin. Sa panalangin ng Panginoon, pinayuhan tayo ni Jesus na hilingin sa Ama sa Langit na "ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin" (Mateo 6:12).

## Paghahangad na Mapatawad ng Panginoon

Ang kasalanan ay mabigat na pasanin. Nakakabigat ito sa konsiyensya at nagbibigay ng dalamhati dahil alam natin na may nagawa tayong laban sa kalooban ng ating Ama sa Langit. Patuloy tayong nagsisisi kapag natatanto natin na dahil sa ating ginawa, maaaring nasaktan natin ang iba at nakahadlang ito sa pagtanggap natin ng mga pagpapalang handang ibigay sa atin ng ating Ama.

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mapapatawad tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng taimtim at ganap na pagsisisi. Ang pagiging makasalanan ay nagdudulot ng pagdurusa at pasakit, ngunit ang mapatawad ng Panginoon ay nagdudulot ng ginhawa, kaaliwan, at kagalakan. Nangako ang Panginoon:

"Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42).

"Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa" (Isaias 1:18).

Mararanasan ninyo ang himalang ito, maging ito man ay pagsisisi sa mabibigat na kasalanan o sa araw-araw na kahinaan. Tulad ng pagsamo ng Tagapagligtas sa mga tao noong araw, sumasamo Siya ngayon sa inyo:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).

"Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?

"Oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung lalapit kayo sa akin ay magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan. Masdan, ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko; at pinagpala ang mga yaong lumalapit sa akin" (3 Nephi 9:13–14).

Para sa paliwanag tungkol sa pagsisisi, tingnan sa "Pagsisisi," mga pahina 153–158.

## Pagpapatawad sa Iba

Bukod pa sa paghahangad na mapatawad sa ating sariling mga kasalanan, dapat ay handa tayong patawarin ang iba. Sabi ng Panginoon: "Nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan. Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao" (D at T 64:9–10).

Sa araw-araw na pangyayari sa buhay, tiyak na may ibang taong magkakasala sa inyo—kung minsan ay hindi sinasadya at kung minsan ay sadya. Madaling maghinanakit o magalit o maghiganti sa gayong mga sitwasyon, ngunit hindi iyan ang paraan ng Panginoon. Ipinayo ng Tagapagligtas, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, [pagpalain ang mga sumusumpa sa inyo, gawan ng mabuti ang namumuhi sa inyo,] at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig, " (Mateo 5:44). Nagtakda Siya ng perpektong halimbawa ng pagpapatawad noong Siya ay nakabayubay sa krus. Patungkol sa mga sundalong Romano na nagpako sa Kanya sa krus, nagdasal Siya, "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa"

(Lucas 23:34; tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 23:35).

Manalanging bigyang-lakas kayo na mapatawad ang mga nagkasala sa inyo. Alisin ang galit, hinanakit, o paghihiganti. Hanapin ang mabuti sa iba sa halip na pagtuunan ang kanilang mga pagkakamali at bigyang-diin ang kanilang mga kahinaan. Hayaang Diyos ang humusga sa pananakit ng iba. Maaaring mahirap niyang palisin ang sakit ng damdamin, ngunit magagawa ninyo ito sa tulong ng Panginoon. Malalaman ninyo na mapaghihilom ng pagpapatawad ang malalaking sugat, at ang lason ng pagtatalo at pagkamuhi ay mapapalitan ng kapayapaan at pagmamahal na tanging Diyos lamang ang makapagbibigay.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 6:14–15; 18:21–22; 1 Nephi 7:16–21

*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Paghusga sa Iba; Pagsisisi

## Kapayapaan

Maraming taong nag-iisip na ang kapayapaan ay kawalan ng digmaan. Ngunit maaari tayong makadama ng kapayapaan kahit sa oras ng digmaan, at maaari tayong mawalan ng kapayapaan kahit walang digmaan. Ang kawalan lamang ng alitan ay hindi sapat para magdulot ng kapayapaan sa ating puso. Ang kapayapaan ay dumarating sa pamamagitan ng ebanghelyo—sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ng patnubay ng Espiritu Santo, at ng sarili nating kabutihan, taos na pagsisisi, at masigasig na paglilingkod.

Magkagulo man ang mundo sa buong paligid ninyo, tatanggap pa rin kayo ng kapayapaan ng kalooban. Ang pagpapalang ito ay magpapatuloy sa inyo kapag nanatili kayong tapat sa inyong patotoo sa ebanghelyo at habang inaalaala ninyo na mahal kayo at binabantayan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Bukod pa sa kapayapaan ng kalooban ninyo mismo, maaari kayong maging impluwensya sa kapayapaan sa inyong pamilya, sa inyong komunidad, at sa mundo. Naghahatid

kayo ng kapayapaan kapag sinusunod ninyo ang mga utos, naglilingkod, nagmamalasakit sa inyong mga kapamilya at kapitbahay, at nagbabahagi ng ebanghelyo. Naghahatid kayo ng kapayapaan tuwing tumutulong kayong mapagaan ang pagdurusa ng iba.

Ang sumusunod na mga salita ng Tagapagligtas ay nagtuturo sa atin kung paano mararanasan ang kapayapaang hatid ng ebanghelyo:

"Ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.

"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:26–27).

"Huwag matakot na gumawa ng mabuti, aking mga anak, sapagkat kung anuman ang inyong itinanim, iyon din ang inyong aanihin; samakatwid, kung kayo ay nagtanim ng kabutihan kayo rin ay aani ng kabutihan bilang inyong gantimpala.

"Samakatwid, huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig.

"Masdan, hindi ko kayo inuusig; humayo kayo sa inyong mga gawain at huwag na muling magkasala; isagawa nang mahinahon ang gawaing ipinag-uutos ko sa inyo.

"Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag magalinlangan, huwag matakot.

"Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong mamamana ang kaharian ng langit" (D at T 6:33–37).

"Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33).

Kapag inaalaala ninyo ang Tagapagligtas at sinusunod Siya, tunay ngang kayo'y sasaya. Mararanasan ninyo ang tunay at tumatagal na kapayapaan sa lahat ng oras. Makatatagpo kayo ng pag-asa sa mga unang sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo matapos Siyang Mabuhay na Mag-uli: "Kapayapaan ang sumainyo" (Juan 20:19).

Karagdagang sanggunian: D at T 59:23

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Digmaan; Jesucristo; Pag-asa; Pag-ibig sa Kapwa-tao; Paglilingkod; Pagmamahal

**Kape** (*Tingnan sa* Word of Wisdom)

## Kapitagan

Ang kapitagan ay matinding paggalang at pagmamahal. Kapag mapitagan kayo sa Diyos, iginagalang ninyo Siya, pinasasalamatan Siya, at sinusunod ang Kanyang mga utos.

Dapat kayong maging mapitagan sa inyong kilos at pag-uugali. Kabilang sa mapitagang kilos ang pagdarasal, pag-aaral ng banal na kasulatan, pag-aayuno, at pagbabayad ng mga ikapu at handog-ayuno. Kasama rito ang disenteng pananamit at paggamit ng malinis at makabuluhang pananalita. Ang tindi ng inyong kapitagan ay makikita sa pagpili ninyo ng musika at iba pang libangan, sa paraan ng pagbanggit ninyo sa mga sagradong paksa, at pananamit at pagkilos ninyo kapag nagsisimba at nagpupunta sa templo. Ipinakikita ninyo ang inyong kapitagan sa Panginoon kapag naglilingkod kayo sa ibang tao at mabait at magalang kayo sa kanila.

Kapag lalo kayong nagpipitagan, mapapansin ninyo ang payapang pagbabago sa inyong buhay. Mas saganang ibubuhos ng Panginoon ang Kanyang Espiritu sa inyo. Mababawasan ang inyong pagkabahala at pagkalito. Makatatanggap kayo ng paghahayag na tutulong sa paglutas ng mga problema ninyo at ng pamilya.

Samantalang napapalapit kayo sa Diyos kapag kayo'y mapitagan, umaayon naman ang kawalang-kapitagan sa mga layunin ng kaaway. Tutuksuhin kayo ni Satanas na sabayan

ang takbo ng mundo sa higit na pag-iingay, katuwaan, at pag-aalitan at kakulangan sa pagpipigil at paggalang. Gaya ng isang komandanteng inihahanda ang mga sundalo sa pagsalakay, susubukin niyang sirain ang mga linya ng komunikasyon sa pagitan ninyo at ng Panginoon. Mag-ingat sa gayong mga taktika, at sikaping maging mapitagan sa lahat ng ginagawa ninyo.

Mga karagdagang sanggunian: Levitico 26:2; Mga Awit 89:5–7; Mga Hebreo 12:28; D at T 59:21; 63:61–62, 64; 109:21

*Tingnan din sa* Kadisentehan; Paghahayag; Pagsamba; Panalangin; Pananampalataya; Pasasalamat

## **Kapulungan sa Langit** (*Tingnan sa* Plano ng Kaligtasan)

## Kasal

Sa mundo ngayon, maraming taong binabalewala at ginagawang katawa-tawa ang kasal at pamilya. Sa gitna ng nakalilito at mapangutyang mga tinig, nagbigay ng hindi nagbabagong tinig ng katotohanan ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Sila "ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak" (tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," pahina 165 ng aklat na ito).

Ang pinakamalalaking kagalakan ay matatagpuan sa pamilya. Ang matibay na pagsasamahan ng pamilya ay nangangailangan ng pagsisikap, ngunit ang gayong pagsisikap ay nagdudulot ng malaking kaligayahan sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Kahit hindi pa kayo nagkaroon ng maligayang pamilya noon, mapagsisikapan ninyong magkaroon ng maligaya at walang hanggang pagsasama at pagmamahalan sa pamilya.

## Ang Bago at Walang Hanggang Tipan ng Kasal

Sa plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit, ang isang lalaki at isang babae ay maaaring ibuklod sa isa't isa para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Yaong nabuklod sa templo ay nakatitiyak na ang kanilang pagsasama ay magpapatuloy magpakailanman kung tapat sila sa kanilang mga tipan. Alam nila na walang makapaghihiwalay nang tuluyan sa kanila, kahit kamatayan.

Ang tipan ng walang hanggang kasal ay kailangan para sa kadakilaan. Inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph Smith: "Sa selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan o antas; at upang matamo ang pinakamataas, ang isang tao ay kailangang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote [ibig sabihin ang bago at walang hanggang tipan ng kasal]; at kung hindi niya gagawin, hindi niya ito matatamo. Maaari siyang pumasok sa iba, subalit iyon na ang katapusan ng kanyang kaharian; hindi siya magkakaroon ng pag-unlad" (D at T 131:1–4).

Matapos matanggap ang ordenansa ng pagbubuklod at gumawa ng mga sagradong tipan sa templo, dapat magpatuloy sa katapatan ang mag-asawa upang matanggap ang mga pagpapala ng walang hanggang kasal at kadakilaan. Sabi ng Panginoon:

"Kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa pamamagitan ng aking salita, na siyang aking batas, at sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan, at ito ay ibinuklod sa kanila ng Banal na Espiritu ng pangako, sa pamamagitan niya na siyang hinirang, kung kanino ko itinakda ang kapangyarihang ito at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito; . . . at kung [sila] ay susunod sa aking tipan, . . . ito ay magagawa sa kanila sa lahat ng bagay anuman ang ipataw sa kanila ng aking tagapaglingkod, sa panahon, at sa lahat ng kawalang-hanggan; at magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig" (D at T 132:19; para sa paliwanag tungkol sa Banal na Espiritu ng Pangako, tingnan sa pahina 27).

## Paghahanda sa Pag-aasawa

Kung kayo ay walang asawa, ihandang mabuti ang inyong sarili sa pag-aasawa. Alalahanin na walang makakapalit sa kasal sa templo. Maghandang magpakasal sa tamang tao sa tamang lugar sa tamang panahon. Mamuhay nang karapat-dapat ngayon para sa uri ng taong inaasahan ninyong mapangasawa.

Ideyt lamang ang taong mataas ang mga pamantayan at sa piling niya ay mapapanatili ninyo ang mataas ninyong mga pamantayan. Planuhing mabuti ang magaganda at kapaki-pakinabang na mga gawain upang kayo ng inyong kadeyt ay hindi maiwanang mag-isa na walang anumang ginagawa. Manatili sa mga lugar na hindi kayo matutukso kung saan madali ninyong makokontrol ang inyong sarili. Huwag makilahok sa mga usapan o gawaing pumupukaw ng pagnanasa sa seks.

Humanap ng pakakasalan sa mga miyembro ng inyong relihiyon. Humanap ng isang taong lagi ninyong ikararangal at igagalang, isang taong susuporta at tutulong sa inyo sa buhay. Bago kayo mag-asawa, tiyaking natagpuan na nga ninyo ang taong pagbibigyan ninyo ng inyong buong puso, buong pag-ibig, buong katapatan.

## Payo sa mga Ayaw Mag-asawa

May ilang miyembro ng Simbahan na hindi nakapag-aasawa nang hindi nila sinasadya, kahit gusto nilang mag-asawa. Kung kayo ay nasa ganitong sitwasyon, mapanatag na "lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios" (Mga Taga Roma 8:28). Kapag nanatili kayong karapat-dapat, ibibigay sa inyo balang araw, sa buhay mang ito o sa kabilang buhay, ang lahat ng pagpapala ng walang hanggang ugnayan ng pamilya. Paulit-ulit itong ipinangako ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta sa mga huling araw.

Kung kayo ay walang asawa at hangad ninyong makapag-asawa, huwag mawalan ng pag-asa. Kasabay nito, huwag masyadong pagkaabalahan ang inyong mithiin. Sa halip, sabik na makibahagi sa mga makabuluhang gawain. Humanap ng mga paraan para makapaglingkod sa inyong kamag-anak at komunidad. Tumanggap at gumanap ng mga tungkulin sa Simbahan. Manatiling malinis, kapwa sa pisikal at sa espirituwal. Patuloy na matuto at magpakahusay at umunlad sa inyong personal na buhay.

### Pagiging Maligaya sa Pag-aasawa

Kung kayo ay may asawa, alalahanin na ang pagkakaibigan at pag-iibigan ninyong mag-asawa ang dapat maging pinakamahalagang ugnayan ninyo sa mundo. Ang inyong asawa ang tanging tao maliban sa Panginoon na iniutos sa inyo na mahalin ninyo nang buong puso (tingnan sa D at T 42:22).

Tandaan na ang pag-aasawa, sa tunay na diwa nito, ay pagsasama ng dalawang taong pantay sa pananagutan, na walang isa man sa kanila ang nangingibabaw sa isa, bagkus ay nanghihikayat, umaaliw, at tumutulong sa isa't isa.

Dahil ang pag-aasawa ay napakahalagang ugnayan sa buhay, kailangan at karapat-dapat itong bigyan ng panahon. Huwag bigyan ng mas mataas na priyoridad ang di-gaanong mahahalagang gawain. Mag-ukol ng panahon sa pag-uusap at pakikinig sa isa't isa. Maging maalalahanin at magalang. Dalasan ang pagpapahayag ng pagsuyo at pagmamahal.

Magpasiya na walang dapat mamagitan sa inyong mag-asawa na wawasak sa inyong pagsasama. Magpasiya na gawing matagumpay ang inyong pagsasama, sa kabila ng mga problemang darating.

Maging tapat sa isa't isa. Maging tapat sa inyong mga tipan sa kasal sa isip, sa salita, at sa gawa. Alalahanin na sinabi ng Panginoon, "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22). Ang mga salitang "wala nang iba" ay nagtuturo na

walang tao, gawain, o pag-aaring dapat unahin sa ugnayan ninyong mag-asawa.

Lumayo sa anumang bagay na hahantong sa inyong kataksilan sa anumang paraan. Ang pornograpiya, hindi nakalulugod na imahinasyon, at pakikipaglandian ay unti-unting sisira sa inyong pagkatao at wawasak sa pundasyon ng inyong pagsasama.

Magtulungan sa pamamahala ng inyong pananalapi. Magtulungan sa pagbuo at pagsunod sa isang badyet. Disiplinahin ang inyong sarili sa paggasta, at umiwas sa pagkaalipin sa utang. Ang matalinong paggamit ng pera at kalayaan sa utang ay nakakatulong sa kapayapaan sa tahanan.

Isentro ang inyong buhay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Magtulungan sa pagtupad sa mga tipang ginawa ninyo. Magkasamang magsimba at magpunta sa templo. Magkasamang pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Magkasamang lumuhod sa panalangin sa pagsisimula at pagtatapos ng bawat araw upang pasalamatan ang inyong Ama sa Langit para sa isa't isa at magkaisa sa paghiling ng Kanyang mga pagpapala sa inyong buhay, tahanan, mga mahal sa buhay, at mabubuti ninyong hangarin. Sa gayo'y gagabayan kayo ng Diyos, at ang araw-araw ninyong pakikipag-usap sa Kanya ay maghahatid ng kapayapaan at galak na wala nang iba pang pagmumulan. Tatamis ang inyong pagsasama sa pagdaan ng mga taon; titibay ang inyong pagmamahalan. Mag-iibayo ang pagpapahalaga ninyo sa isa't isa.

Mga karagdagang sanggunian: Genesis 1:27–28; 2:18, 21–24; I Mga Taga Corinto 11:11; Mga Taga Efeso 5:22–33; Moises 2:27–28; 3:18, 21–24

*Tingnan din sa* Diborsyo; Kalinisang-puri; Mga Templo; Pagkakaisa; Pamilya

## Kasalanan

Kapag sadya nating sinusuway ang mga utos ng Diyos, nagkakasala tayo. Nagkakasala rin tayo kapag hindi tayo kumikilos nang tama kahit alam natin ang totoo (tingnan sa Santiago 4:17).

Sinabi ng Panginoon na Siya ay "hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang" (D at T 1:31). Ang kinahinatnan ng pagkakasala ay paglisan ng Espiritu Santo at, sa kawalang-hanggan, hindi ninyo makakapiling ang ating Ama sa Langit, sapagkat "walang maruming bagay na makapananahanang kasama ng Diyos" (1 Nephi 10:21).

Bawat isa sa atin ay may nasuway na mga utos o hindi kumilos ayon sa alam nating katotohanan. Itinuro ni Apostol Juan: "Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal [si Jesucristo] na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan" (I Ni Juan 1:8–9). Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo'y makapagsisisi at mapapatawad sa ating mga kasalanan.

Mga karagdagang sanggunian: Mga Taga Roma 3:23; 6:23; Alma 5:41–42; 11:37; Helaman 5:10–11; D at T 82:1–3; 88:34–35

*Tingnan din sa* Awa; Kamatayan, Espirituwal; Kapatawaran; Katarungan; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagsisisi; Pagsunod; Tukso

## Katapatan

Sinasabi sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, "Naniniwala kami sa pagiging matapat." Ang ibig sabihin ng maging matapat ay maging taos, makatotohanan, at walang panlilinlang sa lahat ng oras.

Kapag kayo ay tapat sa lahat ng bagay, tatamasahin ninyo ang kapayapaan ng isipan at mananatili ang paggalang ninyo sa sarili. Pinatatatag ninyo ang inyong pagkatao, na nagtutulot sa inyo na makapaglingkod sa Diyos at sa iba. Kayo ay mapagkakatiwalaan sa mga mata ng Diyos at ng mga nasa paligid ninyo.

Sa kabilang banda, kung kayo ay hindi tapat sa salita o sa gawa, sinasaktan ninyo ang inyong sarili at madalas ay pati na rin ang iba. Kung kayo ay nagsisinungaling, nagnanakaw,

nandaraya, o kinaliligtaan ninyong gampanan ang lahat ng tungkulin ninyo sa trabaho katumbas ng inyong suweldo, nawawala ang paggalang ninyo sa sarili. Nawawala sa inyo ang patnubay ng Espiritu Santo. Maaari ninyong makitang sira na ang relasyon ninyo sa mga kapamilya at kaibigan at wala nang tiwala sa inyo ang mga tao.

Ang pagiging tapat ay madalas mangailangan ng tapang at sakripisyo, lalo na kapag hinihikayat kayo ng iba na pangatwiranan ang kasinungalingan. Kapag naipit kayo sa gayong sitwasyon, alalahanin na ang tumatagal na kapayapa-ang nagmumula sa pagiging tapat ay higit na mahalaga kaysa panandaliang kapanatagan sa pagsunod sa ginagawa ng iba.

Mga karagdagang sanggunian: Exodo 20:16; 2 Nephi 9:34; D at T 97:8

## Katarungan

Ang katarungan ay hindi nagbabagong batas na may hatid na bunga para sa mga ginagawa. Dahil sa batas ng katarungan, tumatanggap kayo ng mga pagpapala kapag sinusunod ninyo ang mga utos ng Diyos (tingnan sa D at T 130:21–22). Hinihingi rin ng batas ng katarungan na pagdusahan ninyo ang bawat pagkakasalang nagagawa ninyo. Hinihingi rito na walang maruming bagay na dapat pahintulutang makatahan sa piling ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 10:21).

Nang isakatuparan ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, inako Niya ang ating mga kasalanan. Nagawa Niyang "tugunin ang layunin ng batas" (2 Nephi 2:7) dahil ipinailalim Niya ang Kanyang sarili sa kaparusahang kailangan para sa ating mga kasalanan. Dahil dito, Kanyang "[natugunan] ang mga hinihingi ng katarungan" at nagdalang-awa sa lahat ng nagsisisi at sumusunod sa Kanya (tingnan sa Mosias 15:9; Alma 34:14–16). Dahil binayaran Niya ang inyong mga kasalanan, hindi na ninyo kailangang danasin ang kaparusahang iyon kung kayo ay magsisisi (tingnan sa D at T 19:15–20).

Mga karagdagang sanggunian: 2 Nephi 9:26; Alma 42

*Tingnan din sa* Awa; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagsisisi

## Konsiyensya o Budhi

Lahat ng tao ay isinilang na may kakayahang kilalanin ang tama at mali. Ang kakayahang ito, na tinatawag na konsiyensya o budhi, ay nagpapakita ng Liwanag ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:15–19).

Ang konsiyensya ninyo ang inyong kanlungan na tutulong sa inyong lumayo sa mga sitwasyong magpapahamak sa inyong kaluluwa. Kapag sinusunod ninyo ang mga utos at gumagawa kayo ng matwid na mga pasiya, napapanatag ang inyong konsiyensya.

Kapag nagkasala kayo, nagsisisi kayo o nabibigatan sa kasalanan, tulad ng pisikal na sakit na nadarama ninyo kapag kayo ay nasugatan. Likas na pagtugon ito ng inyong konsiyensya sa kasalanan, at aakayin kayo nito tungo sa pagsisisi.

Ibinabalik ng pagsisisi at kapatawaran ang kapayapaan sa inyong konsiyensya. Sa kabilang banda, kung babalewalain ninyo ang dikta ng inyong konsiyensya at hindi kayo magsisisi, nagiging manhid ang inyong konsiyensya na parang "hinerohan . . . ng waring bakal na nagbabaga" (I Kay Timoteo 4:2).

Matutong makinig sa inyong konsiyensya. Mahalagang bahagi ito ng paggamit ninyo ng inyong kalayaang pumili. Kapag lalo ninyong pinakinggan ang inyong konsiyensya, lalong madali itong makaramdam. Ang konsiyensyang madaling makaramdam ay tanda ng malusog na espiritu.

Mga karagdagang sanggunian: Mosias 4:1–3; D at T 84:45–47

*Tingnan din sa* Kalayaang Pumili; Liwanag ni Cristo; Pagsunod; Tukso

**Korum** (*Tingnan sa* Priesthood)

**Korum ng Labindalawang Apostol** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

## Krus

Ang krus ay ginagamit sa maraming simbahang Kristiyano bilang simbolo ng kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas at bilang isang taos na pagsampalataya. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, inaalaala rin natin nang may pitagan ang pagdurusa ng Tagapagligtas. Ngunit dahil buhay ang Tagapagligtas, hindi natin ginagamit na simbolo ng ating pananampalataya ang simbolo ng Kanyang kamatayan.

Ang buhay ninyo ay dapat kakitaan ng inyong pananampalataya. Alalahanin na nang kayo ay mabinyagan at makumpirma, nakipagtipan kayong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo. Sa nakikita sa inyo ng inyong mga kasamahan, dapat nilang madama ang inyong pagmamahal sa Tagapagligtas at sa Kanyang gawain.

Ang tanging mga miyembro ng Simbahan na nagsusuot ng simbolo ng krus ay ang mga kapilyan na Banal sa mga Huling Araw, na nagsusuot nito sa kanilang unipormeng militar upang ipakita na sila ay mga Kristiyanong kapilyan.

*Tingnan din sa* Jesucristo; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli

**Kumpirmasyon** (*Tingnan sa* Espiritu Santo; Pagpapatong ng mga Kamay)

## Langit

Sa mga banal na kasulatan, ang salitang *langit* ay ginamit sa dalawang pangunahing paraan. Una, tumutukoy ito sa lugar na kinaroroonan ng Diyos, na siyang tahanan ng matatapat sa huli (tingnan sa Mosias 2:41). Ikalawa, tumutukoy ito sa nakapalibot sa daigdig (tingnan sa Genesis 1:1).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Awit 11:4; Mateo 6:9; 1 Nephi 1:8; Mosias 3:8; D at T 20:17

*Tingnan din sa* Mga Kaharian ng Kaluwalhatian

**Linggo** (*Tingnan sa* Pagsamba; Sabbath)

## Liwanag ni Cristo

Ang Liwanag ni Cristo ay "nanggagaling mula sa kinaroroonan ng Diyos upang punuin ang kalakhan ng kalawakan." Ito "ang liwanag na nasa lahat ng bagay, na nagbibigay ng buhay sa lahat ng bagay, na siyang batas kung saan ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan" (D at T 88:12–13; tingnan din sa mga talata 6–11). Ang kapangyarihang ito ay isang impluwensya para sa kabutihan sa buhay ng lahat ng tao (tingnan sa Juan 1:9; D at T 93:2). Sa mga banal na kasulatan, ang Liwanag ni Cristo ay tinatawag kung minsan na Espiritu ng Panginoon, Espiritu ng Diyos, Espiritu ni Cristo, o Liwanag ng Buhay.

Hindi dapat pagkamalang Espiritu Santo ang Liwanag ni Cristo. Ito ay hindi isang personahe, na tulad ng Espiritu Santo. Ang impluwensya nito ay umaakay sa mga tao na matagpuan ang tunay na ebanghelyo, mabinyagan, at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Juan 12:46; Alma 26:14–15).

Sa konsiyensya o budhi madarama ang Liwanag ni Cristo, kaya natin nalalaman ang mabuti sa masama. Itinuro ng propetang si Mormon: "Ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos. . . . At ngayon, mga kapatid ko, dahil sa inyong nalalaman ang liwanag kung paano kayo ay makahahatol, kung aling liwanag ay liwanag ni Cristo, tiyakin ninyo na hindi kayo humahatol nang mali; sapagkat sa gayon ding kahatulan kung paano kayo naghahatol, kayo ay gayon din hahatulan" (Moroni 7:16, 18).

Mga karagdagang sanggunian: Juan 8:12; Alma 28:14

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Konsiyensya o Budhi

**Mahalagang Perlas** (*Tingnan sa* Mga Banal na Kasulatan)

**Mang-aaliw** (*Tingnan sa* Espiritu Santo)

## Melchizedek Priesthood

"Mayroon, sa simbahan, ng dalawang pagkasaserdote, alalaong baga'y, ang Melquisedec at Aaron" (D at T 107:1). Ang Melchizedek Priesthood, na "alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos" (D at T 107:3), ang mas mataas sa dalawang ito. Ito ay "may hawak ng karapatan ng panguluhan, at may kapangyarihan at karapatan sa lahat ng katungkulan sa simbahan" (D at T 107:8). Hawak din nito ang "mga susi ng lahat ng pagpapalang espirituwal ng simbahan" (D at T 107:18). Ipinangalan ito sa dakilang mataas na saserdoteng nabuhay sa panahon ng propetang si Abraham (tingnan sa D at T 107:2–4; tingnan din sa Alma 13:14–19).

Sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood, ang mga lider ng Simbahan ang gumagabay sa Simbahan at nangangasiwa sa pangangaral ng ebanghelyo sa buong mundo. Sa mga ordenansa ng Melchizedek Priesthood, "ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita" (D at T 84:20).

Ang mas mataas na priesthood na ito ay ibinigay kay Adan at narito sa daigdig tuwing ihahayag ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo. Inalis ito sa daigdig noong Malawakang Apostasiya, ngunit ipinanumbalik noong Mayo 1829, nang igawad ito nina Apostol Pedro, Santiago, at Juan kina Joseph Smith at Oliver Cowdery.

Ang mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay Apostol, Pitumpu, patriarch, high priest, at elder. Ang Pangulo ng High Priesthood ang siyang Pangulo ng Simbahan (tingnan sa D at T 107:64–66).

Ang kalalakihan sa Simbahan ay dapat maging karapat-dapat na mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood upang makatanggap ng endowment sa templo at mabuklod sa kanilang mga pamilya magpasawalang-hanggan. May awtoridad silang mangasiwa sa maysakit at magbigay ng espesyal na mga basbas sa mga kapamilya at sa iba. Sa awtorisasyon ng namumunong mga lider ng priesthood, maigagawad nila ang kaloob na Espiritu Santo at makapag-oorden ng ibang karapat-dapat na kalalakihan sa mga katungkulan sa Aaronic at Melchizedek Priesthood.

Kapag tumatanggap ng Melchizedek Priesthood ang isang lalaki, pumapasok siya sa sumpa at tipan ng priesthood. Nakikipagtipan siya na magiging tapat, gagampanan ang kanyang tungkulin, "[naki]kinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan," at "[na]bubuhay sa bawat salita na nagmumula sa bibig ng Diyos." Yaong tumutupad sa tipang ito ay pababanalin ng Espiritu at tatanggap ng "lahat ng mayroon ang . . . Ama." (Tingnan sa D at T 84:33–44.)

*Tingnan din sa* Aaronic Priesthood; Priesthood

**Mga Area Authority Seventy** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

## Mga Banal na Kasulatan

Kapag nagsusulat o nagsasalita ang mga banal na kalalakihan ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang sinasabi nila ay "magiging mga banal na kasulatan, ang magiging kalooban ng Panginoon, ang magiging kaisipan ng Panginoon, ang magiging salita ng Panginoon, ang magiging tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan" (D at T 68:4). Ang opisyal at inaprubahang mga banal na kasulatan ng Simbahan, na madalas tawaging pamantayang mga banal na kasulatan, ay ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. Ang mga aklat na ito ng banal na kasulatan ay inilarawan sa mga pahina 77–82.

## Kahalagahan ng Araw-araw na Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Ang pangunahing layunin ng mga banal na kasulatan ay patotohanan si Cristo, tulungan tayong lumapit sa Kanya at tumanggap ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Juan 5:39; 20:31; 1 Nephi 6:4; Mosias 13:33–35). Pinatotohanan ng propetang si Mormon:

"Sinuman ang magnanais ay makayayakap sa salita ng Diyos, na buhay at makapangyarihan, na maghahati-hati sa lahat ng katusuhan, at mga patibong at panlilinlang ng diyablo, at akayin ang tao ni Cristo sa makipot at makitid na daan sa kabila ng yaong walang hanggang look ng kalungkutan na inihanda upang lamunin ang masasama—

"At humantong ang kanilang mga kaluluwa, oo, ang kanilang mga walang kamatayang kaluluwa, sa kanang kamay ng Diyos sa kaharian ng langit, upang umupong kasama ni Abraham, at Isaac, at kasama ni Jacob, at lahat ng ating banal na ama, upang hindi na lumabas pa" (Helaman 3:29–30).

Pinapayuhan tayo ng mga propeta sa mga huling araw na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw, nang mag-isa at kasama ang ating pamilya. Hinihikayat nila tayo, tulad ng paghihikayat ni Nephi sa kanyang mga kapatid, na itulad ang mga banal na kasulatan sa atin, na naghahanap ng mga paraan para maipamuhay natin ngayon ang mga sagradong salaysay (tingnan sa 1 Nephi 19:23–24). Hinihikayat nila tayong "saliksikin . . . ang mga kasulatan" (Juan 5:39) at "magpakabusog . . . sa mga salita ni Cristo" (2 Nephi 32:3).

Makikinabang kayo nang malaki sa pagsunod sa payong ito. Araw-araw, tumutulong sa inyo ang makabuluhang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na maging handang dinggin ang mga bulong ng Espiritu Santo. Pinalalakas nito ang inyong pananampalataya, pinatitibay kayo laban sa tukso, at tinutulungan kayong mapalapit sa inyong Ama sa Langit at sa Pinakamamahal Niyang Anak.

Gumawa ng plano para sa sarili ninyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Isiping magtakda ng ilang oras bawat araw

sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Sa oras na iyon, magbasang mabuti, na nakikinig sa mga panghihikayat ng Espiritu. Hilingin sa inyong Ama sa Langit na tulungan kayong malaman ang gusto Niyang matutuhan at gawin ninyo.

Patuloy na basahin ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon, habang kayo'y nabubuhay. Muli at muli kayong makatutuklas ng mahahalagang bagay sa mga banal na kasulatan, sa pagkakita ng bagong kahulugan at pakinabang habang pinag-aaralan ninyo ang mga ito sa iba't ibang yugto ng inyong buhay.

Kung kayo ay may asawa, magtakda ng oras bawat araw sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan bilang pamilya. Maaaring mahirap itong gawin, ngunit maganda at walang hanggan ang mga ibubunga nito. Sa patnubay ng Espiritu, planuhing basahin ang mga banal na kasulatang tutugon sa mga pangangailangan ng inyong pamilya. Huwag mangambang basahin ang mga banal na kasulatan sa maliliit na anak. Ang mga sinasabi sa mga sagradong talaang iyon ay may kapangyarihang umantig kahit sa mga musmos.

### Ang Biblia

Ang Biblia ay nahahati sa dalawang bahagi: ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan. Ang Lumang Tipan ay sagradong talaan ng mga pakikitungo ng Diyos sa Kanyang pinagtipanang mga tao sa Banal na Lupain. Kasama rito ang mga turo ng mga propetang tulad nina Moises, Josue, Isaias, Jeremias, at Daniel. Nakatala naman sa Bagong Tipan ang pagsilang, mortal na pagmiministeryo, at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Kasama rito ang pagmiministeryo ng mga disipulo ng Tagapagligtas.

Dahil maraming beses nang naisalin ang Biblia, nakalimbag ito sa iba't ibang bersyon. Sa Ingles, tinatanggap ng Simbahan ang King James Version ng Biblia.

Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pinagpipitaganan natin ang Biblia at ang mga sagradong turo nito. Tatanggap tayo ng lakas at aliw mula sa

mga salaysay sa Biblia tungkol sa pakikitungo ng Diyos sa Kanyang mga tao.

## Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo

Ang Aklat ni Mormon ay lumabas sa dispensasyong ito ayon sa kalooban ng Panginoon. Isa itong talaan ng mga pakikitungo ng Diyos sa mga taong nanirahan sa mga lupain ng sinaunang Amerika. Iniukit ng mga propeta ng Panginoon ang mga orihinal na talaan sa mga laminang ginto. Ipinahayag ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng "kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 20:9; tingnan din sa D at T 42:12).

Noong Setyembre 22, 1827, isang anghel na nagngangalang Moroni—ang huling propeta sa Aklat ni Mormon—ang naghatid ng mga talaang ito kay Propetang Joseph Smith. Sa kaloob at kapangyarihan ng Diyos, isinalin ni Propetang Joseph ang talaan sa Ingles. Mula noon, naisalin na ang Aklat ni Mormon sa maraming iba pang wika.

Ang pangunahing layunin ng Aklat ni Mormon ay kumbinsihin ang lahat ng tao "na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa" (pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon). Itinuturo nito na lahat ng tao ay "kinakailangang lumapit sa kanya, o sila ay hindi maaaring maligtas" (1 Nephi 13:40). Sinabi ni Joseph Smith na ang Aklat ni Mormon "ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay [mapapalapit] sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (pambungad sa Aklat ni Mormon).

Ang Aklat ni Mormon ay isa pang saksi sa mga katotohanang itinuro sa Biblia. Ipinanunumbalik din nito ang "malilinaw at mahahalagang" katotohanang nawala mula sa Biblia dahil sa mga pagkakamali sa pagsasalin o "inalis" sa pagtatangkang "mailigaw nila ang mga tamang landas ng Panginoon" (tingnan sa 1 Nephi 13:24–27; 38–41). Ang Biblia at ang Aklat ni Mormon "ay magsasama, tungo sa ikalilito ng

mga maling doktrina at pag-aalis ng mga pagtatalo, at pagtatatag ng kapayapaan" (2 Nephi 3:12).

Bago wakasan ang Aklat ni Mormon, tinuruan tayo ng propetang si Moroni kung paano natin malalaman na totoo ang aklat: "Kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4; tingnan din sa mga talata 3 at 5).

## Ang Doktrina at mga Tipan

Ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng mga paghahayag kay Propetang Joseph Smith. Kabilang din dito ang ilang paghahayag na ibinigay sa ibang mga propeta sa mga huling araw. Kakaiba ang aklat ng ito ng banal na kasulatan dahil hindi ito pagsasalin ng mga sinaunang dokumento. Ito ay tinipong mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon sa Kanyang piling mga propeta sa mga huling araw.

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang Doktrina at mga Tipan "ang saligan ng Simbahan sa mga huling araw na ito, at isang kapakinabangan sa sanlibutan, ipinakikita na ang mga susi ng mga hiwaga ng kaharian ng ating Tagapagligtas ay muling ipinagkatiwala sa tao" (pambungad sa Doktrina at mga Tipan 70).

## Ang Mahalagang Perlas

Ang Mahalagang Perlas ay naglalaman ng aklat ni Moises, ng aklat ni Abraham, ng inspiradong pagsasalin ni Propetang Joseph Smith sa kabanata 24 ng Mateo, at ilang mga sinulat ni Propetang Joseph.

Ang aklat ni Moises ay maikling halaw mula sa inspiradong pagsasalin ni Joseph Smith sa Biblia. Mas kumpletong talaan ito ng mga sinulat ni Moises sa pagsisimula ng aklat

ng Genesis sa Lumang Tipan. Naglalaman ito ng maraming doktrina at turong nawala mula sa Biblia at nagdaragdag ng impormasyon tungkol sa plano ng kaligtasan, paglikha sa mundo, at pakikitungo ng Panginoon kina Adan at Enoc.

Ang aklat ni Abraham ay pagsasalin ng mga sinaunang talaang nakasulat sa papyrus na napasakamay ng Simbahan noong 1835. Isinalin ni Propetang Joseph Smith ang mga talaan sa pamamagitan ng paghahayag. Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga katotohanan tungkol sa Kapulungan sa Langit bago tayo isinilang sa mundo, paglikha ng mundo, likas na katangian ng Diyos, at priesthood.

Ang Joseph Smith—Mateo ay nagdaragdag sa kaalaman natin sa mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Kabilang sa mga sinulat ni Joseph Smith sa Mahalagang Perlas ang:

- Joseph Smith—Kasaysayan, na halaw mula sa kasaysayan ng Simbahan ayon sa Propeta. Ito ay pagsasalaysay ng mga pangyayaring humantong sa panunumbalik ng Simbahan, pati na ang Unang Pangitain, mga pagdalaw ni Moroni kay Propetang Joseph, pagkuha ng mga laminang ginto, at panunumbalik ng Aaronic Priesthood.
- Mga Saligan ng Pananampalataya, na isinulat ni Propetang Joseph Smith bilang mahahalagang pahayag ng mga paniniwala at doktrina.

Mga karagdagang sanggunian: Mga Taga Roma 15:4; II Kay Timoteo 3:15–17; 2 Nephi 25:26; Alma 17:2–3; 3 Nephi 23:1–5; D at T 18:33–36; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8

*Tingnan din sa* Mga Propeta; Paghahayag; Panunumbalik ng Ebanghelyo

## Mga Espirituwal na Kaloob

Ang mga espirituwal na kaloob ay mga pagpapala o kakayahang ibinigay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ibinibigay ng Diyos ang kahit isa man lang sa mga kaloob na ito sa bawat tapat na miyembro ng Simbahan. Kapag natanggap ninyo ang mga kaloob na ito, palalakasin at pagpapalain kayo ng mga ito at tutulungan kayong mapaglingkuran ang iba. (Tingnan sa D at T 46:8–12.) Ang mga banal na kasulatan ay nagtuturo ng maraming kaloob ng Espiritu:

- Kaalamang "si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at na siya ay ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (D at T 46:13).
- Kakayahang paniwalaan ang sinasabi ng mga nagpapatotoo kay Jesucristo (tingnan sa D at T 46:14).
- Kaalaman sa "pagkakaiba-iba ng pangangasiwa" (D at T 46:15; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 12:5). Ang kaloob na ito ay ginagamit sa pangangasiwa at pamumuno sa Simbahan.
- Kaalaman sa "iba't ibang pamamalakad," na tumutulong sa atin na mahiwatigan kung ang isang turo o impluwensya ay nagmumula sa Diyos o may ibang pinanggalingan (D at T 46:16; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 12:6–7).
- Kaloob na "salita ng karunungan" (I Mga Taga Corinto 12:8; D at T 46:17). Hindi ito tumutukoy sa batas na alam nating Word of Wisdom. Bagkus, ito'y kaloob na karunungan—kakayahang gamitin ang kaalaman sa mabubuting paraan.
- Kaloob na "salita ng kaalaman" (I Mga Taga Corinto 12:8; D at T 46:18).
- Kakayahang magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 10:9–10; tingnan din sa D at T 46:18).

- Kaloob na pananampalataya (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:9; Moroni 10:11).
- Kaloob na "magkaroon ng pananampalataya na gumaling" (D at T 46:19).
- Kaloob na "magkaroon ng pananampalataya na makapagpagaling" (D at T 46:20; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 12:9; Moroni 10:11).
- "Paggawa ng mga himala" (I Mga Taga Corinto 12:10; D at T 46:21; tingnan din sa Moroni 10:12).
- Kaloob na magpropesiya (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:10; Moroni 10:13; D at T 46:22). Itinuro ni Juan na Pinakamamahal na "ang patotoo ni Jesus ay siyang espiritu ng [propesiya]" (Apocalipsis 19:10).
- "Makakita ng mga anghel at ng naglilingkod na mga espiritu" (Moroni 10:14).
- "Pagkilala sa mga espiritu" (I Mga Taga Corinto 12:10; D at T 46:23).
- Kaloob na makapagsalita o makaunawa ng iba't ibang wika (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:10; Moroni 10:15; D at T 46:24).
- Kaloob na "pagpapaliwanag ng mga wika" (I Mga Taga Corinto 12:10; D at T 46:25; tingnan din sa Moroni 10:16).

Ang mga espirituwal na kaloob na ito at iba pang nakalista sa mga banal na kasulatan ay ilang halimbawa lamang ng maraming kaloob ng Espiritu. Maaari kayong pagpalain ng Panginoon sa ibang mga paraan batay sa inyong katapatan at mga pangangailangan at mga pangangailangan ng mga pinaglilingkuran ninyo. Inutusan Niya tayong magsumigasig upang matanggap natin ang mga espirituwal na kaloob:

"Mag-ingat at baka kayo ay malinlang; at upang hindi kayo malinlang masigasig ninyong hanapin ang mga pinakamahusay na kaloob, alalahanin sa tuwina kung para saan ibinigay ang mga ito;

"Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang mga ito ay ibinigay para sa kapakinabangan ng mga yaong nagmamahal sa akin at sumusunod sa lahat ng aking kautusan, at siya na naghahangad na gumawa nito; upang ang lahat ay makinabang na naghahangad o humihingi sa akin" (D at T 46:8–9; tingnan din sa talata 26).

Mga karagdagang sanggunian: I Mga Taga Corinto 13; 14:1–33; Moroni 10:17–25; D at T 46:27–33; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Paghahayag

**Mga Garment** (*Tingnan sa* Mga Templo)

**Mga General Authority** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

**Mga Inuming Nakalalasing** (*Tingnan sa* Word of Wisdom)

## Mga Kaharian ng Kaluwalhatian

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa Alma 11:42–45). Matapos tayong mabuhay na mag-uli, haharap tayo sa Panginoon upang mahatulan (tingnan sa Apocalipsis 20:12; 3 Nephi 27:14). Bawat isa sa atin ay itatalaga sa isang walang hanggang tirahan sa isang partikular na kaharian ng kaluwalhatian. Itinuro ng Panginoon ang alituntuning ito nang sabihin Niyang, "Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan" (Juan 14:2).

May tatlong kaharian ng kaluwalhatian: ang kahariang selestiyal, kahariang terestriyal, at kahariang telestiyal. Ang kaluwalhatiang mamanahin ninyo ay nakasalalay sa lalim ng inyong paniniwala, na ipinakikita sa pagsunod ninyo sa mga utos ng Panginoon. Nakasalalay ito sa paraan ng "pagtanggap [ninyo] ng patotoo ni Jesus" (D at T 76:51; tingnan din sa mga talata 74, 79, 101).

## Kahariang Selestiyal

Kahariang selestiyal ang pinakamataas sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian. Yaong mga nasa kahariang ito ay makakapiling ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo magpakailanman. Ito ang dapat ninyong mithiin: ang manahin ang kaluwalhatiang selestiyal at matulungan ang iba na matanggap din ang dakilang pagpapalang iyon. Hindi makakamit ang mithiing iyon sa isang pagtatangka lamang; ito ay resulta ng habambuhay na kabutihan at katapatan sa layunin.

Ang kahariang selestiyal ang lugar na inihanda para sa mga yaong "tumanggap ng patotoo ni Jesus" at naging "ganap sa pamamagitan ni Jesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan, na nagsakatuparan ng ganap na pagbabayad-salang ito sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang sariling dugo" (D at T 76:51, 69). Para mamana ang kaloob na ito, dapat nating tanggapin ang ordenansa ng kaligtasan, sundin ang mga utos, at pagsisihan ang ating mga kasalanan. Para sa detalyadong paliwanag tungkol sa mga magmamana ng kaluwalhatiang selestiyal, tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:50–70, 92–96.

Noong Enero 1836 natanggap ni Propetang Joseph Smith ang isang paghahayag na nagpalawak sa kanyang pang-unawa sa mga kailangang gawin upang mamana ang kaluwalhatiang selestiyal. Nabuksan ang kalangitan sa kanya, at nakita niya ang kahariang selestiyal. Namangha siya nang makita niya roon ang nakatatanda niyang kapatid na si Alvin, bagama't namatay na si Alvin bago pa natanggap ang ordenansa ng binyag. (Tingnan sa D at T 137:1–6.) Pagkatapos ay narinig ni Propetang Joseph ang tinig ng Panginoon:

"Lahat ng nangamatay na walang kaalaman sa ebanghelyong ito, na kanilang tatanggapin ito kung sila lamang ay pinahintulutang manatili, ay magiging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal ng Diyos;

"Gayundin ang lahat ng mamamatay magmula ngayon na walang kaalaman dito, na tatanggap nito nang buo nilang puso, ay magiging tagapagmana ng kahariang yaon;

"Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso" (D at T 137:7–9).

Patungkol sa paghahayag na iyon, sinabi ni Propetang Joseph, "Namalas ko rin na ang lahat ng batang namatay bago sila sumapit sa gulang ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal ng langit" (D at T 137:10).

Mula sa isa pang paghahayag kay Propetang Joseph, nalaman natin na may tatlong antas sa loob ng kahariang selestiyal. Para matamo ang pinakamataas na antas at maipagpatuloy ang ugnayan ng pamilya magpasawalang-hanggan, dapat tayong pumasok sa "bago at walang hanggang tipan ng kasal" at maging tapat sa tipang iyon. Sa madaling salita, ang kasal sa templo ay kinakailangan upang matamo ang pinakamataas na antas sa kaluwalhatiang selestiyal. (Tingnan sa D at T 131:1–4.) Lahat ng karapat-dapat na pumasok sa bago at walang hanggang tipan ng kasal ay magkakaroon ng ganoong oportunidad, sa buhay na ito o sa kabilang buhay man.

## Kahariang Terestriyal

Yaong magmamana ng kaluwalhatiang terestriyal ay "tumanggap sa Anak, subalit hindi ng kaganapan ng Ama. Dahil dito, sila ang mga katawang terestriyal, at hindi katawang selestiyal, at naiiba sa kaluwalhatian gaya ng pagkakaiba ng buwan sa araw" (D at T 76:77–78). Sa pangkalahatan, ang mga taong nasa kahariang terestriyal ay marangal na taong "nabulag ng panlilinlang ng mga tao" (D at T 76:75). Kabilang sa grupong ito ang mga miyembro ng Simbahan na "hindi matatatag sa pagpapatotoo kay Jesus" (D at T 76:79). Kabilang din dito yaong mga tumanggi sa oportunidad na matanggap ang ebanghelyo sa buhay na ito ngunit pagkaraan ay tinanggap ito sa daigdig ng mga espiritu pagkamatay nila (tingnan sa D at T 76:73–74). Para malaman pa ang tungkol sa mga magmamana ng kaluwalhatiang terestriyal, tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:71–80, 91, 97.

Kahariang Telestiyal

Ang kahariang telestiyal ay inilaan para sa mga taong "hindi tumanggap ng ebanghelyo ni Cristo, ni ng patotoo ni Jesus" (D at T 76:82). Tatanggapin ng mga taong ito ang kanilang kaluwalhatian matapos matubos mula sa bilangguan ng mga espiritu, na kung minsan ay tinatawag na impiyerno (tingnan sa D at T 76:84, 106). Ang detalyadong paliwanag tungkol sa mga magmamana ng kaluwalhatiang telestiyal ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 76:81–90, 98–106, 109–112.

Kapahamakan

Hindi magiging karapat-dapat ang ilang tao na manahan sa anumang kaharian ng kaluwalhatian. Tatawagin silang "mga yaong anak . . . ng kapahamakan" at kailangan nilang "mamalagi sa isang kaharian na hindi isang kaharian ng kaluwalhatian" (D at T 76:21; 88:24). Ito ang kalagayan ng "yaong nakaaalam ng [kapangyarihan ng Diyos], at ginawang kabahagi ito, at hinayaan ang kanilang sarili sa kapangyarihan ng diyablo upang madaig, at upang itatwa ang katotohanan at lumaban sa [kapangyarihan ng Diyos]" (D at T 76:31; tingnan din sa mga talata 30, 32–49).

Mga karagdagang sanggunian: I Mga Taga Corinto 15:40–42, tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, I Mga Taga Corinto 15:40; D at T 88:20–39; 130:18–19

*Tingnan din sa* Buhay na Walang Hanggan; Impiyerno; Langit; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Plano ng Kaligtasan

## Mga Kaloob ng Espiritu (*Tingnan sa* Mga Espirituwal na Kaloob)

## Mga Konseho sa Pagdidisiplina ng Simbahan

Responsibilidad ng mga bishop at branch president at mga stake, mission, at district president na tulungan ang mga

miyembro na madaig ang kasalanan sa pamamagitan ng pagsisisi. Ang pinakamabibigat na kasalanan, tulad ng mabibigat na paglabag sa batas ng tao, pang-aabuso sa asawa, pang-aabuso sa anak, pakikiapid, pagtatalik ng hindi mag-asawa, panggagahasa, at pagtatalik ng malapit na magkamag-anak, ay madalas mangailangan ng pormal na pagdidisiplina ng Simbahan. Maaaring makabilang sa pormal na pagdidisiplina ng Simbahan ang pagkakait sa mga pribilehiyo ng pagiging miyembro ng Simbahan o pagkatiwalag sa Simbahan.

Ang proseso ng pormal na pagdidisiplina ay nagsisimula kapag tumawag ng konseho sa pagdidisiplina ang namumunong lider ng priesthood. Layunin ng mga konseho sa pagdidisiplina na iligtas ang kaluluwa ng mga nagkasala, protektahan ang walang kasalanan, at pangalagaan ang kadalisayan, integridad, at magandang pangalan ng Simbahan.

Ang pagdidisiplina ng Simbahan ay isang inspiradong prosesong nagaganap sa loob ng ilang panahon. Sa prosesong ito at sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang isang miyembro ay maaaring mapatawad sa mga kasalanan, maibalik ang kapayapaan ng isipan, at magtamo ng lakas na maiwasang magkasala sa hinaharap. Ang pagdidisiplina ng Simbahan ay hindi nilayong maging wakas ng proseso. Layon nitong tulungan ang mga anak ng Ama sa Langit na maipagpatuloy ang kanilang pagsisikap na makabalik sa lubos na pakikipagkapatiran at mga pagpapala ng Simbahan. Ang hinahangad na resulta ay na magawa ng tao ang lahat ng kailangang baguhin para ganap na makapagsisi.

*Tingnan din sa* Kapatawaran; Pagsisisi

**Mga Kontribusyon** (*Tingnan sa* Ayuno at mga Handog-ayuno; Ikapu)

**Mga Korum ng Pitumpu** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

## Mga Ordenansa

Sa Simbahan, ang ordenansa ay isang sagrado at pormal na gawaing isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Ang ilang ordenansa ay mahalaga sa ating kadakilaan. Ang mga ordenansang ito ay tinatawag na nakapagliligtas na mga ordenansa. Kabilang dito ang binyag, kumpirmasyon, ordenasyon sa Melchizedek Priesthood (para sa kalalakihan), endowment sa templo, at pagbubuklod ng kasal. Sa bawat isa sa mga ordenansang ito, taimtim tayong nakikipagtipan sa Panginoon.

Ang ibang mga ordenansa, tulad ng pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata, pagpapahid ng langis, at pangangasiwa sa maysakit at nagdadalamhati, ay isinasagawa rin sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Samantalang hindi ito mahalaga sa ating kaligtasan, mahalaga ito para sa ating kaaliwan, patnubay, at ikalalakas ng loob.

Nakakatulong ang mga ordenansa at tipan na maalala natin kung sino tayo. Ipinaaalala nito sa atin ang ating tungkulin sa Diyos. Ibinigay ito ng Panginoon para tulungan tayong lumapit sa Kanya at tumanggap ng buhay na walang hanggan. Kapag iginagalang natin ang mga ito, pinalalakas Niya tayo.

Maaari ninyong matanggap ang maraming oportunidad na makibahagi sa mga ordenansa ng priesthood. Tuwing magkakaroon kayo ng gayong oportunidad, gawin ang lahat ng magagawa ninyo upang maihanda ang inyong sarili, kayo man ang magsasagawa o tatanggap ng ordenansa. Makapaghahanda kayo sa pamamagitan ng pagdarasal, pag-aayuno, pagsangguni sa mga lider ng priesthood, at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Kung kayo ay maytaglay ng priesthood, dapat ay lagi kayong espirituwal na handang isagawa ang ordenansa. Mamuhay nang malinis at karapat-dapat, at sikaping laging mapasainyo ang Espiritu Santo.

Mga karagdagang sanggunian: D at T 84:19–21; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3–5

*Tingnan din sa* Ebanghelyo; Priesthood; Tipan

## Mga Patriarchal Blessing

Ang mga patriarchal blessing ay ibinibigay ng mga inorden na patriarch sa karapat-dapat na mga miyembro ng Simbahan. Ipinahahayag sa inyong patriarchal blessing ang inyong angkan sa sambahayan ni Israel at naglalaman ng personal na payo sa inyo mula sa Panginoon.

Habang pinag-aaralan ninyo ang inyong patriarchal blessing at sinusunod ang payong naroon, magbibigay ito ng patnubay, kaaliwan, at proteksyon. Upang malaman kung paano matatanggap ang patriarchal blessing, kausapin ang inyong bishop o branch president.

### Pagpapahayag ng Angkan

Kasama sa inyong patriarchal blessing ang pagpapahayag ng inyong angkan, na nagsasaad na kayo ay nagmula sa sambahayan ni Israel—isang inapo ni Abraham, kabilang sa isang partikular na lipi ni Jacob. Maraming Banal sa mga Huling Araw na nagmula sa lipi ni Ephraim, ang liping binigyan ng pangunahing responsibilidad na mamuno sa gawain ng Panginoon sa mga huling araw.

Dahil nananalaytay sa dugo ng bawat isa sa atin ang maraming lahi, maaaring ipahayag na magkaibang lipi ng Israel ang pinagmulan ng dalawang miyembro ng iisang pamilya.

Hindi mahalaga kung kayo ay kalahi ng angkan sa sambahayan ni Israel o inampon lang. Bilang miyembro ng Simbahan, kabilang kayo sa mga inapo ni Abraham at tagapagmana sa lahat ng pangako at pagpapalang nasa Tipang Abraham (tingnan sa “tipang Abraham,” mga pahina 218–220).

## Matututuhan mula sa Inyong Patriarchal Blessing

Kapag natanggap na ninyo ang inyong patriarchal blessing, dapat ninyo itong basahin nang may pagpapakumbaba, mapanalangin, at madalas. Ito ay personal na paghahayag mula sa inyong Ama sa Langit, na nakaaalam sa inyong mga kalakasan, kahinaan, at walang hanggang potensyal. Sa pamamagitan ng inyong patriachal blessing, tutulungan Niya kayong malaman ang inaasahan Niya sa inyo. Maaaring maglaman ng mga pangako, paalala, at babala ang inyong patriarchal blessing. Sa paglipas ng mga panahon, mauunawaan ninyo ang kapangyarihan ng paghahayag dito.

Kapag sinunod ninyo ang payo sa inyong patriarchal blessing, mas malamang na hindi kayo magkamali o maligaw ng landas. Kung hindi ninyo sinunod ang payo, hindi ninyo matatanggap ang ipinangakong mga pagpapala.

Bagama't naglalaman ng inspiradong payo at mga pangako ang inyong patriarchal blessing, hindi ninyo dapat asahan na masasagot nito ang lahat ng tanong ninyo o maidedetalye ang lahat ng mangyayari sa buhay ninyo. Kung hindi mabanggit sa inyong blessing ang isang mahalagang kaganapan, tulad ng full-time mission o pag-aasawa, hindi ninyo dapat isipin na hindi kayo magkakaroon ng gayong oportunidad.

Gayundin, hindi ninyo dapat isipin na lahat ng binanggit sa inyong patriarchal blessing ay matutupad sa buhay na ito. Ang patriarchal blessing ay walang hanggan, at ang mga pangako nito ay maaaring hanggang kawalang-hanggan. Pumanatag na kung kayo ay karapat-dapat, lahat ng pangako ay matutupad sa panahong itinakda ng Panginoon. Yaong hindi matutupad sa buhay na ito ay matutupad sa kabilang buhay.

Ang inyong patriarchal blessing ay sagrado at personal. Maaari ninyo itong ibahagi sa mismong mga kapamilya ninyo, ngunit hindi ninyo ito dapat basahin nang malakas o tulutan ang iba na basahin o bigyan ito ng interpretasyon. Ni ang

inyong patriarch o bishop o branch president ay hindi ito dapat bigyan ng interpretasyon.

Pahalagahan ang mahahalagang salita sa inyong patriarchal blessing. Pag-isipan itong mabuti, at mamuhay sa paraang magiging karapat-dapat kayong tumanggap ng ipinangakong mga pagpapala sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

## Mga Propeta

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pinagpala tayong pamunuan ng mga buhay na propeta—mga kalalakihang binigyang-inspirasyon na tinawag upang magsalita para sa Panginoon, tulad nina Moises, Isaias, Pedro, Pablo, Nephi, Mormon, at iba pang mga propeta sa mga banal na kasulatan. Sinasang-ayunan natin ang Pangulo ng Simbahan bilang ating propeta, tagakita, at tagapaghayag—ang tanging tao sa mundo na tumatanggap ng paghahayag upang gabayan ang buong Simbahan. Sinasang-ayunan din natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Gaya ng mga propeta noon, pinatototohanan ng mga propeta ngayon si Jesucristo at itinuturo ang Kanyang ebanghelyo. Ipinaaalam nila ang kalooban at tunay na katauhan ng Diyos. Hayagan at malinaw silang nagsasalita, na isinusumpa ang kasalanan at nagbababala tungkol sa mga kahihinatnan nito. Kung minsan, maaari silang mabigyang-inspirasyon na magpropesiya tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap para sa ating kapakinabangan.

Mapagkakatiwalaan ninyong lagi ang mga buhay na propeta. Mababanaag sa kanilang mga turo ang kalooban ng Panginoon, na nagpahayag: "Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko, at hindi ko binibigyang-katwiran ang aking sarili; at bagaman ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ang aking salita ay hindi lilipas, kundi matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Ang kaligtasan ninyo ay nasa mahigpit na pagsunod sa salita ng Panginoon na ibinigay sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, lalo na sa kasalukuyang Pangulo ng Simbahan. Nagbabala ang Panginoon na yaong mga magwawalang-bahala sa mga salita ng mga buhay na propeta ay babagsak (tingnan sa D at T 1:14–16). Nangako Siya ng mga dakilang pagpapala sa mga sumusunod sa Pangulo ng Simbahan.

"Kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo tuwing siya ay tatanggap ng mga ito, naglalakad nang buong kabanalan sa harapan ko;

"Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya.

"Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan" (D at T 21:4–6).

Mga karagdagang sanggunian: II Mga Cronica 20:20; Amos 3:7; Mga Taga Efeso 2:19–20; 1 Nephi 22:1–2; Mosias 13:33–35; D at T 107:91–92; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6

## Mga Saligan ng Pananampalataya

Ang Mga Saligan ng Pananampalataya ay bumabalangkas sa 13 pinakamahahalagang bagay na pinaniniwalaan ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Una itong isinulat ni Propetang Joseph Smith sa isang liham kay John Wentworth, isang patnugot ng pahayagan, bilang tugon sa hiling ni Ginoong Wentworth na malaman kung ano ang pinaniniwalaan ng mga miyembro ng Simbahan. Pagkaraan ay inilathala ang mga ito sa mga magasin ng Simbahan. Itinuturing na ngayong banal na kasulatan ang mga ito at isinama sa Mahalagang Perlas.

## Mga Susi ng Priesthood (*Tingnan sa* Priesthood)

## Mga Tanda

Ang mga tanda ay mga kaganapan o karanasang nagpapamalas ng kapangyarihan ng Diyos. Kadalasan ay mahimala ito. Tinutukoy at ibinabalita nito ang mga dakilang kaganapan, tulad ng pagsilang, kamatayan, at Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ipinaaalala nito sa atin ang mga pakikipagtipan ng Panginoon sa atin. Ang mga tanda ay maaari ding magpatotoo sa banal na katungkulan o magpahiwatig ng di pagsang-ayon ng Panginoon.

Sinasabi ng ilang tao na maniniwala sila sa Diyos o sa Kanyang gawain kung makakakita sila ng tanda. Ngunit sinabi ng Panginoon, "Ang pananampalataya ay hindi dumarating sa pamamagitan ng tanda, kundi ang mga tanda ay sumusunod sa yaong sumasampalataya" (D at T 63:9). Ang mga tandang iyon ay ibinibigay sa matatapat at masunurin upang palakasin ang kanilang pananampalataya.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 12:38–39; Marcos 13:22–27; Lucas 2:8–17; Alma 30:43–52; Helaman 14; 3 Nephi 1:13–21; 8:2–25; Eter 12:6; D at T 63:7–12

*Tingnan din sa* Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Pagsunod; Pananampalataya

## Mga Templo

Ang mga templo ay literal na mga bahay ng Panginoon. Ito'y mga banal na lugar ng sambahan kung saan maaaring bumisita ang Panginoon. Tanging tahanan lamang ang makahahambing sa kasagraduhan ng mga templo.

Sa buong kasaysayan, iniutos ng Panginoon sa Kanyang mga tao na magtayo ng mga templo. Ngayon dinidinig ng Simbahan ang panawagan ng Panginoon na magtayo ng mga templo sa buong mundo, upang higit na matamo ng napakarami sa mga anak ng ating Ama sa Langit ang mga pagpapala ng templo.

## Mga Ordenansa para sa mga Buhay

Ang pangunahing layunin ng mga templo ay maglaan ng mga ordenansang kailangan para sa ating kadakilaan sa kahariang selestiyal. Ang mga ordenansa sa templo ay naghahatid ng pinakadakilang mga pagpapalang matatamo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Lahat ng ginagawa natin sa Simbahan—sa ating mga miting at aktibidad, pagsisikap bilang misyonero, mga araling itinuturo at mga himnong kinakanta natin—ay dapat tayong ituon sa Tagapagligtas at sa ginagawa natin sa mga banal na templo.

Ang isang ordenansang natatanggap natin sa templo ay ang endowment. Ang ibig sabihin ng salitang *endowment* ay "kaloob," at ang endowment sa templo ay tunay na kaloob mula sa Diyos. Ang ordenansa ay binubuo ng sunud-sunod na mga tagubilin at kabilang dito ang mga tipang ginagawa natin para matwid tayong makapamuhay at makasunod sa mga hinihingi ng ebanghelyo. Tinutulungan tayo ng endowment na makatuon sa Tagapagligtas, sa Kanyang papel sa plano ng ating Ama sa Langit, at sa pangako nating sundin Siya.

Ang isa pang ordenansa sa templo ay ang selestiyal na kasal, kung saan ang lalaki at babae ay ibinubuklod sa isa't isa hanggang sa kawalang-hanggan. Ang pagbubuklod na isinasagawa sa templo ay magpapatuloy magpakailanman kung tapat ang mag-asawa sa mga tipang ginawa nila.

Ang mga anak na isinilang sa mga magulang na nabuklod sa templo ay isinilang sa tipan. Ang mga batang ito ay bahagi na kaagad ng isang walang hanggang pamilya. Ang mga anak na hindi isinilang sa tipan ay maaari ding maging bahagi ng isang walang hanggang pamilya sa sandaling mabuklod ang kanilang mga magulang o ang mag-asawang umampon sa kanila. Ang ordenansa ng pagbubuklod ng mga anak sa mga magulang ay isinasagawa sa templo.

Kung natanggap na ninyo ang mga ordenansa sa templo, laging alalahanin ang mga tipang ginawa ninyo. Bumalik nang madalas sa templo hanggang kaya ninyo. Kung kayo ay isang ama o ina, ituro sa inyong mga anak ang kahalagahan ng

templo. Tulungan silang ihanda ang kanilang sarili na maging karapat-dapat na makapasok sa templo.

Kung hindi pa ninyo natatanggap ang mga ordenansa sa templo, simulan na ninyong ihanda ang inyong sarili ngayon. Kung may pagkakataon, pumunta sa templo upang makibahagi sa mga binyag at kumpirmasyon para sa mga patay.

## Mga Ordenansa para sa mga Patay

Ang mga taong namatay nang hindi nakatanggap ng mahahalagang ordenansa sa templo ay matatanggap ang mga ordenansang iyon sa pagsasagawa nito sa mga templo. Magagawa ninyo ang gawaing ito alang-alang sa inyong mga ninuno at iba pang namatay. Sa pagkakatawan sa kanila, mabibinyagan at makukumpirma kayo, matatanggap ang endowment, at makababahagi sa mga pagbubuklod ng mag-asawa at mga anak sa mga magulang.

Dapat ninyong saliksikin nang husto ang mga talaan ng inyong namatay na mga ninuno nang maisagawa ang mga gawain sa templo para sa kanila.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa gawain sa templo para sa mga patay at sa paggawa ng family history, tingnan sa "Paggawa ng Family History at Genealogy," mga pahina 119–122.

## Pagkamarapat na Makapasok sa Templo

Para makapasok sa templo, dapat kayong maging karapat-dapat. Pinatutunayan ninyo sa dalawang interbyu ang inyong pagkamarapat—isa sa isang miyembro ng inyong bishopric o branch president at isa pa sa isang miyembro ng inyong stake presidency o mission president. Pananatilihing pribado at kumpidensyal ng inyong mga lider ng priesthood ang mga interbyung ito. Sa bawat interbyu, tatanungin kayo ng lider ng priesthood tungkol sa personal ninyong pag-uugali at pagkamarapat. Tatanungin kayo tungkol sa inyong patotoo sa Ama sa Langit at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at kung sinusuportahan ninyo ang pangkalahatan at lokal na mga lider ng

Simbahan. Tatanungin kayo kung malinis ang inyong dangal at sinusunod ninyo ang Word of Wisdom, nagbabayad kayo ng buong ikapu, namumuhay ayon sa mga turo ng Simbahan, at hindi kasali sa anumang samahan o nakikisimpatiya sa mga grupong nag-apostasiya.

Kung katanggap-tanggap ang sagot ninyo sa mga tanong sa mga interbyu at kung naniniwala kayo at ang inyong lider ng priesthood na kayo ay karapat-dapat na makapasok sa templo, tatanggap kayo ng temple recommend. Lalagdaan ninyo at ng inyong mga lider ng priesthood ang rekomend, na magtutulot sa inyong makapasok sa templo sa susunod na dalawang taon, hangga't nananatili kayong karapat-dapat.

Ang mga interbyu para sa temple recommend ay naglalaan ng malaking oportunidad na masuri ninyo ang inyong pagkamarapat at ang takbo ng inyong buhay. Kung may mali sa inyong buhay, maagang magpa-iskedyul para makausap ang inyong bishop o branch president para sa inyong interbyu para sa temple recommend. Matutulungan niya kayong maghanda para maging karapat-dapat na magkaroon ng temple recommend.

## Kasuotan sa Templo

Kapag pumunta kayo sa templo, dapat ay pinakamaayos ninyong damit ang suot ninyo, tulad ng damit-pangsimba. Kapag nasa loob kayo ng templo, pinapalitan ninyo ng puting kasuotan sa templo ang inyong damit. Ang pagpapalit na ito ng kasuotan ay ginagawa sa isang bihisan, kung saan gumagamit kayo ng locker at isang pribadong bihisan. Sa templo, pinananatili nang husto ang kadisentehan.

Kapag inilagay ninyo ang inyong damit sa locker, maiiwan ninyo ang lahat ng inyong problema sa mundo. Suot ang puting damit, madarama ninyong kaisa kayo at kapantay ng ibang nasa templo, dahil lahat ng nasa paligid ninyo ay gayon din ang suot.

## Pagsusuot ng Garment ng Templo

Kapag na-endow na kayo, pahihintulutan na kayong magsuot ng garment ng templo habang kayo'y nabubuhay. Tungkulin ninyong isuot ito ayon sa mga tagubiling ibinigay sa endowment. Tandaan na ang mga pagpapalang nauugnay sa sagradong pribilehiyong ito ay batay sa inyong pagkamarapat at katapatan sa pagtupad ng mga tipan sa templo.

Ang garment ay palagiang paalala ng mga tipang ginawa ninyo sa templo. Dapat ninyo itong igalang sa lahat ng oras. Hindi ninyo ito dapat ilantad sa mata ng mga hindi nakauunawa sa kahalagahan nito, at hindi ninyo ito dapat tabasin para iakma sa iba't ibang estilo ng damit. Kapag maayos ninyo itong isinusuot, nagbibigay-proteksyon ito laban sa tukso at kasamaan. Ang pagsusuot ng garment ay pagpapamalas ng tapat na pangakong sundin ang Tagapagligtas.

## Mga Pagpapala ng Pagpunta sa Templo

Bukod sa pagiging lugar kung saan isinasagawa ang mga sagradong ordenansa ng priesthood, ang templo ay lugar ng kapayapaan at paghahayag. Kapag kayo ay may problema o may mahalagang desisyong bumabagabag sa inyong isipan, maaari ninyong iluhog ang inyong mga hinaing sa templo. Doon ay makatatanggap kayo ng espirituwal na patnubay.

Kung minsan maaari ninyong madama na hindi kayo makapag-isip nang maayos dahil may iniisip kayong mabibigat na problema at maraming bagay na kailangang gawin. Sa templo, matitigil ang epekto ng mga kaguluhang ito, mapapawi ang pagkalito at kawalang-katiyakan, at mauunawaan ninyo ang mga bagay na hindi ninyo nauunawaan noon. Makakakita kayo ng mga bagong paraan sa pagharap sa inyong mga hamon.

Pagpapalain kayo ng Panginoon kapag nagsagawa kayo ng sagradong ordenansa sa templo. At ang pagpapalang ibinibigay Niya sa inyo ay hindi lamang mapapasainyo habang naroon kayo sa templo. Pagpapalain Niya kayo sa lahat ng

aspeto ng inyong buhay. Ang mga ginawa ninyo sa templo ay magpapalakas sa inyo at magpapadalisay sa inyong espirituwalidad.

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 2:1–3; D at T 88:119; 109–110; 124:39–41

*Tingnan din sa* Ordenansa, Mga; Kasal; Paggawa ng Family History at Genealogy; Plano ng Kaligtasan; Tipan

## Milenyo

Ang isang milenyo ay 1,000 taon. Kapag pinag-uusapan natin ang "Milenyo," tinutukoy natin ang 1,000 taon kasunod ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa Apocalipsis 20:4; D at T 29:11). Sa panahon ng Milenyo, "maghahari si Cristo sa mundo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10).

Ang Milenyo ay panahon ng kabutihan at kapayapaan sa mundo. Inihayag ng Panginoon na "sa araw na yaon ang pag-aalitan ng tao, at ang pag-aalitan ng mga hayop, oo, ang pag-aalitan ng lahat ng laman, ay matitigil" (D at T 101:26; tingnan din sa Isaias 11:6–9). Si Satanas ay "igagapos, upang siya ay mawalan ng puwang sa mga puso ng mga anak ng tao" (D at T 45:55; tingnan din sa Apocalipsis 20:1–3).

Sa Milenyo, lahat ng tao sa mundo ay magiging mabuti at makatarungan, ngunit marami ang hindi pa nakatanggap ng kaganapan ng ebanghelyo. Dahil dito, lalahok ang mga miyembro ng Simbahan sa gawaing misyonero.

Makikibahagi rin ang mga miyembro ng Simbahan sa gawain sa templo sa Milenyo. Patuloy na magtatayo ng mga templo ang mga Banal at tatanggap ng mga ordenansa para sa kanilang mga kamag-anak na namatay. Sa patnubay ng paghahayag, ihahanda nila ang mga talaan ng kanilang mga ninuno magmula pa sa panahon nina Adan at Eva.

Magpapatuloy ang lubos na kabutihan at kapayapaan hanggang magwakas ang 1,000 taon, kung kailan si Satanas "ay kakalagan ng maikling panahon, upang kanyang makalap

ang kanyang mga hukbo." Kakalabanin ng mga hukbo ni Satanas ang mga hukbo ng langit, na pamumunuan ni Miguel, o Adan. Matatalo si Satanas at ang kanyang mga alagad at itatapon magpakailanman. (Tingnan sa D at T 88:111–115.)

Mga karagdagang sanggunian: D at T 45:55–59; 101:22–34; 133:25

*Tingnan din sa* Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

**Naligtas** (*Tingnan sa* Kaligtasan)

## Orihinal na Kasalanan

Dahil sa Pagkahulog nina Adan at Eva, lahat ng tao ay nabubuhay sa nahulog na kalagayan, hiwalay sa Diyos at napasailalim sa pisikal na kamatayan. Gayunman, hindi tayo isinumpa sa pamamagitan ng tinatawag ng marami na "orihinal na kasalanan." Sa madaling salita, hindi tayo mananagot sa paglabag ni Adan sa Halamanan ng Eden. Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Naniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan at hindi dahil sa paglabag ni Adan" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2).

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, binayaran ng Tagapagligtas ang halaga ng paglabag sa Halamanan ng Eden (tingnan sa Moises 6:53). Tiniyak Niya sa atin ang pagkabuhay na mag-uli at ang pangako na, ayon sa ating katapatan, makababalik tayo sa piling ng ating Ama sa Langit magpakailanman.

*Tingnan din sa* Pagkahulog

## Pag-aampon

Ang mga bata ay may karapatang palakihin ng mga magulang na gumagalang sa mga sinumpaan nila sa kasal at nagmamahal at sumusuporta. Ang pag-aampon ay maaaring maging malaking pagpapala sa maraming batang isinilang nang walang ganitong oportunidad.

Kapag nagdalantao ang isang babaeng hindi kasal, ang pinakamainam gawin ng ina at ama ng bata ay magpakasal at sikaping magtatag ng isang walang hanggang ugnayan ng pamilya. Kung malamang na walang maganap na kasalan, dapat nilang ipaampon ang bata, sa pamamagitan ng LDS Family Services hangga't maaari. Ang pagpapaampon sa sanggol sa pamamagitan ng LDS Family Services ay makakatulong sa mga magulang na hindi kasal na gawin ang pinakamainam para sa bata. Tinitiyak nito na mabubuklod ang bata sa isang ina at isang ama sa templo, at pinalalaki ang pagkakataong makatanggap ng mga pagpapala ng ebanghelyo sa buhay ng lahat ng may kinalaman dito. Ang pag-aampon ay isang di-makasarili at mapagmahal na pasiyang nagpapala sa tunay na mga magulang, sa bata, at sa pamilyang nag-ampon.

Kung kayo ay kasal at gusto ninyong mag-asawa na mag-ampon ng bata, tiyaking alam ninyo ang lahat ng hinihingi ng batas sa mga bansa at ahensya ng pamahalaang may kinalaman dito. Sumangguni sa inyong mga lider ng priesthood at, kung maaari, pati sa mga tauhan ng LDS Family Services. Kung walang LDS Family Services sa inyong pook, makipagtulungan sa inyong mga lider ng priesthood sa paghahanap ng lisensyado at awtorisadong mga ahensyang nangangalaga sa kapakanan kapwa ng mga bata at ng mag-asawang nag-aampon.

## Pag-aayuno at mga Handog-ayuno

Ang mag-ayuno ay kusang hindi pagkain at pag-inom sa loob ng takdang panahon. Ang pag-aayunong sinamahan ng taimtim na dalangin ay makakatulong sa paghahanda ninyo at ng iba na matanggap ang mga pagpapala ng Diyos.

### Mga Layunin ng Pag-aayuno

Sa isang pagkakataon, pinalabas ng Tagapagligtas ang diyablo mula sa katawan ng isang bata at ginamit ang karanasang ito upang ituro sa Kanyang mga disipulo ang kapang-

yarihan ng panalangin at pag-aayuno. Tinanong Siya ng Kanyang mga disipulo, "Bakit baga hindi namin napalabas yaon?" Sagot ni Jesus, "Dahil sa kakauntian ng inyong pananampalataya: sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito'y lilipat; at sa inyo'y [walang hindi mangyayari]. Datapuwa't ang ganito'y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at ayuno." (Tingnan sa Mateo 17:14–21.)

Itinuturo ng salaysay na ito na ang panalangin at pag-aayuno ay makapagbibigay ng lakas sa mga yaong nagbibigay at tumatanggap ng mga basbas ng priesthood. Ang salaysay na ito ay maiaangkop din sa personal ninyong pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo. Kung may kahinaan o kasalanan kayo na nahihirapan kayong daigin, maaaring kailangan ninyong mag-ayuno at manalangin upang matanggap ang tulong o kapatawarang hangad ninyo. Gaya ng dimonyong pinalabas ni Cristo, ang suliranin ninyo ay maaaring maging uri na mapapalabas lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.

Maraming layunin na maaari ninyong ipag-ayuno. Ang pag-aayuno ay isang paraan ng pagsamba sa Diyos at pasasalamat sa Kanya (tingnan sa Lucas 2:37; Alma 45:1). Maaari kayong mag-ayuno habang isinasamo ninyo sa Ama sa Langit na basbasan ang maysakit o nagdadalamhati (tingnan sa Mateo 17:14–21). Kayo at ang mga mahal ninyo ay matutulungan ng pag-aayuno na makatanggap ng personal na paghahayag at magbalik-loob sa katotohanan (tingnan sa Alma 5:46; 6:6). Sa pag-aayuno maaari kayong magtamo ng lakas upang malabanan ang tukso (tingnan sa Isaias 58:6). Maaari kayong mag-ayuno habang nagsisikap na magpakumbaba sa harapan ng Diyos at sumasampalataya kay Jesucristo (tingnan sa Omni 1:26; Helaman 3:35). Maaari kayong mag-ayuno upang makatanggap ng patnubay sa pagbabahagi ng ebanghelyo at magampanan ang mga tungkulin sa Simbahan (tingnan sa

Mga Gawa 13:2–3; Alma 17:3, 9; 3 Nephi 27:1–12). Maaaring samahan ng pag-aayuno ang matwid na kalungkutan o dalamhati (tingnan sa Alma 28:4–6; 30:1–2).

## Linggo ng Ayuno

Nagtalaga ang Simbahan ng isang Linggo sa bawat buwan, karaniwan ay unang Linggo, bilang araw ng ayuno. Kasama sa wastong pagdaraos ng linggo ng ayuno ang di pagkain at pag-inom nang dalawang magkasunod na kainan, pagdalo sa pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo, at pagbibigay ng handog-ayuno upang makatulong sa pangangalaga sa mga nangangailangan.

Dapat ay hindi kukulangin sa halaga ng dalawang kainang dapat ninyong kainin ang inyong handog-ayuno. Hangga't maaari, maging bukas-palad at magbigay ng higit pa sa halagang ito.

Dagdag pa sa pagdaraos ng mga araw ng ayuno na itinakda ng mga lider ng Simbahan, maaari kayong mag-ayuno anumang araw, ayon sa inyong pangangailangan at sa pangangailangan ng iba. Gayunman, hindi kayo dapat mag-ayuno nang madalas o mas mahabang oras kaysa karaniwan.

## Ang Tunay na Ayuno

Sa Sermon sa Bundok, itinuro ni Jesus ang tunay na paraan ng pag-aayuno. Nagsalita siya laban sa mga mapagpaimbabaw na, kapag nag-aayuno, "kanilang pinasasama ang mga mukha nila, upang makita ng mga tao na sila'y nangagaayuno." Sa halip na magpakitang-tao, dapat kayong mag-ayuno "[sa] Ama mo na nasa lihim: at ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka" (Mateo 6:16–18).

Itinuro din ng propetang si Isaias ang tunay na diwa ng ayuno: "Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang? Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan?

Pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?" (Isaias 58:6–7).

Pinatotohanan din ni Isaias ang mga pagpapalang dumarating kapag sinusunod natin ang batas ng ayuno: "Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod. Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. . . . Kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat; at papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat" (Isaias 58:8–11).

Mga karagdagang sanggunian: 3 Nephi 13:16–18; D at T 59:12–14; 88:76, 119

*Tingnan din sa* Panalangin

## Pag-asa

Kung minsan ay mali ang pagkaunawa sa salitang *pag-asa*. Sa araw-araw na mga salitang ginagamit natin, kadalasan ay may himig tayo ng kawalang-katiyakan. Halimbawa, maaari nating sabihin na umaasa tayong magbago ang panahon o bisitahin tayo ng isang kaibigan. Gayunman, sa wika ng ebanghelyo, ang salitang *pag-asa* ay tiyak, hindi natitinag, at masigla. Binabanggit ng mga propeta ang pagkakaroon ng "matatag na pag-asa" (Alma 34:41) at "buhay na pagasa" (I Ni Pedro 1:3). Itinuro ng propetang si Moroni, "Sinuman ang maniniwala sa Diyos ay maaaring umasa nang may katiyakan para sa isang daigdig na higit na mainam, oo, maging isang lugar sa kanang kamay ng Diyos, kung aling pag-asa ay bunga

ng pananampalataya, na gumagawa ng isang daungan sa mga kaluluwa ng tao, na siyang magbibigay sa kanila ng katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mabubuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos" (Eter 12:4).

Kapag tayo ay may pag-asa, nagtitiwala tayo sa mga pangako ng Diyos. Panatag tayong nakatitiyak na kung gagawin natin ang "mga gawa ng kabutihan," tayo ay "makatatanggap ng kanyang gantimpala, maging kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23). Itinuro ni Mormon na ang gayong pag-asa ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo: "Ano ito na inyong aasahan? Masdan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan, at ito ay dahil sa inyong pananampalataya sa kanya alinsunod sa pangako" (Moroni 7:41).

Habang nagsisikap kayong ipamuhay ang ebanghelyo, nadaragdagan ang kakayahan ninyong "managana sa pagasa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Mga Taga Roma 15:13). Nadaragdagan ang inyong pag-asa habang ipinagdarasal at hinahangad ninyo ang kapatawaran ng Diyos. Sa Aklat ni Mormon, tiniyak ng isang misyonerong nagngangalang Aaron sa isang haring Lamanita, "Kung magsisisi kayo sa lahat ng inyong mga kasalanan, at yuyukod sa harapan ng Diyos, at mananawagan sa kanyang pangalan nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, sa gayon inyong matatanggap ang pag-asang ninanais ninyo" (Alma 22:16). Matatamo rin ninyo ang pag-asa sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagsunod sa mga turo nito. Itinuro ni Apostol Pablo, "Anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng mga kasulatan ay mangagkaroon tayo ng pagasa" (Mga Taga Roma 15:4).

Ang alituntunin ng pag-asa ay umaabot sa buong kawalang-hanggan, ngunit matutulungan din kayo nito sa araw-araw na mga hamon ninyo sa buhay. “Maginhawa,” sabi ng sumulat ng Mga Awit, “ang may pinaka saklolo sa Dios ni Jacob, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios” (Mga Awit 146:5). Kapag may pag-asa, magkakaroon kayo ng galak sa buhay. Maaari kayong “magkaroon ng pagtitiyaga, at tiisin ang mga paghihirap . . . , nang may matatag na pag-asa na kayo balang araw ay mamamahinga sa lahat ng inyong mga paghihirap” (Alma 34:41). Maaari kayong “magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan” (2 Nephi 31:20).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Panaghoy 3:25–26; I Mga Taga Corinto 15:19–22; I Ni Pedro 3:15; I Ni Juan 3:2–3; Jacob 4:4–6; Alma 13:28–29; 27:28; Eter 12:32; Moroni 8:26; 9:25; 10:22

*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Paghihirap; Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pananampalataya

## Pagbabalik-loob

“Ang kaisipan ng laman ay kamatayan,” pahayag ni Apostol Pablo, “datapuwa’t ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan” (Mga Taga Roma 8:6; tingnan din sa 2 Nephi 9:39). Sa ating nahulog na kalagayan, madalas tayong matukso, at kung minsan ay natatangay tayo ng “kagustuhan ng laman at ng kasamaan na naroroon” (2 Nephi 2:29; tingnan din sa “Pagkahulog,” mga pahina 107–111 sa aklat na ito). Para matanggap ang pagpapala ng buhay na walang hanggan, kailangan nating magkaroon ng “kaisipan ng Espiritu” at daigin ang ating masasamang hangarin. Kailangan nating magbago. Mas akmang sabihing kailangan nating *magbago*, o magbalik-loob, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng

Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang prosesong ito ay tinatawag na pagbabalik-loob.

Kasama sa pagbabalik-loob ang pagbabago ng ugali, pero hindi lang ugali; ito ay pagbabago ng mismong likas na pagkatao natin. Dahil napakalaking pagbabago nito tinawag ito ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta na isang muling pagsilang, pagbabago ng puso, at binyag ng apoy. Sabi ng Panginoon:

"Huwag manggilalas na ang buong sangkatauhan, oo, kalalakihan at kababaihan, lahat ng bansa, lahi, wika at tao, ay kinakailangang isilang na muli; oo, isilang sa Diyos, nagbago mula sa makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos, naging kanyang mga anak na lalaki at anak na babae;

"At sa gayon sila naging mga bagong nilikha; at maliban kung kanilang gagawin ito, hindi nila mamamana sa anumang paraan ang kaharian ng Diyos" (Mosias 27:25–26).

## Ang Proseso ng Pagbabalik-loob

Ang pagbabalik-loob ay isang proseso, hindi isang pangyayari. Nagbabalik-loob kayo dahil sa inyong mga matwid na pagsisikap na sundin ang Tagapagligtas. Kasama sa mga pagsisikap na ito ang pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi sa kasalanan, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas sa pananampalataya.

Bagama't mahimala at nagpapabago ng buhay ang pagbabalik-loob, isa itong payapang himala. Hindi nagpapabalik-loob ang mga pagbisita ng mga anghel at iba pang kagila-gilalas na pangyayari. Kahit si Alma, na nakakita ng isang anghel, ay nagbalik-loob lamang nang siya ay "nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw" para sa pagpapatotoo sa katotohanan (Alma 5:46). At itinuro ni Pablo, na nakita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, na "wala sinoman ay makapagsasabi, Si Jesus ay Panginoon kundi sa pamamagitan ng Espiritu Santo" (I Mga Taga Corinto 12:3).

Dahil ang pagbabalik-loob ay unti-unti at tuluy-tuloy na proseso, maaari kayong mapabalik-loob ngayon nang hindi ninyo nalalaman. Maaari kayong makatulad ng mga Lamanita na, "dahil sa kanilang pananampalataya [kay Cristo] sa panahon ng kanilang pagbabalik-loob, ay nabinyagan ng apoy at ng Espiritu Santo, at hindi nila nalalaman ito" (3 Nephi 9:20). Ang patuloy ninyong mga pagsisikap na sumampalataya at sumunod sa Tagapagligtas ay lalong magpapalalim ng inyong pagbabalik-loob.

## Mga Katangian ng mga Taong Nagbalik-loob

Ang Aklat ni Mormon ay naglalarawan ng mga taong nagbalik-loob sa Panginoon:

*Hangad nilang gumawa ng mabuti.* Ipinahayag ng mga tao ni Haring Benjamin, ang "Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan . . . [ay] gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti" (Mosias 5:2). Binanggit ni Alma ang tungkol sa mga tao na "hindi makatitingin sa kasalanan maliban nang may kapootan" (Alma 13:12).

*Hindi sila naghihimagsik laban sa Panginoon.* Binanggit ni Mormon ang isang grupo ng mga Lamanita na naging masasama at pumapatay ng tao ngunit "nagbalik-loob sa Panginoon" (Alma 23:6). Binago ng mga taong ito ang kanilang pangalan at ginawang Anti-Nephi-Lehi at "naging mabubuting tao; ibinaba nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos, ni ang labanan ang sino man sa kanilang mga kapatid" (Alma 23:7).

*Ibinabahagi nila ang ebanghelyo.* Inilaan nina Enos, Nakatatandang Alma, Nakababatang Alma, mga anak ni Mosias, Amulek, at Zisrom ang kanilang sarili sa pangangaral ng ebanghelyo matapos silang magbalik-loob sa Panginoon (tingnan sa Enos 1:26; Mosias 18:1; Mosias 27:32–37; Alma 10:1–12; 15:12).

*Puspos sila ng pagmamahal.* Nang bisitahin ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang mga tao sa mga lupain ng Amerika, "ang mga tao ay nagbalik-loob na lahat sa Panginoon, sa ibabaw ng buong lupain, kapwa ang mga Nephita at Lamanita, at hindi nagkaroon ng mga alitan at pagtatalu-talo sa kanila, at bawat tao ay makatarungan ang pakikitungo sa isa't isa. . . .

"At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao.

"At walang mga inggitan, ni sigalutan, ni alitan, ni pagpapatutot, ni pagsisinungaling, ni pagpaslang, ni anumang uri ng kahalayan; at tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos.

"Walang mga tulisan, ni mamamatay-tao, ni nagkaroon ng mga Lamanita, ni anumang uri ng mga 'ita'; kundi sila ay iisa, ang mga anak ni Cristo, at mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos" (4 Nephi 1:2, 15–17).

## Pagsisikap na Mapalalim ang Pagbabalik-loob

Pangunahing responsibilidad ninyo ang sarili ninyong pagbabalik-loob. Walang magbabalik-loob para sa inyo, at walang makakapilit sa inyong magbalik-loob. Gayunman, matutulungan kayo ng iba sa proseso ng pagbabalik-loob. Matuto mula sa mabubuting halimbawa ng mga kapamilya, lider at guro sa Simbahan, at kalalakihan at kababaihan sa mga banal na kasulatan.

Mag-iibayo ang kakayahan ninyong dumanas ng malaking pagbabago ng puso kapag nagsikap kayong sundan ang perpektong halimbawa ng Tagapagligtas. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan, manalangin nang may pananampalataya, sundin ang mga utos, at hangaring mapasainyong lagi ang Espiritu Santo. Habang patuloy kayo sa proseso ng pagbabalik-loob, tatanggap kayo ng "labis-labis sa dakilang kagalakan," tulad ng ginawa ng mga tao ni Haring Benjamin nang ang Espiritu ay "gumawa ng malaking pagbabago . . . sa [kani-

lang] mga puso" (tingnan sa Mosias 5:2, 4). Masusunod ninyo ang payo ni Haring Benjamin na "maging matatag at huwag matitinag, laging nananagana sa mabubuting gawa, upang si Cristo, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan, ay matatakan kayong kanya, upang kayo ay madala sa langit, upang kayo ay magkaroon ng walang hanggang kaligtasan at buhay na walang hanggan" (Mosias 5:15).

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 18:3; Lucas 22:32; Alma 5:7–14

*Tingnan din sa* Binyag; Espiritu Santo; Kaligtasan; Pagbabayad-sala ni Jesucristo

## Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Ang ibig sabihin ng salitang *magbayad-sala* ay makipagbati, o ipanumbalik ang pagkakasundo. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong makipagkasundo sa ating Ama sa Langit (tingnan sa Mga Taga Roma 5:10–11; 2 Nephi 25:23; Jacob 4:11). Sa huli ay maaari tayong manahan sa piling ng Diyos magpakailanman, sapagkat tayo ay "ginawang ganap sa pamamagitan ni Jesus" (tingnan sa D at T 76:62, 69).

Si Jesucristo "ang siyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig upang tubusin ang [Kanyang] mga tao" (Eter 3:14). Sa daigdig ng mga espiritu bago isilang sa mundo, inihayag ng Ama sa Langit ang walang hanggang plano ng kaligtasan, na nangangailangan ng walang katapusan at walang hanggang Pagbabayad-sala. Si Jesus noong hindi pa isinisilang, na kilala noon bilang si Jehova, ay mapakumbabang ipinahayag na gagawin Niya ang kalooban ng Ama para sa katuparan ng plano (tingnan sa Moises 4:2). Kaya nga noon pa Siya naorden upang isakatuparan ang Pagbabayad-sala—isilang sa mundo, pagdusahan ang kaparusahan sa ating mga kasalanan, mamatay sa krus, at mabuhay na mag-uli. Siya ay naging "Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan" (Apocalipsis 13:8; tingnan din sa I Ni Pedro 1:19–20; Moises 7:47).

Ang Pagbabayad-sala ang pinakamarubdob na pagpapahayag ng pagmamahal sa atin ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Juan 3:16). Ito rin ang pinakadakilang pagpapahayag ng pagmamahal ng Tagapagligtas sa Ama at sa atin (tingnan sa Juan 14:28–31; 15:9–13; I Ni Juan 3:16; D at T 34:3; 138:1–4).

## Ang Pangangailangan Natin sa Pagbabayad-sala

Bilang mga inapo nina Adan at Eva, minana ng lahat ng tao ang epekto ng Pagkahulog. Dinaranas nating lahat ang espirituwal na kamatayan, dahil nawalay tayo sa piling ng Diyos, at tayong lahat ay sumasailalim sa temporal na kamatayan, na siyang kamatayan ng pisikal na katawan (tingnan sa Alma 42:6–9; D at T 29:41–42).

Sa ating nahulog na kalagayan, sumasailalim tayo sa kalaban at tukso. Kapag nagpatangay tayo sa tukso, inilalayo natin ang ating sarili sa Diyos at nabibigo tayong makamit ang Kanyang kaluwalhatian (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23).

Hinihingi ng walang hanggang katarungan na manatili ang mga epekto ng Pagkahulog at maparusahan tayo dahil sa sarili nating mga kamalian. Kung hindi dahil sa Pagbabayad-sala, magiging hadlang ang espirituwal at temporal na kamatayan sa pagitan natin at ng Diyos. Dahil hindi natin kayang iligtas ang ating sarili sa Pagkahulog o sa sarili nating mga kasalanan, mawawalay tayo sa ating Ama sa Langit magpakailanman, dahil "walang maruming bagay ang makatatahan . . . sa kanyang kinaroroonan" (Moises 6:57).

Ang tanging paraan para tayo maligtas ay sagipin tayo ng iba. Kailangan natin ang isang taong makatutugon sa hinihingi ng katarungan—na tatayo sa ating lugar upang pasanin ang bunga ng Pagkahulog at pagbayaran ang ating mga kasalanan. Si Jesucristo ang siyang laging nag-iisang may kakayahang gawin ang gayong sakripisyo.

## Si Jesucristo, ang Ating Tanging Pag-asa

Bago ang Paglikha ng daigdig, ang Tagapagligtas na ang ating tanging pag-asa sa "kapayapaan sa daigdig na ito, at

buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23).

Siya lamang ang may kapangyarihang mag-alay ng buhay at mabuhay na mag-uli. Mula sa Kanyang mortal na inang si Maria, minana Niya ang katangiang mamatay. Mula sa Kanyang imortal na Ama, minana Niya ang kapangyarihang madaig ang kamatayan. Ipinahayag Niya, "Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili" (Juan 5:26).

Tanging Siya lamang ang makatutubos sa atin mula sa ating mga kasalanan. Ibinigay sa Kanya ng Diyos Ama ang kapangyarihang ito (tingnan sa Helaman 5:11). Natanggap ng Tagapagligtas ang kapangyarihang ito at naisagawa ang Pagbabayad-sala dahil nakapanatili Siyang walang bahid-sala: "Siya ay nagdanas ng mga tukso subalit hindi siya nagpadaig sa mga ito" (D at T 20:22). Dahil nakapamuhay nang perpekto at walang-bahid-sala, wala Siyang kasalanang dapat pagbayaran. Dahil may kapangyarihan Siyang tumubos at wala Siyang kasalanan, mababayaran Niya ang kasalanan ng mga nagsisisi. Maaari Niyang sabihing:

"Ama, masdan ang mga pagdurusa at ang kamatayan niya na walang ginawang kasalanan, na inyong lubos na kinalulugdan; masdan ang dugo ng inyong Anak na nabuhos, ang dugo niya na inyong ibinigay upang ang inyong sarili ay luwalhatiin;

"Kaya nga, Ama, iligtas ang mga kapatid kong ito na naniniwala sa aking pangalan, upang sila ay makaparito sa akin at magkaroon ng buhay na walang hanggan" (D at T 45:4–5).

Tunay, "walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan" (Mosias 3:17).

## Ang Nagbabayad-salang Sakripisyo

Naganap ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesus sa Halamanan ng Getsemani at sa krus sa Kalbaryo. Sa Getsemani sinunod niya ang kalooban ng Ama at nagsimulang taglayin sa Kanyang Sarili ang mga kasalanan ng lahat ng tao. Inihayag Niya ang ilan sa mga dinanas Niya nang pagbayaran Niya ang ating mga kasalanan:

"Ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit—

"Gayon pa man, ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao" (D at T 19:16–19; tingnan din sa Lucas 22:44; Mosias 3:7).

Patuloy na nagdusa ang Tagapagligtas para sa ating mga kasalanan nang hinayaan Niyang ipako Siya sa krus—"itinaas siya sa krus at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (1 Nephi 11:33).

Sa krus, pumayag Siyang mamatay. Inilagak ang Kanyang katawan sa isang libingan hanggang sa mabuhay Siyang mag-uli at naging "pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Mga Taga Corinto 15:20). Dahil sa Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli, nadaig Niya ang pisikal na kamatayan para sa ating lahat. Kalaunan ay sinabi Niya:

"Ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas

sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung ang mga yaon ay mabuti o kung ang mga yaon ay masama—

"At sa dahilang ito ako ay ipinako; kaya nga, alinsunod sa kapangyarihan ng Ama ay hihikayatin ko ang lahat ng tao sa akin, upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.

"At ito ay mangyayari, na sinuman ang magsisisi at mabibinyagan sa aking pangalan ay mapupuspos; at kung siya ay magtitiis hanggang wakas, masdan, siya ay pawawalan ko ng sala sa harapan ng aking Ama sa araw na yaon kung kailan ako tatayo upang hatulan ang sanlibutan" (3 Nephi 27:13–16).

### Pagtubos sa Buong Sangkatauhan mula sa Pagkahulog

Dahil sa Pagbabayad-sala, tinubos ni Jesucristo ang lahat ng tao mula sa mga epekto ng Pagkahulog. Lahat ng taong nabuhay at mabubuhay sa daigdig ay mabubuhay na mag-uli at makababalik sa piling ng Diyos upang hatulan (tingnan sa 2 Nephi 2:5–10; Helaman 14:15–17). Dahil sa awa at nakatutubos na biyaya ng Tagapagligtas, lahat tayo ay pagkakalooban ng kawalang-kamatayan at mabubuhay magpakailanman sa niluwalhati at nabuhay na mag-uling katawan.

### Kaligtasan mula sa Ating mga Kasalanan

Bagama't tinubos tayo nang walang kundisyon mula sa mga epekto ng Pagkahulog sa buong sangkatauhan, mananagot tayo para sa sarili nating mga kasalanan. Ngunit mapapatawad tayo at malilinis mula sa bahid ng kasalanan kung ating "[ga]gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo" (Mosias 4:2). Dapat tayong sumampalataya kay Jesucristo, magsisi, at mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Ipinayo ni Alma:

"Kayo ay kinakailangang magsisi, at isilang na muli; sapagkat ang Espiritu ay nagsabi na kung kayo ay hindi isisilang na muli ay hindi ninyo maaaring manahin ang kaharian ng langit; kaya nga halina at magpabinyag tungo sa pagsisisi, upang kayo ay mahugasan mula sa inyong mga kasalanan, upang kayo ay magkaroon ng pananampalataya sa Kordero ng Diyos, na siyang mag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, na may kapangyarihang makapagligtas at maglinis sa lahat ng kasamaan" (Alma 7:14).

## Ang Kaloob na Buhay na Walang Hanggan

Ipinahayag ng Tagapagligtas na buhay na walang hanggan ang "pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos" (D at T 14:7). Ang pagtatamo ng buhay na walang hanggan ay pagiging karapat-dapat na makapanahan sa piling ng Diyos, at magmana ng isang lugar sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal. Makukuha lamang ang kaloob na ito sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sabi ni Mormon: "Ano ito na inyong aasahan? Masdan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan, at ito ay dahil sa inyong pananampalataya sa kanya alinsunod sa pangako" (Moroni 7:41).

Upang matanggap ang kaloob na ito, dapat nating tugunan ang ilang kundisyon. Dapat tayong sumampalataya kay Jesucristo, magsisi sa ating mga kasalanan, at tapat na magtiis hanggang wakas. Dapat nating tanggapin ang mga ordenansa ng kaligtasan: binyag, kaloob na Espiritu Santo, ordenasyon sa Melchizedek Priesthood (para sa kalalakihan), at endowment at kasal sa templo. Sa pagtanggap sa mga ordenansang ito at pagtupad sa kaugnay nitong mga tipan, napapalapit tayo kay Cristo at sa bandang huli ay tatanggap ng kaloob na buhay na walang hanggan (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Sa Kanyang walang hanggang katarungan at awa, bibigyan din ng Panginoon ng buhay na walang hanggan ang "lahat ng nangamatay na walang kaalaman sa ebanghelyong ito, na kanilang tatanggapin ito kung sila lamang ay pinahintulutang manatili" at "lahat ng batang namatay bago sila sumapit sa gulang ng pananagutan" (D at T 137:7, 10).

Inaanyayahan tayong lahat ng Tagapagligtas na tanggapin ang buhay na walang hanggan: "Siya ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila, at kanyang sinabi: Magsisi, at akin kayong tatanggapin. Oo, kanyang sinabi: Lumapit sa akin at kayo ay makababahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay; oo, kayo ay malayang makakakain at makaiinom ng tinapay at ng mga tubig ng buhay" (Alma 5:33–34).

## Pagkakaroon ng Kapayapaan at Paggaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala

Hanggang kawalang-hanggan ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ngunit dumarating din ito sa buhay na ito. Kapag lumapit kayo kay Cristo, malalaman ninyo ang galak ng maging malinis sa harapan ng Panginoon. Mauulit ninyo ang sinabi ni Alma, na matapos magkasala at maghimagsik ay dumanas ng mahirap ngunit nagpapagaling na proseso ng pagsisisi. Matapos mapatawad, siya ay nagpatotoo:

"Hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan.

"At o, anong galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko; oo, ang kaluluwa ko'y napuspos ng kagalakan na kasingsidhi ng aking pasakit!

". . . Walang ano mang bagay ang kasinghapdi at kasingpait ng aking mga pasakit. . . . Sa kabilang dako, walang ano mang bagay ang kasingganda at kasingtamis ng aking kagalakan" (Alma 36:19–21).

Bukod pa sa pagtubos mula sa pasakit ng kasalanan, nagbigay rin ang Tagapagligtas ng kapayapaan sa oras ng pagsu-

bok. Bilang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala, tinaglay ni Jesus sa Kanyang sarili ang pasakit, mga karamdaman, at kahinaan ng lahat ng tao (tingnan sa Alma 7:11–12). Nauunawaan Niya ang inyong pagdurusa dahil naranasan Niya ito. Sa lubos na pag-unawang ito, alam Niya kung paano kayo tutulungan. Mailalagak ninyo "sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya" (I Pedro 5:7).

Dahil sa inyong pananampalataya at kabutihan at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, lahat ng kawalang-katarungan, sakit, at pasakit sa buhay na ito ay lubos na gagantimpalaan at itatama. Ang mga pagpapalang hindi natanggap sa buhay na ito ay ibibigay sa kawalang-hanggan. At bagama't hindi Niya napagiginhawa ang lahat ng pagdurusa ninyo ngayon, babasbasan Niya kayo ng kapanatagan at pang-unawa at lakas na "mabata ninyo ang [inyong] mga pasanin nang may kagaanan" (Mosias 24:15).

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha," sabi ng Tagapagligtas, "at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28). Sa isa pang pagkakataon muli Niyang ipinangako ang Kanyang kapayapaan, na sinabing, "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33). Ito ang mga pangako ng Pagbabayad-sala, sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan.

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 49:13–16; 53; Mateo 26–28; Marcos 14–16; Lucas 22–24; Juan 10:14–15; 11:25–26; 14:6; 15:13; 19–20; I Mga Taga Corinto 15:20–22; Mga Hebreo 4:14–16; I Ni Juan 1:7; 1 Nephi 10:6; 2 Nephi 2:1–10; 9; 25:23–26; Jacob 4:12; Mosias 3:1–19; Alma 22:14; 34:5–18; 42; Helaman 5:9–12; 14:13–19; 3 Nephi 9:14–22; 27:13–22; Mormon 9:10–14; Eter 12:27, 41; Moroni 8:5–26; 10:32–33; D at T 18:10–12; 19:15–24; 20:17–34; 45:3–5; 76:40–43; Moises 1:39

*Tingnan din sa* Awa; Binyag; Buhay na Walang Hanggan; Diyos Ama; Ebanghelyo; Kamatayan, Espirituwal; Kaligtasan; Kamatayan, Pisikal; Kapatawaran; Katarungan; Mga Kaharian ng Kaluwalhatian; Mga Ordenansa; Pagkabuhay na Mag-uli; Pagkahulog; Pagsisisi; Pananampalataya; Plano ng Kaligtasan

## Paggawa ng Family History at Genealogy

Noong Abril 3, 1836, nagpakita ang propetang si Elijah kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple. Iginawad niya sa kanila ang kapangyarihan ng priesthood na magbuklod, at maaari nang mabuklod ang mga pamilya sa lahat ng henerasyon. Sa paggawad ng kapangyarihang ito, tinupad niya ang propesiya na isusugo siya ng Panginoon "upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama" (tingnan sa D at T 110:14–16; tingnan din sa Malakias 4:5–6).

Sa paggawa ng family history, makakatulong kayo sa patuloy na katuparan ng propesiyang ito. Malalaman ninyo ang tungkol sa inyong mga ninuno at mag-iibayo ang pagmamahal ninyo sa kanila. Mabibigyang-inspirasyon kayo ng kanilang mga kuwento ng katapangan at pananampalataya. Maipapasa ninyo ang pamanang iyon sa inyong mga anak.

Ang mga ito ay mga walang hanggang kapakinabangang nagmula sa paggawa ng family history, ngunit hindi ito ang mga pangunahing dahilan ng malaking pagsisikap ng Simbahan na makatipon ng mga rekord para sa genealogy. Lahat ng pagsisikap ng Simbahan para sa family history ay nakatuon sa pangangailangang magbuo ng "pag-uugnay . . . sa pagitan ng mga ama at ng mga anak" (D at T 128:18). Ang pag-uugnay na ito ay nabubuo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa sa templo na natatanggap natin alang-alang sa ating mga ninuno.

### Pagtubos sa mga Patay

Marami sa mga anak ng Ama sa Langit ang namatay nang walang oportunidad na matanggap ang kaganapan ng ebanghelyo. Sa Kanyang awa at walang hanggang pagmamahal, naghanda ng daan ang Panginoon para magkaroon sila ng patotoo sa ebanghelyo at matanggap ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng priesthood.

Sa daigdig ng mga espiritu, ang ebanghelyo ay "naipangaral sa yaong mga nangamatay sa kanilang mga kasalanan, na walang nalalaman sa katotohanan, o sa paglabag, na tumanggi sa mga propeta. Sa kanila ay itinuro ang pananampalataya sa Diyos, pagsisisi mula sa kasalanan, pagbibinyag alang-alang sa iba para sa kapatawaran ng mga kasalanan, ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, at lahat ng iba pang alituntunin ng ebanghelyo na kinakailangan nilang malaman upang maging karapat-dapat ang kanilang sarili upang sila alinsunod sa mga tao sa laman ay mahatulan, subalit mangabuhay alinsunod sa Diyos sa espiritu" (D at T 138:32–34).

Maraming nasa daigdig ng mga espiritu ang tumatanggap sa ebanghelyo. Gayunman, hindi nila matatanggap ang mga ordenansa ng priesthood para sa kanilang sarili dahil wala silang pisikal na katawan. Sa mga banal na templo, may pribilehiyo tayong matanggap ang mga ordenansa para sa kanila. Kabilang sa mga ordenansang ito ang binyag, kumpirmasyon, ordenasyon sa Melchizedek Priesthood (para sa kalalakihan), endowment, pagbubuklod ng kasal, at pagbubuklod ng mga anak sa mga magulang. Inihayag ng Panginoon ang gawaing ito kay Propetang Joseph Smith, na nagpanumbalik sa gawi na inihayag sa mga Kristiyano pagkatapos na pagkatapos na Mabuhay na Mag-uli si Jesucristo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:29).

Kapag natanggap ninyo ang mga ordenansa ng priesthood alang-alang sa mga namatay, nagiging tagapagligtas kayo sa Bundok ng Sion para sa kanila (tingnan sa Obadias 1:21). Ang pagsisikap ninyo ay katulad ng diwa ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas—nagsasagawa kayo ng nakapagliligtas na gawain para sa iba na hindi nila magagawa para sa kanilang sarili.

Ang mga Responsibilidad Ninyo sa Paggawa ng Family History

Sa paggawa ng family history, may tatlo kayong pangunahing responsibilidad:

1. Tumanggap ng mga ordenansa sa templo para sa inyong sarili at tulungan ang mga kapamilya na matanggap ang mga ito.
2. Magkaroon ng may bisang temple recommend at dalasan ang pagpunta sa templo kung itutulot ng sitwasyon.
3. Magtipon ng impormasyon para sa family history upang matulungan ninyo ang inyong mga ninuno na matanggap ang mga pagpapala ng templo.

Makakabahagi kayo sa gawain sa family history at templo, kahit papaano, saan man kayo nakatira o anuman ang inyong kalagayan. Kahit malamang na hindi ninyo magawa ang lahat, may magagawa kayo. Maaaring makatulong ang sumusunod na mga ideya para makapagsimula kayo:

- Itala ang mahahalagang detalye ng sarili ninyong buhay. Itala ang petsa at lugar ng inyong kapanganakan at mga petsa ng inyong binyag at kumpirmasyon. Mag-ingat ng personal journal para itala ang mga tampok na pangyayari sa inyong buhay, kasama na ang mga personal ninyong karanasan na magpapalakas sa pananampalataya ng inyong mga anak at iba pang darating na mga henerasyon.
- Alamin ang tungkol sa inyong mga ninuno. Magsimula sa pagtatala ng impormasyong naaalala ninyo at mula sa mga mapagtatanungan sa bahay. Itala ang mahahalagang impormasyong tama ang pagkatanda ninyo o masasaliksik tungkol sa mga kapatid, magulang, tiyo at tiya, lolo't lola, at mga ninuno. Kung maaari, kumuha ng kopya ng mga sertipiko o iba pang

mga dokumentong kinapapalooban ng impormasyong ito. Sa pagtitipon ninyo ng karagdagang impormasyon, maaari kayong magsaliksik sa iba pang lugar, tulad ng pampublikong mga talaan. May family history consultant sa inyong ward o branch na makakatulong sa inyo. Maaari din kayong magsaliksik sa opisyal na Web site ng Simbahan para sa family history, ang www.familysearch.org.

- Habang sinasaliksik ninyo ang inyong mga ninuno, gamitin ang mga pedigree chart at family group sheet form para itala ang impormasyong natagpuan ninyo. Nakasulat ang mga ito sa papel at makukuha rin sa mga software program na gawa ng Simbahan, tulad ng Personal Ancestral File.

Kapag natipon na ninyo ang kailangang impormasyon tungkol sa inyong mga ninunong namatay nang hindi natatanggap ang ebanghelyo, tiyaking maisagawa ang gawain sa templo para sa kanila. Kahit di gaanong malapit ang tirahan ninyo sa templo para maisagawa ninyong magpapamilya ang ordenansa, maibibigay ninyo ang mga pangalan ng inyong mga ninuno sa isang templo para maisagawa ng iba ang gawain para sa kanila. Maaari kayong bumisita sa kalapit na family history center o sumangguni sa ward o branch family history consultant sa inyong lugar upang malaman kung paano ito gagawin.

Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na may mga "alituntuning may kinalaman sa mga patay at sa mga buhay na hindi maaaring ipagwalang-bahala nang gayun-gayon lamang, gaya ng nauukol sa ating kaligtasan. Sapagkat ang kanilang kaligtasan ay kinakailangan at lubhang mahalaga sa ating kaligtasan, gaya ng . . . sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap—ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap" (D at T 128:15). Sa pamamagitan ng partisipasyon ninyo sa paggawa ng family history, kayo ng inyong mga ninuno ay susulong tungo sa kaligtasan.

*Tingnan din sa* Mga Templo

## Paghahayag

Ang paghahayag ay pakikipag-ugnayan ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang patnubay na ito ay dumarating sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan ayon sa mga pangangailangan at kalagayan ng mga tao, pamilya, at ng buong Simbahan.

Kapag inihahayag ng Panginoon ang Kanyang kalooban sa Simbahan, nagsasalita Siya sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Maraming ganitong paghahayag sa mga banal na kasulatan—ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta noong sinauna at sa mga huling araw. Ngayon patuloy na ginagabayan ng Panginoon ang Simbahan sa paghahayag ng Kanyang kalooban sa Kanyang mga piling tagapaglingkod.

Hindi lamang mga propeta ang maaaring tumanggap ng paghahayag. Ayon sa inyong katapatan, maaari din kayong tumanggap ng paghahayag upang tulungan kayo sa inyong partikular na mga pangangailangan, responsibilidad, at tanong at mapalakas ang inyong patotoo.

### Paghahandang Tumanggap ng Paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo

Iba't iba ang uri ng paghahayag sa mga banal na kasulatan, tulad ng mga pangitain, panaginip, at pagdalaw ng mga anghel. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang iyon ng komunikasyon, ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo sa mga huling araw at inihayag ang mga katotohanan tungkol sa mga doktrinang tulad ng buhay bago tayo isinilang sa mundo, pagtubos sa mga patay, at tatlong kaharian ng kaluwalhatian. Gayunman, karamihan sa paghahayag sa mga lider at miyembro ng Simbahan ay dumarating sa pamamagitan ng mga bulong ng Espiritu Santo.

Maaaring tila hindi kagila-gilalas ang tahimik at espirituwal na mga panghihikayat na tulad ng mga pangitain o pagdalaw ng mga anghel, ngunit ang mga ito ay higit na makapangyarihan at walang hanggan at nagpapabago ng buhay. Ang pagpapatotoo ng Espiritu Santo ay umiimpluwensya sa kaluluwa na higit na mahalaga kaysa anumang makikita o maririnig ninyo. Sa pamamagitan ng gayong mga paghahayag, tatanggap kayo ng walang hanggang lakas na manatiling tapat sa ebanghelyo at matulungan ang iba na gayon din ang gawin.

Ang sumusunod na payo ay makakatulong sa paghahanda ninyong matanggap ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo:

*Ipanalanging mapatnubayan.* Sabi ng Panginoon, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan" (Mateo 7:7–8). Upang makasumpong at makatanggap, dapat kayong maghanap at humingi. Kung hindi kayo kakatok—mananalangin sa inyong Ama sa Langit para sa patnubay—ang pintuan ng paghahayag ay hindi bubuksan sa inyo. Ngunit kung lalapit kayo sa inyong Ama sa mapakumbabang panalangin, di maglalaon at kayo ay "makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan" (D at T 42:61).

*Maging mapitagan.* Ang kapitagan ay matinding paggalang at pagmamahal. Kapag kayo ay mapitagan at mapayapa, nag-aanyaya kayo ng paghahayag. Kahit magulo ang inyong paligid, maaari kayong maging mapitagan at handang tumanggap ng patnubay mula sa Panginoon.

*Maging mapakumbaba.* Malapit ang kaugnayan ng pagpapakumbaba sa kapitagan. Kapag kayo ay mapakumbaba, kinikilala ninyo ang inyong pag-asa sa Panginoon. Itinuro ng

propetang si Mormon, "Dahil sa kaamuan at mapagpakumbabang puso ay dumarating ang pagdalaw ng Espiritu Santo, kung aling Mang-aaliw ay pumupuno ng pag-asa at ganap na pag-ibig" (Moroni 8:26).

*Sundin ang mga utos.* Kapag sinusunod ninyo ang mga utos, handa na kayong tanggapin, kilalanin, at sundin ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo. Nangako ang Panginoon, "Sa kanya na sumusunod sa aking mga kautusan ay ibibigay ko ang mga hiwaga ng aking kaharian, at ang mga ito sa kanya ay magiging isang balon ng tubig na buhay, na bumubukal tungo sa buhay na walang hanggan" (D at T 63:23).

*Maging karapat-dapat sa pakikibahagi ng sacrament.* Ang mga panalangin sa sacrament ay nagtuturo kung paano palagiang makakapiling ang Banal na Espiritu. Kapag nakibahagi kayo ng sacrament, nangangako kayo sa Diyos na handa ninyong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ng Kanyang Anak at lagi Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga utos. Nangako ang Ama sa Langit na kapag tinupad ninyo ang mga tipang ito, laging sasainyo ang Espiritu. (Tingnan sa D at T 20:77, 79.)

*Pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.* Habang masigasig ninyong pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan, natututo kayo mula sa mga halimbawa ng mga lalaki't babaeng pinagpala ang buhay dahil sinunod nila ang inihayag na kalooban ng Panginoon. Nagiging higit na handa rin kayong dinggin ang Espiritu Santo sa sarili ninyong buhay. Habang nagbabasa kayo at nagninilay-nilay, maaari kayong makatanggap ng paghahayag tungkol sa kung paano ipamumuhay ang isang talata sa banal na kasulatan o tungkol sa anumang iba pang bagay na nais iparating sa inyo ng Panginoon. Dahil makakatulong ang pagbabasa ng banal na kasulatan sa pagtanggap ninyo ng personal na paghahayag, dapat ninyong pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.

*Magnilay-nilay.* Kapag pinagnilay-nilay ninyo ang mga katotohanan ng ebanghelyo, binubuksan ninyo ang inyong puso't isipan sa gabay na impluwensya ng Espiritu Santo

(tingnan sa 1 Nephi 11:1; D at T 76:19; 138:1–11). Inilalayo ng pagninilay-nilay ang inyong isipan sa mga walang kabuluhang bagay sa mundo at inilalapit kayong lalo sa Espiritu.

*Sa paghahangad ng patnubay, pag-aralan ito sa inyong isipan.* Kung minsan makikipag-ugnayan lamang ang Panginoon matapos ninyong pag-aralan iyon sa inyong isipan. Ipinaliwanag ng Panginoon ang prosesong ito kay Oliver Cowdery, na naglingkod bilang tagasulat ni Joseph Smith sa halos buong pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, kinausap ng Panginoon si Oliver Cowdery, at ipinaliwanag kung bakit hindi pinagsalin ng Aklat ni Mormon si Oliver kahit binigyan siya ng kaloob na makapagsalin: "Masdan, hindi mo naunawaan; inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin. Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, madarama mo na ito ay tama" (D at T 9:7–8).

*Matiyagang hangarin ang kalooban ng Diyos.* Inihahayag ng Diyos ang Kanyang sarili "sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban" (tingnan sa D at T 88:63–68). Ang paghahayag ay malamang na dumating sa inyo nang "taludtod sa taludtod, . . . tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" (2 Nephi 28:30; tingnan din sa Isaias 28:10; D at T 98:12). Huwag ipagpilitan ang mga espirituwal na bagay. Hindi dumarating ang paghahayag sa ganyang paraan. Magtiyaga at magtiwala sa takdang oras ng Panginoon.

## Pagkilala sa mga Panghihikayat ng Espiritu Santo

Sa gitna ng maraming ingay at naghahatid ng mensahe sa mundo ngayon, dapat ninyong matutuhang kilalanin ang mga bulong ng Espiritu Santo. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga pangunahing paraan ng pakikipag-ugnayan sa atin ng Espiritu Santo:

*Nagsasalita Siya sa puso't isipan sa marahan at banayad na tinig.* Itinuro ng Panginoon: "Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso. Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag" (D at T 8:2–3). Kung minsan ipauunawa sa inyo ng Espiritu Santo ang katotohanan ng ebanghelyo o ipararamdam sa inyo na "tila baga sumasaklaw sa [inyong] isipan, at tumitimo ito sa [inyong] damdamin" (D at T 128:1). Bagama't maaaring malaki ang impluwensya sa inyo ng gayong paghahayag, halos lagi itong dumarating nang tahimik, sa "marahan at banayad na tinig" (tingnan sa I Mga Hari 19:9–12; Helaman 5:30; D at T 85:6).

*Hinihikayat Niya tayo sa ating kalooban.* Bagama't madalas nating ilarawan ang pakikipag-ugnayan ng Espiritu bilang isang tinig, higit nating nadarama ang tinig na iyon kaysa naririnig. At samantalang binabanggit natin ang "pakikinig" sa mga bulong ng Espiritu Santo, madalas nating ilarawan ang espirituwal na panghihikayat sa pagsasabing, "Nadama ko . . ." Ang payo ng Panginoon kay Oliver Cowdery sa bahagi 9 ng Doktrina at mga Tipan, na tinalakay sa pahina 126, ay nagtuturo ng alituntuning ito. Gayunman, kung minsan ay mali ang pagkaunawa sa payong ito. Pagkabasa sa talatang iyon, nalilito ang ilang miyembro ng Simbahan, sa paniniwalang kailanma'y hindi sila nakatanggap ng panghihikayat ng Espiritu Santo dahil hindi nag-alab ang kanilang dibdib kahit minsan. Pansinin ang huling sinabi ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 9:8: "Samakatwid, madarama mo na ito ay tama." Ang pag-aalab na inilarawan sa talatang ito ng banal na kasulatan ay hindi naman nagpapahiwatig ng pag-iinit ng damdamin kundi ng damdamin ng kaaliwan at kapayapaan. Sa patuloy ninyong paghahangad at pagsunod sa kalooban ng Panginoon sa inyong buhay, mauunawaan ninyo kung paano kayo naiimpluwensyahan mismo ng Espiritu Santo.

*Naghahatid Siya ng kapayapaan.* Madalas ay tinatawag na Mang-aaliw ang Espiritu Santo (tingnan sa Juan 14:26; D at T 39:6). Kapag inihahayag Niya ang kalooban ng Panginoon sa inyo, Siya'y "[m]angungusap ng kapayapaan sa i[n]yong isi-

pan" (D at T 6:23). Ang kapayapaang bigay Niya ay hindi maaaring gayahin ng mga impluwensya ng kamunduhan o mga maling turo. Ito ang kapayapaang ipinangako ng Tagapagligtas nang tiyakin Niya sa Kanyang mga disipulo na magsusugo Siya ng Mang-aaliw: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

Mga karagdagang sanggunian: Amos 3:7; Mateo 16:13–18; I Mga Taga Corinto 2:9–14; 12:3; Apocalipsis 19:10; Alma 5:43–48; 17:2–3; D at T 76:5–10; 121:26–33; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7, 9

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Kapitagan; Mga Banal na kasulatan; Mga Espirituwal na Kaloob; Panalangin; Pananampalataya

## Paghatol o Paghusga sa Iba

Kung minsan ipinapalagay ng mga tao na masamang husgahan ang iba sa anumang paraan. Bagama't totoo na hindi ninyo dapat hatulan o husgahan ang iba nang wala sa katwiran, kakailanganin ninyong husgahan ang mga ideya, sitwasyon, at tao sa buong buhay ninyo. Maraming iniutos ang Panginoon na hindi ninyo matutupad nang hindi kayo humahatol o nanghuhusga. Halimbawa, sinabi Niya: "Mangagingat kayo sa mga bulaang propeta. . . . Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila" (Mateo 7:15–16) at "Kayo ay lumayo mula sa masasama" (D at T 38:42). Kailangan ninyong husgahan ang mga tao sa maraming mahahalagang pasiya ninyo, tulad ng pagpili ng mga kaibigan, paghalal sa mga lider ng pamahalaan, at pagpili ng mapapangasawa sa kawalang-hanggan.

Ang paghusga o paghatol ay mahalagang paggamit ng inyong kalayaang pumili at nangangailangan ng hustong pag-iingat, lalo na kapag hinuhusgahan o hinahatulan ninyo ang ibang mga tao. Lahat ng paghatol ninyo ay dapat magabayan ng matwid na mga pamantayan. Alalahanin na tanging

Diyos lamang, na nakababatid sa niloloob ng isang tao, ang makagagawa ng huling paghatol sa mga tao (tingnan sa Apocalipsis 20:12; 3 Nephi 27:14; D at T 137:9).

Nagbabala ang Panginoon para gabayan tayo sa paghatol natin sa iba: "Sa kahatulang ihahatol ninyo, kayo ay hahatulan, at sa panukat na isusukat ninyo, iyon ang ipanunukat na muli sa inyo. At bakit mo minamasdan ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid, ngunit hindi mo isinasaalang-alang ang tahilan na nasa iyong sariling mata? O paano mo sasabihin sa iyong kapatid: Hayaan mong alisin ko ang puwing sa iyong mata—at masdan, isang tahilan ay nasa iyong sariling mata? Ikaw na mapagkunwari, alisin mo muna ang tahilan na nasa sarili mong mata; at sa gayon malinaw mong makikita ang pag-aalis ng puwing sa mata ng iyong kapatid" (3 Nephi 14:2–5).

Sa talatang ito sa banal na kasulatan itinuro ng Panginoon na ang pagkakamaling nakikita natin sa iba ay madalas na para lang maliit na dumi sa mata ng taong iyon, kung ihahambing sa sarili nating mga pagkakamali, na parang malalaking tahilan sa ating mga mata. Kung minsan nakatuon tayo sa mga kamalian ng iba samantalang sa halip ay dapat nating sikaping paghusayin ang ating sarili.

Ang mga makatwiran ninyong paghusga sa iba ay magbibigay ng kailangang patnubay sa kanila at, sa ilang pagkakataon, proteksyon ito sa inyo at sa inyong pamilya. Maging maingat at magkaroon ng habag sa anumang paghuhusga. Hangga't kaya ninyo, husgahan ang mga sitwasyon ng mga tao sa halip na ang mga tao mismo. Hangga't maaari, iwasang manghusga hanggang sa magkaroon kayo ng sapat na kaalaman sa katotohanan. Pakiramdamang lagi ang paghihikayat ng Banal na Espiritu, na siyang gagabay sa inyong mga pasiya. Alalahanin ang payo ni Alma sa kanyang anak na si Corianton: "Tiyaking ikaw ay maawain sa iyong mga kapatid; makitungo nang makatarungan, humatol nang makatwiran, at patuloy na gumawa ng mabuti" (Alma 41:14).

Mga karagdagang sanggunian: I Samuel 16:7; Moroni 7:14–19; D at T 11:12

*Paghihirap*

*Tingnan din sa* Awa; Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal; Pagpapatawad

## Paghihirap

Bilang bahagi ng plano ng pagtubos ng Ama sa Langit, dumaranas kayo ng paghihirap sa buhay na ito. Ang mga pagsubok, kabiguan, kalungkutan, sakit, at sama ng loob ay mahirap na bahagi ng buhay, ngunit maaari itong humantong sa espirituwal na pag-unlad, kadalisayan, at paglago kapag bumaling kayo sa Panginoon.

Iba't iba ang pinagmumulan ng paghihirap. Kung minsan ay mahaharap kayo sa mga pagsubok dahil sa sarili ninyong kayabangan at katigasan ng ulo. Maiiwasan ang mga pagsubok na ito sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay. Ang iba pang mga pagsubok ay likas lamang na bahagi ng buhay at maaaring dumating kahit matwid ang inyong pamumuhay. Halimbawa, darating sa inyo ang mga pagsubok sa oras ng pagkakasakit o kawalang-katiyakan o pagkamatay ng isang mahal sa buhay. Kung minsan ay maaari kayong mahirapan dahil sa mga maling pasiya at masasakit na salita at ginawa ng ibang tao.

### Pagtugon sa Paghihirap nang May Pananampalataya

Ang inyong tagumpay at kaligayahan, kapwa ngayon at magpasawalang-hanggan, ay nakasalalay nang malaki sa inyong pagtugon sa mga suliranin ng buhay.

Isang salaysay sa Aklat ni Mormon ang nagpapakita ng iba't ibang pagtugon sa paghihirap. Ilang araw nang naglalakbay sa ilang ang propetang si Lehi at ang kanyang pamilya, gamit ang kanilang mga busog at palaso upang mangaso. Nahirapan ang pamilya nang masira ang mga busog ng mga anak ni Lehi. Ayaw nang umigkas ng mga busog nina Laman at Lemuel, at nabali naman ang kay Nephi. Dahil sa gutom at pagod, nagsimulang magreklamo sina Laman at Lemuel sa Panginoon. Si Lehi man ay bumulung-bulong na rin. Sa kabila nito, hindi naman pinanghinaan ng

loob si Nephi. Gumawa siya ng paraan. Isinalaysay niya: "Ako, si Nephi, ay gumawa mula sa kahoy ng isang busog, at mula sa isang tuwid na patpat, ng isang palaso; kaya nga, nasandatahan ako ng busog at palaso, kasama ng tirador at mga bato. At sinabi ko sa aking ama: Saan po ako patutungo upang makakuha ng pagkain?" Dahil napakumbaba sa mga sinabi ni Nephi, nagtanong si Lehi sa Panginoon kung saan sila pupunta para makakuha ng pagkain. Sinagot ng Panginoon ang kanyang mga dalangin at pinapunta si Nephi sa isang lugar kung saan siya makakakuha ng pagkain. (Tingnan sa 1 Nephi 16:15–31.)

Kapag nahihirapan ang ilang tao, para silang sina Laman at Lemuel. Nagrereklamo sila at sumasama ang loob. Itinatanong nila, "Bakit kailangang mangyari ito sa akin? Bakit ko kailangang danasin ito ngayon? Ano ang nagawa ko para parusahan ako nang ganito?" Ngunit ang mga tanong na ito ay may kapangyarihang mangibabaw sa kanilang isipan. Kaya nitong daigin ang kanilang pang-unawa, ubusin ang kanilang lakas, at alisan sila ng mga karanasang gustong iparanas sa kanila ng Panginoon. Sa halip na tumugon sa ganitong paraan, dapat ninyong sundan ang halimbawa ni Nephi. Isiping magtanong nang ganito, "Ano ang gagawin ko? Ano ang matututuhan ko sa karanasang ito? Ano ang dapat kong baguhin? Sino ang tutulungan ko? Paano ko maaalala ang maraming pagpapala sa akin sa oras ng pagsubok?"

Iba't ibang tugon ang kailangan sa iba't ibang uri ng paghihirap. Halimbawa, kung kayo ay maysakit, kailangan lamang siguro ninyong magtiis at manalig. Kung nasaktan kayo sa sinabi o ginawa ng ibang tao, dapat ninyong sikaping patawarin ang mga nanakit sa inyo. Kung kayo ay biktima ng pang-aabuso, dapat kayong humingi kaagad ng tulong. Kung dumarating ang mga pagsubok dahil sa katigasan ng inyong ulo, dapat ninyong iwasto ang inyong paguugali at mapakumbabang humingi ng tawad.

Bagama't iba-iba ang ilang pagtugon ninyo sa paghihirap, isa lamang ang dapat ninyong itugon palagi—may tiwala kayo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Itinuro ng propetang

si Alma, "Sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw" (Alma 36:3).

Pagtitiwala sa Ama sa Langit at Kay Jesucristo

Kapag nagtitiwala kayo sa Ama at sa Anak, nakatitiyak kayo na lubos Nila kayong mahal—na nais Nila kayong lumigaya at tutulungan Nilang umunlad ang inyong espirituwalidad. Sinusunod ninyo ang mga utos. Hinahangad ninyong malaman ang Kanilang kalooban, at ginagawa ang ipinagagawa Nila kahit iba ang gusto ninyo. Ang inyong mga paghingi ng tulong ay may kasamang pag-unawa na hindi agad lulutasin ng Ama sa Langit ang lahat ng bagay—na maaari Niya kayong paghintayin upang patuloy kayong matuto at umunlad. Pagkatapos ng lahat ng ito, maaaliw kayo sa katiyakang lubos na nauunawaan ng Tagapagligtas ang inyong mga pagsubok. Bilang bahagi ng Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, inako Niya "ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao." Inako Niya "ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:11–12). Dahil naranasan Niya ang inyong mga pasakit, alam Niya kung paano kayo tutulungan. Kung aasa kayo sa Kanya nang may pananampalataya, palalakasin Niya kayo upang makayanan ang anumang pagsubok na inyong daranasin.

Sa pagpupunyagi ninyong magtiwala sa Panginoon sa mga oras ng pagsubok, alalahanin ang sumusunod na payong ibinigay sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith:

"Siya na matapat sa kapighatian, ang gantimpala ng gaya niya ay mas dakila sa kaharian ng langit.

"Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong Diyos hinggil sa

mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang kaluwalhatiang susunod matapos ang maraming kapighatian.

"Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala" (D at T 58:2–4).

## Paghahanap ng Kapayapaan at Kagalakan sa Oras ng Paghihirap

Makasusumpong kayo ng kapayapaan at kagalakan kapag nalagpasan ninyo ang mga hamon at lumbay. May salaysay sa Aklat ni Mormon tungkol sa isang matwid na lahi na nakaalam sa katotohanang ito. Sa pagdurusa sa pang-aalipin ng isang malupit na pinuno, ibinuhos nila sa Diyos ang kanilang mga hinaing" (tingnan sa Mosias 24:8–12). Sumagot ang Panginoon:

"Itaas ang inyong mga ulo at maaliw, sapagkat nalalaman ko ang tipang inyong ginawa sa akin; at makikipagtipan ako sa aking mga tao at palalayain sila mula sa pagkaalipin.

"At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod, maging habang kayo ay nasa pagkaalipin; at ito ay gagawin ko upang kayo ay tumayong mga saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap" (Mosias 24:13–14).

Tumugon nang may pananampalataya ang mga tao, at "ang mga pasaning ipinataw [sa kanila] ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon" (Mosias 24:15).

Gaya ng matwid na mga taong ito, maaari kayong "[m]agpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon," batid na palalakasin Niya kayo sa inyong mga pagsubok. Nangako Siya, "Lahat ng bagay na kung saan kayo pinahirapan ay magkakalakip

na gagawa para sa inyong ikabubuti, at para sa kaluwalhatian ng aking pangalan" (D at T 98:3).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Hebreo 4:15–16; 2 Nephi 2:11–24; Mosias 23:21–22; D at T 105:6; 121:7–9; 122

*Tingnan din sa* Kapatawaran; Kapayapaan; Pag-asa; Pagsisisi; Plano ng Kaligtasan

## Pag-ibig sa Kapwa-tao

Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo," o "walang hanggang pag-ibig" (Moroni 7:47; 8:17). Itinuro ng propetang si Mormon: "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait, at hindi naiinggit, at hindi palalo, hindi naghahangad para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit, hindi nag-iisip ng masama, at hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan, binabata ang lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay" (Moroni 7:45; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 13:4–7).

Si Jesucristo ang ganap na halimbawa ng pag-ibig sa kapwa-tao. Sa Kanyang mortal na pagmiministeryo, lagi Siyang "naglilibot na gumagawa ng mabuti," nangangaral ng ebanghelyo at nagpapakita ng magiliw na habag sa mga dukha, nahihirapan, at nababagabag (tingnan sa Mateo 4:23; Marcos 6:6; Mga Gawa 10:38). Ang pinakadakila niyang pagpapahayag ng pag-ibig sa kapwa-tao ay ang Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala. Sabi Niya, "Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan" (Juan 15:13). Ito ang pinakadakilang pagpapamalas ng pagtitiis, kabaitan, at di-pagkamakasarili na ating malalaman. Sa pag-unawa sa walang katapusang pag-ibig ng Tagapagligtas, maaari kayong sumampalataya at magsisi sa inyong mga kasalanan, nagtitiwala na patatawarin Niya kayo at palalakasin sa pagsisikap ninyong maipamuhay ang ebanghelyo.

Nais ng Tagapagligtas na tanggapin ninyo ang Kanyang pagmamahal, at nais din Niyang ibahagi ninyo ito sa iba. Ipinahayag Niya sa Kanyang mga disipulo: "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 34–35). Sa mga pakikitungo ninyo sa mga kapamilya at sa iba, gawing halimbawa ang Tagapagligtas. Sikaping magmahal na katulad Niya, na laging may habag, pasensya, at awa.

Habang patuloy ninyong tinatanggap ang perpektong pag-ibig ng Tagapagligtas at minamahal ang iba nang katulad ni Cristo, makikita ninyo na nadaragdagan ang inyong pagmamahal. Magagalak kayo sa paglilingkod sa Panginoon. Laging sasainyo ang Espiritu Santo, na papatnubay sa inyong paglilingkod at pakikitungo sa iba. Magiging handa kayong humarap sa Panginoon sa Paghuhukom, kung kailan gagantimpalaan Niya kayo ayon sa inyong katapatan sa Kanyang gawain. Itinuro ni Mormon:

"Kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

"Datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.

"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng

ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay" (Moroni 7:46–48).

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 25:31–46; I Ni Juan 4:18; Eter 12:33–34; D at T 12:8; 34:3; 121:45

*Tingnan din sa* Pag-ibig, Pagmamahal; Paglilingkod

## Pagkabuhay na Mag-uli

Dahil sa Pagkahulog nina Adan at Eva, tayo'y sumailalim sa pisikal na kamatayan, na siyang paghihiwalay ng espiritu sa katawan. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli—maliligtas mula sa pisikal na kamatayan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22). Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay ang muling pagsasama ng espiritu at katawan sa isang perpekto at imortal na kalagayan, na hindi na dadanas pa ng sakit o kamatayan (tingnan sa Alma 11:42–45).

Ang Tagapagligtas ang unang tao sa mundong ito na nabuhay na mag-uli. Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng maraming salaysay na nagpapatotoo na Siya ay bumangon mula sa libingan (tingnan sa Mateo 28:1–8; Marcos 16:1–14; Lucas 24:1–48; Juan 20:1–29; I Mga Taga Corinto 15:1–8; II Ni Pedro 1:16–17).

Nang magpakita ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa Kanyang mga Apostol, tinulungan Niya silang maunawaan na Siya ay may katawang may laman at buto. Sabi Niya, "Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga: hipuin ninyo ako, at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin" (Lucas 24:39). Nagpakita rin Siya sa mga Nephita matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa 3 Nephi 11:10–17).

Sa panahon ng pagkabuhay na mag-uli, tayo ay "hahatulan alinsunod sa [ating] mga gawa. . . . Tayo ay dadalhin upang tumayo sa harapan ng Diyos, nakaaalam gaya ng nalalaman natin ngayon, at may malinaw na alaala ng lahat

ng ating mga pagkakasala" (Alma 11:41, 43). Ang walang hanggang kaluwalhatiang tatanggapin natin ay nakasalalay sa ating katapatan. Bagama't lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli, yaon lamang mga lumapit kay Cristo at nakibahagi sa kaganapan ng Kanyang ebanghelyo ang magmamana ng kadakilaan sa kahariang selestiyal.

Ang pag-unawa at patotoo sa pagkabuhay na mag-uli ay magbibigay sa inyo ng pag-asa at pananaw habang dumaranas kayo ng mga hamon, pagsubok, at tagumpay sa buhay. Makasusumpong kayo ng kaaliwan sa katiyakang ang Tagapagligtas ay buhay at sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, "nilagot niya ang mga gapos ng kamatayan, upang ang libingan ay hindi magtagumpay, at ang tibo ng kamatayan ay malamon sa pag-asa ng kaluwalhatian" (Alma 22:14).

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 25:8; 26:19; Juan 5:25–29; 11:25–26; I Mga Taga Corinto 15; Enos 1:27; Alma 40:23–26; 41; Mormon 9:12–14; D at T 88:15–16; 93:33–34; Moises 1:39

*Tingnan din sa* Kamatayan, Pisikal; Kaligtasan; Kaluluwa; Mga Kaharian ng Kaluwalhatian; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Plano ng Kaligtasan

## Pagkahulog

Sa Halamanan ng Eden, iniutos ng Diyos, "Sa lahat ng punungkahoy sa halamanan ay malaya kang makakakain, datapwat sa punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama, ay huwag kang kakain nito, gayon pa man, ikaw ay maaaring mamili para sa iyong sarili, sapagkat ito ay ibinigay sa iyo, subalit, pakatandaan na ito ay aking ipinagbabawal, sapagkat sa araw na kumain ka niyon ikaw ay tiyak na mamamatay" (Moises 3:16–17). Dahil nilabag nina Adan at Eva ang utos na ito at kumain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama, pinalayas sila mula sa harapan ng Panginoon (tingnan sa D at T 29:40–41). Sa madaling salita, dumanas sila ng espirituwal na kamatayan. Naging mortal din sila—napailalim sa pisikal na kamatayan. Ang

espirituwal at pisikal na kamatayang ito ay tinatawag na Pagkahulog.

## Ang Ating Nahulog na Kalagayan

Bilang mga inapo nina Adan at Eva, namana natin ang nahulog na kalagayan sa buhay na ito (tingnan sa Alma 42:5–9, 14). Tayo ay napawalay sa Panginoon at napailalim sa pisikal na kamatayan. Nalagay rin tayo sa kalagayang may pagsalungat sa lahat ng bagay, kung kailan tayo ay sinusubukan sa mga hirap ng buhay at mga tukso ng kaaway (tingnan sa 2 Nephi 2:11–14; D at T 29:39; Moises 6:48–49).

Sa nahulog na kalagayang ito, nagtatalo ang ating kalooban. Tayo ay mga espiritung anak ng Diyos, na may potensyal na "makabahagi . . . sa kabanalang mula sa Dios" (II Ni Pedro 1:4). Gayunman, "[tayo] ay di karapat-dapat sa [harapan ng Diyos]; dahil sa pagkahulog ng [ating] katauhan ay naging patuloy na masama" (Eter 3:2). Kailangan tayong magpatuloy sa pagsisikap na madaig ang di matwid na mga pagnanasa at paghahangad.

Nang banggitin ni Haring Benjamin ang sinabi ng isang anghel, sabi niya, "Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan." Nagbabala si Haring Benjamin na sa likas, o nahulog, na kalagayang ito, bawat tao ay magiging kaaway ng Diyos magpakailanman, "maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at maging tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa kanya, maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama" (Mosias 3:19).

## Mga Kabutihang Dulot ng Pagkahulog

Ang Pagkahulog ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 2:15–16;

9:6). Dalawa ang direksyon nito—pababa subalit pasulong. Bukod pa sa pagpapasimula ng pisikal at espirituwal na kamatayan, binigyan tayo nito ng oportunidad na maisilang sa daigdig at matuto at umunlad. Sa pamamagitan ng ating matwid na paggamit ng kalayaang pumili at taimtim na pagsisisi kapag nagkakasala tayo, maaari tayong lumapit kay Cristo at, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, makapaghahanda tayong tanggapin ang kaloob na buhay na walang hanggan. Itinuro ng propetang si Lehi:

"Kung si Adan ay hindi lumabag, hindi sana siya nahulog, manapa siya ay nanatili sa halamanan ng Eden. At lahat ng bagay na nilikha ay tiyak sanang nanatili sa dating kalagayan kung saan sila naroroon matapos na sila ay likhain; at sila sana ay tiyak na nanatili magpakailanman, at walang katapusan.

"At [sina Adan at Eva ay] hindi sana nagkaroon ng mga anak; anupa't sila sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan; hindi gagawa ng mabuti, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kasalanan.

"Ngunit masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.

"Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan.

"At ang Mesiyas ay paparito sa kaganapan ng panahon, upang kanyang matubos ang mga anak ng tao mula sa pagkahulog" (2 Nephi 2:22–26; tingnan din sa mga talata 19–21, 27).

Pinasalamatan nina Adan at Eva ang mga pagpapalang hatid ng Pagkahulog.

"Pinapurihan ni Adan ang Diyos at napuspos, at nagsimulang magpropesiya hinggil sa lahat ng mag-anak sa mundo, nagsasabing: Purihin ang pangalan ng Diyos, sapagkat dahil sa paglabag ko ang aking mga mata ay namulat, at sa buhay na ito ako ay makatatamo ng kagalakan, at muli sa laman aking makikita ang Diyos.

"At si Eva, na kanyang asawa, ay narinig ang lahat ng bagay na ito at natuwa, nagsasabing: Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at

kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin" (Moises 5:10–11).

## Pagtubos mula sa Pagkahulog

Dahil sa ating nahulog na kalagayan at pagiging mortal at sa kani-kanya nating mga kasalanan, ang pag-asa na lang natin ay si Jesucristo at ang plano ng pagtubos.

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ay matutubos mula sa mga epekto ng Pagkahulog. Tayo ay mabubuhay na mag-uli, at ibabalik sa piling ng Panginoon upang hatulan (tingnan sa 2 Nephil 2:5–10; Alma 11:42–45; Helaman 14:15–17).

Bukod pa sa pagtubos sa atin mula sa mga panglahatang epekto ng Pagkahulog, matutubos tayo ng Tagapagligtas mula sa sarili nating mga kasalanan. Sa ating nahulog na kalagayan, nagkakasala tayo at inilalayo natin ang ating sarili sa Panginoon, na nagiging sanhi ng ating espirituwal na kamatayan. Sabi nga ni Apostol Pablo, "Lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios" (Mga Taga Roma 3:23). Kung mananatili tayo sa ating mga kasalanan, hindi tayo makakatahan sa piling ng Diyos, sapagkat "walang maruming bagay ang makatatahan . . . sa kanyang kinaroroonan" (Moises 6:57). Mabuti na lang at "isasakatuparan [ng Pagbabayad-sala] ang hinihingi ng pagsisisi" (Helaman 14:18), at maaari tayong tumanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan at makatahan sa piling ng Diyos magpakailanman. Itinuro ni Alma, "May isang panahong ipinagkaloob sa tao kung kailan siya ay maaaring magsisi; anupa't ang buhay na ito ay naging isang pagsubok na kalagayan; isang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos; isang panahon upang maghanda para sa walang hanggang kalagayan na sinasabi namin, na pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ng mga patay" (Alma 12:24).

Pasasalamat para sa Nagbabayad-salang Sakripisyo ng Tagapagligtas

Tulad ng ayaw nating kumain hangga't hindi tayo gutom, hindi natin lubos na hinahangad ang walang hanggang kaligtasan hangga't hindi natin naunawaan ang ating pangangailangan sa Tagapagligtas. Ang pagkaunawang ito ay dumarating habang lumalawak ang pag-unawa natin sa Pagkahulog. Tulad ng turo ng propetang si Lehi, "Ang buong sangkatauhan ay nasa ligaw at nahulog na kalagayan, at maliligtas lamang kung sila ay aasa sa Manunubos na ito" (1 Nephi 10:6).

Mga karagdagang sanggunian: Genesis 3; Mormon 9:12–14; Moises 4

*Tingnan din sa* Kalayaang Pumili; Orihinal na Pagkakasala; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Plano ng Kaligtasan; Kasalanan

## Pagkakaisa

Bago isinakatuparan ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, ipinagdasal Niya ang Kanyang mga disipulo, na Kanyang isinugo sa mundo upang ituro ang ebanghelyo. Ipinagdasal din Niya yaong maniniwala sa Kanya dahil sa mga salita ng Kanyang mga disipulo. Nagsumamo Siyang magkaisa sila: "Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo" (Juan 17:21).

Sa panalanging ito nalalaman natin kung paano tayo pinag-iisa ng ebanghelyo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa isa't isa. Kapag ipinamuhay natin ang ebanghelyo, na tumatanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa at tumutupad sa ating mga tipan, nagbabago ang ating pagkatao. Pinababanal tayo ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at makapamumuhay tayo sa pagkakaisa, na nagtatamasa ng kapayapaan sa buhay na ito at naghahandang makapiling ang Ama at ang Kanyang Anak magpakailanman.

Sabi ng Panginoon, "Kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin" (D at T 38:27). Mahahangad at maitataguyod ninyo ang pamantayang ito ng pagkakaisa sa inyong pamilya at sa Simbahan. Kung kayo ay may asawa, maaari kayong magkaisa ng inyong asawa sa layunin at kilos. Magagamit ninyo ang kakaiba ninyong mga katangian upang punan ang kakulangan ng isa't isa sa pagharap ninyo sa mga hamon nang magkasama at patibayin ang pagmamahalan at pag-uunawaan. Maaari din kayong makiisa sa ibang mga kapamilya at sa mga miyembro ng Simbahan sa sama-samang paglilingkod, pagtuturo sa isa't isa, at paghihikayat sa isa't isa. Maaari kayong makiisa sa Pangulo ng Simbahan at iba pang mga lider ng Simbahan sa pag-aaral ninyo ng kanilang mga salita at pagsunod sa kanilang payo.

Habang lumalaganap ang Simbahan sa buong mundo, lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay maaaring magkaisa. Ang mga puso natin ay maaaring "[magsama] sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa (Mosias 18:21). Pinahahalagahan natin ang pagkakaiba-iba ng kultura at mga tao, ngunit hinahangad din natin ang "pagkakaisa ng pananampalataya" na dumarating kapag sinusunod natin ang inspiradong mga lider at inaalala na tayong lahat ay mga anak ng iisang Ama (tingnan sa Mga Taga Efeso 4:3–6, 11–13).

*Tingnan din sa* Kasal; Paglilingkod; Pagmamahal; Pagsunod; Sion

## Paglikha

Sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit, nilikha ni Jesucristo ang kalangitan at ang lupa (tingnan sa Mosias 3:8; Moises 2:1). Mula sa banal na kasulatang inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, alam natin na sa gawain ng Paglikha, inorganisa ng Panginoon ang mga sangkap na umiiral na (tingnan sa Abraham 3:24). Hindi Niya nilikha ang mundo "mula sa wala," na tulad ng pinaniniwalaan ng ilang tao.

Itinuturo din ng mga banal na kasulatan na si Adan ang "unang lalaki sa lahat ng kalalakihan" (Moises 1:34). Nilikha ng Diyos sina Adan at Eva sa sarili Niyang larawan at ayon sa kaanyuan ng Kanyang Bugtong na Anak (tingnan sa Moises 2:26–27).

Ang Paglikha ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit. Binibigyan nito ang bawat isa sa atin ng oportunidad na isilang sa mundo, kung saan natin tinatanggap ang pisikal na katawan at nagagamit ang ating kalayaang pumili. Sa Kapulungan ng mga Diyos sa mundo bago tayo isinilang, ipinahayag ang sumusunod: "Bababa tayo, sapagkat may puwang doon, at tayo ay magdadala ng mga sangkap na ito, at tayo ay lilikha ng mundo kung saan sila makapaninirahan; at susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:24–25).

Kayo ay espiritung anak ng Diyos, at ang inyong katawan ay nilikha sa Kanyang larawan. Upang maipakita ang inyong pasasalamat para sa mga pagpapalang ito, mapangangalagaan ninyo ang inyong katawan sa pamamagitan ng pagsunod sa Word of Wisdom at iba pang mga utos na nauugnay sa inyong espirituwal at pisikal na kalusugan (tingnan sa D at T 89; tingnan din sa D at T 88:124). Maigagalang din ninyo ang ibang tao bilang mga anak ng Diyos.

Bilang tagapagmana ng buong kagandahan ng paglikha, mapangangalagaan ninyo ang daigdig at makakatulong sa pangangalaga nito para sa mga darating na henerasyon.

Mga karagdagang sanggunian: Genesis 1–2; Mga Hebreo 1:1–2; 1 Nephi 17:36; D at T 38:1–3; 59:16–20; Moises 1–3; Abraham 4–5

*Tingnan din sa* Diyos Ama; Jesucristo; Plano ng Kaligtasan

## Paglilingkod

Hinahangad ng mga tunay na disipulo ni Jesucristo na maglingkod sa mga nasa paligid nila. Sabi ng Tagapagligtas, "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay

aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 13:35).

Nang kayo ay binyagan, nakipagtipan kayong tataglayin ang pangalan ni Jesucristo sa inyong sarili. Ipinaliwanag ng propetang si Alma ang tipang ito sa isang grupo ng mga bagong nagbalik-loob na nais magpabinyag. Namasdan niya na kasama sa hangad nilang "lumapit sa kawan ng Diyos" ang kahandaang maglingkod nang makabuluhan—na "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan," na "makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati," at "aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:8–9).

Habang sinisikap ninyong maglingkod sa iba, gawing huwaran ang Tagapagligtas. Kahit bumaba Siya sa lupa bilang Anak ng Diyos, mapakumbaba Siyang naglingkod sa mga nasa paligid Niya. Ipinahayag Niya, "Ako'y nasa gitna ninyo na gaya niyaong naglilingkod" (Lucas 22:27).

Gumamit ng talinghaga ang Tagapagligtas upang maituro ang kahalagahan ng paglilingkod. Sa talinghaga, bumalik Siya sa daigdig sa Kanyang kaluwalhatian at inihiwalay ang mabubuti sa masasama. Sa mabubuti sinabi Niya: "Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan; sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan" (Mateo 25:34–36).

Ang mabubuti, na nagtaka sa sinabing ito, ay nagtanong: "Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? At kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin?" (Mateo 25:37–39).

At sumagot ang Panginoon, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

Inaanyayahan kayo ng Tagapagligtas na tumulong kayo sa paglilingkod sa iba. Walang katapusan ang inyong mga oportunidad na magawa ito. Bawat araw, humanap ng mga paraan para magpasaya ng puso, magsalita ng maganda, gawin ang mga bagay na hindi kayang gawin ng iba para sa sarili nila, maibahagi ang ebanghelyo. Makinig sa mga bulong ng Espiritu, na naghihikayat sa inyong maglingkod. Malalaman ninyo na ang tunay na susi sa kaligayahan ay nasa pagsisikap na mapaligaya ang iba.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 22:35–40; 25:41–46; Lucas 10:25–37; Mga Taga Galacia 5:13–14; Mosias 2:17

*Tingnan din sa* Pag-ibig sa Kapwa-tao; Pagmamahal

## Pagmamahal

Ang pagmamahal ay damdamin ng matinding katapatan, malasakit, at pagsuyo. Ang pagmamahal sa Diyos at sa kapwa ay katangian ng mga disipulo ni Jesucristo (tingnan sa Mateo 22:35–40; Juan 13:34–35; 2 Nephi 31:20). Ipinakikita natin ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit sa pagsunod sa Kanyang mga utos at paglilingkod sa Kanyang mga anak. Ang pagmamahal natin sa iba ay maaaring ipadama sa kabutihan, pakikinig, pakikidalamhati, pag-aliw, paglilingkod, pagdarasal para sa kanila, pagbabahagi ng ebanghelyo, at pakikipagkaibigan sa kanila.

Nadaragdagan ang pagmamahal natin sa mga nakapaligid sa atin kapag naaalala natin na tayong lahat ay anak ng Diyos—na tayo ay magkakapatid sa espiritu. Ang pagmamahal na dulot ng pagkaunawang ito ay may kapangyarihang kayang lampasan ang lahat ng hangganan ng bansa, paniniwala, at lahi.

Mga karagdagang sanggunian: Levitico 19:18, 34; Deuteronomio 6:5; Lucas 6:31–36; Juan 15:9–15; I Ni Juan 4:7–21, tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, I Juan 4:12; Mosias 4:14–15; D at T 4:5; 12:8; 112:11; 121:41–45

*Tingnan din sa* Awa; Pag-ibig sa Kapwa-tao; Paglilingkod; Pagsunod

**Pagmumura** (*Tingnan sa* Kalapastanganan)

## Pag-oorden Noon Pa Man

Sa buhay bago tayo isinilang, pumili ng ilang espiritu ang Diyos na tutupad sa mga natatanging misyon habang nabubuhay sila sa daigdig. Tinatawag itong pag-oorden noon pa man.

Ang pag-oorden noon pa man ay hindi garantiya na tatanggap ng mga tiyak na tungkulin o responsibilidad ang mga tao. Dumarating sa buhay na ito ang gayong mga oportunidad bunga ng matwid na paggamit ng kalayaang pumili, tulad ng pag-oorden noon pa man sa isang tao bunga ng kabutihan niya sa buhay bago siya isinilang.

Naorden na si Jesucristo noon pa man upang isakatuparan ang Pagbabayad-sala, at naging "Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan," (Apocalipsis 13:8; tingnan din sa I Ni Pedro 1:19–21). May iba pang binanggit sa mga banal na kasulatan na naorden na noon pa man. Nalaman ng propetang si Abraham na naorden na siya noon pa man nang ipakita sa kanya sa pangitain na "marami ang marangal at dakila" sa mga espiritu sa buhay bago tayo isinilang. Sabi niya: "Nakita ng Diyos ang mga kaluluwang ito na sila ay mabubuti, at siya ay tumayo sa gitna nila, at kanyang sinabi: Ang mga ito ang gagawin kong mga tagapamahala; sapagkat siya ay nakatayo sa mga espiritung yaon, at kanyang nakita na sila ay mabubuti; at kanyang sinabi sa akin: Abraham, isa ka sa kanila; ikaw ay pinili bago ka pa man isinilang" (Abraham 3:22–23). Sinabi ng Panginoon kay Jeremias, "Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa" (Jeremias 1:5). Si Juan Bautista ay naorden na noon pa man upang ihanda ang mga tao sa pagmiministeryo ng Tagapagligtas sa mundo (tingnan sa Isaias 40:3; Lucas 1:13–17; 1 Nephi 10:7–10).

Ang doktrina ng pag-oorden noon pa man ay para sa lahat ng miyembro ng Simbahan, hindi lamang sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga propeta. Bago nilikha ang daigdig, nabigyan na ng tiyak na mga responsibilidad ang matatapat na kababaihan at naorden na noon pa man sa tiyak na mga tungkulin sa priesthood ang matatapat na kalalakihan. Bagama't hindi ninyo naaalala ang panahong iyon, tiyak na sumang-ayon kayong tuparin ang mahahalagang tungkulin sa paglilingkod sa inyong Ama. Habang pinatutunayan ninyo ang inyong pagkamarapat, bibigyan kayo ng mga oportunidad na matupad ang mga tungkuling natanggap ninyo noon.

Mga karagdagang sanggunian: Alma 13:1–9; D at T 138:53–56

*Tingnan din sa* Kalayaang Pumili; Plano ng Kaligtasan

## Pagpapabutas sa Katawan

Mahigpit na ipinapayo ng mga propeta sa mga huling araw na huwag magpabutas sa katawan maliban kung magpapagamot. Kung nais ng mga babae na magpabutas sa tainga, hinihikayat silang magsuot ng isang pares lamang ng simpleng hikaw.

Yaong mga sadyang susuway sa payong ito ay nagpapakita ng kawalang-galang sa kanilang sarili at sa Diyos. Balang araw pagsisisihan nila ang kanilang pasiya.

Itinuro ni Apostol Pablo ang kahalagahan ng ating katawan at ang panganib ng sadyang paglapastangan sa mga ito: "Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios; sapagka't ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).

*Tingnan din sa* Kadisentehan; Pagpapatato

**Pagpapako sa Krus** (*Tingnan sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Krus)

## Pagpapakumbaba

Ang pagpapakumbaba ay pagkilala nang may pasasalamat na umaasa kayo sa Panginoon—na nauunawang lagi ninyong kailangan ang Kanyang tulong. Ang pagpapakumbaba ay pagkilala na ang inyong mga talento at kakayahan ay mga kaloob ng Diyos. Hindi ito tanda ng kahinaan, kakimian, o takot; pahiwatig ito na alam ninyo kung saan nagmumula ang inyong tunay na lakas. Maaari kayong maging kapwa mapagpakumbaba at walang takot. Maaari kayong maging kapwa mapagpakumbaba at matapang.

Si Jesucristo ang ating pinakadakilang halimbawa ng pagpapakumbaba. Sa Kanyang mortal na pagmiministeryo, lagi Niyang kinikilala na ang Kanyang lakas ay nagmula sa Kanyang pag-asa sa Kanyang Ama. Sabi Niya: "Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili. . . . Hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin" (Juan 5:30).

Palalakasin kayo ng Panginoon kapag nagpakumbaba kayo sa Kanyang harapan. Itinuro ni Santiago: "Ang Dios ay sumasalansang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. . . . Mangagpakababa kayo sa paningin ng Panginoon, at kaniyang itataas kayo" (Santiago 4:6, 10).

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 18:4; 23:12; 26:39; Lucas 22:42; I Ni Pedro 5:5–6; Mosias 4:11–12; 15:6–7; Alma 5:27–28; Helaman 3:33–35; Eter 12:27; D at T 12:8; 67:10; 112:10; 136:32–33

## Pagpapalaglag

Sa lipunan ngayon, naging karaniwan na ang pagpapalaglag, na sinusuportahan ng mga kasinungalingan. Kung may mga itatanong kayo tungkol sa bagay na ito, mapapanatag kayo sa pagsunod sa inihayag na kalooban ng Panginoon. Mahigpit na tinutulan ng mga propeta sa mga huling araw ang pagpapalaglag, sa pagbanggit sa pagpapahayag ng Panginoon, "Huwag kayong . . . pumatay, ni gumawa ng anumang bagay

tulad nito" (D at T 59:6). Maliwanag ang payo nila tungkol sa bagay na ito: Hindi dapat sumailalim, magsagawa, manghikayat, magbayad, o makipag-ayos sa pagpapalaglag ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kung hinihikayat ninyo ang pagpapalaglag sa anumang paraan, maaari kayong isailalim sa pagdidisiplina ng Simbahan.

Sinabi ng mga lider ng Simbahan na may ilang di-pangkaraniwang sitwasyon na magbibigay-katarungan sa pagpapalaglag, tulad ng kapag ang pagdadalantao ay bunga ng pagtatalik ng malapit na magkamag-anak o bunga ng panggagahasa, kapag ipinasiya ng isang mahusay na doktor na manganganib ang buhay o kalusugan ng ina, o napag-alaman ng isang mahusay na doktor na may malubhang diperensya ang sanggol sa sinapupunan at hindi rin mabubuhay matapos isilang. Ngunit hindi rin kaagad magiging makatarungan ang pagpapalaglag sa ganitong sitwasyon. Dapat lamang magpasiyang magpalaglag ang mga nasa gayong sitwasyon matapos kumonsulta sa kanilang lokal na mga lider ng Simbahan at mabigyan ng katiyakan sa pamamagitan ng taimtim na pagdarasal.

Kapag nagdalantao ang isang babaeng hindi pa kasal, ang pinakamainam gawin ng ina at ama ng bata ay magpakasal at sikaping bumuo ng isang walang hanggang ugnayan ng pamilya. Kung malamang na walang maganap na kasalan, dapat nilang ipaampon ang bata, sa tulong ng LDS Family Services hangga't maaari (tingnan sa "Pag-aampon," mga pahina 101–102).

## Pagpapatato

Mahigpit na tinututulan ng mga propeta sa mga huling araw ang pagpapatato sa katawan. Yaong mga nagwawalang-bahala sa payong ito ay nagpapakita ng kawalang-galang sa sarili nila at sa Diyos. Itinuro ni Apostol Pablo ang kahalagahan ng ating katawan at ang panganib ng sadyang pagdungis dito: "Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios,

at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios; sapagka't ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).

Kung kayo ay may tato, may tatak kayo ng alaala ng isang kamaliang nagawa ninyo. Ipaalis na sana ninyo ito.

*Tingnan din sa* Pagpapabutas sa Katawan

## Pagpapatong ng mga Kamay

Ang pagpapatong ng mga kamay ay pamamaraang ipinahayag ng Panginoon sa pagsasagawa ng maraming ordenansa ng priesthood, tulad ng kumpirmasyon, ordenasyon, pagtatalaga sa mga miyembro sa paglilingkod sa mga tungkulin, pangangasiwa sa maysakit, at pagbibigay ng iba pang mga basbas ng priesthood (tingnan sa D at T 42:44; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4–5). Ipinapatong ng mga yaong may wastong awtoridad ng priesthood ang kanilang mga kamay sa ulunan ng taong tatanggap ng ordenansa. Sa paggawa nito, nagiging kasangkapan sila upang mabasbasan ng Panginoon ang Kanyang mga anak (tingnan sa D at T 36:2).

Lagi nang ginagamit ng mga maytaglay ng priesthood ang pamamaraang ito. Inorden ni Adan ang matwid niyang mga lalaking inapo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (tingnan sa D at T 107:40–50). Nang basbasan ni Jacob sina Ephraim at Manases, ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanilang ulunan (tingnan sa Genesis 48:14–19). "Nag-orden [si Alma] ng mga saserdote at elder, sa pamamagitan ng pagpapatong ng kanyang mga kamay alinsunod sa orden ng Diyos" (Alma 6:1). Ibinigay nina Apostol Pedro at Juan ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (tingnan sa Mga Gawa 8:14–17). Sa dispensasyong ito, ipinagkaloob ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–69).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Bilang 27:18–23; Mga Gawa 19:1–6; I Kay Timoteo 4:14; D at T 33:15; 35:6

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Priesthood

## Pagpigil o Pagkontrol sa Pag-aanak

Kung may pisikal na kakayahang magkaanak ang mga mag-asawa, may pribilehiyo silang maglaan ng katawang-tao para sa mga espiritung anak ng Ama sa Langit. May bahagi silang ginagampanan sa dakilang plano ng kaligayahan, na nagtutulot sa mga anak ng Diyos na tumanggap ng pisikal na katawan at maranasang mabuhay sa mundo.

Kung kayo ay may-asawa, dapat ninyong pag-usapang mag-asawa ang inyong sagradong responsibilidad na magkaroon ng mga anak sa mundo at palakihin sila sa kabutihan. Habang ginagawa ninyo ito, isaalang-alang ang kasagraduhan at kahulugan ng buhay. Pagnilay-nilayin ang galak na dulot ng pagkakaroon ng mga anak sa tahanan. Isaalang-alang ang mga walang hanggang pagpapala sa pagkakaroon ng matwid na mga inapo. Kung may patotoo kayo sa mga alituntuning ito, magiging handa kayong mag-asawa na magpasiya nang may panalangin kung ilang anak ang gusto ninyo at kailan ninyo gustong magkaanak. Kayong mag-asawa at ang Panginoon ang nagpapasiya nito.

Sa pag-uusap ninyo tungkol sa sagradong bagay na ito, alalahanin na ang relasyong seksuwal ng mag-asawa ay sinang-ayunan sa langit. Bagama't isa sa mga layunin ng mga relasyong ito ay ang makapaglaan ng pisikal na katawan para sa mga anak ng Diyos, ang isa pang layunin ay upang maipahayag ang pag-ibig sa isa't isa—na mabigkis ang mag-asawa sa katapatan, sa pagpapahalaga, at sa iisang layunin.

## Pagsamba

Ang pagsamba sa Diyos ay pagbibigay sa Kanya ng inyong pagmamahal, pagpipitagan, paglilingkod, at katapatan. Inutusan ng Panginoon si Moises, "Sambahin ang Diyos,

sapagkat siya lamang ang iyong paglilingkuran" (Moises 1:15). Sa dispensasyong ito iniutos Niya, "Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip at lakas; at sa pangalan ni Jesucristo paglingkuran ninyo siya" (D at T 59:5). Kung higit ninyong mamahalin ang sinumang tao o anumang bagay kaysa Diyos, nagkakamali kayo sa inyong pagsamba, o sumasamba kayo sa diyus-diyusan (tingnan sa Exodo 20:3–6).

Pagdarasal ang isang paraan na masasamba ninyo ang Ama. Itinuro ni Alma sa kanyang anak na si Helaman, "Magsumamo sa Diyos para sa lahat ng iyong pangangailangan; oo, hayaang ang lahat ng iyong gawain ay para sa Panginoon, at saan ka man magtungo ay hayaang sa Panginoon; oo, lahat ng iyong nasasaisip ay ituon sa Panginoon; oo, ang pagmamahal sa iyong puso ay mapasa-Panginoon magpakailanman" (Alma 37:36).

Dapat kayong dumalo sa mga miting ninyo sa Simbahan na may diwa ng pagsamba. Iniutos ng Panginoon: "Upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa dalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw; sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga pananalangin sa Kataas-taasan" (D at T 59:9–10).

Ang paglahok sa mga ordenansa ng priesthood ay bahagi rin ng inyong pagsamba. Sa inyong mapitagang pakikibahagi ng sacrament at pagdalo sa templo, inaalala at sinasamba ninyo ang inyong Ama sa Langit at pinasasalamatan ang Kanyang Anak na si Jesucristo.

Bukod pa sa hayagang pagsamba, dapat ninyong makaugaliang sumamba saanman kayo magtungo at sa lahat ng inyong ginagawa. Itinuro ni Alma ang alituntuning ito sa isang grupo ng mga tao na napalayas sa kanilang pinagsasambahan. Tinulungan niya silang maunawaan na ang tunay na pagsamba ay hindi limitado sa isang araw sa isang linggo (tingnan sa Alma 32:11). Nang magsalita siya sa grupo ring

iyon, hinikayat sila ng kasama ni Alma na si Amulek na "sambahin ang Diyos, saan mang lugar kayo naroroon, sa espiritu at sa katotohanan" (Alma 34:38).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Awit 95:6–7; Mosias 18:25; Alma 33:2–11; D at T 20:17–19, 29; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11

*Tingnan din sa* Diyos Ama; Pag-aayuno at mga Handog-ayuno; Pagmamahal; Panalangin; Sabbath

## Pagsisisi

Ang pagsisisi ay isa sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4). Mahalaga ito sa inyong kaligayahan sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Ang pagsisisi ay higit pa sa pagtanggap ng mga pagkakamali. Ito ay pagbabago ng isipan at puso na nagbibigay sa inyo ng bagong pananaw tungkol sa Diyos, sa inyong sarili, at sa mundo. Kasama rito ang pagtalikod sa kasalanan at paghingi ng tawad sa Diyos. Udyok ito ng pagmamahal sa Diyos at taos na paghahangad na sundin ang Kanyang mga utos.

### Ang Pangangailangang Magsisi

Ipinahayag ng Panginoon na "walang maruming bagay ang magmamana ng kaharian ng langit" (Alma 11:37). Ang inyong mga kasalanan ay nagpaparungis sa inyo— ginagawa kayong hindi karapat-dapat na bumalik at manahanan sa piling ng inyong Ama sa Langit. Naghahatid din ito ng dalamhati sa inyong kaluluwa sa buhay na ito.

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, naglaan ng tanging paraan ang Ama sa Langit para mapatawad kayo sa inyong mga kasalanan (tingnan sa "Kapatawaran," mga pahina 60–63). Pinagdusahan ni Jesucristo ang kaparusahan sa inyong mga kasalanan upang kayo ay mapatawad kung taos kayong magsisisi. Kapag nagsisi kayo at umasa sa Kanyang nakapagliligtas na biyaya, malilinis kayo mula sa kasalanan. Ipinahayag Niya:

"Iniuutos ko sa iyong magsisi—magsisi, upang hindi kita masaktan ng pamalo ng aking bibig, at ng aking poot, at ng aking galit, at ang iyong mga pagdurusa ay maging masakit—kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.

"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit—

"Gayon pa man, ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao" (D at T 19:15–19).

## Ang Panganib ng Pagpapaliban sa Pagsisisi

Huwag ninyong pangatwiranan ang inyong mga kasalanan o ipagpaliban ang pagsisisi. Nagbabala si Amulek: "Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain. . . . Ako ay sumasamo sa inyo na huwag ninyong ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi hanggang sa wakas; sapagkat pagkatapos ng araw na ito ng buhay, na ibinigay sa atin upang maghanda para sa kawalang-hanggan, masdan, kung hindi natin pagbubutihin ang ating panahon habang nasa buhay na ito, kung magkagayon ay darating ang gabi ng kadiliman kung saan ay maaaring wala nang gawaing magagawa" (Alma 34:32–33).

## Mga Bahagi ng Pagsisisi

Ang pagsisisi ay masakit na proseso, ngunit humahantong ito sa kapatawaran at walang hanggang kapayapaan. Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, sinabi ng Panginoon, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa" (Isaias 1:18). Sa dispensasyong ito ipinangako ng Panginoon, "Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42). Kabilang sa pagsisisi ang sumusunod na mga bahagi:

*Pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.* Malakas ang puwersa ng kasalanan. Para makalaya rito, dapat kayong bumaling sa inyong Ama sa Langit at manalangin nang may pananampalataya. Maaaring subukan kayong kumbinsihin ni Satanas na hindi kayo karapat-dapat manalangin—na sa galit ng Ama sa Langit sa inyo ay hinding-hindi Niya pakikinggan ang inyong mga dalangin. Isa itong kasinungalingan. Laging handa ang inyong Ama sa Langit na tulungan kayo kung lalapit kayo sa Kanya nang may pusong nagsisisi. May kapangyarihan Siyang pagalingin kayo at tulungan kayong madaig ang kasalanan.

Ang pagsisisi ay pagpapakita ng pananampalataya kay Jesucristo—isang pagkilala sa kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Tandaan na mapapatawad lamang kayo ayon sa Kanyang mga kundisyon. Kapag mapagpasalamat ninyong kinilala ang Kanyang Pagbabayad-sala at kapangyarihang linisin kayo mula sa kasalanan, magsisimula kayong "magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi" (Alma 34:17).

*Kalumbayan dahil sa Kasalanan.* Upang mapatawad, dapat muna ninyong aminin sa inyong sarili na kayo ay nagkasala. Kung sinisikap ninyong ipamuhay ang ebanghelyo, ang gayong pag-amin ay hahantong sa "kalumbayang mula sa

Dios," na "gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas" (II Mga Taga Corinto 7:10). Hindi dumarating ang kalumbayang mula sa Diyos dahil sa likas na ibinunga ng kasalanan o dahil sa takot na maparusahan; bagkus, ito'y dumarating mula sa kaalaman na hindi nasiyahan sa inyo ang inyong Ama sa Langit at ang inyong Tagapagligtas. Kapag dumanas kayo ng kalumbayang mula sa Diyos, taos ang inyong hangaring magbago at handa kayong gawin ang lahat para mapatawad.

*Pagtatapat.* "Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni't ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan" (Mga Kawikaan 28:13). Mahalaga sa kapatawaran ang kahandaang ipagtapat nang lubusan sa inyong Ama sa Langit ang lahat ng nagawa ninyo. Lumuhod sa Kanyang harapan sa mapakumbabang panalangin, na inaamin ang inyong mga kasalanan. Ipagtapat ang inyong kahihiyan at kasalanan, at pagkatapos ay humingi ng tulong.

Ang mabibigat na kasalanan, tulad ng pagsuway sa batas ng kalinisang-puri, ay maaaring makasira sa pagiging miyembro ninyo sa Simbahan. Kung gayon, kailangan ninyong ipagtapat ang mga kasalanang ito kapwa sa Panginoon at sa Kanyang mga kinatawan sa Simbahan. Ginagawa ito sa tulong ng inyong bishop o branch president at maaaring ng inyong stake o mission president, na naglilingkod bilang mga bantay at hukom sa Simbahan. Bagama't tanging Panginoon lamang ang makapagpapatawad sa mga kasalanan, mahalaga ang papel ng mga lider ng priesthood na ito sa proseso ng pagsisisi. Ililihim nila ang ipinagtapat ninyo at tutulungan kayo sa buong proseso ng pagsisisi. Magtapat nang lubusan sa kanila. Kung hindi ninyo ipagtatapat ang lahat, na binabanggit lamang ang maliliit na pagkakamali, hindi malulutas ang mas mabigat na kasalanang hindi ninyo ipinagtapat. Kapag mas maaga ninyong sinimulan ang prosesong ito, mas maaga kayong mapapayapa at magagalak sa himala ng kapatawaran.

*Pagtalikod sa Kasalanan.* Bagama't mahalagang bahagi ng pagsisisi ang pagtatapat, hindi ito sapat. Sinabi ng Panginoon,

"Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:43).

Panatilihing matatag at matibay ang pagpapasiyang huwag nang ulitin ang pagkakasala kailanman. Kapag tinupad ninyo ang pangakong ito, hinding-hindi na kayo magdurusa sa kasalanang iyon.

Agad lumayo sa anumang mapanganib na sitwasyon. Kung may isang sitwasyong nag-uudyok o maaaring mag-udyok sa inyo na magkasala, lumayo. Hindi kayo maaaring manatili sa kinaroroonan ng tukso at umasang hindi kayo magkakasala.

*Pagsasauli.* Dapat ninyong ayusin hangga't maaari ang lahat ng nasira dahil sa kagagawan ninyo, pag-aari man ito ng isang tao o kanyang magandang reputasyon. Ang kusang pagsasaayos ay nagpapakita sa Panginoon na gagawin ninyo ang lahat upang makapagsisi.

*Matwid na Pamumuhay.* Hindi sapat na basta sikaping daigin ang kasamaan o huwag magkasala. Dapat ninyong puspusin ng kabutihan ang inyong buhay at makibahagi sa mga gawaing nagdadala ng espirituwal na kapangyarihan. Maging masipag kayo sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Araw-araw na manalangin sa Panginoon na bigyan kayo ng karagdagang lakas. Paminsan-minsan, mag-ayuno para sa mga espesyal na pagpapala.

Ang lubusang pagsunod ay naghahatid ng ganap na kapangyarihan ng ebanghelyo sa inyong buhay, pati na ibayong lakas na madaig ang inyong mga kahinaan. Kabilang sa pagsunod na ito ang mga gawaing maaaring sa simula ay hindi ninyo ituring na bahagi ng pagsisisi, tulad ng pagdalo sa mga miting, pagbabayad ng ikapu, paglilingkod, at pagpapatawad sa iba. Nangako ang Panginoon, "Siya na nagsisisi at sumusunod sa mga kautusan ng Panginoon ay patatawarin" (D at T 1:32).

Mga karagdagang sanggunian: Lucas 15:11–32; 2 Nephi 9:19–24; Mosias 4:1–3, 10–13; 26:30–31; D at T 18:10–16

*Tingnan din sa* Binyag; Kapatawaran; Kasalanan; Mga Konseho sa Pagdidisiplina ng Simbahan; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pananampalataya; Plano ng Kaligtasan; Tukso

## Pagsunod

Sa buhay bago tayo isinilang sa mundo, namuno ang Ama sa Langit sa malaking Kapulungan sa Langit. Doo'y nalaman natin ang Kanyang plano para sa ating kaligtasan, na kabilang ang panahon ng pagsubok sa lupa: "Tayo ay lilikha ng mundo kung saan sila makapaninirahan; at susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:24–25). Ang isang dahilan kaya kayo narito sa lupa ay upang ipakita ang kahandaan ninyong sundin ang mga utos ng Ama sa Langit.

Maraming taong nag-aakala na ang mga utos ay mabigat at naglilimita sa kanilang kalayaan at personal na pag-unlad. Ngunit itinuro ng Tagapagligtas na ang tunay na kalayaan ay nagmumula lamang sa pagsunod sa Kanya: "Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko; at inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo" (Juan 8:31–32). Nagbibigay ng mga utos ang Diyos para sa inyong kabutihan. Ang mga ito ay mapagmahal na mga tagubilin para sa inyong kaligayahan at pisikal at espirituwal na kapakanan.

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang pagsunod sa mga utos ay naghahatid ng mga pagpapala ng Diyos. Sabi niya: "May isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay—at kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay" (D at T 130:20–21). Itinuro din ni Haring Benjamin ang alituntuning ito, "Ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kala-

gayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos," pagpapayo niya. "Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan. O tandaan, tandaan na ang mga bagay na ito ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito" (Mosias 2:41).

Ang pagsunod natin sa mga utos ay pagpapahayag ng ating pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Sinabi ng Tagapagligtas, "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos" (Juan 14:15). Paglaon ay sinabi Niya: "Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig" (Juan 15:10).

Mga karagdagang sanggunian: Josue 24:14–15; Eclesiastes 12:13; Mateo 7:21; Juan 7:17; 1 Nephi 3:7; D at T 58:21–22; 82:8–10

*Tingnan din sa* Kalayaang Pumili; Plano ng Kaligtasan

## Pagsusugal

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tutol sa pagsusugal, pati na sa mga loteryang itinataguyod ng mga pamahalaan.

Ang pagsusugal ay udyok ng paghahangad na makakuha ng isang bagay na hindi pinaghirapan. Ang paghahangad na ito ay magpapahamak sa inyong kaluluwa. Inilalayo nito ang mga lumalahok sa mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa pagmamahal at paglilingkod at inilalapit sa kasakiman ng kaaway. Binabalewala nito ang magagandang katangian ng pagtatrabaho at pagtitipid at paghahangad na tapat na maglingkod sa lahat ng ating ginagawa.

Natutuklasan kalaunan ng mga nagsusugal ang mapanlinlang na ideya na sa kaunting halaga o kahit walang kapalit ay tatanggap sila ng isang bagay na may halaga. Natatanto

nila na malaking halaga na ang naisusuko nila, kahit sarili pa nilang dangal, at paggalang ng mga kapamilya at kaibigan. Dahil naloko at lulong na sila, madalas nilang isugal ang perang dapat sana nilang gamitin sa ibang layunin, tulad ng pagtustos sa mga pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya. Ang mga sugalero kung minsan ay nagiging alipin at napakadesperadong mabayaran ang utang nila sa pagsusugal kaya't nagnanakaw sila, at ipinagpapalit ang maganda nilang pangalan.

Hinihikayat tayo ng Unang Panguluhan na makiisa sa iba sa pagtutol sa legalisasyon ng sugal at pagtataguyod ng pamahalaan sa anumang anyo ng sugal sa ating mga komunidad.

*Tingnan din sa* Tukso

## Pagtatalik ng Hindi Mag-asawa (*Tingnan sa* Kalinisang-puri)

## Pagtuturo ng Ebanghelyo

Ipinahayag ng Panginoon: "Binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian. Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapaki-pakinabang ninyong maunawaan" (D at T 88:77–78).

Sa pagbibigay ng utos na ito, binigyan tayo ng Panginoon ng sagradong responsibilidad. Inaakay din Niya tayo sa di-mabilang na oportunidad na makapaglingkod nang makabuluhan. Iilang karanasan ang maihahambing sa kagalakan ng pagtulong sa iba na matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo.

Ang utos na ito na magturo ay akma sa inyo, kahit hindi pa kayo pormal na tinawag na magturo. May mga oportunidad kayong magturo bilang miyembro ng inyong pamilya, bilang home teacher o visiting teacher, at kahit bilang kaopisina, kapitbahay, at kaibigan. Kung minsan naituturo ninyo ang mga

salitang inihanda ninyong sabihin. Kung minsan maaari ninyong samantalahin ang maikli at di-planadong mga sandali para maibahagi ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Ang pinakamadalas ay nagtuturo kayo sa pamamagitan ng halimbawa.

## Pagtuturong tulad ng Tagapagligtas

Sa inyong mga pagsisikap na maituro ang ebanghelyo, gawin ninyong halimbawa si Jesucristo. Pag-aralan ang mga kuwento ng Kanyang pagmiministeryo sa lupa, at humanap ng mga paraan para makapagturong tulad Niya. Nagpakita Siya ng tunay na pagmamahal at malasakit sa mga pinaglingkuran Niya. Isa-isa Niyang pinalakas ang mga tao, na nagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa paraang makakatulong sa kanila sa mga kakaiba nilang pangangailangan. Pinukaw Niya sa ilan ang hangaring maunawaan at maipamuhay ang ebanghelyo. Kung minsan nagtatanong Siya sa paraang matutulungan silang maipamuhay ang kanilang natutuhan. Itinuro Niya ang nakapagliligtas na mga katotohanan ng ebanghelyo, na ipinauunawa sa Kanyang mga tagapakinig ang kailangan nilang malaman, gawin, at maging upang matanggap ang kaloob na buhay na walang hanggan.

Kapag sinundan ninyo ang halimbawa ng Tagapagligtas, mapangangalagaan at mapasisigla ng inyong pagtuturo ang iba, mapapatibay ang kanilang pananampalataya, at mabibigyan sila ng lakas ng loob na harapin ang mga hamon sa buhay. Hihikayatin sila nito na talikuran ang kasalanan at sundin ang mga utos. Tutulungan sila nito na lumapit kay Cristo at manatili sa Kanyang pagmamahal.

## Pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu

Sinabi ng Panginoon, "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (D at T 42:14). Ang Espiritu, o Espiritu Santo, ay miyembro ng Panguluhang Diyos. Ang isang layunin ng

Espiritu ay "[ipa]alam ang katotohanan . . . ng lahat ng bagay" (Moroni 10:4–5). Tanging sa impluwensya lamang ng Espiritu makapagpapasigla at makapagbibigay-inspirasyon ang pagtuturo ng ebanghelyo.

Ang pribilehiyo ninyo bilang tagapagturo ng ebanghelyo ay maging kasangkapan upang makapagturo, makapagpatotoo, makaaliw, at makapagbigay-inspirasyon ang Espiritu Santo. Ayon sa itinuro ng propetang si Nephi, "Kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1).

Kung kayo ay espirituwal na handa, tutulungan kayo ng Espiritu Santo na malaman ang gagawin at sasabihin sa inyong pagtuturo. Maihahanda ninyo ang inyong sarili sa pagdarasal nang madalas, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pamumuhay ng ebanghelyo, at pagpapakumbaba.

## Mga Pamamaraan sa Pagtuturo

Magiging napakabisa ng inyong pagtuturo kapag gumamit kayo ng iba't ibang angkop na pamamaraan. Halimbawa, makapagbabahagi kayo ng mga kuwento at halimbawa upang makuha ang pansin ng mga tao at maipakita kung paano ipamuhay sa araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Maaari kayong gumamit ng mga larawan at bagay upang mapalawak ang pag-unawa ng iba sa mga salaysay sa banal na kasulatan at sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng musika, maaanyayahan ninyo at ng inyong mga tinuturuan ang impluwensya ng Espiritu Santo at maipapahayag ang mga damdaming mahirap ipahayag sa ibang mga paraan. Maitatanong ninyo ang mga bagay na naghihikayat ng masusing pag-aaral at talakayan na humahantong sa angkop na pagbabahagi ng mga personal na karanasan. Sa mga simpleng aktibidad, matutulungan ninyo ang mga nag-aaral na magtuon ng pansin sa paksa.

Kapag inisip ninyong gamitin ang isang partikular na pamamaraan sa pagtuturo, itanong sa sarili ang mga sumu-

sunod: Mag-aanyaya ba ng impluwensya ng Espiritu ang pamamaraang ito? Angkop ba ito sa kasagraduhan ng mga alituntuning itinuturo ko? Pasisiglahin at palalakasin ba nito ang mga tinuturuan ko?

Tandaan na bilang tagapagturo ng ebanghelyo, kinakatawan ninyo ang Panginoon. Tiyakin na lahat ng inyong ginagawa at sinasabi ay mapitagan at umaayon sa Kanyang kalooban.

Para sa mga karagdagang mungkahi sa pagtuturo ng ebanghelyo, maaari kayong sumangguni sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893); *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34595 893); at "Pagtuturo ng Ebanghelyo at Pamumuno," bahagi 16 ng *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (35903 893).

Mga karagdagang sanggunian: Mosias 18:19; Alma 1:26; 17:2–3; 31:5; D at T 11:21

**Pamahalaan** (*Tingnan sa* Pamahalaan at Batas ng Tao)

## Pamahalaan at Batas ng Tao

Ang Bahagi 134 ng Doktrina at mga Tipan ay bumabalangkas sa "paniniwala [ng mga Banal sa mga Huling Araw] tungkol sa mga pamahalaan at batas na pangkalahatan" (D at T 134, pambungad sa bahaging ito). Kasama sa bahaging ito ang sumusunod na mga pahayag:

"Kami ay naniniwala na ang mga pamahalaan ay itinatag ng Diyos para sa kapakinabangan ng tao; at kanyang pinananagot ang mga tao sa kanilang mga gawa na may kaugnayan sa mga ito, kapwa sa paggawa ng mga batas at pagpapatupad sa mga ito, para sa ikabubuti at kaligtasan ng lipunan. . . .

"Kami ay naniniwala na ang lahat ng tao ay may pananagutan na pagtibayin at itaguyod ang kani-kanilang mga pamahalaan kung saan sila naninirahan, habang pinangangalagaan sa kanilang likas at hindi maikakait na mga karapatan

ng mga batas ng mga gayong pamahalaan; at yaong panunulsol at paghihimagsik laban sa pamahalaan ay di nararapat sa bawat mamamayang sa ganito pinangangalagaan, at nararapat na parusahan nang naaayon; at na ang lahat ng pamahalaan ay may karapatang magpatupad ng mga batas na sa kanilang sariling paghuhusga ay kinalkulang pinakamahusay upang tiyakin ang kapakanan ng madla; at gayon man, kaalinsabay nito, pinamamalaging banal ang kalayaan ng budhi.

"Kami ay naniniwala na ang bawat tao ay nararapat igalang sa kanyang katayuan, tulad ng mga pinuno at hukom, na itinalaga para sa pangangalaga sa mga walang malay at pagpaparusa sa mga nagkasala; at sa mga batas ang lahat ng tao ay nararapat gumalang at magpitagan, dahil kung wala ang mga ito ang kapayapaan at pagkakaisa ay mahahalinhan ng kaguluhang pambansa at sindak; ang mga batas ng tao ay itinatag para sa malinaw na layuning pangalagaan ang ating mga kapakanan bilang mga tao at bansa, sa pagitan ng tao at tao; at mga banal na batas na ibinigay ng langit, nag-aatas ng mga alituntunin na may kinalaman sa espirituwal na bagay, para sa pananampalataya at pagsamba, na kapwa pananagutan ng tao sa kanyang Tagapaglikha" (D at T 134:1, 5–6).

Ang isang mahalagang elemento ng paghihiwalay ng simbahan at ng pamahalaan ay ang responsibilidad ng pamahalaan na bigyang-laya ang relihiyon. Sinasang-ayunan ng mga propeta sa mga huling araw ang tuntuning ito, gaya ng nakasaad sa ikalabing-isang saligan ng pananampalataya: "Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila." Para makaayon sa paghihiwalay ng simbahan at pamahalaan, hindi sinusuportahan ng Simbahan ang anumang partido pulitikal o kandidato. Hindi tinutulutan ang paggamit ng mga gusali at pasilidad nito para sa mga layuning pulitikal. Hindi nakikibahagi ang Simbahan sa pulitika maliban kung may isyung moral, at

kadalasan ay nagbibigay ng opinyon ang Simbahan sa ganitong pagkakataon.

Bagama't walang pinapanigan ang Simbahan sa pulitika, hinihikayat ng mga lider ng Simbahan ang mga miyembro na makibahagi bilang mga mamamayan. Bilang Banal sa mga Huling Araw, dapat ninyong maunawaan ang inyong lugar at posisyon sa lupaing kinatitirhan ninyo. Alamin ang kasaysayan, pamana, at mga batas ng lupain. Kung may pagkakataon kayong bumoto at makilahok sa mga gawain ng pamahalaan, suportahan at ipaglaban nang husto ang mga alituntunin ng katotohanan, kabutihan, at kalayaan.

Mga karagdagang sanggunian: D at T 98:10; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12

## **Pamantayang mga Banal na Kasulatan** (*Tingnan sa* Mga Banal na Kasulatan)

## Pamilya

Noong Setyembre 23, 1995, binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley, ika-15 Pangulo ng Simbahan, ang sumusunod na pagpapahayag sa isang pangkalahatang miting ng Relief Society. Ang inspiradong pagpapahayag na ito na pinamagatang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ay naging opisyal na pagpapahayag ng Simbahan tungkol sa pamilya:

"Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

"Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa

Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

"Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

"Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinapahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

"Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

"Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang

mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

"Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang ligaya sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagiging may kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

"Kami ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na isang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

"Kami ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na

magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan" (*Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo*, 35538 893).

*Tingnan din sa* Family Home Evening; Mga Templo; Pag-aasawa

## Panalangin

Kayo ay anak ng Diyos. Mahal kayo ng inyong Ama sa Langit at alam Niya ang inyong mga pangangailangan, at nais Niyang kausapin ninyo Siya sa panalangin. Manalangin sa Kanya at hindi sa iba. Iniutos ng Panginoong Jesucristo, "Lagi kayong manalangin sa Ama sa aking pangalan" (3 Nephi 18:19).

Kapag nakagawian ninyong lumapit sa Diyos sa panalangin, makikilala ninyo Siya at higit kayong mapapalapit sa Kanya. Ang mga hangarin ninyo ay magiging katulad ng sa Kanya. Matatamo ninyo para sa inyong sarili at sa iba ang mga pagpapalang handa Niyang ibigay kung hihingin lamang ninyo nang may pananampalataya.

### Mga Alituntunin ng Panalangin

Laging handa ang inyong Ama sa Langit na dinggin at sagutin ang inyong mga dalangin. Ang bisa ng inyong mga dalangin ay nakasalalay sa inyo. Habang nagsisikap kayo na gawing bahagi ng inyong buhay ang pagdarasal, tandaan ang payong ito:

*Gawing makabuluhan ang inyong mga dalangin.* Nagbabala ang propetang si Mormon na kung sinuman ang "mananalangin at walang tunay na layunin sa puso . . . ay walang kapakinabangan sa kanya, sapagkat ang Diyos ay walang tinatanggap na gayon" (Moroni 7:9) Para maging makabuluhan ang inyong mga dalangin, dapat kayong manalangin nang taos at "nang buong lakas ng puso" (Moroni 7:48). Iwasan nang husto ang "walang kabuluhang paulitulit" kapag nagdarasal kayo (tingnan sa Mateo 6:7). Pag-isipang mabuti ang inyong pag-uugali at mga salitang ginagamit ninyo.

*Gumamit ng pananalitang nagpapakita ng pagmamahal, paggalang, kapitagan, at pagiging malapit.* Ang pagsasagawa ng alituntuning ito ay magkakaiba ayon sa wikang ginagamit ninyo. Kung nagdarasal kayo sa Tagalog, halimbawa, dapat ninyong gamitin ang mga panghalip sa mga banal na kasulatan kapag tinutukoy ninyo ang Diyos—*Kayo*, *Inyo*, at *Ninyo*, sa halip na higit na karaniwang mga panghalip na *ikaw*, *iyo*, at *mo*. Anuman ang wika, iisa lang ang alituntunin: Kapag nagdarasal kayo, dapat kayong gumamit ng mga salitang angkop na nagpapahayag ng mapagmahal na pakikipag-ugnayan sa Diyos nang buong pagsamba. Maaari kayong mahirapang matutuhan ang pananalita ng panalangin, ngunit unti-unti kayong masasanay sa paggamit nito sa inyong pagdarasal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.

*Laging magpasalamat sa inyong Ama sa Langit.* Dapat kayong "mabuhay na nagpapasalamat araw-araw, sa maraming awa at pagpapalang ipinagkaloob niya sa inyo" (Alma 34:38). Habang inaalaala ninyo ang mga pagpapala sa inyo, makikilala ninyo ang maraming nagawa ng Ama sa Langit para sa inyo. Pasalamatan Siya.

*Humiling ng patnubay at lakas sa Ama sa Langit sa lahat ng ginagawa ninyo.* Pinayuhan ni Alma ang kanyang anak na si Helaman: "Magsumamo sa Diyos para sa lahat ng iyong pangangailangan; oo, hayaang ang lahat ng iyong gawain ay para sa Panginoon, at saan ka man magtungo ay hayaang sa Panginoon; oo, lahat ng iyong nasasaisip ay ituon sa Panginoon; oo, ang pagmamahal sa iyong puso ay mapasa-Panginoon magpakailanman. Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan; oo, kapag ikaw ay nahiga sa gabi, mahiga sa Panginoon, upang mabantayan ka niya sa iyong pagtulog; at kapag ikaw ay bumangon sa umaga hayaang ang iyong puso ay mapuspos ng pasasalamat sa Diyos; at kung gagawin mo ang mga bagay na ito, ikaw ay dadakilain sa huling araw" (Alma 37:36–37; tingnan din sa Alma 34:17–26).

*Alalahanin ang mga pangangailangan ng iba sa inyong pagdarasal.* Manalangin "para sa inyong kapakanan, at para rin sa kapakanan nila na nasa paligid ninyo" (Alma 34:27). Hilingin sa inyong Ama sa Langit na basbasan at aliwin ang mga nangangailangan. Hilingin sa Kanya na bigyang-inspirasyon at palakasin ang Pangulo ng Simbahan, iba pang mga General Authority, at ang mga lider ng Simbahan sa inyong lugar. Manalangin para sa kapakanan ng mga kapamilya at kaibigan. Manalangin para sa mga lider ng pamahalaan. Hilingin sa Panginoon na bigyang-inspirasyon at protektahan ang mga misyonero at taong kanilang tinuturuan.

*Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo upang malaman ninyo kung ano ang isasama sa inyong mga dalangin.* Matuturuan kayo ng Espiritu Santo na manalangin at gagabayan kayo sa mga bagay na sasabihin ninyo (tingnan sa Mga Taga Roma 8:26; 2 Nephi 32:8). Matutulungan Niya kayong manalangin "alinsunod sa kalooban ng Diyos" (D at T 46:30).

*Kapag may hiniling kayo sa panalangin, gawin ang lahat para makatulong sa pagkakaloob nito.* Inaasahan ng Ama sa Langit na may gagawin pa kayo maliban sa basta na lamang humiling sa Kanya ng mga pagpapala. Kapag may mahalaga kayong pagpapasiyahan, madalas Niya kayong sasabihan na "pag-aralan ito sa iyong isipan" bago Niya ibigay sa inyo ang sagot (tingnan sa D at T 9:7–8). Magiging epektibo lamang ang inyong mga dalangin para mapatnubayan kapag sinisikap ninyong dinggin ang mga bulong ng Espiritu Santo. Mawawalan ng kabuluhan ang mga dalangin ninyo para sa inyong sariling kapakanan at kapakanan ng iba kung inyong "tatalikuran ang mga nangangailangan, at ang hubad, at hindi ninyo dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap" (Alma 34:28).

Kung may mahirap kayong gawain, nasisiyahan ang Ama sa Langit kapag lumuluhod kayo at humihingi ng tulong at tumitindig sa inyong mga paa at nagtatrabaho. Tutulungan Niya kayo sa lahat ng mabuti ninyong gawain, ngunit bihira Niyang gagawin ang isang bagay para sa inyo kung magagawa naman ninyo itong mag-isa.

## Personal na Panalangin

Sa Kanyang Sermon sa Bundok, ipinayo ni Jesucristo: "Pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka" (Mateo 6:6). Mahalagang bahagi ng inyong espirituwal na pag-unlad ang personal at pribadong panalangin.

Kahit man lang tuwing umaga at gabi, humanap ng lugar na walang makagagambala. Mapakumbabang lumuhod at makipag-usap sa inyong Ama sa Langit. Bagama't kung minsan ay kailangan ninyong manalangin nang tahimik, pagsikapang manalangin nang malakas paminsan-minsan (tingnan sa D at T 19:28; 20:51).

Alalahanin na ang panalangin ay pagpapalitan ng komunikasyon. Sa pagwawakas ng inyong mga dalangin, maghintay sandali at makinig. Kung minsan, papayuhan, gagabayan, o aaliwin kayo ng Ama sa Langit habang nakaluhod kayo.

Huwag maniwala kailanman na hindi kayo karapat-dapat manalangin. Ang ideyang ito ay nanggaling kay Satanas, na nais kayong kumbinsihin na hindi kayo dapat manalangin (tingnan sa 2 Nephi 32:8). Kung parang ayaw ninyong manalangin, patuloy na manalangin hanggang sa gustuhin ninyong manalangin.

Iniutos ng Tagapagligtas, "Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay; oo, nang iyong mapagtagumpayan si Satanas, at nang iyong matakasan ang kamay ng mga tagapaglingkod ni Satanas na tumatangkilik sa kanyang gawain" (D at T 10:5). Bagama't hindi ninyo kaya ang nakaluhod palagi, na laging nag-aalay ng personal at pribadong panalangin, hayaang ang inyong mga puso'y "mapuspos, patuloy na lumalapit sa panalangin sa kanya" (Alma 34:27; tingnan din sa 3 Nephi 20:1). Sa buong maghapon, mapananatili ninyo ang pagmamahal sa inyong Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak. Tahimik ninyong mapasasalamatan ang inyong Ama at mahihiling sa Kanya na palakasin kayo sa

inyong mga responsibilidad. Sa oras ng tukso o pisikal na panganib, tahimik kayong makahihiling ng tulong sa Kanya.

## Panalangin ng Pamilya

Dagdag pa sa utos na manalangin tayo nang nag-iisa, pinayuhan tayo ng Tagapagligtas na manalangin kasama ang ating pamilya. Sabi Niya, "Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain" (3 Nephi 18:21).

Kung kayo ay may asawa, gawing palagiang bahagi ng inyong buhay ang panalangin ng pamilya. Tuwing umaga at gabi, sama-samang lumuhod nang may pagpapakumbaba. Madalas ninyong bigyan ng oportunidad ang bawat kapamilya na manalangin. Magkaisa sa pasasalamat para sa mga pagpapalang bigay sa inyo ng Ama sa Langit. Magkaisa sa pananampalataya para isamo ang mga pagpapalang kailangan ninyo at ipagdasal ang iba.

Sa pamamagitan ng regular na panalangin ng pamilya, mapapalapit ang inyong pamilya sa Diyos at sa isa't isa. Matututo ang inyong mga anak na makipag-usap sa kanilang Ama sa Langit. Magiging handa kayong lahat na maglingkod sa iba at madaig ang mga tukso. Ang inyong tahanan ay magiging lugar ng espirituwal na lakas, isang kanlungan mula sa masasamang impluwensya ng mundo.

## Pagdarasal sa Publiko

Kung minsan ay hihilingan kayong magdasal sa publiko, marahil ay sa miting sa Simbahan o sa klase. Kapag binigyan kayo ng ganitong oportunidad, alalahanin na kayo ay nakikipag-usap sa Ama sa Langit, at hindi nagsesermon sa mga tao. Huwag kayong mabahala sa iisipin ng iba tungkol sa sasabihin ninyo. Bagkus, mag-alay ng simple at taos-pusong dalangin.

Pagtanggap ng mga Sagot sa Panalangin

Itinuro ng Tagapagligtas, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan" (Mateo 7:7–8). Sa mga Nephita ay sinabi Niya, "Anuman ang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, na tama, naniniwalang inyong tatanggapin, masdan, ipagkakaloob ko ito sa inyo" (3 Nephi 18:20).

Naririnig ng Ama sa Langit ang inyong mga dalangin. Maaaring hindi Siya laging sumasagot ayon sa inaasahan ninyo, ngunit talagang sumasagot Siya—sa sarili Niyang panahon at ayon sa Kanyang kalooban. Dahil batid Niya ang pinakamainam para sa inyo, kung minsan ay *hindi* ang sagot Niya, kahit taimtim ang inyong mga pagsamo.

Ang mga sagot sa panalangin ay dumarating sa maraming paraan. Madalas ay dumarating ito sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu Santo (tingnan sa "Paghahayag," mga pahina 123–128). Maaari itong dumating sa mga sitwasyon sa inyong buhay o sa mabubuting ginawa ng mga nasa paligid ninyo. Sa patuloy ninyong paglapit sa inyong Ama sa Langit sa panalangin, mas madali ninyong makikilala ang Kanyang maawain at matatalinong sagot sa inyong mga pagsamo. Malalaman ninyo na Siya ang inyong "[kanlungan] at kalakasan, handang saklolo sa kabagabagan" (Mga Awit 46:1).

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 6:5–15; Santiago 1:5–6; Enos 1:1–17; Mosias 4:11–12; 3 Nephi 13:6–7; 14:7–8; D at T 19:38; 88:63–65; Joseph Smith—Kasaysayan 1:9–19

*Tingnan din sa* Pag-aayuno at mga Handog-ayuno; Pagsamba; Pananampalataya

**Panalangin ng Pamilya** (*Tingnan sa* Panalangin)

## Pananampalataya

Itinuro ni Apostol Pablo na "ang pananampalataya ay kapanatagan sa mga bagay na inaasam, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita" (Mga Hebreo 11:11; tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mga Hebreo 11:1). Nagsabi rin ng ganito si Alma: "Kung ikaw ay may pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo" (Alma 32:21).

Ang pananampalataya ay isang alituntunin ng pagkilos at kapangyarihan. Tuwing magsisikap kayong maabot ang isang karapat-dapat na mithiin, sumasampalataya kayo. Ipinamamamalas ninyo ang inyong pag-asa sa isang bagay na hindi pa ninyo makikita.

### Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo

Upang maakay kayo ng inyong pananampalataya sa kaligtasan, dapat itong isentro sa Panginoong Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 4:10–12; Mosias 3:17; Moroni 7:24–26; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4). Mananampalataya kayo kay Cristo kapag kayo ay nakatitiyak na Siya ay buhay, may wastong ideya tungkol sa Kanyang katauhan, at may kaalaman na sinisikap ninyong mamuhay ayon sa Kanyang kalooban.

Ang ibig sabihin ng magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ay lubos na umasa sa Kanya—magtiwala sa Kanyang walang hanggang kapangyarihan, katalinuhan, at pagmamahal. Kasama rito ang paniniwala sa Kanyang mga turo. Ito ay paniniwala na kahit hindi ninyo nauunawaan ang lahat ng bagay, nauunawaan Niya ang mga ito. Alalahanin na dahil naranasan Niya ang lahat ng inyong pasakit, hirap, at karamdaman, alam Niya kung paano kayo tutulungang madaig ang inyong mga problema sa araw-araw (tingnan sa Alma 7:11–12; D at T 122:8). Kanyang "dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33) at inihanda ang daan para matanggap ninyo ang buhay na walang hanggan. Lagi Siyang handang tumulong sa inyo kapag naaalala ninyo ang Kanyang panawagan: "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (D at T 6:36).

## Pamumuhay nang May Pananampalataya

Ang pananampalataya ay higit pa sa paniniwala nang walang ginagawa. Ipinahahayag ninyo ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng pagkilos—sa paraan ng inyong pamumuhay.

Ipinangako ng Tagapagligtas, "Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapakipakinabang sa akin" (Moroni 7:33). Pananampalataya kay Jesucristo ang magtutulak sa inyo na sundan ang Kanyang perpektong halimbawa (tingnan sa Juan 14:12). Aakayin kayo ng inyong pananampalataya na gumawa ng mabuti, sundin ang mga utos, at magsisi sa inyong mga kasalanan (tingnan sa Santiago 2:18; 1 Nephi 3:7; Alma 34:17). Makakatulong ang inyong pananampalataya sa pagdaig sa tukso. Ipinayo ni Alma sa kanyang anak na si Helaman: "Turuan silang paglabanan ang bawat tukso ng diyablo sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo" (Alma 37:33).

Gagawa ng malalaking himala ang Panginoon sa inyong buhay ayon sa inyong pananampalataya (tingnan sa 2 Nephi 26:13). Nakakatulong ang pagsampalataya kay Jesucristo upang matanggap ninyo ang espirituwal at pisikal na paggaling sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala (tingnan sa 3 Nephi 9:13–14). Pagdating ng mga pagsubok, pananampalataya ang magbibigay sa inyo ng lakas na magpatuloy at harapin ang inyong mga paghihirap nang buong tapang. Kahit wari'y walang katiyakan ang inyong hinaharap, papayapain kayo ng inyong pananampalataya sa Tagapagligtas (tingnan sa Mga Taga Roma 5:1; Helaman 5:47).

## Pagpapalakas ng Inyong Pananampalataya

Ang pananampalataya ay isang kaloob ng Diyos, ngunit dapat ninyong pangalagaan ang inyong pananampalataya upang manatili itong malakas. Ang pananampalataya ay parang kalamnan ng inyong bisig. Kung gagamitin ninyo ito,

lalakas ito. Kung isasakbat ninyo ito at iiwanan ito roon, manghihina ito.

Mapangangalagaan ninyo ang kaloob na pananampalataya sa pagdarasal sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo. Kapag nagpapasalamat kayo sa inyong Ama at nagsusumamo kayo sa Kanya para sa mga pagpapalang kailangan ninyo at ng iba, mapapalapit kayo sa Kanya. Mapapalapit kayo sa Tagapagligtas, na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala ay maaari tayong magsumamo ng awa (tingnan sa Alma 33:11). Magiging handa rin kayong tanggapin ang payapang patnubay ng Espiritu Santo.

Mapapalakas ninyo ang inyong pananampalataya sa pagsunod sa mga utos. Tulad ng lahat ng pagpapala ng Diyos, nakakamit at nag-iibayo ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagsunod at matwid na pagkilos ng bawat tao. Kung hangad ninyong palakasin nang lubusan ang inyong pananampalataya, dapat ninyong tuparin ang mga tipang ginawa ninyo.

Mapapalakas din ninyo ang inyong pananampalataya sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Itinuro ng propetang si Alma na nagpapalakas ng pananampalataya ang salita ng Diyos. Sa paghahambing ng salita sa isang binhi, sinabi niya na ang "[pagnanais na] maniwala" ay aakay sa inyo na "[mag]bigay-puwang" sa salita upang "maitanim sa inyong mga puso." Sa gayon ay madarama ninyo na ang salita ay mabuti, sapagkat sisimulan nitong palakihin ang inyong kaluluwa at liwanagin ang inyong pang-unawa. Palalakasin nito ang inyong pananampalataya. Sa patuloy ninyong pangangalaga sa salita sa inyong puso, "nang may malaking pagsisikap, at may pagtitiyaga, umaasa sa bunga niyon, ito ay magkakaugat, at masdan, ito ay magiging isang punungkahoy na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan." (Tingnan sa Alma 32:26–43).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Hebreo 11; Santiago 1:5–6; 2:14–26; Eter 12:4–27; Moroni 7:20–48; D at T 63:7–11; 90:24

*Tingnan din sa* Binyag; Diyos Ama; Jesucristo; Pagsisisi

## Pang-aabuso

Ang pang-aabuso ay pakikitungo sa iba o sa sarili sa paraang nakakasakit ng katawan o damdamin. Nasasaktan ang isip at espiritu at madalas ding masaktan ang katawan. Nagiging sanhi ito ng pagkalito, pagdududa, pagkawala ng tiwala, at takot. Labag ito sa mga batas ng lipunan at lubos na salungat sa mga turo ng Tagapagligtas. Isinusumpa ng Panginoon ang anumang anyo ng pang-aabuso—sa pisikal, seksuwal, sa pananalita, o damdamin. Ang pang-aabuso ay maaaring humantong sa pagdidisiplina ng Simbahan.

### Payo sa Nang-aabuso

Kung nang-aabuso kayo sa anumang relasyon, dapat kayong magsisi sa inyong kasalanan. Magsumamo sa Panginoon na patawarin kayo. Humingi ng tawad sa mga nasaktan ninyo. Kausapin ang inyong bishop o branch president para tulungan niya kayo sa proseso ng pagsisisi at kung kinakailangan ay bigyan kayo ng karagdagang payo o iba pang tulong.

Kung galit ang nagtulak sa inyong pang-aabuso, matutong magpigil ng galit. Manalangin sa Panginoon at humingi ng tulong sa Kanya. Kung pangwalang-hanggan ang inyong pananaw, makikita ninyo na halos lahat ng galit ninyo ay udyok ng mga bagay na di-gaanong mahalaga.

Kung nakagawa kayo ng pang-aabusong seksuwal, hangaring disiplinahin ang inyong isipan. Tandaan na malaki ang impluwensya ng inyong mga iniisip sa buhay ninyo—"kung ano ang iniisip [ng tao] sa loob niya, ay gayon siya" (Mga Kawikaan 23:7). Lumayo sa pornograpiya at anumang iba pang mag-uudyok ng kahalayan at pagnanasa sa seks. Ipagdasal na magkaroon ng kakayahang "puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay" (D at T 121:45).

### Tulong sa mga Biktima ng Pang-aabuso

Kung kayo ay biktima ng pang-aabuso, agad humingi ng tulong. Kausapin ang inyong lider ng priesthood, karaniwan ay ang bishop o branch president ninyo ngunit kung minsan ay isang miyembro ng stake o district presidency. Matutulungan niya kayong malaman kung ano ang gagawin.

Mapanatag na hindi kayo sisisihin sa masamang pag-uugali ng iba. Hindi ninyo kailangang isipin na may kasalanan kayo. Kung naging biktima kayo ng panggagahasa o iba pang pang-aabusong seksuwal, kung kayo man ay inabuso ng isang kakilala, estranghero, o kahit isang kapamilya, wala kayong kasalanang seksuwal. Dapat ninyong malaman na kayo ay inosente at mahal kayo ng inyong Ama sa Langit.

Magdasal para sa kapayapaang dumarating lamang sa pamamagitan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala (tingnan sa Juan 14:27; 16:33). Naranasan na ng Tagapagligtas ang lahat ng inyong pasakit at pagdurusa, kahit yaong mga dulot ng ibang tao, at alam Niya kung paano kayo tutulungan (tingnan sa Alma 7:11–12). Sa halip na hangaring maghiganti, magtuon sa mga bagay na kaya ninyong kontrolin, tulad ng sarili ninyong pananaw sa buhay. Magdasal para sa lakas na mapatawad ang mga nanakit sa inyo.

Patuloy na humingi ng tulong sa inyong lider ng priesthood upang magabayan niya kayo sa proseso ng pagpapahilom ng sugat ng damdamin. Sa pamamagitan ng mga pagpapala ng ebanghelyo, mapapatigil ninyo ang paulit-ulit na pang-aabuso at lalaya kayo sa pagdurusang dinanas ninyo.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 18:1–6; D at T 121:34–46

*Tingnan din sa* Kapatawaran; Pagsisisi

## Pangangalunya (*Tingnan sa* Kalinisang-puri)

## Pangangasiwa sa Simbahan

Si Jesucristo ang namumuno sa Simbahan. Ang misyon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tulungan ang lahat ng tao na lumapit sa Kanya (tingnan sa Moroni 10:32). Para matupad ang misyong ito, inorganisa ang Simbahan ayon sa huwarang inihayag ng Panginoon "sa ikasasakdal ng mga banal, . . . hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios" (Mga Taga Efeso 4:12–13; tingnan din sa talata 11). Ibinubuod ng sumusunod na balangkas ang organisasyon ng Simbahan.

### Tahanan at Pamilya

Ang pamilya ang pangunahing yunit sa Simbahan, at ang tahanan ang pinakamahalagang lugar para sa pagkatuto ng ebanghelyo. Wala nang ibang organisasyong makahahalili sa pamilya. Kahit patuloy na lumalaki ang Simbahan, laging layon nitong suportahan at palakasin ang mga pamilya at indibiduwal sa mga pagsisikap nilang ipamuhay ang ebanghelyo.

### Pangkalahatang Pangangasiwa

Ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang pinagtipanang mga tao sa pamamagitan ng Pangulo ng Simbahan, na sinasang-ayunan natin bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang Pangulo ng Simbahan ang nangungulo sa buong Simbahan. Siya at ang kanyang mga tagapayo, na mga propeta, tagakita, at tagapaghayag din, ang bumubuo ng Korum ng Unang Panguluhan.

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag din. Sila, kasama ng Unang Panguluhan, ang "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (D at T 107:23). Kumikilos sila sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan "upang itayo ang simbahan, at pamahalaan ang mga gawain ng nabanggit sa lahat ng bansa" (D at T 107:33).

Kanilang "[binu]buksan ang pintuan [sa mga bansa] sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 107:35).

Tinawag ang mga miyembro ng Korum ng Pitumpu para ipahayag ang ebanghelyo at patatagin ang Simbahan. Sila ay kumikilos sa ilalim ng pamamahala ng Labindalawang Apostol at sa pamumuno ng pitong kalalakihang tinawag upang maglingkod bilang Panguluhan ng Pitumpu. Ang mga miyembro ng Una at Pangalawang Korum ng Pitumpu ay mga itinalagang General Authority, at maaari silang tawagin upang maglingkod saanmang lugar sa daigdig.

Ang Presiding Bishopric ang panguluhan ng Aaronic Priesthood sa buong Simbahan. Ang Presiding Bishop at kanyang mga tagapayo ay naglilingkod sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan upang pangasiwaan ang kapakanang temporal ng Simbahan.

Ang mga organisasyong Young Men, Relief Society, Young Women, Primary, at Sunday School ay pawang may mga panguluhang pangkalahatan na magtuturo at gagabay.

## Pangangasiwa sa Area

Ang area ang pinakamalaking dibisyon ng Simbahan sa mundo. Nagtatalaga ang Unang Panguluhan ng Panguluhan ng Pitumpu na tuwirang mamamahala sa mga piling lugar ng Simbahan sa ilalim ng pamamahala ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sa ibang mga lugar ng Simbahan, nagtatalaga ng mga Area Presidency ang Unang Panguluhan upang mangulo. Ang Area Presidency ay binubuo ng isang pangulo, na karaniwa'y nagmula sa Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu, at dalawang tagapayo, na maaaring magmula sa anumang Korum ng Pitumpu. Ang mga Area Presidency ay naglilingkod sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawa, at ng Panguluhan ng Pitumpu.

Inoorden ang ilang kalalakihan sa katungkulan ng Pitumpu ngunit hindi naglilingkod bilang mga General

Authority. Sila ay tinatawag na mga Area Authority Seventy, at itinatalaga sa mga korum maliban pa sa Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu, ayon sa lugar. Ang sakop nila ay limitado sa pangkalahatang rehiyon kung saan sila nakatira. May ilang Area Authority Seventy na naglilingkod sa mga Area Presidency.

### Pangangasiwa sa Lugar

*Mga Ward at Branch.* Ang mga miyembro ng Simbahan ay binuo sa mga kongregasyong madalas magkita-kita para pagyamanin ang espirituwalidad at pakikipagkapwa. Ang malalaking kongregasyon ay tinatawag na mga ward. Bawat ward ay pinangunguluhan ng isang bishop, sa tulong ng dalawang tagapayo.

Ang maliliit na kongregasyon ay tinatawag na mga branch. Bawat branch ay pinangunguluhan ng isang branch president, sa tulong ng dalawang tagapayo. Maaaring magbuo ng isang branch kahit dalawang pamilya lamang ang miyembrong nakatira sa isang lugar at ang isa sa mga miyembro ay karapat-dapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood o isang karapat-dapat na priest sa Aaronic Priesthood. Ang branch ay itinatatag at pinangangasiwaan ng stake, mission, o district presidency. Maaaring maging ward ang branch kung ito ay sakop ng isang stake.

Bawat ward o branch ay binubuo ng isang partikular na area. Iba't ibang organisasyon sa ward o branch ang tumutulong sa gawain ng Panginoon: mga grupo ng high priest; korum ng mga elder; Relief Society, para sa kababaihang edad 18 pataas; mga korum ng Aaronic Priesthood, para sa mga binatilyong edad 12 hanggang 17; programa ng Young Women, para sa mga dalagitang edad 12 hanggang 17; Primary, para sa mga batang edad 18 buwan hanggang 11 taon; at Sunday School, para sa lahat ng miyembro ng Simbahan edad 12 pataas. Bawat isa sa mga organisasyong ito ay gumaganap ng mahahalagang tungkulin sa pagtuturo ng ebanghelyo, paglilingkod, at pagsuporta sa mga magulang sa

kanilang sagradong tungkuling tulungan ang kanilang mga anak na maniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nagtutulungan din ang mga organisasyong ito para tulungan ang mga miyembro sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba.

*Mga Stake, Mission, at District*. Karamihan sa mga nasasakupan kung saan may naitatag na Simbahan ay nahahati sa mga stake. Ang salitang *stake* ay mula sa propetang si Isaias, na nagpropesiya na ang Simbahan sa mga huling araw ay magiging parang tolda, na itinulos sa mga stake (tingnan sa Isaias 33:20; 54:2). Karaniwan ay may 5 hanggang 12 ward o branch sa isang stake. Bawat stake ay pinamumunuan ng isang stake president, sa tulong ng dalawang tagapayo. Nag-uulat at tumatanggap ng tagubilin ang mga stake president mula sa Panguluhan ng Pitumpu o sa Area Presidency.

Ang mission ay isang yunit ng Simbahan na karaniwang sumasakop sa isang lugar na mas malaki kaysa sakop ng isang stake. Bawat mission ay pinamumunuan ng isang mission president, sa tulong ng dalawang tagapayo. Ang mga mission president ay may tuwirang pananagutan sa mga General Authority.

Tulad ng branch na mas maliit na bersyon ng ward, mas maliit na bersyon naman ng stake ang district. Itinatatag ang district kapag sapat ang dami ng mga branch na sakop ng area, para mabilis ang komunikasyon at madaling maglakbay papunta sa mga miting ng district. Isang district president ang tinatawag upang pamunuan ito, sa tulong ng dalawang tagapayo. Nag-uulat ang district president sa mission presidency. Maaaring maging stake ang district.

*Mga Programa para sa mga Miyembrong Walang Asawa.* Maraming miyembro ng Simbahan na hindi nakapag-asawa kailanman o balo. Nahahati sa dalawang grupo ang mga miyembrong ito: mga young single adult (edad 18 hanggang 30) at mga single adult (edad 31 pataas).

Walang programa sa buong Simbahan para sa mga young single adult at single adult. Sa halip, kapag sapat ang dami ng

mga miyembrong walang asawa sa isang lugar, hinihikayat ang mga lokal na lider ng priesthood na tumawag ng mga kinatawang walang asawa, na magtatrabaho sa ilalim ng kanilang pamamahala. Nagpaplano ang mga kinatawang walang asawa ng mga aktibidad na tulad ng sayawan, proyektong pangserbisyo, at fireside. Nagkakaroon ng pagkakataon ang mga miyembrong walang asawa na magkakila-kilala at palakasin ang isa't isa sa mga aktibidad na ito. Hinihikayat din ang mga miyembrong walang asawa na regular na makipagkita sa kanilang mga lider ng priesthood upang pag-usapan ang kanilang mga pangangailangan at pagkakataong umunlad sa espirituwal at makapaglingkod.

Karagdagang sanggunian: D at T 107

*Tingnan din sa* Priesthood; Relief Society

## Pangkapakanan

Bawat miyembro ng Simbahan ay may dalawang pangunahing responsibilidad na pangkapakanan: makatayo sa sariling paa at pangalagaan ang mahihirap at nangangailangan.

Ang mga magulang ay may sagradong responsibilidad na pangalagaan ang pisikal at espirituwal na kapakanan ng kanilang mga anak. Habang lumalaki ang mga bata, nagiging higit silang responsable sa sarili nilang kapakanan. Dapat ituro sa kanila ng mga magulang ang mga pangunahing tuntuning pangkapakanan, na tinutulungan silang maghanda para makatayo sa sariling paa at maglaan sa kanilang sariling pamilya sa hinaharap. Mabibigyan din ng mga magulang ang mga anak ng mga oportunidad na tumulong sa pangangalaga sa mahihirap at nangangailangan.

Kung kayo ay miyembro ng Simbahan na nasa hustong gulang, lahat ng sumusunod na payo ay para sa inyo. Kung kayo ay binata o dalaga, karamihan sa payong ito ay akma rin sa inyo, kahit umaasa pa rin kayo sa inyong mga magulang.

## Pagtayo sa Sariling Paa

Ang responsibilidad para sa inyong kapakanang sosyal, emosyonal, espirituwal, pisikal, at pangkabuhayan ay unang nakasalalay sa inyong sarili, pangalawa sa inyong pamilya, at pangatlo sa Simbahan. Sa inspirasyon ng Panginoon at sa sarili ninyong pagsisikap, dapat ninyong tustusan ang inyong sarili at inyong pamilya sa espirituwal at temporal na mga pangangailangan sa buhay.

Mas maaalagaan ninyo ang inyong sarili at inyong pamilya kapag kayo ay tumayo sa sariling mga paa. Handa kayong magtiis sa oras ng kahirapan nang hindi umaasa sa iba.

Makatatayo kayo sa sariling mga paa sa pamamagitan ng (1) pagsasamantala sa mga oportunidad na makapag-aral; (2) pagsunod sa mabubuting tuntunin ng kalusugan at kalinisan; (3) paghahanda para sa at paghahanap ng trabahong nababagay sa inyo; (4) pag-iimbak ng suplay ng pagkain at damit hangga't itutulot ng batas; (5) matalinong pamamahala sa inyong kabuhayan, pati na pagbabayad ng ikapu at mga handog at pag-iwas sa utang; at (6) pagkakaroon ng espirituwal, emosyonal, at sosyal na katatagan.

Upang makatayo sa sariling paa, dapat ay handa kayong magtrabaho. Iniutos sa atin ng Panginoon na magtrabaho (tingnan sa Genesis 3:19; D at T 42:42). Ang marangal na trabaho ang unang pinagmumulan ng kaligayahan, pagpapahalaga sa sarili, at kasaganaan.

Kung hindi ninyo matugunan pansamantala ang inyong mga pangunahing pangangailangan sa pamamagitan ng sarili ninyong sikap o suporta ng mga kapamilya, maaari kayong tulungan ng Simbahan. Sa ganitong mga sitwasyon, madalas sumuporta ang Simbahan sa ikabubuhay upang matulungan kayo at ang inyong pamilya na makatayong muli sa inyong sariling mga paa.

## Pangangalaga sa Mahihirap at Nangangailangan

Lagi nang inuutusan ng Panginoon ang Kanyang mga tao na pangalagaan ang mahihirap at nangangailangan. Sabi niya, "Dalawin ninyo ang mga maralita at ang mga nangangailangan at magbigay sa kanila ng tulong" (D at T 44:6). Iniutos din Niya, "Alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap, sapagkat siya na hindi gumagawa ng mga bagay na ito, siya rin ay hindi ko disipulo" (D at T 52:40).

Mapangangalagaan ninyo ang mahihirap at nangangailangan sa maraming paraan. Ang isang mahalagang paraan ay sa pamamagitan ng pag-aayuno at pagbibigay ng mga handog-ayuno, na siyang ginagamit ng bishop o branch president sa pagtulong sa mga miyembro ng ward o branch na naghihirap, nagkakasakit, o iba pang pagdurusa. Makapaglalaan din kayo ng oras at maibabahagi ang inyong mga talento. Mapaglilingkuran ninyo ang mga walang tirahan, may kapansanan, balo, at iba pa sa inyong pamayanan at komunidad.

Bukod pa sa pagbibigay ng lokal at indibiduwal na pangangalaga sa mga nangangailangan, tumutulong ang Simbahan sa mga tao sa buong mundo, anuman ang kanilang relihiyon, na naapektuhan ng mga kalamidad, kahirapan, sakit, at iba pang krisis. Naglalaan ang Simbahan ng panustos na kailangan para mabuhay upang matulungan ang mga pamilya at tao na makaahon at magsikap na tumayo sa sariling mga paa. Ang mga donasyon sa Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon ng Simbahan ay naglalaan ng paraan para makapag-aral pa ang maralitang mga Banal sa mga Huling Araw. Nagboboluntaryo ng oras at kabuhayan ang mga service missionary ng Simbahan upang magturo ng pagbasa at pagsulat, magtaguyod ng kalusugan, at magbigay ng pagsasanay.

Mga karagdagang sanggunian: Santiago 1:27; Jacob 2:17–19; D at T 42:31; 104:15–18

*Tingnan din sa* Pag-aayuno at mga Handog-ayuno; Paglilingkod

## Panguluhang Diyos

Nakasaad sa unang saligan ng pananampalataya, "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo." Ang tatlong katauhang ito ang bumubuo sa Panguluhang Diyos. Sila ang nangungulo sa mundong ito at sa lahat ng iba pang nilikha ng ating Ama sa Langit.

Ang tunay na doktrina ng Panguluhang Diyos ay nawala sa panahon ng apostasiya na sumunod sa mortal na pagmiministeryo ng Tagapagligtas at pagkamatay ng Kanyang mga Apostol. Nagsimulang maipanumbalik ang doktrinang ito nang matanggap ng 14-na-taong-gulang na si Joseph Smith ang kanyang Unang Pangitain (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Sa salaysay ng Propeta tungkol sa Unang Pangitain at sa iba pa niyang mga turo, alam natin na tatlong magkakahiwalay na nilalang ang mga miyembro ng Panguluhang Diyos. Ang Ama at ang Anak ay may katawang may laman at buto, at ang Espiritu Santo ay personaheng espiritu (tingnan sa D at T 130:22).

Bagama't magkakahiwalay na katauhan ang mga miyembro ng Panguluhang Diyos na may iba't ibang ginagampanang tungkulin, iisa sila sa layunin at doktrina. Ganap silang nagkakaisa sa pagsasakatuparan ng banal na plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 3:13–17; Juan 14:6–10; 17:6–23; Mga Gawa 7:55–56; 2 Nephi 31:18; Mormon 7:5–7; D at T 76:20–24

*Tingnan din sa* Diyos Ama; Espiritu Santo; Jesucristo

## Panunumbalik ng Ebanghelyo

Noong nasa daigdig si Jesucristo, itinatag Niya ang Kanyang Simbahan sa Kanyang mga lingkod. Pagkatapos Siyang Maipako sa Krus at mamatay ang Kanyang mga Apostol, binawi ang kaganapan ng ebanghelyo sa lupa dahil sa malawakang apostasiya (tingnan sa "Apostasiya," mga

pahina 4–6). Hinanap ng maraming lalaki't babae ang kaganapan ng katotohanan ng ebanghelyo noong mga panahon ng Malawakang Apostasiya, ngunit hindi nila ito natagpuan. Bagama't maraming taos-pusong nangaral tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo, wala sa kanila ang kaganapan ng katotohanan o awtoridad ng priesthood mula sa Diyos.

Ang Malawakang Apostasiya ay panahon ng espirituwal na kadiliman, ngunit ngayo'y nabubuhay na tayo sa panahong makababahagi tayo ng "kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo" (II Mga Taga Corinto 4:4; tingnan din sa D at T 45:28). Naipanumbalik na ang kaganapan ng ebanghelyo, at nasa daigdig nang muli ang tunay na Simbahan ni Jesucristo. Wala nang ibang organisasyong maihahambing dito. Ito ay hindi bunga ng repormasyon, na binubuo ng mga lalaki't babaeng may mabuting hangaring gawin ang lahat ng kaya nila upang makagawa ng pagbabago. Ito ay pagpapanumbalik ng Simbahang itinatag ni Jesucristo. Ito ang gawain ng Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak.

Bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, matatanggap ninyo ang mga pagpapalang nawala sa mundo nang halos 2,000 taon. Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon, tatanggap kayo ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan at laging sasainyo ang Espiritu Santo. Maipamumuhay ninyo ang ebanghelyo sa kaganapan at kasimplehan nito. Mauunawaan ninyo ang likas na katangian ng Panguluhang Diyos, ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ng layunin ng buhay sa mundo, at ng katotohanan ng kabilang buhay. May pribilehiyo kayong magabayan ng mga buhay na propeta, na nagtuturo ng kalooban ng Diyos sa ating panahon. Dahil sa mga ordenansa sa templo, kayo ay tatanggap ng patnubay at kapayapaan, makapaghahanda para sa buhay na walang hanggan, mabubuklod sa inyong pamilya magpasawalang-hanggan, at makapaglalaan ng nakapagliligtas na mga ordenansa para sa inyong namatay na mga ninuno.

## Mga Pangyayari sa Panunumbalik

Ang sumusunod na balangkas ay nagbubuod ng ilang mahahalagang pangyayari sa panunumbalik ng ebanghelyo at pagtatatag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na ipinahayag ng Tagapagligtas na "tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (D at T 1:30).

> *Mga Unang Araw ng Tagsibol, 1820.* Sa paghahanap sa tunay na Simbahan ni Jesucristo, nanalangin ang 14-na-taong-gulang na si Joseph Smith sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan sa Palmyra, New York. Bilang sagot sa kanyang mapakumbabang dalangin, nagpakita sa kanya ang Ama sa Langit at si Jesucristo at sinabihan siyang huwag sumapi sa alinmang simbahan sa mundo noong panahong iyon. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–19.) Sa Simbahan tinatawag natin ang karanasang ito bilang Unang Pangitain ni Joseph Smith.
>
> *Setyembre 21–22, 1823.* Dinalaw si Joseph Smith ng isang anghel na nagngangalang Moroni. Si Moroni ay nagpropesiya tungkol sa darating na mga pangyayari at sinabi kay Joseph ang tungkol sa Aklat ni Mormon, na nakasulat sa mga laminang ginto. Pinayagan ng anghel na makita ni Joseph ang mga laminang ginto, na nakabaon sa kalapit na Burol ng Cumorah. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–53.)
>
> *Setyembre 22, 1827.* Tinanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula kay Moroni sa Burol Cumorah matapos makausap si Moroni tuwing ika-22 ng Setyembre ng lumipas na apat na taon. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:53, 59.)

*Mayo 15, 1829.* Matapos mabasa ang tungkol sa binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan habang isinasalin ang mga laminang ginto, nagtungo sa isang tagong lugar sina Joseph Smith at ang tagasulat niyang si Oliver Cowdery upang tanungin ang Panginoon tungkol sa bagay na ito. Doon, sa pampang ng Ilog ng Susquehanna malapit sa Harmony, Pennsylvania, natanggap nila ang sagot sa kanilang dalangin. Si Juan Bautista, isang nabuhay na mag-uling nilikha, ay nagpakita sa kanila bilang "isang sugo mula sa langit . . . sa isang ulap ng liwanag." Iginawad niya sa kanila ang Aaronic Priesthood. Pagkatapos, bilang pagsunod sa kanyang mga bilin, bininyagan nina Joseph at Oliver ang isa't isa at inorden ang isa't isa sa Aaronic Priesthood. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72; tingnan din sa D at T 13.)

*Mayo 1829.* Iginawad ng sinaunang mga Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. (Tingnan sa D at T 128:20.)

*Hunyo 1829.* Sa patnubay ng "kaloob at kapangyarihan ng Diyos" (D at T 135:3), nakumpleto ni Propetang Joseph Smith ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon.

*Marso 26, 1830.* Nailathala sa Palmyra, New York, ang unang naimprentang mga kopya ng Aklat ni Mormon.

*Abril 6, 1830.* Naorganisa ang Simbahan sa Fayette Township, New York, at nagsimula sa anim na miyembro.

*Marso 27, 1836.* Ang Kirtland Temple, ang unang templong naitayo sa dispensasyong ito, ay inilaan. Si Propetang Joseph Smith ang nag-alay ng panalangin

ng paglalaan, na idinikta sa kanya sa pamamagitan ng paghahayag. (Tingnan sa D at T 109.)

*Abril 3, 1836.* Nagpakita ang Tagapagligtas kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple. Nagpakita rin sina Moises, Elias, at Elijah at ibinigay nila ang mga susi ng priesthood kina Joseph at Oliver. Inihatid ni Elijah ang mga susi ng kapangyarihan sa pagbubuklod, na nagpangyaring mabuklod ang mga pamilya magpakailanman. (Tingnan sa D at T 110.)

## Ang Tadhana ng Simbahan

Ipinropesiya ng propeta sa Lumang Tipan na si Daniel na ang Diyos ay "maglalagay . . . ng isang kaharian" na "hindi magigiba kailan man" at "lalagi magpakailan man" (Daniel 2:44). Nang ipropesiya niya ito, binanggit niya ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang kaharian ng Diyos sa lupa ngayon. Mula nang maorganisa ang Simbahan na may anim na miyembro, lumaki na ito at umunlad, at patuloy na lalaganap hanggang sa "[mapuno nito] ang buong lupa" (Daniel 2:35; tingnan din sa D at T 65:2). Daan-daang libong tao ang nabibinyagan taun-taon. Ang Aklat ni Mormon ay isinasalin sa maraming wika. Nagtatayo ng mga templo sa buong mundo. Dahil si Jesucristo ang pinuno ng Simbahan, gagabayan ng mga buhay na propeta ang pag-unlad ng Simbahan hanggang sa maihanda ang daigdig sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Binanggit ni Propetang Joseph Smith ang mga pagpapala ng Panunumbalik: "Ngayon, ano ang ating naririnig sa ebanghelyo na ating natanggap? Isang tinig ng kagalakan! Isang tinig ng awa mula sa langit; at isang tinig ng katotohanan mula sa lupa; masasayang balita para sa mga patay; isang tinig ng kagalakan para sa mga buhay at sa mga patay; masasayang balita ng labis na kagalakan" (D at T 128:19).

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 2:1–3; 29:13–14; Mga Gawa 3:19–21; Apocalipsis 14:6–7; 2 Nephi 3:3–15; D at T 128:19–21; 133:36–39, 57–58; Joseph Smith—Kasaysayan

*Tingnan din sa* Apostasiya; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Joseph Smith; Paghahayag

## Paraiso

Sa mga banal na kasulatan, ang salitang *paraiso* ay ginamit sa iba't ibang paraan. Una, ito ay isang lugar ng kapayapaan at kaligayahan sa daigdig ng mga espiritu sa kabilang buhay, na nakatalaga para sa mga nabinyagan at nanatiling tapat (tingnan sa Alma 40:12; Moroni 10:34). Yaong mga nasa bilangguan ng mga espiritu ay may oportunidad na matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo, magsisi ng kanilang mga kasalanan, at tumanggap ng mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon sa tulong ng gawain natin sa templo (tingnan sa D at T 138:30–35). Kapag ginawa nila ito, makapapasok sila sa paraiso.

Ang ikalawang gamit ng salitang *paraiso* ay matatagpuan sa pagsasalaysay ni Lucas tungkol sa Pagpapako sa Krus sa Tagapagligtas. Noong nakapako sa krus si Jesus, nakapako rin ang isang magnanakaw na nagsabing, "Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian" (Lucas 23:42). Ayon sa Lucas 23:43, sumagot ang Panginoon, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso." Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na mali ang pagkasalin dito; ang talagang sinabi ng Panginoon ay makakapiling Siya ng magnanakaw sa daigdig ng mga espiritu.

Ang salitang *paraiso* ay matatagpuan din sa II Mga Taga Corinto 12:4, kung saan malamang na tumutukoy ito sa selestiyal na kaharian. Sa ikasampung saligan ng pananampalataya, ang salitang *malaparaiso* ay naglalarawan sa kaluwalhatian ng daigdig sa Milenyo.

*Tingnan din sa* Kamatayan, Pisikal; Pagkabuhay na Mag-uli; Plano ng Kaligtasan

## Pasasalamat

Nangako ang Panginoon, "Siya na tumatanggap ng lahat ng bagay nang may pasasalamat ay gagawing maluwalhati" (D at T 78:19). Ang pasasalamat ay nagpapasigla at nagpapadakila ng pag-uugali. Siguro'y masasabi ninyo mula sa karanasan na kayo ay mas maligaya kapag may pasasalamat sa inyong puso. Wala kayong madaramang hinanakit, galit, o kasakiman kapag kayo ay mapagpasalamat.

Magpasalamat para sa magagandang pagpapalang napasainyo. Magpasalamat para sa napakalalaking oportunidad ninyo. Magpasalamat sa inyong mga magulang. Ipaalam sa kanila ang inyong pasasalamat. Pasalamatan ang inyong mga kaibigan at guro. Magpasalamat sa lahat ng nagmagandang-loob sa inyo o tumutulong sa inyo sa anumang paraan.

Pasalamatan ang inyong Ama sa Langit sa Kanyang kabutihan sa inyo. Mapasasalamatan ninyo ang Diyos sa pagkilala sa Kanyang kapangyarihan sa lahat ng bagay, na pinasasalamatan Siya sa lahat ng ibinibigay Niya sa inyo, pagsunod sa Kanyang mga utos, at paglilingkod sa iba. Pasalamatan Siya para sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Magpasalamat para sa dakilang halimbawa ng Tagapagligtas, para sa Kanyang mga turo, para sa nakaunat Niyang mga kamay na nagpapasigla at tumutulong, para sa Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala.

Pasalamatan ang Panginoon para sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Pasalamatan Siya para sa lahat ng ibinibigay nito sa inyo. Pasalamatan Siya para sa mga kaibigan at pamilya. Hayaang gabayan at pagpalain ng diwa ng pasasalamat ang inyong mga araw at gabi. Pagsikapang maging mapagpasalamat. Matutuklasan ninyo na maganda ang ibubunga nito.

Mga karagdagang sanggunian: Mga Awit 100:3–4; Lucas 17:11–19; Mosias 2:19–22; Alma 34:38; D at T 59:7

## Patotoo

Ang patotoo ay isang espirituwal na pagsaksing ibinigay ng Espiritu Santo. Ang pundasyon ng patotoo ay nasa kaalaman na ang Ama sa Langit ay buhay at minamahal tayo; na si Jesucristo ay buhay, na Siya ang Anak ng Diyos, at Siya ang nagsakatuparan ng walang hanggang Pagbabayad-sala; na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos na tinawag upang ipanumbalik ang ebanghelyo; na tayo ay pinamumunuan ng isang buhay na propeta ngayon; at na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tunay na Simbahan ng Tagapagligtas sa lupa. Sa pundasyong ito, lumalakas ang patotoo upang sakupin ang lahat ng alituntunin ng ebanghelyo.

### Pagtatamo at Pagpapalakas ng Patotoo

Bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kayo ay may sagradong oportunidad at responsibilidad na magtamo ng sarili ninyong patotoo. Matapos magkaroon ng patotoo, kayo ay may tungkuling pangalagaan ito habang kayo'y nabubuhay. Ang inyong kaligayahan sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan ay lubhang nakasalalay sa kung kayo ay "matatatag ang pagpapatotoo kay Jesus" (D at T 76:79; tingnan din sa mga talata 51, 74, 101). Habang pinagsisikapan ninyo ito, tandaan ang sumusunod na mga alituntunin:

*Ang paghahanap ng patotoo ay nagsisimula sa mabuti at taos na hangarin.* Pagpapalain kayo ng inyong Ama sa Langit ayon sa mabubuting hangarin ng inyong puso at mga pagsisikap ninyong gawin ang Kanyang kalooban. Sa pagsasalita sa isang grupo ng mga taong wala pang patotoo sa ebanghelyo, itinuro ni Alma: "Kung kayo ay gigising at pupukawin ang inyong kaisipan, maging sa isang pagsubok sa aking mga salita, at gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya, oo, kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, maging

hanggang sa kayo ay maniwala sa isang pamamaraan na kayo ay magbibigay-puwang para sa isang bahagi ng aking mga salita" (Alma 32:27).

*Ang patotoo ay nagmumula sa payapang impluwensya ng Espiritu Santo.* Ang mga bunga ng patotoo ay maaaring mahimala at nagpapabago ng buhay, ngunit kadalasan ang kaloob na patotoo ay nagmumula sa payapang katiyakan, na walang kagila-gilalas na pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Kahit si Alma, na dinalaw ng isang anghel at nakita ang Diyos na nakaupo sa Kanyang trono, ay kinailangang mag-ayuno at manalangin upang makatanggap ng patotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (Tingnan sa Alma 5:45–46; 36:8, 22).

*Unti-unting lalakas ang inyong patotoo dahil sa inyong mga karanasan.* Walang sinumang tumatanggap ng lubos na patotoo sa isang iglap. Lalakas ang inyong patotoo dahil sa inyong mga karanasan. Lalawak ito kapag nagpakita kayo ng kahandaang maglingkod sa Simbahan, saan man kayo matawag. Mag-iibayo ito kapag nagpasiya kayong sundin ang mga utos. Kapag pinasisigla at pinalalakas ninyo ang iba, makikita ninyong patuloy na lalakas ang inyong patotoo. Kapag kayo'y nagdarasal at nag-aayuno, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, dumadalo sa mga miting ng Simbahan, at nakikinig sa patotoong ibinabahagi ng iba, bibiyayaan kayo ng mga inspirasyon sa mahahalagang sandali na magpapalakas sa inyong patotoo. Ang mahahalagang sandaling iyon ay darating sa buhay ninyo kapag sinikap ninyong ipamuhay ang ebanghelyo.

*Lalakas ang inyong patotoo kapag ibinahagi ninyo ito.* Huwag ninyong hintaying lubos na lumakas ang inyong patotoo bago ninyo ito ibahagi. Bahagi ng paglakas ng patotoo ang pagbabahagi nito. Katunayan, malalaman ninyo na kapag nagbabahagi kayo ng patotoo, babalik ito sa inyo—at may dagdag pa.

Pagpapatotoo

Sa mga pulong-ayuno at patotoo at sa mga pakikipag-usap ninyo sa pamilya at mga kaibigan, madarama ninyo na hinihikayat kayong ibahagi ang inyong patotoo. Sa gayong mga pagkakataon, alalahanin na hindi ninyo kailangang magbahagi ng mahaba at kahanga-hangang talumpati. Magiging napakabisa ng inyong patotoo kapag ipinahayag ito bilang isang maikli at taos-pusong paniniwala sa Tagapagligtas, sa Kanyang mga turo, at sa Panunumbalik. Humiling ng patnubay, at tutulungan kayo ng Espiritu na malaman kung paano ipapahayag ang nadarama ng inyong puso. Lubos kayong magagalak sa pagbabahagi sa iba ng pag-asa at katiyakang ibinigay sa inyo ng Panginoon.

Mga karagdagang sanggunian: Juan 7:17; I Mga Taga Corinto 2:9–14; Santiago 1:5–6; Moroni 10:3–5; D at T 6:22–23; 62:3; 88:81

*Tingnan din sa* Diyos Ama; Espiritu Santo; Mga Espirituwal na Kaloob; Pag-aayuno at mga Handog-ayuno; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Paghahayag; Panalangin

## **Personal na Paghahayag** (*Tingnan sa* Paghahayag)

## **Pitumpu** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

## Plano ng Kaligtasan

Sa buhay bago tayo isinilang sa mundo, inihanda ng Ama sa Langit ang isang plano upang tayo ay maging tulad Niya at tumanggap ng ganap na kagalakan. Ang tawag ng mga banal na kasulatan sa planong ito ay "plano ng kaligtasan" (Alma 24:14; Moises 6:62), "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8), "plano ng pagtubos" (Jacob 6:8; Alma 12:30), at "plano ng awa" (Alma 42:15).

Ang plano ng kaligtasan ang kaganapan ng ebanghelyo. Kabilang dito ang Paglikha, Pagkahulog, Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at lahat ng batas, ordenansa, at doktrina ng ebanghelyo. Ang kalayaang moral, ang kakayahang pumili at

kumilos para sa ating sarili, ay mahalaga rin sa plano ng Ama sa Langit. Dahil sa planong ito, maaari tayong maging perpekto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, tumanggap ng ganap na kagalakan, at mamuhay nang walang hanggan sa piling ng Diyos. Maaaring manatili ang pagsasama ng ating pamilya sa buong kawalang-hanggan.

Kayo ay kabahagi sa plano ng Ama sa Langit, at ang inyong walang hanggang karanasan ay maaaring hatiin sa tatlong pangunahing bahagi: buhay bago kayo isinilang sa mundong ito, mortalidad, at kabilang buhay. Kapag naunawaan ninyo ang plano, malalaman ninyo ang mga sagot sa mga tanong ng napakaraming tao: Saan tayo nagmula? Bakit tayo narito? Saan tayo paroroon pagkamatay natin?

## Buhay Bago Kayo Isinilang

Bago kayo isinilang sa mundo, nanirahan kayo sa piling ng inyong Ama sa Langit bilang isa sa Kanyang mga espiritung anak. Sa buhay bago kayo isinilang, dumalo kayo sa kapulungan kasama ang iba pang mga espiritung anak ng Ama sa Langit. Sa kapulungang iyon, inilahad ng Ama sa Langit ang Kanyang dakilang plano ng kaligayahan (tingnan sa Abraham 3:22–26).

Alinsunod sa plano ng kaligayahan, bago isinilang sa mundo si Jesucristo, ang Panganay na Anak ng Ama sa espiritu, nakipagtipan Siya na maging Tagapagligtas (tingnan sa Moises 4:2; Abraham 3:27). Yaong mga sumunod sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay tinulutang maisilang sa mundo upang dumanas ng mortalidad at umunlad tungo sa buhay na walang hanggan. Si Lucifer, isa pang espiritung anak ng Diyos, ay nagrebelde laban sa plano at "naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3). Siya ay naging si Satanas, at sila ng kanyang mga alagad ay pinalayas sa langit at pinagkaitan ng mga pribilehiyong tumanggap ng pisikal na katawan at dumanas ng mortalidad (tingnan sa Moises 4:4; Abraham 3:27–28).

Sa buong buhay ninyo bago kayo isinilang sa mundong ito, nagkaroon kayo ng sariling katangian at pinag-ibayo ang inyong mga espirituwal na kakayahan. Pinagpala ng kaloob na kalayaang pumili, gumawa kayo ng mahahalagang pasiya, tulad ng pasiyang sundin ang plano ng Ama sa Langit. Ang mga pasiyang ito ay nakaapekto sa buhay ninyo noon at ngayon. Lumawak ang inyong katalinuhan at natutuhan ninyong mahalin ang katotohanan, at naghanda kayong maisilang sa mundong ito, kung saan kayo patuloy na uunlad.

### Mortalidad

Kayo ngayon ay dumaranas ng mortalidad. Ang inyong espiritu ay nasa inyong katawan, at nagbibigay sa inyo ng mga oportunidad na lumago at umunlad sa mga paraang hindi posible sa inyong buhay bago kayo isinilang sa mundong ito. Ang bahaging ito ng buhay ninyo ay panahon ng pag-aaral kung kailan maaari ninyong patunayan ang inyong sarili, mapipiling lumapit kay Cristo, at makapaghahanda kayong maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan. Panahon din ito para matulungan ninyo ang iba na matagpuan ang katotohanan at magkaroon ng patotoo sa plano ng kaligtasan.

### Kabilang Buhay

Pagkamatay ninyo, ang inyong espiritu ay papasok sa daigdig ng mga espiritu at maghihintay ng pagkabuhay na mag-uli. Sa panahon ng pagkabuhay na mag-uli, ang inyong espiritu at katawan ay muling magsasama, at kayo ay hahatulan at tatanggapin sa isang kaharian ng kaluwalhatian. Ang kaluwalhatiang mamanahin ninyo ay nakasalalay sa lalim ng inyong paniniwala at pagsunod ninyo sa mga utos ng Panginoon (tingnan sa "Mga Kaharian ng Kaluwalhatian," mga pahina 85–88). Nakasalalay ito sa paraan ng inyong "[pagtanggap] ng patotoo ni Jesus" (D at T 76:51; tingnan din sa mga talata 74, 79, 101).

Mga Pagpapala sa pamamagitan ng Kaalaman tungkol sa Plano

Ang isang patotoo sa plano ng kaligtasan ay magbibigay sa inyo ng pag-asa at layunin sa pakikibaka ninyo sa mga hamon ng buhay. Muli ninyong matitiyak ang kaalamang kayo ay anak ng Diyos at nabuhay kayo sa Kanyang piling bago kayo isinilang sa daigdig. Magkakaroon ng kahulugan ang buhay ninyo ngayon, batid na ang inyong mga kilos sa mortalidad ay may epekto sa inyong walang hanggang tadhana. Sa kaalamang ito, maibabatay ninyo ang mahahalagang pasiya sa mga walang hanggang katotohanan sa halip na sa pabagu-bagong sitwasyon ng buhay. Patuloy ninyong mapapaganda ang pagsasama ninyo sa pamilya, na nagagalak sa pangako na maaaring maging walang hanggan ang inyong pamilya. Magagalak kayo sa inyong patotoo sa Pagbabayad-sala at mga utos, ordenansa, tipan, at doktrina ng Panginoon, batid na "siya na gumagawa ng mga gawa ng kabutihan ay makatatanggap ng kanyang gantimpala, maging kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23).

Mga karagdagang sanggunian: 2 Nephi 2:5–30; 10:23–25; Alma 12:24–37; 22:12–14; 42; Moises 6:47–62

*Tingnan din sa* Diyos Ama; Ebanghelyo; Impiyerno; Jesucristo; Kalayaang Pumili; Kamatayan, Espirituwal; Kamatayan, Pisikal; Langit; Mga Kaharian ng Kaluwalhatian; Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli; Pagkahulog; Paglikha; Paraiso

## Pornograpiya

Ang pornograpiya ay anumang materyal na nagpapakita o naglalarawan ng katawan ng tao o seksuwal na gawain sa paraang pumupukaw sa pagnanasa sa seks. Ipinamamamahagi ito sa maraming media, kabilang na ang mga magasin, aklat, telebisyon, pelikula, musika, at Internet. Nakasasama ito sa espiritu tulad ng pinsalang dulot ng tabako, alak, at droga sa katawan. Ang paggamit ng pornograpikong materyal sa anu-

mang paraan ay paglabag sa isang utos ng Diyos: "Huwag kayong . . . makiapid . . . ni gumawa ng anumang bagay tulad nito" (D at T 59:6). Maaari itong humantong sa iba pang mabibigat na kasalanan. Dapat iwasan ng mga miyembro ng Simbahan ang anumang anyo ng pornograpiya at tutulan ang produksyon, pamamahagi, at paggamit nito.

Mapanganib at nakakalulong ang pornograpiya. Gaya ng iba pang adiksyon, inaakay nito ang mga tao na sumubok at maghangad ng mas mabisang pampasigla. Kung sinusubukan ninyo ito at hinahayaan ninyong mabihag kayo nito, wawasakin kayo nito, pasasamain ang inyong isipan, puso, at espiritu. Aalisin nito ang paggalang ninyo sa sarili at ang magandang pananaw ninyo sa buhay. Wawasakin kayo nito at aakayin sa masasamang kaisipan at posibleng sa masasamang gawain. Sisirain nito nang husto ang pagsasama ng inyong pamilya.

Dahil nakakalulong ang pornograpiya at nakapipinsala sa katawan at espiritu, paulit-ulit tayong binalaan ng mga lingkod ng Diyos na iwasan ito. Kung nabitag kayo ng pornograpiya, agad itong itigil at humingi ng tulong. Kung magsisisi kayo, tatanggap kayo ng kapatawaran at makatatagpo ng pag-asa sa ebanghelyo. Humingi ng payo sa inyong bishop o branch president kung paano madaraig ang inyong problema, at hilinging mapagaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Hilingin sa Panginoon na bigyan kayo ng lakas na madaig ang malubhang pagkalulong na ito.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 5:27–28; Mga Taga Roma 6:12; Alma 39:9; D at T 42:23

*Tingnan din sa* Kalinisang-puri; Tukso

**Priest** (*Tingnan sa* Aaronic Priesthood; Pangangasiwa sa Simbahan; Priesthood)

## Priesthood

Ang priesthood ang walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Sa pamamagitan ng priesthood nilikha

at pinamamahalaan ng Diyos ang kalangitan at ang lupa. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito tinutubos Niya at pinadadakila ang Kanyang mga anak, na isinasakatuparan ang "kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

## Awtoridad ng Priesthood na Ibinigay sa mga Kalalakihan sa Mundo

Binibigyan ng awtoridad ng priesthood ng Diyos ang karapat-dapat na mga lalaking miyembro ng Simbahan upang makakilos sila sa Kanyang pangalan para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Maaaring bigyan ng awtoridad ang mga maytaglay ng priesthood na ipangaral ang ebanghelyo, pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan, at pamahalaan ang kaharian ng Diyos sa lupa.

Maaaring simulan ng mga miyembrong lalaki ng Simbahan ang paglilingkod nila sa priesthood pagsapit nila sa gulang na 12. Nagsisimula sila sa pagtataglay ng Aaronic Priesthood, at kalaunan ay maaari silang maging karapat-dapat na gawaran ng Melchizedek Priesthood. Sa iba't ibang yugto ng kanilang buhay at habang inihahanda nila ang sarili na tumanggap ng iba't ibang responsibilidad, naglilingkod sila sa iba't ibang katungkulan sa priesthood, tulad ng deacon, teacher, o priest sa Aaronic Priesthood at elder o high priest sa Melchizedek Priesthood. (Para sa partikular na impormasyon tungkol sa Aaronic at Melchizedek Priesthood, tingnan sa mga pahina 3–4 at 76–77.)

Para magtaglay ng priesthood ang isang lalaking miyembro ng Simbahan, kailangan itong igawad sa kanya ng isang awtorisadong maytaglay ng priesthood at iorden siya sa isang katungkulan sa priesthood na iyon (tingnan sa Mga Hebreo 5:4; D at T 42:11; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).

Bagama't ipinagkakaloob lamang ang awtoridad ng priesthood sa karapat-dapat na mga lalaking miyembro ng Simbahan, ang mga pagpapala ng priesthood ay para sa lahat—mga lalaki, babae, o bata. Nakikinabang tayong lahat

sa impluwensya ng mabuting pamumuno ng priesthood, at may pribilehiyo tayong lahat na tumanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng priesthood.

## Priesthood at Pamilya

Ang pinakamahalagang paggamit ng priesthood ay nagaganap sa pamilya. Bawat asawa at ama sa Simbahan ay dapat pagsikapang maging karapat-dapat na magtaglay ng Melchizedek Priesthood. Kasama ang kanyang maybahay bilang katuwang na may pantay na pananagutan, namumuno siya sa kabutihan at pagmamahal, at naglilingkod bilang espirituwal na lider ng pamilya. Siya ang namumuno sa pamilya sa regular na panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at family home evening. Tumutulong siya sa kanyang maybahay sa pagtuturo at paghahanda sa kanilang mga anak na matanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan (tingnan sa D at T 68:25–28). Nagbibigay siya ng basbas ng priesthood para gumabay, magpagaling, at magbigay ng kaaliwan.

Maraming miyembro na walang kasamang matapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood sa kanilang tahanan. Gayunman, sa paglilingkod ng mga home teacher at lider ng priesthood, matatamasa ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang mga pagpapala ng kapangyarihan ng priesthood sa kanilang buhay.

## Mga Korum ng Priesthood

Ang korum ng priesthood ay isang organisadong grupo ng kalalakihan na iisa ang katungkulan sa priesthood. Ang mga pangunahing layunin ng mga korum ay maglingkod sa iba, patatagin ang pagkakaisa at kapatiran, at turuan ang isa't isa sa mga doktrina, alituntunin, at tungkulin.

May mga korum sa lahat ng antas ng organisasyon sa Simbahan. Ang Pangulo ng Simbahan at kanyang mga tagapayo ang bumubuo sa Korum ng Unang Panguluhan. Bumubuo rin ng isang korum ang Labindalawang Apostol.

Ang mga Pitumpu, kapwa mga General Authority at Area Authority, ay inorganisa sa mga korum. Nangungulo ang bawat stake president sa korum ng mga high priest, na binubuo ng lahat ng high priest sa stake. Karaniwan ay may mga korum ng elder, priest, teacher, at deacon sa bawat ward o branch. Nakaorganisa rin ang mga high priest sa mga ward, na naglilingkod sa mga grupo ng mga high priest.

## Home Teaching

Kapag naorden na ang mga maytaglay ng priesthood sa katungkulan ng teacher, may oportunidad at responsibilidad na silang maglingkod bilang mga home teacher. Sa ganitong paraan napagsisikapan nilang isakatuparan ang kanilang tungkuling "pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila" (D at T 20:53).

Ang mga home teacher ay may sagradong tungkulin sa Simbahan na maging unang mahihingan ng tulong ng mga tao at pamilya. Binibisita nila ang mga miyembrong nakatalaga sa kanila kahit minsan sa isang buwan. Sa paglilingkod at pagbisita sa mga miyembrong nakatalaga sa kanila, tinutulungan nila ang mga magulang sa mga responsibilidad nito, itinuturo ang ebanghelyo sa bawat miyembro ng pamilya, pinayayabong ang pagkakaibigan, at tinutulungan ang mga miyembro na maghanda sa pagtanggap ng mga ordenansa sa templo at mamuhay nang karapat-dapat para sa mga pagpapala ng ebanghelyo.

Tinitiyak ng mga lider sa mga ward at branch na may nakatalagang mga home teacher sa bawat pamilya o miyembro. Nakikipag-alam sila sa mga home teacher para makatulong sa pagtugon sa espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng bawat miyembro.

## Mga Susi ng Priesthood

Ang paggamit ng awtoridad ng priesthood sa Simbahan ay pinamamahalaan ng mga taong mayhawak ng mga susi ng priesthood (tingnan sa D at T 65:2; 124:123). Yaong mga

mayhawak ng mga susi ng priesthood ay may karapatang mamahala at mangasiwa sa Simbahan na kanilang nasasakupan. Halimbawa, hawak ng bishop ang mga susi ng priesthood na nagbibigay sa kanya ng kakayahang mangulo sa kanyang ward. Kung gayon, kapag inihanda sa binyag ang isang bata sa ward na iyon, dapat bigyan ng awtorisasyon ng bishop ang taong magbibinyag sa bata.

Hawak ni Jesucristo ang lahat ng susi ng priesthood. Ibinigay Niya sa Kanyang mga Apostol ang mga susing kailangan sa pamamahala ng Kanyang Simbahan. Tanging ang nakatataas na Apostol, ang Pangulo ng Simbahan, ang maaaring gumamit (o magpahintulot na gamitin ng ibang tao) ang mga susing ito para pamahalaan ang buong Simbahan (tingnan sa D at T 43:1–4; 81:2; 132:7).

Ang Pangulo ng Simbahan ang nagkakaloob ng mga susi ng priesthood sa ibang mga lider ng priesthood nang sa gayon ay makapangulo sila sa kanilang mga nasasakupan. Ang mga susi ng priesthood ay ipinagkakaloob sa mga temple, mission, stake at district president; mga bishop; mga branch president; at mga pangulo ng korum. Ang isang taong naglilingkod sa isa sa mga katungkulang ito ang siya lamang mayhawak ng mga susi hanggang sa siya ay ma-release. Hindi tumatanggap ng mga susi ang mga tagapayo, ngunit tumatanggap sila ng awtoridad at responsibilidad dahil sa kanilang tungkulin at gawain.

## Matwid na Paggamit ng Priesthood

Kung kayo ay maytaglay ng priesthood, tandaan na dapat maging bahagi ninyo ang priesthood sa lahat ng oras at sa lahat ng sitwasyon. Hindi ito parang balabal na masusuot at mahuhubad ninyo kung kailan ninyo gusto. Anumang ordenasyon sa isang katungkulan sa priesthood ay isang tawag na maglingkod habambuhay, na may kaakibat na pangakong pagigindapatin kayo ng Panginoon na gawin ang Kanyang gawain ayon sa inyong katapatan.

Dapat kayong maging karapat-dapat na matanggap at magamit ang kapangyarihan ng priesthood. Makaaapekto ang mga salitang sinasambit ninyo at ang inaasal ninyo sa araw-araw sa kakayahan ninyong maglingkod. Hindi kayo dapat magpakita ng maling asal sa publiko. Mas mahalaga pa nga ang inyong tagong pag-uugali. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ipinahayag ng Panginoon na "ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, at na ang kapangyarihan ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan" (D at T 121:36). Binalaan niya ang mga maytaglay ng priesthood:

"Kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan, ang ating walang kabuluhang adhikain, o gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit sa mga kaluluwa ng mga anak ng tao, sa alinmang antas ng kasamaan, masdan, ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkasaserdote o sa kapangyarihan ng taong iyon. Masdan, bago niya mabatid, siya ay naiwan sa kanyang sarili" (D at T 121:37–38).

Hindi ninyo mapananatili ang anumang kapangyarihan o impluwensya ng priesthood kung hindi tanging "sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig; sa pamamagitan ng kabaitan at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya." Kung kayo ay "pinakikilos ng Espiritu Santo" na pagsabihan ang isang tao, pagkalipas nito ay agad magpakita "ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway; upang kanyang malaman na ang iyong katapatan ay higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan" (D at T 121:41–43).

Kapag ginamit ninyo ang priesthood sa kabutihan at pagmamahal, magagalak kayong maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon. Sabi Niya:

"Punuin din ang iyong sisidlan ng pag-ibig para sa lahat ng tao, at sa sambahayan ng pananampalataya, at puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisay sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.

"Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan" (D at T 121:45–46).

Mga karagdagang sanggunian: Juan 15:16; Mga Gawa 8:14–20; Santiago 5:14–15; D at T 13; 20; 84; 107; Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–73

*Tingnan din sa* Aaronic Priesthood; Melchizedek Priesthood; Mga Ordenansa; Panunumbalik ng Ebanghelyo; Pangangasiwa sa Simbahan

**Propesiya** (*Tingnan sa* Mga Espirituwal na Kaloob; Paghahayag)

## Relief Society

Ang Relief Society ay itinatag ni Propetang Joseph Smith noong Marso 17, 1842, sa Nauvoo, Illinois. Noong itinatatag ito, dalawa ang pangunahing layunin ng Relief Society: tumulong sa mga maralita at nangangailangan at magligtas ng mga kaluluwa. Patuloy pa rin ang organisasyon ngayon, na nananatiling tapat sa orihinal na mga gabay na alituntuning iyon. Sa buong mundo, nakikipagtulungan ang Relief Society sa mga maytaglay ng priesthood sa pagsasakatuparan ng misyon ng Simbahan. Sinusuportahan nila ang isa't isa sa kanilang:

- Pagpapalakas ng patotoo kay Jesucristo sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

- Paghahangad ng espirituwal na lakas sa pagsunod sa mga dikta ng Espiritu Santo.
- Paglalaan ng sarili sa pagpapatibay ng pagsasama ng mga mag-asawa, pamilya, at tahanan.
- Pagkasumpong ng kadakilaan sa pagiging ina at kagalakan sa pagiging babae.
- Kasiyahan sa paglilingkod at paggawa ng mabuti.
- Pagnanais nilang mamuhay nang matwid at matuto.
- Paninindigan sa katotohanan at katwiran.
- Pagsuporta sa priesthood bilang awtoridad ng Diyos sa lupa.
- Kagalakan sa mga pagpapala ng templo.
- Pagkaunawa sa kanilang banal na tadhana at pagsisikap na magtamo ng kadakilaan.

Kung kayo ay nasa Relief Society, ang isang paraan para makapag-ambag kayo sa misyon ng organisasyon ay tumanggap ng tungkulin na maglingkod bilang visiting teacher. Kapag bumibisita kayo at naglilingkod sa mga nakatalagang kapatid sa inyo, mag-ukol ng oras sa pagtuturo ng ebanghelyo at pagpapatibay ng pagkakaibigan. Dagdag pa sa paglilingkod sa mga tao, maaari din kayong gumanap ng mahalagang tungkulin sa pagpapalakas ng mga pamilya.

Tinitiyak ng mga lider sa mga ward at branch na may nakatalagang mga visiting teacher sa bawat miyembrong babaeng edad 18 pataas. Nakikipag-alam ang mga lider ng priesthood at Relief Society sa mga visiting teacher para makatulong sa pagtugon sa espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng miyembrong babae.

Bilang kapatid sa Relief Society, kayo ay miyembro ng isang pandaigdigang kapatiran, nagkakaisa sa katapatan kay Jesucristo. Kasama kayo ng iba pang mga anak ng Diyos bilang babaeng may pananampalataya, mabubuting katangian, pananaw, at pag-ibig sa kapwa-tao, na may tiyak na kaalaman na ang inyong buhay ay may kabuluhan, layunin, at

direksyon. Sa partisipasyon ninyo sa Relief Society, may mga oportunidad kayong matamasa ang kapatiran at pagkakaibigan, magbigay ng makabuluhang paglilingkod, magbahagi ng inyong patotoo at mga talento, at lumakas sa espirituwal.

## Sabbath

Ang Sabbath ay araw ng Panginoon, na itinalaga bawat linggo para sa pagpapahinga at pagsamba. Sa mga panahon ng Lumang Tipan, idinaos ng mga pinagtipanang tao ng Diyos ang Sabbath tuwing ikapitong araw ng linggo dahil nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw nang likhain Niya ang mundo. Binigyang-diin ng Panginoon ang kahalagahan ng paggalang sa araw ng Sabbath sa Sampung Utos:

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.

"Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain.

"Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan:

"Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal" (Exodo 20:8–11).

Nang Mabuhay na Mag-uli si Jesucristo, na naganap sa unang araw ng linggo, nagsimulang magdaos ng sabbath ang mga disipulo ng Panginoon sa unang araw ng linggo, Linggo (tingnan sa Mga Gawa 20:7).

Sa mga huling araw, inutusan tayo ng Panginoon na patuloy na igalang ang araw ng Sabbath. Nangako Siya na kung susundin natin ang utos na ito, tatanggapin natin ang "kabuuan ng mundo" (tingnan sa D at T 59:16–20).

Dahil banal na araw ang Sabbath, dapat itong iukol sa karapat-dapat at banal na mga gawain. Hindi sapat ang huwag kayong magtrabaho at maglibang. Katunayan, kung

nakahilata lang tayo at walang ginagawa sa araw ng Sabbath, hindi natin pinananatiling banal ang araw na iyon. Sa isang paghahayag kay Joseph Smith noong 1831, iniutos ng Panginoon: "Upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa palanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw; sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga pananalangin sa Kataas-taasan" (D at T 59:9–10). Alinsunod sa paghahayag na ito, dumadalo tayo sa sacrament meeting linggu-linggo. Maaaring isama sa iba pang mga gawain sa araw ng Sabbath ang pagdarasal, pagbubulay-bulay, pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta sa mga huling araw, pagliham sa mga kapamilya at kaibigan, pagbabasa ng magagandang babasahin, pagbisita sa maysakit at nababagabag, at pagdalo sa iba pang mga miting sa Simbahan.

Mga karagdagang sanggunian: Exodo 31:16–17; Mosias 18:23; D at T 59:11–14; 68:29

*Tingnan din sa* Kapitagan; Pagsamba; Sacrament

## Sacrament

Noong gabi bago Siya Ipinako sa Krus, nakipagkita si Jesucristo sa Kanyang mga Apostol at pinasimulan ang sacrament. "Siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo" (Lucas 22:19–20). Nang Siya ay Mabuhay na Mag-uli, pinasimulan Niya ang sacrament sa mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 18:1–11).

Ngayon nakikibahagi tayo ng tinapay at tubig sa pag-alaala sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Ang ordenansang ito ay mahalagang bahagi ng ating pagsamba at espirituwal na pag-unlad. Kapag higit nating pinagninilay-nilay ang kabuluhan nito, higit itong nagiging sagrado sa atin.

### Pag-alaala sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala

Ang sacrament ay nagbibigay ng pagkakatong maalaala ninyo nang may pasasalamat ang buhay, pagmiministeryo, at Pagbabayad-sala ng Anak ng Diyos.

Sa pinagputul-putol na tinapay, naaalaala ninyo ang Kanyang katawan. Maaalaala ninyo ang Kanyang pisikal na pagdurusa—lalo na ang pagdurusa Niya sa krus. Maaalaala ninyo na sa pamamagitan ng Kanyang awa at biyaya, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli at mabibigyan ng pagkakataon sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos.

Sa kopita ng tubig, maaalaala ninyo na ibinuhos ng Tagapagligtas ang Kanyang dugo sa matinding espirituwal na pagdurusa at dalamhati, simula sa Halamanan ng Getsemani. Doo'y sinabi Niya, "Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan" (Mateo 26:38). Sa pagsunod sa kalooban ng Ama, higit ang pagdurusa Niya kaysa abot ng ating pang-unawa: "Ang dugo ay [lumabas] sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang [naging] pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao" (Mosias 3:7). Maaalaala ninyo na sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang dugo, iniligtas kayo ni Jesucristo at ang lahat ng tao sa tinatawag sa banal na kasulatan na "kauna-unahang pagkakasala" na paglabag ni Adan (Moises 6:54). Maaalaala ninyo na nagdusa rin siya para sa mga kasalanan, kalungkutan, at sakit ng lahat ng anak ng Ama sa Langit, na naglalaan ng kapatawaran ng mga kasalanan para sa mga yaong nagsisisi at ipinamumuhay ang ebanghelyo (tingnan sa 2 Nephi 9:21–23).

## Pagpapanibago ng mga Tipan at Ipinangakong mga Pagpapala

Sa pakikibahagi ninyo ng sacrament, pinatototohanan ninyo sa Diyos na hihigit pa sa maikling oras ng sagradong ordenansang iyon ang pag-alaala ninyo sa Kanyang Anak. Nangangako kayo na aalalahanin Siya sa tuwina. Pinatototohanan ninyo na handa kayong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo at sundin ang Kanyang mga utos. Sa pakikibahagi ng sacrament at paggawa ng mga pangakong ito, pinaninibago ninyo ang inyong tipan sa binyag (tingnan sa Mosias 18:8–10; D at T 20:37).

Tumatanggap kayo ng mga dakilang pagpapala kapag tinutupad ninyo ang tipan sa binyag. Kapag pinaninibago ninyo ito, pinaninibago ng Panginoon ang pangakong patatawarin ang inyong mga kasalanan. Nalinis mula sa kasalanan, nagagawa ninyong "sa tuwina ay mapasa[inyo] ang kanyang Espiritu" (D at T 20:77). Ang palagiang pagpiling ng Espiritu ay isa sa mga pinakadakilang kaloob na matatanggap ninyo sa buhay na ito. Gagabayan kayo ng Espiritu sa mga landas ng kabutihan at kapayapaan, na aakay sa inyo sa buhay na walang hanggan sa piling ng inyong Ama sa Langit at ni Jesucristo.

## Pakikibahagi nang Karapat-dapat

Sa paghahanda para sa sacrament linggu-linggo, suriin ang inyong buhay at pagsisihan ang inyong mga kasalanan. Hindi ninyo kailangang maging perpekto para makibahagi ng sacrament, ngunit dapat kayong magpakumbaba at magsisi sa inyong puso. Linggu-linggo dapat kayong maghanda para sa sagradong ordenansang iyon nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu (tingnan sa 3 Nephi 9:20).

Kung makikibahagi kayo ng sacrament nang may kapitagan at kataimtimang karapat-dapat dito, nagiging lingguhang oportunidad ito para makapag-isip-isip, makapagsisi, at magpanibago ng dedikasyon—na pinagmumulan ng lakas at palagiang paalaala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Mga karagdagang sanggunian: I Mga Taga Corinto 11:23–29; Moroni 4–5; D at T 20:75–79; 27:2

*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Tipan

**Sacrament meeting** (*Tingnan sa* Sabbath; Sacrament; Sakripisyo)

## Sakripisyo

Ang magsakripisyo ay magsuko ng isang bagay na mahalaga sa atin bilang kapalit ng isang bagay na higit na mahalaga. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, may oportunidad tayong isakripisyo ang mga makamundong bagay para sa Panginoon at sa Kanyang kaharian. Ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay dapat maging handang isakripisyo ang anumang hingin ng Panginoon. Kung hindi tayo pinagsakripisyo, hindi sana tayo nagkaroon ng pananampalatayang kailangan para sa walang hanggang kaligtasan kailanman.

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang dakila at walang hanggang sakripisyo na pinakamahalaga sa ebanghelyo (tingnan sa Alma 34:8–16). Bago naisagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, nagsakripisyo ng mga hayop ang Kanyang pinagtipanang mga tao bilang simbolo ng Kanyang sakripisyo. Ang kaugaliang ito ay nakatulong sa kanila na umasa sa Pagbabayad-sala (tingnan sa Moises 5:4–8). Nagwakas ang utos na magsakripisyo ng mga hayop sa pagkamatay ni Jesucristo. Sa Simbahan ngayon, nakikibahagi tayo ng sacrament bilang pag-alaala sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas.

Dagdag pa sa pag-alaala sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo, dapat tayong mag-alay ng sarili nating sakripisyo: isang bagbag na puso at nagsisising espiritu. Sabi ng Tagapagligtas: "Hindi na kayo mag-aalay pa sa akin ng pagbubuhos ng dugo; oo, ang inyong mga alay at inyong mga handog na sinusunog ay tatanggalin na. . . . At mag-aalay kayo bilang pinaka-hain sa akin ng isang bagbag na puso at

nagsisising espiritu. At sinuman ang lalapit sa akin nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, siya ay bibinyagan ko ng apoy at ng Espiritu Santo" (3 Nephi 9:19–20).

Ang pagkakaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu ay pagiging mapakumbaba at masunurin sa kalooban ng Diyos at sa payo ng mga yaong hinirang Niya upang mamuno sa Kanyang Simbahan. Ito rin ay pagkakaroon ng matinding kalungkutan para sa kasalanan at taos na hangaring magsisi. Binigyang-diin ng propetang si Lehi ang kahalagahan ng pag-aalay ng sakripisyong ito: "Masdan, inihandog [ni Cristo] ang kanyang sarili na isang hain para sa kasalanan, upang tugunin ang layunin ng batas para sa lahat ng yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu, at walang sinumang maaaring makatugon sa mga layunin ng batas" (2 Nephi 2:7). Kung hindi tayo mag-aalay ng sakripisyong bagbag na puso at nagsisising espiritu, hindi natin ganap na matatanggap ang mga pagpapalang hatid ng Pagbabayad-sala.

Kung handa kayong magsakripisyo tulad ng utos ng Panginoon, tatanggapin Niya kayo. Itinuro Niya: "Lahat . . . na nakababatid na ang kanilang mga puso ay tapat, at bagbag, at ang kanilang mga kaluluwa ay nagsisisi, at handang tuparin ang kanilang mga tipan sa pamamagitan ng paghahain—oo, bawat paghahain na ako, ang Panginoon, ay ipag-uutos—sila ay tinatanggap ko" (D at T 97:8). Sa walang hanggang pananaw, makikita ninyo na ang pagsusuko ng mga bagay ng mundo ay hindi naman talagang sakripisyo. Ang mga pagpapalang natatanggap ninyo ay higit na dakila kaysa anumang isinusuko ninyo.

Mga karagdagang sanggunian: Mateo 19:16–22; D at T 59:8

*Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Paglilingkod; Pagmamahal; Pagsisisi; Pagsunod; Sacrament

## Sampung Utos

Ang Sampung Utos ay mga walang hanggang alituntunin ng ebanghelyo na kailangan para sa ating kadakilaan.

Inihayag ng Panginoon ang mga ito kay Moises noong sinaunang panahon (tingnan sa Exodo 20:1–17), at muli Niya itong binanggit sa mga paghahayag sa mga huling araw (tingnan sa D at T 42:18–29; 59:5–13; 63:61–62). Ang Sampung Utos ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo. Ang pagsunod sa mga utos na ito ang nagbibigay-daan para masunod ang iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Kasama sa sumusunod na pagbabalik-aral ng Sampung Utos ang maiikling paliwanag kung paano patuloy na naaangkop ang mga ito sa ating buhay ngayon:

1. "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" (Exodo 20:3). Dapat nating gawin ang "lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos" (D at T 82:19). Dapat nating mahalin at paglingkuran ang Panginoon nang buo nating puso, kapangyarihan, pag-iisip, at lakas (tingnan sa Deuteronomio 6:5; D at T 59:5).
2. "Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan"(Exodo 20:4). Sa utos na ito, isinumpa ng Panginoon ang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Maraming anyo ng pagsamba sa diyus-diyusan. Hindi yumuyukod ang ilang tao sa mga inukit na larawan o estatuwa ngunit sa halip ay pinapalitan ng ibang mga diyus-diyusan ang buhay na Diyos, tulad ng pera, mga ari-arian, ideya, o katanyagan. Sa buhay nila, "ang kanilang kayamanan ang kanilang diyos"—isang diyos na "mawawala ring kasama nila" (2 Nephi 9:30).
3. "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan" (Exodo 20:7). Para sa paliwanag tungkol sa utos na ito, tingnan sa "Kalapastanganan," mga pahina 44–45.
4. "Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin" (Exodo 20:8). Para sa paliwanag tungkol sa utos na ito, tingnan sa "Sabbath," mga pahina 207–208.

5. "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12). Ito ay isang utos na kailangang sundin kahit malalaki na tayo. Dapat nating igalang palagi ang ating mga magulang.
6. "Huwag kang papatay" (Exodo 20:13). Para sa paliwanag kung paano naaangkop ang utos na ito sa mga kailangang magtungo sa digmaan, tingnan sa "Digmaan," mga pahina 19–20.
7. "Huwag kang mangangalunya" (Exodo 20:14). Sa isang paghahayag sa mga huling araw, isinumpa ng Panginoon hindi lamang ang pangangalunya, kundi ang "anumang bagay tulad nito" (D at T 59:6). Ang pagtatalik ng hindi mag-asawa, homoseksuwalidad, at iba pang kasalanang seksuwal ay mga pagsuway sa ikapitong utos. Para sa karagdagang paliwanag, tingnan sa "Kalinisang-puri," mga pahina 52–56.
8. "Huwag kang magnanakaw" (Exodo 20:15). Ang pagnanakaw ay isang anyo ng kasinungalingan. Para sa paliwanag tungkol sa katapatan, tingnan sa mga pahina 71–72.
9. "Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa" (Exodo 20:16). Ang pagbibintang ay isa pang anyo ng kasinungalingan. Para sa paliwanag tungkol sa katapatan, tingnan sa mga pahina 71–72.
10. "Huwag [kang mapag-imbot]" (Exodo 20:17). Ang pagiimbot, o pagkainggit sa isang bagay na hindi inyo, ay nakapipinsala sa kaluluwa. Sisirain nito ang ating pagiisip at lagi tayong gagambalain ng kalungkutan at kawalang-kasiyahan. Madalas itong humantong sa iba pang mga kasalanan at pagkalubog sa utang.

Bagama't ang nakasaad sa karamihan sa Sampung Utos ay mga bagay na *hindi natin dapat* gawin, kumakatawan din ito sa mga bagay na *dapat* nating gawin. Ibinuod ng Tagapagligtas ang Sampung Utos sa dalawang alituntunin—pagmamahal sa Panginoon at pagmamahal sa ating kapwa:

"Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

"Ito ang dakila at pangunang utos.

"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:37–39).

Mga karagdagang sanggunian: Mosias 12:33–36; 13:11–24

*Tingnan din sa* Digmaan; Kalapastanganan; Kalayaang Pumili; Kalinisang-puri; Kapitagan; Katapatan; Pagsamba; Pagsunod; Sabbath

## Satanas

Si Satanas, na tinatawag ding kaaway o diyablo, ang kalaban ng kabutihan at ng mga taong naghahangad na sundin ang Diyos. Siya ay isang espiritung anak ng Diyos na dating isang anghel "na may kapangyarihan sa harapan ng Diyos" (D at T 76:25; tingnan din sa Isaias 14:12; D at T 76:26–27). Ngunit sa Kapulungan sa Langit bago tayo isinilang sa mundong ito, naghimagsik si Lucifer, na siyang tawag kay Satanas noon, laban sa Ama sa Langit at sa plano ng kaligtasan. Sa paghihimagsik na ito laban sa Diyos, si Satanas ay "naghahangad na wasakin ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3). Sabi niya: "Aking tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan" (Moises 4:1).

Hinikayat ni Satanas "ang ikatlong bahagi ng hukbo ng langit" na talikuran ang Ama (D at T 29:36). Dahil sa paghihimagsik na ito, si Satanas at ang kanyang mga alagad ay pinalayas sa harapan ng Diyos at pinagkaitan ng pagpapalang makatanggap ng pisikal na katawan (tingnan sa Apocalipsis 12:9). Ipinagkait din sa kanila ang oportunidad na makatanggap ng anumang mana sa kaharian ng kaluwalhatian.

Tinulutan ng Ama sa Langit na tuksuhin tayo ni Satanas at ng kanyang mga alagad bilang bahagi ng ating karanasan sa buhay na ito (tingnan sa 2 Nephi 2:11–14; D at T 29:39). Dahil "hinahangad [ni Satanas] na ang lahat ng tao ay maging

kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" (2 Nephi 2:27), sinusubukan niya at ng kanyang mga alagad na ilayo tayo sa kabutihan. Itinutuon niya ang pinakamalakas niyang pangontra sa pinakamahahalagang aspeto ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Halimbawa, hinahangad niyang mawalan tayo ng paniniwala sa awtoridad ng Tagapagligtas at ng priesthood, mag-alinlangan sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, lumikha ng huwad na paghahayag, malito sa katotohanan, at pawalang-saysay ang pananagutan ng bawat tao. Tinatangka niyang sirain ang pamilya sa pamamagitan ng paglilito sa kasarian at pagkaakit sa kapwa lalaki o babae, pagtataguyod ng pagtatalik nang hindi kasal, pangungutya sa pagpapakasal, at pagpigil sa pag-aanak ng mga mag-asawa na disin sana'y magpapalaki ng mga anak sa kabutihan.

Hindi ninyo kailangang bumigay sa mga tukso ni Satanas. May kapangyarihan kayong piliin ang mabuti sa masama, at lagi ninyong mahihingan ng tulong ang Panginoon sa pamamagitan ng panalangin. (Tingnan sa "Tukso," mga pahina 220–222.)

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 14:12–17; 1 Nephi 15:23–24; 2 Nephi 2:16–18; Moroni 7:12; D at T 10:5; 29:36–40, 46–47; 76:25–29

*Tingnan din sa* Kalayaang Pumili; Kasalanan; Tukso

## Seksuwal na Kahalayan (*Tingnan sa* Kalinisang-puri)

## Sion

Ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng maraming talata kung saan iniutos ng Panginoon sa mga Banal na "hangaring ihayag at itatag ang kapakanan ng Sion" (D at T 6:6; tingnan din sa D at T 11:6; 12:6; 14:6).

Maraming kahulugan ang salitang *Sion* sa mga banal na kasulatan. Ang pinakapalasak na kahulugan ng salita ay "ang may dalisay na puso" (D at T 97:21). Ang *Sion* ay madalas gamitin sa ganitong paraan na tumutukoy sa mga tao ng

Panginoon o sa Simbahan at sa mga stake nito (tingnan sa D at T 82:14).

Noong mga unang araw ng dispensasyong ito, pinayuhan ng mga lider ng Simbahan ang mga miyembro na itayo ang Sion sa pamamagitan ng pandarayuhan sa isang partikular na lugar. Ngayon pinapayuhan tayo ng ating mga lider na itayo ang Sion saanman tayo nakatira. Hinihiling sa mga miyembro ng Simbahan na mamalagi sa kanilang bayang sinilangan at tumulong sa pagtatatag ng Simbahan doon. Maraming templong itinatayo upang matanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga pagpapala ng templo.

Ang salitang *Sion* ay tumutukoy din sa partikular na mga lugar sa daigdig, tulad ng sumusunod:

- Ang lungsod ng Enoc (tingnan sa Moises 7:18–21).
- Ang sinaunang lungsod ng Jerusalem (tingnan sa II Samuel 5:6–7; I Mga Hari 8:1; II Mga Hari 9:28).
- Ang Bagong Jerusalem, na itatatag sa Jackson County, Missouri (tingnan sa D at T 45:66–67; 57:1–3; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10).

Mga karagdagang sanggunian: Isaias 2:2–3; 1 Nephi 13:37; D at T 35:24; 39:13; 45:68–71; 59:3–4; 64:41–43; 90:36–37; 97:18–28; 101:16–18; 105:5; 115:5–6; 136:31

**Smith, Joseph Jr.** (*Tingnan sa* Joseph Smith)

**Stake** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

**Tabako** (*Tingnan sa* Word of Wisdom)

## Tipan

Ang tipan ay isang sagradong kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng isang tao o grupo ng mga tao. Nagtatakda ang Diyos ng mga partikular na kundisyon, at nangako Siyang

pagpapalain tayo kapag sinunod natin ang mga kundisyong iyon. Kapag pinili nating huwag tuparin ang mga tipan, hindi natin matatanggap ang mga pagpapala, at sa ilang pagkakataon pagdurusahan natin ang bunga ng ating pagsuway.

Lahat ng nakapagliligtas na ordenansa ng priesthood ay may kaakibat na mga tipan. Halimbawa, nakipagtipan kayo nang kayo ay mabinyagan, at pinaninibago ninyo ang tipang iyon tuwing makikibahagi kayo ng sacrament (tingnan sa Mosias 18:8–10; D at T 20:37, 77, 79). Kung natanggap na ninyo ang Melchizedek Priesthood, nakapasok na kayo sa sumpa at tipan ng priesthood (tingnan sa D at T 84:33–44). May mga sagradong tipan din sa endowment sa templo at ordenansa ng pagbubuklod.

Laging alalahanin at igalang ang mga pakikipagtipan ninyo sa Panginoon. Sa gayo'y hindi na kailangang iutos pa sa inyo ang lahat ng inyong gagawin (tingnan sa D at T 58:26–28). Bibigyang-inspirasyon kayo ng Espiritu Santo, at magiging bahagi ng inyong pagkatao ang pag-uugaling katulad ng kay Cristo. Tulad ng pangako ng Panginoon, kayo ay "tatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan" (D at T 42:61). Ang dapat maging pinakadakila ninyong pag-asa ay ang matamasa ang pagpapabanal na nagmumula sa banal na patnubay na ito; ang dapat maging pinakamalaking takot ninyo ay ang mawala sa inyo ang mga pagpapalang ito.

Mga karagdagang sanggunian: Jeremias 31:31–34; Mosias 5; Moroni 10:33; D at T 82:10; 97:8; 98:13–15

*Tingnan din sa* Binyag; Mga Ordenansa; Mga Templo; Pag-aasawa; Priesthood; Sacrament; Tipang Abraham

## Tipang Abraham

Tinanggap ni Abraham ang ebanghelyo at naorden bilang high priest (tingnan sa D at T 84:14; Abraham 1:2). Kalaunan

ay pumasok siya sa walang hanggang kasal, na siyang tipan ng kadakilaan (tingnan sa D at T 131:1–4; 132:19, 29). Kaugnay ng mga tipang ginawa niya, tumanggap siya ng mga dakilang pangako mula sa Panginoon hinggil sa kanyang pamilya. Kabilang sa mga pangakong ito ang mga sumusunod:

- Darami ang kanyang lahi (tingnan sa Genesis 17:5–6; Abraham 2:9; 3:14).
- Tatanggapin ng kanyang binhi, o mga inapo, ang ebanghelyo at tataglayin ang priesthood (tingnan sa Abraham 2:9).
- Sa paglilingkod ng kanyang binhi, "pagpapalain ang lahat ng mag-anak sa mundo, maging ng mga pagpapala ng Ebanghelyo, na mga pagpapala ng kaligtasan, maging ng buhay na walang hanggan" (Abraham 2:11).

Lahat ng pinagsama-samang mga tipan at pangakong natanggap ni Abraham mula sa Panginoon ay tinawag na tipang Abraham. Ito ay isang walang hanggang tipan na sumasakop sa lahat ng binhi ni Abraham (tingnan sa Genesis 17:7). Para mapabilang sa binhi ni Abraham, dapat sundin ng isang tao ang mga batas at ordenansa ng ebanghelyo. Sa gayo'y matatanggap ng taong iyon ang lahat ng pagpapala ng tipang Abraham, kahit hindi siya literal na inapo ni Abraham (tingnan sa Mga Taga Galacia 3:26–29; 4:1–7; D at T 84:33–40).

Bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kayo ay anak ng tipan (tingnan sa 3 Nephi 20:25–26). Natanggap na ninyo ang walang hanggang ebanghelyo at namana ang gayunding mga pangakong ibinigay kina Abraham, Isaac, at Jacob. May karapatan kayo sa mga pagpapala ng priesthood at sa buhay na walang hanggan, ayon sa inyong katapatan sa pagtanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan at pagtupad sa kaugnay na mga tipan. Pagpapalain ang mga bansa sa daigdig dahil sa mga pagsisikap ninyo at ng inyong mga inapo.

*Tingnan din sa* Buhay na Walang Hanggan; Mga Basbas ng Patriarch; Mga Ordenansa; Priesthood; Tipan

**Tsaa** (*Tingnan sa* Word of Wisdom)

## Tukso

Ayon sa propesiya ni Apostol Pablo, ang mga huling araw ay "mga panahong mapanganib" (II Kay Timoteo 3:1). Laganap at nakatutukso ang impluwensya ng kaaway. Ngunit matatalo ninyo si Satanas at madaraig ang kanyang mga tukso. Binigyan kayo ng Ama sa Langit ng kalayaang pumili—ang kapangyarihang pumili ng mabuti sa masama. Maaari kayong "magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Panginoon, at manawagan sa kanyang banal na pangalan, at magbantay at patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi matukso nang higit sa inyong makakaya" (Alma 13:28). Kapag kusa ninyong sinusunod ang mga utos, palalakasin kayo ng Ama sa Langit upang madaig ninyo ang tukso.

Ang sumusunod na payo ay makakatulong sa inyo na madaig ang tukso:

*Isentro ang inyong buhay sa Tagapagligtas.* Pinayuhan ng propetang si Helaman ang kanyang mga anak, "Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak" (Helaman 5:12).

*Manalangin para humiling ng lakas.* Nang puntahan ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang mga Nephita, itinuro Niya sa napakaraming tao: "Kinakailangan kayong

mag-ingat at laging manalangin na baka kayo ay madala sa tukso; sapagkat nais ni Satanas na kayo ay maging kanya, upang matahip niya kayo na katulad ng trigo. Kaya nga, kinakailangan na lagi kayong manalangin sa Ama sa aking pangalan" (3 Nephi 18:18–19). Sa mga huling araw gayon din ang payo Niya: "Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay; oo, nang iyong magpatagumpayan si Satanas, at nang iyong matakasan ang kamay ng mga tagapaglingkod ni Satanas na tumatangkilik sa kanyang gawain" (D at T 10:5).

*Mag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw.* Kapag pinag-aralan ninyo at ipinamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo, bibiyayaan kayo ng Panginoon ng kapangyarihang madaig ang tukso. Itinuro ni Nephi, "Sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nagaapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol" (1 Nephi 15:24; tingnan din sa Helaman 3:29–30).

*Puspusin ng kabutihan ang inyong buhay.* Napakarami ninyong mapagpipiliang kabutihan na hindi na ninyo kailangang gumawa ng masama. Kapag pinuspos ninyo ng kabutihan ang inyong buhay, wala na kayong puwang para sa ibang bagay.

*Iwasan ang nakatutuksong mga lugar at sitwasyon.* Hindi ninyo lubos na maiiwasan ang tukso, ngunit maiiwasan ninyo ang mga lugar o sitwasyong malamang na matukso kayo. Maiiwasan din ninyo ang di-angkop na materyal sa mga magasin, aklat, telebisyon, sine, at musika at sa Internet.

*Sikaping maging mabuting impluwensya sa iba.* Bago nagdusa ang Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani, ipinagdasal Niya ang Kanyang mga disipulo: "Hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama. Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan. Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y gayon ding

sinusugo ko sa sanglibutan" (Juan 17:14–18). Bilang disipulo ni Jesucristo sa mga huling araw, maaaring kayo ay nasa sanglibutan ngunit "hindi taga sanglibutan." Bukod pa sa pag-iwas ninyo mismo sa tukso, maaari ninyong impluwensyahan ang iba na mamuhay nang mabuti at makabuluhan. Makapagpapakita kayo ng mabuting halimbawa, maaari kayong maging mabuting kaibigan, makababahagi sa paglilingkod sa komunidad, at, kung naaangkop, maipaparinig ninyo ang inyong tinig sa pagtatanggol sa kagandahang-asal.

*Huwag mag-alinlangan kailanman sa inyong mga pasiya na daigin ang tukso.* Sikaping sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas, na "nagdanas ng mga tukso subalit hindi siya nagpadaig sa mga ito" (D at T 20:22). Nang tuksuhin ni Satanas si Jesus sa ilang, hindi nag-atubili ang Panginoon kailanman. Mabilis at matatag ang Kanyang sagot: "Lumagay ka sa likuran ko, Satanas" (Mateo 16:23). Sa pamamagitan ng mabubuti ninyong iniisip, sinasabi, at ginagawa, masasagot ninyo ang mga tukso ng kaaway nang may gayon ding katibay na paniniwala. "Magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo. Magsilapit kayo sa Dios, at siya'y lalapit sa inyo" (Santiago 4:7–8).

Mga karagdagang sanggunian: Mga Taga Roma 12:21; Mga Taga Efeso 6:11–17; Santiago 1:12; D at T 23:1; 31:12; Moises 1:12–22

*Tingnan din sa* Espiritu Santo; Kalayaang Pumili; Konsiyensya o Budhi; Liwanag ni Cristo; Pag-aayuno at mga Handog-ayuno; Pagsisisi; Satanas

**Unang Panguluhan** (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan; Mga Propeta)

## Utang

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, minsa'y sinabi ng Panginoon sa isang grupo ng mga Banal, "Aking kalooban na dapat ninyong bayaran ang lahat ng inyong utang" (D at T 104:78). Mula pa noong mga unang araw ng

Simbahan, paulit-ulit na tayong binalaan ng mga propeta ng Panginoon na umiwas sa pagkaalipin sa utang.

Isa sa matitinding panganib ng utang ay ang tubong kaakibat nito. Ang ilang uri ng pautang, tulad ng mga credit card, ay talagang napakalaki ng tubo. Kapag nagkautang kayo, makikita ninyo na walang awa ang patubo. Patuloy itong lumalaki, anuman ang inyong sitwasyon—may trabaho man kayo o wala, malusog o maysakit. Hindi ito nawawala kailanman hanggang sa mabayaran ang buong utang. Huwag kayong palilinlang sa mga pagpapautang, kahit pagmukhain pa nilang kaakit-akit ang utang sa pangakong mababa ang tubo o walang tubo sa loob ng ilang panahon.

Pamahalaang mabuti ang inyong pananalapi. Disiplinahin ninyo ang inyong paggastos, iwasang umutang hangga't maaari. Sa maraming pagkakataon, makakaiwas kayo sa pag-utang sa matalinong pamamahala ng inyong pananalapi. Kung magkautang nga kayo, tulad ng makatwirang halagang pambili ng simpleng bahay o para makapag-aral, magtrabaho upang mabayaran ito kaagad at palayain ang sarili ninyo sa pagkaalipin sa utang. Kapag nakabayad na kayo sa inyong mga utang at nakaipon nang kaunti, handa na kayo para sa mga darating na kagipitan sa pananalapi. May tirahan ang inyong pamilya at kapayapaan sa inyong puso.

Mga karagdagang sanggunian: Lucas 16:10–11; D at T 19:35

## Visiting Teaching (*Tingnan sa* Relief Society)

## Ward (*Tingnan sa* Pangangasiwa sa Simbahan)

## Word of Wisdom

Ang Word of Wisdom ay batas ng kalusugan na inihayag ng Panginoon para sa ating pisikal at espirituwal na kapakinabangan. Sa paghahayag na ito, na nakatala sa bahagi 89 ng Doktrina at mga Tipan, sinabi sa atin ng Panginoon kung aling mga pagkain ang makabubuti sa atin at aling mga sangkap

ang hindi makabubuti sa ating katawan. Nangako Siya ng espirituwal at pisikal na mga pagpapala sa pagsunod sa Word of Wisdom.

Sa Word of Wisdom, inutusan tayo ng Panginoon na huwag ipasok ang sumusunod na mga sangkap sa ating katawan:

- Mga inuming nakalalasing (tingnan sa D at T 89:5–7).
- Tabako (tingnan sa D at T 89:8).
- Tsaa at kape (tingnan sa D at T 89:9; itinuro na ng mga propeta sa mga huling araw na ang katagang "maiinit na inumin" ay tumutukoy sa tsaa at kape).

Anumang nakasasama na sadyang ipinapasok ng tao sa kanilang katawan ay hindi naaayon sa Word of Wisdom. Lalong totoo ito sa mga bawal na gamot, na makapipinsala sa mga nalulong dito. Lumayo kayo nang lubusan sa mga ito. Huwag ninyo itong subukan. Ang pag-abuso sa inireresetang mga gamot ay humahantong din sa nakapipinsalang adiksyon.

Ipinahayag ng Panginoon na makabubuti sa ating katawan ang sumusunod na mga pagkain:

- Mga gulay at prutas, na dapat gamitin "nang may mabuting pagpapasiya at pagbibigay-pasalamat" (tingnan sa D at T 89:10–11).
- Ang karne "ng mga hayop at ng mga ibon sa himpapawid," na dapat "gamitin nang paunti-unti" (tingnan sa D at T 89:12–13).
- Mga butil tulad ng trigo, bigas, at obena (oats), na siyang "tungkod ng buhay" (tingnan sa D at T 89:14–17).

## Mga Pagpapala sa Pagsunod sa Word of Wisdom

Sa mga sumusunod sa Word of Wisdom, nangako ang Panginoon:

"Lahat ng banal na makatatandang sumunod at gawin ang mga salitang ito, lumalakad sa pagsunod sa mga kautusan, ay tatanggap ng kalusugan sa kanilang pusod at kanilang utak-sa-buto;

"At makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging natatagong kayamanan;

"At tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi manghihina.

"At ako, ang Panginoon, ay nagbibigay sa kanila ng pangako, na ang mapangwasak na anghel ay lalampasan sila, gaya ng mga anak ni Israel, at hindi sila papatayin" (D at T 89:18–21).

## Pagdaig sa Adiksyon

Ang pinakamagandang gawin ay lubusang iwasan ang mga sangkap na ipinagbawal ng Panginoon sa Word of Wisdom. Ngunit kung naadik na kayo sa anuman sa mga sangkap na ito, lalaya kayo sa inyong adiksyon. Madaraig ninyo ang adiksyon sa personal ninyong pagsisikap, sa kapangyarihan ng biyaya ng Panginoon na nagbibigay-kakayahan, sa tulong ng mga kapamilya at kaibigan, at sa patnubay ng mga lider ng Simbahan.

Manalangin na kayo ay tulungan, at gawin ang lahat ng kaya ninyo upang madaig ang mga tuksong dumarating dahil sa adiksyon. Nais ng inyong Ama sa Langit na matanggap ninyo ang mga pagpapala sa pagsunod sa Word of Wisdom, at palalakasin Niya kayo sa taos ninyong pagsisikap na magawa ito.

Mga karagdagang sanggunian: D at T 49:19–21; 59:15–20; 88:124; 89:1–4

*Tingnan din sa* Pagsunod; Tukso

*Matuto ka sa akin,*
*at makinig sa aking mga salita;*
*lumakad sa kaamuan*
*ng aking Espiritu, at ikaw ay*
*magkakaroon ng kapayapaan*
*sa akin.*

*Doktrina at mga Tipan 19:23*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02368 63893 0
36863 893